

The Kitáb-i-Íqán	Ang Kitáb-i-Íqán
The Book of Certitude	Ang Aklat ng Katiyakan
Preface	Paunang Salita
This is one more attempt to introduce to the West, in language however inadequate, this book of unsurpassed pre-eminence among the writings of the Author of the Bahá'í Revelation. The hope is that it may assist others in their efforts to approach what must always be regarded as the unattainable goal—a befitting rendering of Bahá'u'lláh's matchless utterance Shoghi	Naririto ang isa pang pagsisikap upang maipakilala sa Kanluran, sa wikang gaanuman hindi kasapat, ang aklat na itong hindi mahihigitan ang kadakilaan sa mga kasulatan ng May-akda ng Rebelasyong Bahá'í. Inaasahang ito ay makatutulong sa iba sa kanilang mga pagpupunyagi na makalapit doon sa dapat na ipalagay na hindi makakamtang layunin—isang naaangkop na paghahandog ng walang katulad na pananalita ni Bahá'u'lláh. Shoghi
Part One	Unang Bahagi
IN THE NAME OF OUR LORD, THE EXALTED, THE MOST HIGH.	SA NGALAN NG ATING PANGINOON, ANG DAKILA, ANG PINAKAMATAAS.
No man shall attain the shores of the ocean of true understanding except he be detached from all that is in heaven and on earth. Sanctify your souls, O ye peoples of the world, that haply ye may attain that station which God hath destined for you and enter thus the tabernacle which, according to the dispensations of Providence, hath been raised in the firmament of the Bayán.	1. Walang tao ang makararating sa mga dalampasigan ng karagatan ng tunay na pagkaunawa maliban kung siya ay maging tiwalag mula sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan. Gawing banal ang inyong mga kaluluwa, O kayong mga tao ng daigdig, upang harinawa'y marating ninyo yaong katayuang itinadhana ng Diyos para sa inyo at makapasok kung gayon sa tabernakulo, na sang-ayon sa mga kapahintulutan ng Maykapal, ay itinaas sa kalangitan ng Bayán.
The essence of these words is this: they that tread the path of faith, they that thirst for the wine of certitude, must cleanse themselves of all that is earthly—their ears from idle talk, their minds from vain imaginings, their hearts from worldly affections, their eyes from that which perisheth.	2. Ang diwa nitong mga salita ay ito: silang nananalunton sa landas ng pananalig, silang nauuhaw sa alak ng katiyakan, ay kinakailangang padalisayin ang kanilang mga sarili sa lahat ng bagay na makalupa—ang kanilang mga tainga mula sa walang-kabuluhang salita, ang kanilang mga isipan mula sa mga walang-saysay na

They should put their trust in God, and, holding fast unto Him, follow in His way. Then will they be made worthy of the effulgent glories of the sun of divine knowledge and understanding, and become the recipients of a grace that is infinite and unseen, inasmuch as man can never hope to attain unto the knowledge of the All-Glorious, can never quaff from the stream of divine knowledge and wisdom, can never enter the abode of immortality, nor partake of the cup of divine nearness and favor, unless and until he ceases to regard the words and deeds of mortal men as a standard for the true understanding and recognition of God and His Prophets.	hinagap, ang kanilang mga puso mula sa makamundong mga pagkagiliw, ang kanilang mga mata mula roon sa naglalaho. Nararapat na ilagak nila ang kanilang pagtitiwala sa Diyos, at nang mahigpit na nananangan sa Kaniya, ay sumunod sa landas Niya. Sa gayon sila ay gagawing karapat-dapat sa napakaningning na mga kaluwalhatian ng araw ng banal na kaalaman at pang-unawa, at magiging mga tagatanggap ng isang biyayang walang-hanggan at hindi nakikita, yayamang ang tao ay hindi kailanman makaasang matamo ang kaalaman ng Lubos na Maluwalhati, hindi kailanman makaiinom mula sa batis ng banal na kaalaman at karunungan, hindi kailanman maaaring makapasok sa tahanan ng kawalang-kamatayan, ni makibahagi sa kopa ng banal na pagkalapit at kagandahang-loob, habang at hanggang siya ay hindi humihintong ituring ang mga salita at mga gawa ng mortal na mga tao bilang isang pamantayan para sa tunay na pagkaunawa at pagkilala sa Diyos at sa Kaniyang mga Propeta.
Consider the past. How many, both high and low, have, at all times, yearningly awaited the advent of the Manifestations of God in the sanctified persons of His chosen Ones. How often have they expected His coming, how frequently have they prayed that the breeze of divine mercy might blow, and the promised Beauty step forth from behind the veil of concealment, and be made manifest to all the world. And whensoever the portals of grace did open, and the clouds of divine bounty did rain upon mankind, and the light of the Unseen did shine above the horizon of celestial might, they all denied Him, and turned away from His face—the face of God Himself. Refer ye, to verify this truth, to that which hath been recorded in every sacred Book.	3. Isipin ang nakaraan. Napakarami, kapuwa mataas at mababa, na sa lahat ng panahon, ang buong pananabik na hinintay ang pagsapit ng mga Kahayagan ng Diyos sa banal na mga katauhan na Kaniyang mga hinirang. Napakadalas na inasam nila ang Kaniyang pagdating, napakadalas na ipinagdasal nilang ang simoy ng banal na kahabagan ay mangyaring humihip, at ang ipinangakong Kagandahan ay humakbang palabas sa likod ng lambong ng pangungubli, at gawing mahayag sa buong daigdig. At kailanman ang mga pinto ng banal na pagpapala ay binuksan, at ang mga ulap ng banal na biyaya ay iniulan sa sangkatauhan, at ang liwanag ng Di-nakikita ay sumikat sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng makalangit na kapangyarihan, lahat sila ay itinatwa Siya, at bumaling palayo sa mukha Niya—ang mukha ng Diyos Mismo. Sumangguni kayo roon sa naitala sa bawat banal na Aklat, upang patunayan ang katotohanang ito.
Ponder for a moment, and reflect upon that which hath been the cause of such denial on the part of those who have searched with such earnestness and longing. Their attack hath been more fierce than tongue or pen can describe. Not one single Manifestation of Holiness hath	4. Sandaling pag-isipan at nilay-nilayin yaong naging sanhi ng gayong pagtatatwa sa panig noong mga nagsaliksik nang may ganoong sigasig at pananabik. Ang kanilang pagsalakay ay higit na mabagsik kaysa sa mailalarawan ng dila o panulat. Walang isa mang Kahayagan ng Kabanalan ang dumating nang hindi Siya

appeared but He was afflicted by the denials, the repudiation, and the vehement opposition of the people around Him. Thus it hath been revealed: “O the misery of men! No Messenger cometh unto them but they laugh Him to scorn.”¹ Again He saith: “Each nation hath plotted darkly against their Messenger to lay violent hold on Him, and disputed with vain words to invalidate the truth.”²	pinaranas ng mga pagtatatwa, ng pagtatakwil, at ng marahas na pagsalungat ng mga taong nakapaligid sa Kaniya. Sa gayon ipinahayag ito: “O ang kasawiang-palad ng mga tao! Walang Sugo ang dumating sa kanila nang hindi nila Siya pinagtawanan nang nang-uuyam.”¹ Muli sinabi Niya: “Bawat bansa ay masamang nagpakana laban sa kanilang Sugo upang marahas na pigilan Siya, at tinutulan nang may palalong mga salita upang pabulaanan ang katotohanan.”²
In like manner, those words that have streamed forth from the source of power and descended from the heaven of glory are innumerable and beyond the ordinary comprehension of man. To them that are possessed of true understanding and insight the Súrah of Húd surely sufficeth. Ponder a while those holy words in your heart, and, with utter detachment, strive to grasp their meaning. Examine the wondrous behavior of the Prophets, and recall the defamations and denials uttered by the children of negation and falsehood, perchance you may cause the bird of the human heart to wing its flight away from the abodes of heedlessness and doubt unto the nest of faith and certainty, and drink deep from the pure waters of ancient wisdom, and partake of the fruit of the tree of divine knowledge. Such is the share of the pure in heart of the bread that hath descended from the realms of eternity and holiness.	5. Sa gayunding paraan, ang mga salitang iyon na dumaloy mula sa bukal ng kapangyarihan at bumaba mula sa langit ng kaluwalhatian ay hindi mabilang at hindi maabot ng karaniwang pang-unawa ng tao. Sa kanilang nagtataglay ng tunay na pagkaunawa at kaalaman ang Súrah ng Húd ay tiyak na nakasasapat. Nilay-nilayin sandali yaong mga banal na pananalita sa iyong puso at nang may ganap na pagtiwalag, ay magpunyaging maunawaan ang kanilang kahulugan. Suriin ang kamangha-manghang ugali ng mga Propeta, at gunitain ang mga paninirang-puri at mga pagtatatwang sinabi ng mga anak ng katumbalikan at kasinungalingan, upang baka sakaling ikaw ang maging sanhi ng paglipad ng ibon ng puso ng tao, palayo mula sa mga tahanan ng pagpapabaya at pag-aalinlangan, patungo sa pugad ng pananalig at katiyakan, at uminom hanggang kabusugan mula sa malinaw at dalisay na mga tubig ng napakatandang karunungan, at makibahagi sa bunga ng puno ng banal na kaalaman. Ganoon ang bahagi ng may dalisay na puso sa tinapay na bumaba mula sa mga kaharian ng kawalang-hanggan at kabanalan.
Should you acquaint yourself with the indignities heaped upon the Prophets of God, and apprehend the true causes of the objections voiced by their oppressors, you will surely appreciate the significance of their position. Moreover, the more closely you observe the denials of those who have opposed the Manifestations of the divine attributes, the firmer will be your faith in the Cause of God. Accordingly, a brief mention will be made in this Tablet of divers accounts	6. Kung mababatid ng sarili mo mismo ang mga paghamak na ibinunton sa mga Propeta ng Diyos, at mauunawaan ang tunay na mga sanhi ng mga pagtutol na inihayag ng mga naniniil sa kanila, tiyak na iyong pahahalagahan ang kahulugan ng kanilang katayuan. Bukod roon, kapag iyong sinuri nang higit na mabuti ang mga pagtatatwa noong mga sumalungat sa mga Kahayagan ng banal na mga katangian, higit na magiging matatag ang iyong pagsasampalataya sa Kapakanan ng Diyos. Nang naaayon, isang maikling

¹ Qur’án 36:30.

² Qur’án 40:5.

relative to the Prophets of God, that they may demonstrate the truth that throughout all ages and centuries the Manifestations of power and glory have been subjected to such heinous cruelties that no pen dare describe them. Perchance this may enable a few to cease to be perturbed by the clamor and protestations of the divines and the foolish of this age, and cause them to strengthen their confidence and certainty.	pagbanggit ang gagawin sa Tabletang ito na may iba't ibang mga salaysay kaugnay ng mga Propeta ng Diyos, upang nawa'y mapatunayan nila ang katotohanan na sa lahat ng mga panahon at mga dantaon, ang mga Kahayagan ng kapangyarihan at kaluwalhatian ay isinailalim sa ganoong kasuklam-suklam na mga kalupitan, na walang panulat ang mangangahas na ilarawan ang mga iyon. Baka sakaling sa pamamagitan nito may ilang magagawang hindi mabagabag ng pagkakaingay at mga pagtutol ng mga teologo at ng mga hangal ng panahong ito, at maging sanhi upang mapalakas ang kanilang pagtitiwala at katiyakan.
Among the Prophets was Noah. For nine hundred and fifty years He prayerfully exhorted His people and summoned them to the haven of security and peace. None, however, heeded His call. Each day they inflicted on His blessed person such pain and suffering that no one believed He could survive. How frequently they denied Him, how malevolently they hinted their suspicion against Him! Thus it hath been revealed: "And as often as a company of His people passed by Him, they derided Him. To them He said: 'Though ye scoff at us now, we will scoff at you hereafter even as ye scoff at us. In the end ye shall know.'"³ Long afterward, He several times promised victory to His companions and fixed the hour thereof. But when the hour struck, the divine promise was not fulfilled. This caused a few among the small number of His followers to turn away from Him, and to this testify the records of the best-known books. These you must certainly have perused; if not, undoubtedly you will. Finally, as stated in books and traditions, there remained with Him only forty or seventy-two of His followers. At last from the depth of His being He cried aloud: "Lord! Leave not upon the land a single dweller from among the unbelievers."⁴	7. Kabilang sa mga Propeta ay si Noah. Sa loob ng siyamnaraan at limampung taon, madasaling pinayuhan Niya ang Kaniyang mga tao at tinawagan sila sa kanlungan ng katiwasayan at kapayapaan. Walang sinuman, gayumpaman, ang nakinig sa panawagan Niya. Bawat araw ay ipinalasap nila ang Kaniyang banal na katauhan ng hapdi ng kalooban at pagdurusa na walang sinuman ang naniwalang Siya ay mabubuhay. Napakadalas nilang itinakwil Siya, napakasama ang kanilang paghihinala na ipinahiwatig nila laban sa Kaniya! Sa gayon ipinahayag ito: "At sa tuwing madaraan Siya ng isang pangkat ng Kaniyang mga tao, inuuyam Siya ng mga ito. Sa kanila ay sinabi Niya: 'Kahiman kinukutya ninyo kami ngayon, amin kayong kukutyain pagkaraan nito, tulad ng pangungutya ninyo sa amin. Sa katapusan ay malalaman ninyo.'"³ Matagal na panahon ang lumipas, ilang beses na ipinangako Niya sa Kaniyang mga kasamahan ang tagumpay at itinakda ang oras niyon. Ngunit nang sumapit ang takdas oras, ang banal na pangako ay hindi natupad. Ito ang naging sanhi upang talikuran Siya ng ilan sa isang maliit na bilang ng mga sumusunod sa Kaniya, at ito ay pinatutunayan sa mga talaan ng pinakabantog na mga aklat. Ang mga ito ay tiyak na iyo nang nabasa; at kung hindi, walang alinlangan na iyong babasahin ito. Sa wakas, tulad ng inihayag sa mga aklat at mga tradisyon, may nanatili lamang na apatnapu o pitumpu't dalawang mga sumusunod sa Kaniya. Sa wakas mula sa kaibuturan ng Kaniyang sarili, malakas na ibinulalas

³ Qur'án 11:38

	Niya: “Panginoon! Huwag mag-iwan sa kalupaan ng kahit isang nananahan mula sa mga hindi nananalig.” ⁴
And now, consider and reflect a moment upon the waywardness of this people. What could have been the reason for such denial and avoidance on their part? What could have induced them to refuse to put off the garment of denial, and to adorn themselves with the robe of acceptance? Moreover, what could have caused the nonfulfillment of the divine promise which led the seekers to reject that which they had accepted? Meditate profoundly, that the secret of things unseen may be revealed unto you, that you may inhale the sweetness of a spiritual and imperishable fragrance, and that you may acknowledge the truth that from time immemorial even unto eternity the Almighty hath tried, and will continue to try, His servants, so that light may be distinguished from darkness, truth from falsehood, right from wrong, guidance from error, happiness from misery, and roses from thorns. Even as He hath revealed: “Do men think when they say ‘We believe’ they shall be let alone and not be put to proof?” ⁵	8. At ngayon, isaalang-alang at nilay-nilayin sandali ang kasuwailan ng mga taong ito. Ano kaya ang maaaring naging dahilan ng ganoong pagtatatwa at pag-iwas sa kanilang panig? Ano kaya ang maaaring nakahikayat sa kanila upang tumangging hubarin ang kasuotan ng pagtatatwa, at palamutihan ang kanilang mga sarili ng kapa ng pagtanggap? Bukod rito, ano kaya ang maaaring naging sanhi na hindi natupad ang banal na pangakong naghatid sa mga naghahanap upang tanggihan yaong tinanggap na nila? Nilay-nilayin nang malalim, upang ang lihim ng mga bagay na hindi nakikita ay magawang maihayag sa iyo, upang iyong malanghap ang bango ng isang espirital at hindi naglalahong halimuyak, at upang iyong matanggap ang katotohanan, na mula sa panahong hindi magunita kahit na hanggang sa kawalang-hanggan, ay sinubok na ng Lubos na Makapangyarihan, at patuloy na susubukin, ang Kaniyang mga tagapaglingkod, upang ang liwanag ay makilala mula sa dilim, ang katotohanan mula sa kasinungalingan, ang tama mula sa mali, ang patnubay mula sa pagkaligaw, ang kaligayahan mula sa kasawian, at ang mga rosas mula sa mga tinik. Tulad ng naipahayag Niya: “Naiisip ba ng mga tao na kapag kanilang sinabi na ‘Kami ay sumasampalataya’ sila ay hahayaan na lamang at hindi susubukin?” ⁵
And after Noah the light of the countenance of Húd shone forth above the horizon of creation. For well-nigh seven hundred years, according to the sayings of men, He exhorted the people to turn their faces and draw nearer unto the Rıdván of the divine presence. What showers of afflictions rained upon Him, until at last His adjurations bore the fruit of increased rebelliousness, and His assiduous endeavors resulted in the willful blindness of His people. “And their unbelief shall only increase for the unbelievers their own perdition.” ⁶	9. At pagkatapos ni Noah ang liwanag ng mukha ni Húd ay sumikat sa itaas ng guhit-tagpuan ng sangnilikha. Sa loob ng halos pitong daang taon ayon sa mga kasabihan ng tao, pinayuhan Niya ang mga tao na ibaling ang kanilang mga mukha at lumapit sa Rıdván ng banal na kinaroroonan. Anong mga ambon ng dalamhati ang pinaulan sa Kaniya, hanggang sa wakas ang Kaniyang mga pakiusap ay nagbunga ng tumitinding paghihimagsik at ang matiyagang mga pagsisikap Niya ay lumikha ng sinadyang pagkabulag ng Kaniyang mga tao. “At ang kawalan ng pananalig nila ay lalo lamang magdaragdag sa mga hindi nananalig ng kanilang sariling pagkapanganyaya.” ⁶

⁴ Qur’án 7:26

⁵ Qur’án 29:2

⁶ Qur’án 35:39

And after Him there appeared from the Ridván of the Eternal, the Invisible, the holy person of Šálih, Who again summoned the people to the river of everlasting life. For over a hundred years He admonished them to hold fast unto the commandments of God and eschew that which is forbidden. His admonitions, however, yielded no fruit, and His pleading proved of no avail. Several times He retired and lived in seclusion. All this, although that eternal Beauty was summoning the people to no other than the city of God. Even as it is revealed: “And unto the tribe of Thamúd We sent their brother Šálih. ‘O my people,’ said He, ‘Worship God, ye have none other God beside Him...’ They made reply: ‘O Šálih, our hopes were fixed on thee until now; forbiddest thou us to worship that which our fathers worshipped? Truly we misdoubt that whereunto thou callest us as suspicious.’”⁷ All this proved fruitless, until at last there went up a great cry, and all fell into utter perdition.	10. At pagkatapos Niya ay lumitaw mula sa Ridván ng Kawalang-hanggan, ang Di-nakikita, ang banal na katauhan ni Šálih, na muli ay nanawagan sa mga tao tungo sa ilog ng walang-hanggang buhay. Sa mahigit na isandaang taon, Kaniyang pinayuhan sila na mangapit nang mahigpit sa mga kautusan ng Diyos at iwasan yaong mga ipinagbabawal. Ang mga payo Niya, gayumpaman, ay hindi nagbigay ng bunga, at ang Kaniyang pagsamo ay napatunayang hindi pinahalagahan. Ilang beses na Siya ay nanahimik at namuhay nang nag-iisa. Lahat ng ito, kahiman ang walang-hanggang Kagandahan na iyon ay tinatawagan ang mga tao tungo sa walang iba kundi ang lungsod ng Diyos. Sa gayon ito ay ipinahayag: “At sa tribo ni <u>Thamúd</u> ay Aming isinugo ang kanilang kapatid na lalaki na si Šálih. ‘O aking mga tao,’ sinabi Niya, ‘Sambahin ang Diyos, kayo ay walang ibang Diyos liban sa Kaniya....’ Sila ay tumugon: ‘O Šálih, ang aming mga pag-asa ay nakatuon sa iyo hanggang ngayon; ipinagbabawal mo ba sa amin na sambahin yaong sinamba ng aming mga ninuno? Tunay na kami ay nag-aalinlangan doon sa iyong sinasabi sa amin bilang kahina-hinala.’” Lahat ng ito ay napatunayang walang ibinunga, hanggang sa wakas ay may nangibabaw na isang malakas na hiyaw, at lahat ay nasadlak sa ganap na pagkapanganyaya ng kaluluwa.
Later, the beauty of the countenance of the Friend of God⁸ appeared from behind the veil, and another standard of divine guidance was hoisted. He invited the people of the earth to the light of righteousness. The more passionately He exhorted them, the fiercer waxed the envy and waywardness of the people, except those who wholly detached themselves from all save God, and ascended on the wings of certainty to the station which God hath exalted beyond the comprehension of men. It is well known what a host of enemies besieged Him, until at last the fires of envy and rebellion were kindled against Him. And after the episode of the fire came to pass, He, the lamp of God amongst men, was, as	11. Sa dakong huli, ang kagandahan ng mukha ng Kaibigan ng Diyos⁸ ay nagpakita mula sa likod ng lambong, at isa pang bandila ng banal na patnubay ang itinaas. Inanyayahan Niya ang mga tao ng kalupaan sa liwanag ng pagkamakatwiran. Habang higit na marubdob na pinayuhan sila, lalong tumindi ang inggit at kasuwailan ng mga tao, maliban doon sa kanilang ganap na itiniwalag ang kanilang mga sarili sa lahat liban sa Diyos, at pumailanlang sa mga pakpak ng katiyakan tungo sa katayuang dinakila ng Diyos nang higit pa sa hindi maaabot ng pang-unawa ng mga tao. Alam na alam kung anong hukbo ng mga kaaway ang sumalakay sa Kaniya, hanggang sa wakas ang mga apoy ng inggit at paghihimagsik ay pinasiklab laban sa Kaniya. At matapos na ang pangyayari ng apoy ay

⁷ Qur’án 11:61, 62

⁸ Abraham

recorded in all books and chronicles, expelled from His city.	naganap, Siya, ang lampara ng Diyos sa gitna ng mga tao, tulad ng naitala sa lahat ng mga aklat at mga salaysay, ay pinalayas mula sa Kaniyang lungsod.
And when His day was ended, there came the turn of Moses. Armed with the rod of celestial dominion, adorned with the white hand of divine knowledge, and proceeding from the Párán of the love of God, and wielding the serpent of power and everlasting majesty, He shone forth from the Sinai of light upon the world. He summoned all the peoples and kindreds of the earth to the kingdom of eternity, and invited them to partake of the fruit of the tree of faithfulness. Surely you are aware of the fierce opposition of Pharaoh and his people, and of the stones of idle fancy which the hands of infidels cast upon that blessed Tree. So much so that Pharaoh and his people finally arose and exerted their utmost endeavor to extinguish with the waters of falsehood and denial the fire of that sacred Tree, oblivious of the truth that no earthly water can quench the flame of divine wisdom, nor mortal blasts extinguish the lamp of everlasting dominion. Nay, rather, such water cannot but intensify the burning of the flame, and such blasts cannot but ensure the preservation of the lamp, were ye to observe with the eye of discernment, and walk in the way of God's holy will and pleasure. How well hath a believer of the kindred of Pharaoh, whose story is recounted by the All-Glorious in His Book revealed unto His beloved One, observed: "And a man of the family of Pharaoh who was a believer and concealed his faith said: 'Will ye slay a man because he saith my Lord is God, when He hath already come to you with signs from your Lord? If he be a liar, on him will be his lie, but if he be a man of truth, part of what he threateneth will fall upon you. In truth God guideth not him who is a transgressor, a liar.'"⁹ Finally, so great was their iniquity that this selfsame believer was put to a shameful death. "The curse of God be upon the people of tyranny."¹⁰	12. At nang ang Kaniyang araw ay nagwakas, dumating ang panahon ni Moises. Nasasandatahan ng baras ng makalangit na kapangyarihan, napapalamutihan ng puting kamay ng banal na kaalaman at nanggaling mula sa Párán ng pag-ibig ng Diyos, at nang iwinawasiwas ang ahas ng kapangyarihan at walang-hanggang kamaharlikaan, Siya ay nagningning mula sa Sinai ng liwanag sa daigdig. Nanawagan Siya sa lahat ng mga bansa at mga kaanak ng kalupaan tungo sa kaharian ng kawalang-hanggan at inanyayahan sila na makisalo sa bunga ng puno ng katapatan. Tiyak na iyong nababatid ang mabagsik na pagsalungat ng Paraon at ng Kaniyang mga tao, at ng mga bato ng walang-saysay na hinagap na ipinukol ng mga kamay ng mga hindi naniniwala sa Diyos doon sa pinagpalang Puno na iyon. Lubhang lumala, na ang Paraon at ang Kaniyang mga tao sa wakas ay nagbangon at ginawa ang kanilang sukdulang pagsisikap upang patayin sa pamamagitan ng mga tubig ng kasinungalingan at pagtatatwa ang apoy ng banal na Puno na iyon, hindi alintana ang katotohanan na walang makalupang tubig ang maaaring umapula sa lagablab ng banal na karunungan, ni ang mortal na mga bugso ng hangin ang maaaring pumatay sa lampara ng walang-hanggang kapangyarihan. Hindi lamang iyon, bagkus, ang gayong tubig ay lalo lamang patitindihin ang pag-aapoy ng ganoong lagablab, at ang gayong mga pagbugso ay makatitiyak lamang sa pagpapanatili ng lampara, kung iyong mamamasdan nang may nakauunawang mata, at lalakad ka sa landas ng banal na kagustuhan at kasiyahan ng Diyos. Napakaganda ng sinabi ng isang mananampalataya na kamag-anak ng Paraon, na ang Kaniyang kuwento ay isinalaysay ng Lubos na Maluwalhati sa Aklat Niya na ipinahayag sa Kaniya na minamahal Niya: "At isang lalaki sa pamilya ng Paraon na naging isang mananampalataya at inilihim ang kaniyang pananalig ay nagsabi: 'Papatayin mo ba ang isang tao dahil sinabi niya na ang aking Panginoon ay ang Diyos, na dumating na Siya sa iyo taglay ang mga palatandaan mula sa iyong Panginoon? Kung siya ay isang sinungaling, sa kaniya magkakabisa ang

	kaniyang kasinungalingan, ngunit kung siya ay isang makatotohanang tao, ang bahagi noong kaniyang ibinabala ay sasapit sa iyo. Sa katotohanan hindi pinapatnubayan ng Diyos siya na isang makasalanang, na isang sinungaling.”⁹ Sa katapusan, napakalubha ang kanilang kawalang-katarungan na ang mananampalataya ring ito ay pinadanas ng isang kahiya-hiyang kamatayan. “Ang sumpa ng Diyos ay mapasa mga tao ng paniniil.”¹⁰
And now, ponder upon these things. What could have caused such contention and conflict? Why is it that the advent of every true Manifestation of God hath been accompanied by such strife and tumult, by such tyranny and upheaval? This notwithstanding the fact that all the Prophets of God, whenever made manifest unto the peoples of the world, have invariably foretold the coming of yet another Prophet after them, and have established such signs as would herald the advent of the future Dispensation. To this the records of all sacred books bear witness. Why then is it that despite the expectation of men in their quest of the Manifestations of Holiness, and in spite of the signs recorded in the sacred books, such acts of violence, of oppression and cruelty, should have been perpetrated in every age and cycle against all the Prophets and chosen Ones of God? Even as He hath revealed: “As oft as an Apostle cometh unto you with that which your souls desire not, ye swell with pride, accusing some of being impostors and slaying others.”¹¹	13. At ngayon, nilay-nilayin ang mga bagay na ito. Ano ang maaaring naging sanhi ng gayong pagtatalo at paglalaban? Bakit ang pagdating ng bawat tunay na Kahayagan ng Diyos ay sinasamahan ng gayong awayan at kaguluhan, ng gayong paniniil at paghihimagsik? Ito sa kabila ng katotohanang lahat ng mga Propeta ng Diyos, kailanman ginawang mahayag sa mga tao ng daigdig, ay walang-salang ipinahayag ang pagdating ng iba pang Propeta pagkatapos nila, at pinagtibay ang gayong mga palatandaang magbabalita sa pagsapit ng darating na Dispensasyon. Dito ang mga talaan ng lahat ng banal na mga aklat ay sumasaksi. Kung gayon bakit nangyayari sa kabila ng inaasahan ng mga tao sa kanilang paghahanap sa mga Kahayagan ng Kabanalan, at sa kabila ng mga palatandaang nakatala sa banal na mga Aklat, ang gayong mga gawa ng karahasan, ng paniniil at kalupitan, ay isinasagawa sa bawat yugto at pag-inog ng panahon laban sa lahat ng mga Propeta at sa Kanila na pinili ng Diyos? Tulad ng Kaniyang ipinahayag: “Kasindalas ng pagdating ng isang Apostol sa inyo na taglay yaong hindi ninanais ng inyong mga kaluluwa, kayo ay lubhang nagmamataas, pinaparatangan ang ilan na mga nagpapanggap at pinapatay ang iba.”¹¹
Reflect, what could have been the motive for such deeds? What could have prompted such behavior towards the Revealers of the beauty of the All-Glorious? Whatever in days gone by hath been the cause of the denial and opposition of those people hath now led to the perversity of the people of this age. To maintain that the testimony of Providence was incomplete, that it hath	14. Nilay-nilayin, ano ang maaaring naging dahilan ng gayong mga gawa? Ano ang maaaring nag-udyok sa gayong pag-uugali para sa mga Tagapagpahayag ng kagandahan ng Lubos na Maluwalhati? Anuman ang naging sanhi ng pagtanggig at pagsalungat ng mga taong iyon nang nakaraang mga araw ang ngayon ay nagbulid sa kabuktutan ng mga tao ng panahong ito. Ang igiit na ang pagpapatunay ng Maykapal ay kulang, na ito

⁹ Qur’án 40:28

¹⁰ Qur’án 11:21

¹¹ Qur’án 2:87

therefore been the cause of the denial of the people, is but open blasphemy. How far from the grace of the All-Bountiful and from His loving providence and tender mercies it is to single out a soul from amongst all men for the guidance of His creatures, and, on one hand, to withhold from Him the full measure of His divine testimony, and, on the other, inflict severe retribution on His people for having turned away from His chosen One! Nay, the manifold bounties of the Lord of all beings have, at all times, through the Manifestations of His divine Essence, encompassed the earth and all that dwell therein. Not for a moment hath His grace been withheld, nor have the showers of His loving-kindness ceased to rain upon mankind. Consequently, such behavior can be attributed to naught save the petty-mindedness of such souls as tread the valley of arrogance and pride, are lost in the wilds of remoteness, walk in the ways of their idle fancy, and follow the dictates of the leaders of their faith. Their chief concern is mere opposition; their sole desire is to ignore the truth. Unto every discerning observer it is evident and manifest that had these people in the days of each of the Manifestations of the Sun of Truth sanctified their eyes, their ears, and their hearts from whatever they had seen, heard, and felt, they surely would not have been deprived of beholding the beauty of God, nor strayed far from the habitations of glory. But having weighed the testimony of God by the standard of their own knowledge, gleaned from the teachings of the leaders of their faith, and found it at variance with their limited understanding, they arose to perpetrate such unseemly acts.

samakatwid ay ang naging dahilan ng pagtanggap ng mga tao, ay isa lamang lantarang kalapastanganan sa Diyos. Napakalayo mula sa biyaya ng Lubos na Mapagbigay at mula sa mapagmahal na kagandahang-loob at magiliw na mga habag upang piliin ang isang kaluluwa mula sa lahat ng mga tao para sa pamamatnubay sa Kaniyang mga nilalang, at, sa isang dako, ay ipagkait sa Kaniya ang ganap na bahagi ng Kaniyang banal na katibayan, at, sa kabilang dako, ay padanasin ang Kaniyang mga tao ng Kaniyang malupit na paghihiganti dahil sa tinalikuran nila Siya na Kaniyang hinirang! Hindi lamang iyon, kundi, ang napakaraming pagpapala ng Panginoon ng lahat ng nilalang, sa lahat ng panahon, sa pamamagitan ng mga Kahayagan ng Kaniyang Banal na Diwa, ay pinalibutan ang kalupaan at lahat ng nananahan doon. Kahit isang sandali ay hindi ipinagkait ang Kaniyang biyaya, ni ang mga ambon ng mapagmahal na kagandahang-loob Niya ay hindi tumigil sa pag-ulan sa sangkatauhan. Samakatwid, ang gayong pag-uugali ay maaaring ituring na bunga ng walang-kabuluhang pagpapalagay ng gayong mga kaluluwang naglalakbay sa lambak ng kapalaluan at pagmamataas, mga naligaw sa mga kasukalan ng pagkalayo, naglalakad sa mga landas ng kanilang walang-saysay na guniguni, at sinusunod ang mga utos ng mga pinuno ng kanilang pananampalataya. Ang kanilang pangunahing alalahanin ay ang sumalungat lamang; ang kanilang tanging naisin ay ang ipagwalang-bahala ang katotohanan. Sa bawat nakauunawang tagapagmasid ito ay maliwanag at hayag na kung ang mga taong ito sa mga araw ng bawat isa sa mga Kahayagan ng Araw ng Katotohanan ay ginawang banal ang kanilang mga mata, ang kanilang mga tainga, at ang kanilang mga puso mula sa anumang kanilang nakita, narinig, at nadama, sila ay tiyak na hindi pagkakaitan na mamasdan ang kagandahan ng Diyos, ni iligaw nang malayo sa mga tahanan ng kaluwalhatian. Ngunit yayamang tinimbang ang patunay ng Diyos, sa pamamagitan ng pamantayan ng kanilang kaalaman, na pinulot mula sa mga turo ng mga pinuno ng kanilang pananampalataya at natagpuan ito na naiiba sa kanilang natatakdaang pang-unawa, sila ay nagbangon upang isagawa ang gayong mga hindi wastong gawain.

Leaders of religion, in every age, have hindered their people from attaining the shores of eternal salvation, inasmuch as they held the reins of authority in their mighty grasp. Some for the lust of leadership, others through want of knowledge and understanding, have been the cause of the deprivation of the people. By their sanction and authority, every Prophet of God hath drunk from the chalice of sacrifice, and winged His flight unto the heights of glory. What unspeakable cruelties they that have occupied the seats of authority and learning have inflicted upon the true Monarchs of the world, those Gems of divine virtue! Content with a transitory dominion, they have deprived themselves of an everlasting sovereignty. Thus, their eyes beheld not the light of the countenance of the Well-Beloved, nor did their ears hearken unto the sweet melodies of the Bird of Desire. For this reason, in all sacred books mention hath been made of the divines of every age. Thus He saith: “O people of the Book! Why disbelieve the signs of God to which ye yourselves have been witnesses?”¹² And also He saith: “O people of the Book! Why clothe ye the truth with falsehood? Why wittingly hide the truth?”¹³ Again, He saith: “Say, O people of the Book! Why repel believers from the way of God?”¹⁴ It is evident that by the “people of the Book,” who have repelled their fellowmen from the straight path of God, is meant none other than the divines of that age, whose names and character have been revealed in the sacred books, and alluded to in the verses and traditions recorded therein, were you to observe with the eye of God.	15. Ang mga pinuno ng relihiyon, sa bawat panahon, ay nagawang hadlangan ang kanilang mga tao na makarating sa mga dalampasigan ng walang-hanggang kaligtasan, yayamang tangan nila ang mga ugit ng kapangyarihan sa kanilang malakas na pagkakahawak. Ang ilan dahil sa kasakiman sa pamumuno, ang iba sa kakulangan ng kaalaman at pagkaunawa, ay ang sanhi ng paghihirap ng mga tao. Sa kanilang kapahintulutan at kapangyarihan, bawat Propeta ng Diyos ay uminom mula sa kalis ng pagpapakasakit, at pumailanlang sa paglipad Niya tungo sa mga rurok ng kaluwalhatian. Anong mga kalupitan ang ipinalasap nila na nanungkulan sa mga luklukan ng kapangyarihan at karunungan sa tunay na mga Hari ng daigdig, yaong mga Hiyas ng banal na kabutihan! Nasisiyahan sa isang pansamantalang kapangyarihan, pinagkaitan nila ang kanilang mga sarili ng isang walang-hanggang dakilang kapangyarihan. Sa gayon, hindi namasdan ng kanilang mga mata ang liwanag ng mukha ng Pinakamamahal, ni hindi napakinggan ng kanilang mga tainga ang malamyos na mga himig ng Ibon ng Hangarin. Sa kadahilanang ito, ginawa sa lahat ng banal na mga aklat ang pagbanggit sa mga teologo ng relihiyon ng bawat panahon. Kung kaya sinabi Niya: “O mga tao ng Aklat! Bakit hindi pinaniwalaan ang mga palatandaan ng Diyos na kayo mismo ay ang naging mga saksi?”¹² At sinabi rin Niya: “O mga tao ng Aklat! Bakit ninyo binihisan ang katotohanan ng kasinungalingan?”¹³ Muli, Kaniyang sinabi: “Sabihin O mga tao ng Aklat! Bakit itinataboy ang mga mananampalataya mula sa landas ng Diyos?”¹⁴ Maliwanag na ang “mga tao ng Aklat,” na itinaboy ang kanilang mga kapwa-tao mula sa tuwid na landas ng Diyos, ay nangangahulugan na walang iba kundi ang mga teologo ng relihiyon ng panahong iyon, na ang mga pangalan at katangian ay naipahayag sa mga banal na aklat, at ipinahiwatig sa mga bersikulo at tradisyon na itinala roon, kung ikaw ay magmamasid sa pamamagitan ng mata ng Diyos.
--	--

¹² Qur’án 3:70

¹³ Qur’án 3:71

¹⁴ Qur’án 3:99

With fixed and steady gaze, born of the unerring eye of God, scan for a while the horizon of divine knowledge, and contemplate those words of perfection which the Eternal hath revealed, that haply the mysteries of divine wisdom, hidden ere now beneath the veil of glory and treasured within the tabernacle of His grace, may be made manifest unto you. The denials and protestations of these leaders of religion have, in the main, been due to their lack of knowledge and understanding. Those words uttered by the Revealers of the beauty of the one true God, setting forth the signs that should herald the advent of the Manifestation to come, they never understood nor fathomed. Hence they raised the standard of revolt, and stirred up mischief and sedition. It is obvious and manifest that the true meaning of the utterances of the Birds of Eternity is revealed to none except those that manifest the Eternal Being, and the melodies of the Nightingale of Holiness can reach no ear save that of the denizens of the everlasting realm. The Copt of tyranny can never partake of the cup touched by the lips of the Sept of justice, and the Pharaoh of unbelief can never hope to recognize the hand of the Moses of truth. Even as He saith: “None knoweth the meaning thereof except God and them that are well-grounded in knowledge.”¹⁵ And yet, they have sought the interpretation of the Book from those that are wrapt in veils, and have refused to seek enlightenment from the fountainhead of knowledge.	16. Nang may nakatuon at hindi nagbabagong pagtitig, likas na taglay ang hindi nagkakamaling mata ng Diyos, sandaling masdan nang mabuti ang guhit-tagpuan ng banal na kaalaman, at nilay-nilayin yaong mga salita ng kasakdalan na ipinahayag ng Walang-hanggan, upang harinawang ang mga hiwaga ng banal na karunungan, na natatago noon bago pa ngayon sa ilalim ng lambong ng kaluwalhatian, at pinakaiingatan sa loob ng tabernakulo ng Kaniyang pagpapala, ay magawang mahayag sa iyo. Ang mga pagtatatwa at mga pagtutol ng mga pinunong ito ng relihiyon, sa karaniwan, ay dahil sa kanilang hindi sapat na kaalaman at pagkaunawa. Ang mga salitang iyon na binigkas ng mga Tagapagpahayag ng kagandahan ng iisang tunay na Diyos, inilalahad ang mga palatandaan na dapat magbalita sa pagsapit ng darating na Kahayagan, ay hindi nila kailanman naunawaan ni natarok. Kung kaya kanilang itinaas ang bandila ng paghihimagsik, at nagsulsol ng kasamaan at pag-aalsa. Maliwanag at hayag na ang tunay na kahulugan ng mga pananalita ng mga Ibon ng Kawalang-hanggan ay hindi ipinahayag sa kaninuman liban doon sa mga naghahayag ng Walang-hanggang Maylikha, at ang mga himig ng Ruwisenyor ng Kabanalan ay walang mararating na tainga liban doon sa mga naninirahan sa walang-hanggang kaharian. Ang Copt ng paniniil ay hindi kailanman maaaring makibahagi sa kopa na dinampian ng mga labi ng Sept ng katarungan, at ang Paraon ng kawalan ng pananalig ay hindi kailanman makaaasang makilala ang kamay ng Moises ng katotohanan. Tulad ng Kaniyang sinasabi: “Walang sinuman ang nakaaalam ng kahulugan nito liban sa Diyos at silang may pinagbabatayang kaalaman.”¹⁵ At gayumpaman, hinanap nila ang paliwanag ng Aklat mula roon sa mga nababalot ng mga lambong, at tumangging humanap ng kaliwanagan mula sa punong-bukal ng kaalaman.
And when the days of Moses were ended, and the light of Jesus, shining forth from the dayspring of the Spirit, encompassed the world, all the people of Israel arose in protest against Him. They clamored that He Whose advent the	17. At nang ang mga araw ni Moises ay nagwakas, at ang liwanag ni Jesus, nagniningning mula sa pamimitak ng Espiritu, ay pinalibutan ang daigdig, lahat ng mga tao ng Israel ay nagbangon sa pagtutol laban sa Kaniya. Sila ay naghihiyaw na Siya na ang pagsapit ay

¹⁵ Qur’án 3:7

Bible had foretold must needs promulgate and fulfill the laws of Moses, whereas this youthful Nazarene, who laid claim to the station of the divine Messiah, had annulled the law of divorce and of the sabbath day—the most weighty of all the laws of Moses. Moreover, what of the signs of the Manifestation yet to come? These people of Israel are even unto the present day still expecting that Manifestation which the Bible hath foretold! How many Manifestations of Holiness, how many Revealers of the light everlasting, have appeared since the time of Moses, and yet Israel, wrapt in the densest veils of satanic fancy and false imaginings, is still expectant that the idol of her own handiwork will appear with such signs as she herself hath conceived! Thus hath God laid hold of them for their sins, hath extinguished in them the spirit of faith, and tormented them with the flames of the nethermost fire. And this for no other reason except that Israel refused to apprehend the meaning of such words as have been revealed in the Bible concerning the signs of the coming Revelation. As she never grasped their true significance, and, to outward seeming, such events never came to pass, she, therefore, remained deprived of recognizing the beauty of Jesus and of beholding the face of God. And they still await His coming! From time immemorial even unto this day, all the kindreds and peoples of the earth have clung to such fanciful and unseemly thoughts, and thus have deprived themselves of the clear waters streaming from the springs of purity and holiness.	inihula sa Bibliya ay nararapat na palaganapin at tuparin ang mga batas ni Moises, datapwat ang kabataang Nazareno na ito, na nagpahayag ng pag-angkin sa katayuan ng banal na Mesiyas, ay pinawalang-bisa ang batas ng diborsiyo at ang araw ng pagsamba—ang pinakamahalaga sa lahat ng mga batas ni Moises. Bukod roon, paano ang tungkol sa mga palatandaan ng Kahayagan na darating pa? Ang mga taong ito ng Israel kahit sa kasalukuyang araw ay inaasahan pa rin ang ganoong Kahayagan na ipinangako sa Bibliya! Napakarami ang mga Kahayagan ng Kabanalan, napakarami ang Tagapagpahayag ng walang-katapusang liwanag, ang lumitaw mula sa panahon ni Moises, at magkagayon man ang Israel, na nababalot sa pinakamakapal na mga lambong ng malasatanas na guniguni at walang-katotohanang mga hinagap, ay umaasa pa rin na ang diyus-diyusang sinasamba na kinatha ng sarili niya ay lilitaw nang may ganoong mga palatandaan tulad ng kaniya mismong isinaisip! Sa gayon pinapanagot sila ng Diyos sa kanilang mga kasalanan, pinatay ang kanilang espiritu ng pananalig, at lubhang pinagdusa sila sa pamamagitan ng mga lagablab ng pinakamalalim na apoy. At ito ay walang ibang dahilan liban sa ang Israel ay tumangging unawain ang kahulugan ng gayong mga salita na naipahayag sa Bibliya tungkol sa mga palatandaan ng darating na Rebelasyon. Dahil sa hindi niya kailanman naunawaan ang tunay na kahulugan ng mga iyon, at, sa panlabas na pakiwari, ang gayong mga pangyayari ay hindi kailanman naganap, siya, samakatwid, ay nanatiling pinagkaitan na makilala ang kagandahan ni Jesus at mamasdan ang mukha ng Diyos. At sila ay naghinihintay pa rin sa Kaniyang pagdating! Mula sa hindi magunitang panahon hanggang sa araw na ito, lahat ng mga kaanak at mga tao ng daigdig na nangapit sa gayong kahumalingan at hindi marapat na mga kaisipan, at kung gayon ay pinagkaitan ang kanilang mga sarili ng malinaw na mga tubig na dumadaloy mula sa mga bukal ng kadalisan at kabanalan.
In unfolding these mysteries, We have, in Our former Tablets which were addressed to a friend in the melodious language of Hijáz, cited a few of the verses revealed unto the Prophets of old.	18. Sa pagpapaliwanag sa mga kahiwagaang ito, Kami, sa nakaraang mga Tableta Namin na ipinadala sa isang kaibigan sa malamyos na pananalita ng Hijáz, ay binanggit ang ilan sa mga bersikulo na ipinahayag sa

And now, responding to your request, We again shall cite, in these pages, those same verses, uttered this time in the wondrous accents of ‘Irâq, that haply the sore athirst in the wilds of remoteness may attain unto the ocean of the divine presence, and they that languish in the wastes of separation be led unto the home of eternal reunion. Thus the mists of error may be dispelled, and the all-resplendent light of divine guidance dawn forth above the horizon of human hearts. In God We put Our trust, and to Him We cry for help, that haply there may flow from this pen that which shall quicken the souls of men, that they may all arise from their beds of heedlessness and hearken unto the rustling of the leaves of Paradise, from the tree which the hand of divine power hath, by the permission of God, planted in the Ridván of the All-Glorious.	mga Propeta ng unang panahon. At ngayon, sa pagtugon sa iyong kahilingan muli Naming babanggitin, sa mga pahinang ito, ang ganoon ding mga bersikulo na binigkas sa pagkakataong ito sa kamangha-manghang mga punto ng ‘Irâq, upang harinawang ang lubhang nauuhaw sa mga kagubatan ng pagkalayo ay makarating sa karagatan ng banal na kinaroroonan, at silang lupaypay sa mga kaparangan ng pagkahiwalay ay maihatid sa tahanan ng walang-hanggang muling pagsasama. Sa gayon ang mga abo-abo ng kamalian ay maaaring mapawi, at ang maningning sa lahat na liwanag ng banal na patnubay ay mamimitak sa itaas ng sugpungang-guhit ng mga puso ng tao. Sa Diyos Namin inilalagak ang Aming pagtitiwala, at sa Kaniya kami ay nagsusumamo na matulungan, na harinawang doon ay makadaloy mula sa panulat na ito yaong makapagpapasigla sa mga kaluluwa ng mga tao, na nawa’y lahat sila ay magsibangon mula sa kanilang mga higaan ng kapabayaang at mapakinggan ang pagkaluskos ng mga dahon ng Paraiso, mula sa punongkahoy na itinanim ng kamay ng banal na kapangyarihan, sa kapahintulutan ng Diyos, sa Ridván ng Lubos na Maluwalhati.
To them that are endowed with understanding, it is clear and manifest that when the fire of the love of Jesus consumed the veils of Jewish limitations, and His authority was made apparent and partially enforced, He, the Revealer of the unseen Beauty, addressing one day His disciples, referred unto His passing, and, kindling in their hearts the fire of bereavement, said unto them: “I go away and come again unto you.” And in another place He said: “I go and another will come Who will tell you all that I have not told you, and will fulfill all that I have said.” Both these sayings have but one meaning, were you to ponder upon the Manifestations of the Unity of God with divine insight.	19. Sa kanila na pinagkalooban ng pang-unawa, ito ay malinaw at hayag na nang tinupok ng pagmamahal ni Jesus ang mga lambong ng mga pagtatakda ng mga Hudyo, at ang Kaniyang kapangyarihan ay ginawang malinaw at pinairal ang ilang bahagi, Siya na Tagapagpahayag ng hindi nakikitang Kagandahan, nagsasalita isang araw sa Kaniyang mga disipulo, ay tinutukoy ang Kaniyang pagpanaw, at, pinagniningas sa kanilang mga puso ang apoy ng pagdadalamhati, ay sinabi sa kanila: “Ako ay aalis at muling babalik sa inyo.” At sa ibang lugar ay sinabi Niya: “Ako ay lilisan at may isang darating na magsasabi sa inyo ng lahat ng Aking hindi sinabi sa inyo, at tutuparin ang lahat ng Aking nasabi.” Kapuwa ang mga pananalitang ito ay may isang kahulugan lamang, kung iyong pag-iisipan nang malalim ang mga Kahayagan ng Kaisahan ng Diyos nang may maliwanag na banal na pagkaunawa.
Every discerning observer will recognize that in the Dispensation of the Qur’án both the Book and the Cause of Jesus were confirmed. As to the	20. Bawat nakauunawang tagapagmasid ay malalaman na sa Dispensasyon ng Qur’án kapuwa ang Aklat at ang Kapakanan ni Jesus ay pinatunayan.

matter of names, Muḥammad, Himself, declared: “I am Jesus.” He recognized the truth of the signs, prophecies, and words of Jesus, and testified that they were all of God. In this sense, neither the person of Jesus nor His writings hath differed from that of Muḥammad and of His holy Book, inasmuch as both have championed the Cause of God, uttered His praise, and revealed His commandments. Thus it is that Jesus, Himself, declared: “I go away and come again unto you.” Consider the sun. Were it to say now, “I am the sun of yesterday,” it would speak the truth. And should it, bearing the sequence of time in mind, claim to be other than that sun, it still would speak the truth. In like manner, if it be said that all the days are but one and the same, it is correct and true. And if it be said, with respect to their particular names and designations, that they differ, that again is true. For though they are the same, yet one doth recognize in each a separate designation, a specific attribute, a particular character. Conceive accordingly the distinction, variation, and unity characteristic of the various Manifestations of holiness, that thou mayest comprehend the allusions made by the Creator of all names and attributes to the mysteries of distinction and unity, and discover the answer to thy question as to why that everlasting Beauty should have, at sundry times, called Himself by different names and titles.	Tungkol sa bagay ng mga pangalan, si Muḥammad, Mismo, ay nagpahayag: “Ako si Jesus.” Tinanggap Niya ang katotohanan ng mga palatandaan, mga propesiya, at mga salita ni Jesus, at pinagtibay na ang lahat ng mga iyon ay sa Diyos. Sa ganitong diwa, alinman sa katauhan ni Jesus ni ang Kaniyang mga kasulatan ay hindi naiiba mula roon kay Muḥammad at sa Kaniyang banal na Aklat, yayamang itinaguyod ng kapuwa Kahayagan ang Kapakanan ng Diyos, binigkas ang pagpupuri sa Kaniya, at ipinahayag ang Kaniyang mga kautusan. Sa gayon ipinahayag ni Jesus, Mismo: “Ako ay aalis at darating muli sa inyo.” Isipin ang araw. Kung sasabihin nito ngayon, “Ako ay ang araw ng kahapon,” ito ay nagsasabi ng katotohanan. At nang tinatandaan ang pagkakasunud-sunod ng panahon, kung igigiit nito ang pagiging iba sa araw na iyon, ito ay nagsasabi pa rin ng katotohanan. Sa gayunding gawi, kung sasabihin na lahat ng mga araw ay iisa at magkakatulad, ito ay tama at totoo. At kung sasabihin, nang tinutukoy ang kanilang tiyak na mga pangalan at mga katawagan, na sila ay magkakaiba, muli iyon ay totoo. Sapagkat kahiman sila ay magkakatulad, gayumpaman ang isa ay nakikilala sa bawat isa ang isang nabubukod na katawagan, isang tiyak na katangian, isang natatanging uri. Nang naayon pag-isipan ang kaibahan, ang pagkakaiba-iba, at kaisahan na nagtatangi sa iba’t ibang mga Kahayagan ng kabanalan, upang iyong maunawaan ang mga pahiwatig na ginawa ng Lumikha ng lahat ng mga pangalan at mga katangian sa mga hiwaga ng kaibahan at kaisahan, at tuklasin ang sagot sa iyong katanungan kung bakit ang walang-kamatayang Kagandahan na iyon ay minarapat, sa iba’t ibang panahon, na tawagin ang Kaniyang Sarili sa magkakaibang mga pangalan at mga titulo.
Afterwards, the companions and disciples of Jesus asked Him concerning those signs that must needs signalize the return of His manifestation. When, they asked, shall these things be? Several times they questioned that peerless Beauty, and, every time He made reply, He set forth a special sign that should herald the advent of the promised Dispensation. To this testify the records of the four Gospels.	21. Pagkatapos, ang mga kasamahan at mga disipulo ni Jesus ay tinanong Siya tungkol sa mga palatandaang iyon na nararapat na maghudyat sa muling pagdating ng Kaniyang kahayagan. Kailan, kanilang itinanong, magaganap ang mga bagay na ito? Ilang ulit nilang tinanong ang walang-katulad na Kagandahang iyon, at sa tuwing Siya ay nagbigay ng sagot, isinisiwalat Niya ang isang natatanging palatandaan na nararapat magbalita sa pagsapit ng ipinangakong

	Dispensasyon. Dito ay sumasaksi ang mga ulat ng apat na Ebanghelyo.
This wronged One will cite but one of these instances, thus conferring upon mankind, for the sake of God, such bounties as are yet concealed within the treasury of the hidden and sacred Tree, that haply mortal men may not remain deprived of their share of the immortal fruit, and attain to a dewdrop of the waters of everlasting life which, from Baghdád, the “Abode of Peace,” are being vouchsafed unto all mankind. We ask for neither meed nor reward. “We nourish your souls for the sake of God; we seek from you neither recompense nor thanks.”¹⁶ This is the food that conferreth everlasting life upon the pure in heart and the illumined in spirit. This is the bread of which it is said: “Lord, send down upon us Thy bread from heaven.”¹⁷ This bread shall never be withheld from them that deserve it, nor can it ever be exhausted. It groweth everlastingly from the tree of grace; it descendeth at all seasons from the heavens of justice and mercy. Even as He saith: “Seest thou not to what God likeneth a good word? To a good tree; its root firmly fixed, and its branches reaching unto heaven: yielding its fruit in all seasons.”¹⁸	22. Siya na pinagkasalahan ay babanggit ng isa lamang sa mga pangyayaring ito, sa gayon ay ipinagkakaloob sa sangkatauhan, alang-alang sa Diyos, ang gayong mga pagpapala na nakukubli pa sa loob ng ingatang-yaman ng lihim at banal na Punongkahoy, upang harinawang ang mga mortal na tao ay hindi manatiling napagkaitan ng kanilang bahagi sa walang-kamatayang bunga, at matamo ang isang patak ng hamog ng mga tubig ng walang-hanggang buhay na, mula sa Baghdád, ang “Tahanan ng Kapayapaan,” ay ipinagkakaloob sa buong sangkatauhan. Kami ay hindi humihingi ng kabayaran ni gantimpala. “Aming pinakakain ang inyong kaluluwa alang-alang sa Diyos; hindi Kami humihingi ng kabayaran ni pasasalamat.”¹⁶ Ito ang pagkain na nagkakaloob ng walang-hanggang buhay sa dalisay ang puso at sa naliwanagang espiritu. Ito ang tinapay na sinabi: “Panginoon, ipadala sa amin ang Iyong tinapay mula sa langit.”¹⁷ Ang tinapay na ito ay hindi kailanman ipagkakait sa kanila na karapat-dapat dito, ni hindi ito kailanman mauubos. Ito ay tumutubo nang walang katapusan mula sa punongkahoy ng biyaya, ito ay bumababa sa lahat ng mga panahon mula sa mga kalangitan ng katarungan at kahabagan. Tulad ng sinasabi Niya: “Hindi mo ba nakikita kung saan inihalintulad ng Diyos ang isang mabuting salita? Sa isang mabuting punongkahoy, ang ugat nito ay matatag na nakabaon, at ang mga sanga nito ay umaaabot hanggang sa kalangitan; nagbibigay ng bunga nito sa lahat ng mga panahon.”¹⁸
O the pity! that man should deprive himself of this goodly gift, this imperishable bounty, this everlasting life. It behooveth him to prize this food that cometh from heaven, that perchance, through the wondrous favors of the Sun of Truth, the dead may be brought to life, and withered souls be quickened by the infinite Spirit. Make haste, O my brother, that while there is yet time our lips may taste of the immortal draft, for the	23. O kahabag-habag! na pinagkaitan ng tao ang Kaniyang sarili nitong mabuting handog, nitong walang-kamatayang pagpapala, nitong walang-hanggang buhay. Nararapat sa kaniya na ganap na pahalagahan ang pagkaing ito na dumarating mula sa kalangitan, upang harinawa, sa pamamagitan ng kamangha-manghang mga kaloob ng Araw ng Katotohanan, ang patay ay magawang mabuhay, at ang naluoy na mga kaluluwa ay mapasigla ng walang-hanggang Espiritu. Magmadali, O

¹⁶ Qur’án 76:9

¹⁷ Qur’án 5:117

¹⁸ Qur’án 14:24

breeze of life, now blowing from the city of the Well-Beloved, cannot last, and the streaming river of holy utterance must needs be stilled, and the portals of the Rīdván cannot forever remain open. The day will surely come when the Nightingale of Paradise will have winged its flight away from its earthly abode unto its heavenly nest. Then will its melody be heard no more, and the beauty of the rose cease to shine. Seize the time, therefore, ere the glory of the divine springtime hath spent itself, and the Bird of Eternity ceased to warble its melody, that thy inner hearing may not be deprived of hearkening unto its call. This is My counsel unto thee and unto the beloved of God. Whosoever wisheth, let him turn thereunto; whosoever wisheth, let him turn away. God, verily, is independent of him and of that which he may see and witness.	aking kapatid, upang habang may pagkakataon pa ay matikman ng ating mga labi ang walang-kamatayang inumin, sapagkat ang simoy ng buhay na humihihip ngayon, mula sa lungsod ng Pinakamamahal, ay hindi magtatagal, at ang dumadaloy na ilog ng banal na pananalita ay kinakailangan nang manahimik, at ang mga pinto ng Rīdván ay hindi kailanman mananatiling bukas. Ang araw ay tiyak na darating kapag ang Ruwisenyor ng Paraiso ay lilipad palayo sa makalupang tahanan nito tungo sa makalangit na pugad nito. Sa gayon ang himig nito ay hindi na maririnig, at ang kagandahan ng rosas ay hihinto nang magingning. Sunggaban ang pagkakataon, samakatwid, bago lumipas ang kaluwalhatian ng banal na panahon ng tagsibol mismo, at ang Ibon ng Kawalang-hanggan ay humintong awitin ang himig nito, upang ang iyong panloob na pandinig ay hindi mapagkaitang mapakinggan ang panawagan nito. Ito ang Aking payo sa iyo at sa minamahal ng Diyos. Sinuman ang nagnanais, hayaan siyang bumaling doon; sinuman ang nagnanais, hayaan siyang bumaling palayo. Ang Diyos, sa katunayan, ay malaya sa kaniya at doon sa maaari niyang makita at masaksihan.
These are the melodies, sung by Jesus, Son of Mary, in accents of majestic power in the Rīdván of the Gospel, revealing those signs that must needs herald the advent of the Manifestation after Him. In the first Gospel according to Matthew it is recorded: And when they asked Jesus concerning the signs of His coming, He said unto them: “Immediately after the oppression¹⁹ of those days shall the sun be darkened, and the moon shall not give her light, and the stars shall fall from heaven, and the powers of the earth shall be shaken: and then shall appear the sign of the Son of man in heaven: and then shall all the tribes of the earth mourn, and they shall see the Son of man coming in the clouds of heaven with power and great glory. And he shall send his angels with a great sound of a trumpet.”²⁰ Rendered into the Persian tongue,²¹ the purport of these words is as follows: When the	24. Ang mga ito ay ang mga himig, na inawit ni Jesus, Anak ni Maria, sa mga punto ng maringal na kapangyarihan ng Rīdván ng Ebanghelyo, ipinahahayag yaong mga palatandaan na kinakailangang magbalita sa pagdating ng Kahayagan pagkatapos Niya. Sa unang Ebanghelyo sang-ayon kay Mateo ito ay itinala: At nang tinanong nila si Jesus ang tungkol sa mga palatandaan ng Kaniyang pagdating, sinabi Niya sa kanila: “Kaagad matapos ang paniniil¹⁹ ng mga panahong iyon, ang araw ay magdidilim at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at ang mga bituin ay babagsak mula sa kalangitan, at ang mga kapangyarihan ng kalupaan ay mayayanig: at pagkatapos ay lilitaw ang palatandaan ng Anak ng tao sa kalangitan: at pagkatapos ang lahat ng tribu sa kalupaan ay magluluksa, at makikita nila ang Anak ng tao na dumarating sa mga ulap ng kalangitan nang may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At ipadadala niya ang kaniyang mga anghel sa pamamagitan ng isang napakalakas na tunog ng

¹⁹ Ang salitang Griyego na ginamit (Thilpsis) ay may dalawang kahulugan ‘pamimilit’ at ‘paniniil’

oppression and afflictions that are to befall mankind will have come to pass, then shall the sun be withheld from shining, the moon from giving light, the stars of heaven shall fall upon the earth, and the pillars of the earth shall quake. At that time, the signs of the Son of man shall appear in heaven, that is, the promised Beauty and Substance of life shall, when these signs have appeared, step forth out of the realm of the invisible into the visible world. And He saith: at that time, all the peoples and kindreds that dwell on earth shall bewail and lament, and they shall see that divine Beauty coming from heaven, riding upon the clouds with power, grandeur, and magnificence, sending His angels with a great sound of a trumpet. Similarly, in the three other Gospels, according to Luke, Mark, and John, the same statements are recorded. As We have referred at length to these in Our Tablets revealed in the Arabic tongue, We have made no mention of them in these pages, and have confined Ourselves to but one reference.	trumpeta.”²⁰ Sa pagsasaad sa wikang Persiyano,²¹ ang kahulugan ng mga salitang ito ay ang sumusunod: Kapag ang paniniil at mga kahirapang mararanasan ng sangkatauhan ay magaganap, sa panahong iyon ang araw ay pipigilan mula sa pagsikat, ang buwan mula sa pagbibigay ng liwanag, ang mga bituin ng kalangitan ay babagsak sa kalupaan, at ang mga haligi ng kalupaan ay mayayanig. Sa panahong iyon, ang mga palatandaan ng Anak ng tao ay makikita sa kalangitan, iyon ay, ang ipinangakong Kagandahan at Diwa ng buhay, kapag ang mga palatandaang ito ay nakita na, kapagdaka ay humakbang palabas sa kaharian ng hindi nakikita tungo sa nakikitang daigdig. At sinabi Niya: sa panahong iyon, lahat ng sambayanan at mga kaanak na nananahan sa kalupaan ay mananangis at mananaghoy, at makikita nila ang banal na Kagandahan na dumarating mula sa kalangitan, nakasakay sa mga ulap taglay ang kapangyarihan, kamaharlikaan, at karingalan, ipinadadala ang mga anghel Niya nang may isang napakalakas na tunog ng pakakak. Nang nakatutulad, sa tatlong ibang mga Ebanghelyo, ayon kay Lucas, Marcos at Juan, ang ganoon ding mga paglalahad ay naitala. Dahil sa Aming tinukoy nang mahaba ang mga ito sa Aming mga Tableta na ipinahayag sa wikang Arabe, hindi Namin binanggit ang mga iyon sa mga pahinang ito, itinakda ang Aming mga Sarili sa isang pagtukoy lamang.
Inasmuch as the Christian divines have failed to apprehend the meaning of these words, and did not recognize their object and purpose, and have clung to the literal interpretation of the words of Jesus, they therefore became deprived of the streaming grace of the Muḥammadan Revelation and its showering bounties. The ignorant among the Christian community, following the example of the leaders of their faith, were likewise prevented from beholding the beauty of the King of glory, inasmuch as those signs which were to accompany the dawn of the sun of the Muḥammadan Dispensation did not actually come to pass. Thus, ages have passed and	25. Yayamang ang mga Kristiyanong teologo ay nabigong maunawaan ang kahulugan ng mga pananalitang ito, at hindi nahulo ang kanilang pakay at layunin, at nangapit sa literal na paliwanag ng mga salita ni Jesus, sila samakatwid ay pinagkaitan ng dumadaloy na pagpapala ng Rebelasyon ni Muḥammad at sa bumubuhos na mga biyaya nito. Ang mga mangmang sa pamayanan ng Kristiyano, sumusunod sa halimbawa ng mga pinuno ng kanilang pananampalataya, ay nahadlangan, gayundin, upang mamasdan ang kagandahan ng Hari ng kaluwalhatian, dahil sa ang mga palatandaang iyon na dapat na kasama sa pamimitak ng araw ng Dispensasyon ni Muḥammad ay literal na hindi naganap. Sa gayon ang mga panahon ay nagdaan at ang

²⁰ Mathew 24:29-31.

²¹ Ang sipi ay inulit ni Bahá'u'lláh sa Arabe at ipinaliwanag sa Persiyano.

centuries rolled away, and that most pure Spirit hath repaired unto the retreats of its ancient sovereignty. Once more hath the eternal Spirit breathed into the mystic trumpet, and caused the dead to speed out of their sepulchers of heedlessness and error unto the realm of guidance and grace. And yet, that expectant community still crieth out: When shall these things be? When shall the promised One, the object of our expectation, be made manifest, that we may arise for the triumph of His Cause, that we may sacrifice our substance for His sake, that we may offer up our lives in His path? In like manner, have such false imaginings caused other communities to stray from the Kawthar of the infinite mercy of Providence, and to be busied with their own idle thoughts.	mga siglo ay lumipas, at ang pinakadalisay na Espiritu na iyon ay nagtungo sa mga kanlungan ng napakatandang dakilang kapangyarihan nito. Minsan pang hinipan ng walang-hanggang Espiritu ang mahiwagang trumpeta, at ginawa ang patay na lumabas nang mabilis sa kanilang mga libingan ng pagpapabaya at pagkakamali tungo sa kaharian ng patnubay at pagpapala. At gayumpaman, yaong nag-aasam na pamayanan ay nananawagan pa rin: Kailan magaganap ang mga bagay na ito? Kailan mahahayag Siya na ipinangako, ang pakay ng aming inaasahan, upang magawa naming magbangon para sa tagumpay ng Kaniyang Kapakanan, upang aming maipagpakasakit ang ikinabubuhay namin alang-alang sa Kaniya, upang aming maihandog ang mga buhay namin sa Kaniyang landas? Sa gayunding paraan, ang mga maling hinagap ang naging sanhi upang maligaw ang ibang mga pamayanan mula sa Kawthar ng walang-hanggang habag ng Maykapal, at naging abala sa kanilang sariling walang-saysay na mga naiisip.
Beside this passage, there is yet another verse in the Gospel wherein He saith: "Heaven and earth shall pass away: but My words shall not pass away."²² Thus it is that the adherents of Jesus maintained that the law of the Gospel shall never be annulled, and that whensoever the promised Beauty is made manifest and all the signs are revealed, He must needs reaffirm and establish the law proclaimed in the Gospel, so that there may remain in the world no faith but His faith. This is their fundamental belief. And their conviction is such that were a person to be made manifest with all the promised signs and to promulgate that which is contrary to the letter of the law of the Gospel, they must assuredly renounce him, refuse to submit to his law, declare him an infidel, and laugh him to scorn. This is proved by that which came to pass when the sun of the Muhammadan Revelation was revealed. Had they sought with a humble mind from the Manifestations of God in every Dispensation the true meaning of these words	26. Bukod sa siping ito, may isa pang bersikulo sa Ebanghelyo kung saan sinabi Niya: "Ang Kalangitan at kalupaan ay maglalaho: subalit ang Aking mga salita ay hindi maglalaho."²² Sa gayon ang mga sumusunod kay Jesus ay nanindigan na ang batas ng Ebanghelyo ay hindi kailanman mapapawalang bisa, at kailanman na ang ipinangakong Kagandahan ay ginawang mahayag at lahat ng mga palatandaan ay nabunyang, nararapat na Kaniyang muling pagtibayin at itatag ang batas na ipinahayag sa Ebanghelyo, upang sa gayon ay walang ibang pananampalataya ang mananatili sa daigdig kundi ang Kaniyang pananampalataya. Ito ang kanilang pangunahing paniniwala. At ang kanilang matibay na paniniwala ay gayon na lamang na kung may isang tao ang gagawing mahayag nang taglay ang lahat ng ipinangakong mga palatandaan at magtataguyod noong taliwas sa titik ng batas sa Ebanghelyo, makatitiyak na itatakwil nila siya, tututol na magpailalim sa kaniyang batas, ipahahayag na siya ay isang tao na hindi naniniwala sa Diyos, mapanlibak na pagtatawanan siya. Ito ay napatunayang naganap nang ang araw ng Rebelasyon ni Muhammad ay ipinahayag. Kung hinanap

²² Lucas 21:33

revealed in the sacred books—words the misapprehension of which hath caused men to be deprived of the recognition of the Sadratu'l-Muntahá, the ultimate Purpose—they surely would have been guided to the light of the Sun of Truth, and would have discovered the mysteries of divine knowledge and wisdom.	sana nila nang may mapagpakumbabang isipan mula sa mga Kahayagan ng Diyos ng bawat Dispensasyon ang tunay na kahulugan ng mga salitang ipinahayag sa mga banal na Aklat—mga salita na ang maling pagkaunawa ay naging sanhi ng pagkakait sa mga tao na makilala ang Sadratu'l-Muntahá, ang tunay na Layunin—tiyak na sila ay napatnubayan sana sa liwanag ng Araw ng Katotohanan, at natuklasan sana ang mga hiwaga ng banal na kaalaman at karunungan.
This servant will now share with thee a dewdrop out of the fathomless ocean of the truths treasured in these holy words, that haply discerning hearts may comprehend all the allusions and the implications of the utterances of the Manifestations of Holiness, so that the overpowering majesty of the Word of God may not prevent them from attaining unto the ocean of His names and attributes, nor deprive them of recognizing the Lamp of God which is the seat of the revelation of His glorified Essence.	27. Ang tagapaglingkod na ito ay ibabahagi sa iyo ngayon ang isang patak ng hamog mula sa di-matarok na karagatan ng mga katotohanang pinakaingat-ingatan sa loob ng banal na mga salitang ito, upang harinawang ang nakauunawang mga puso ay maintindihan ang lahat ng mga pahiwatig at ang mga kahulugan ng mga pananalita ng mga Kahayagan ng Kabanalan, upang ang nakapangyayaring kamaharlikaan ng Salita ng Diyos ay hindi sila mahadlangang makarating sa karagatan ng Kaniyang mga pangalan at mga katangian, ni ipagkait sa kanilang makilala ang Lampara ng Diyos na luklukan ng rebelasyon ng Kaniyang niluluwalhating Diwa.
As to the words—"Immediately after the oppression of those days"—they refer to the time when men shall become oppressed and afflicted, the time when the lingering traces of the Sun of Truth and the fruit of the Tree of knowledge and wisdom will have vanished from the midst of men, when the reins of mankind will have fallen into the grasp of the foolish and ignorant, when the portals of divine unity and understanding—the essential and highest purpose in creation—will have been closed, when certain knowledge will have given way to idle fancy, and corruption will have usurped the station of righteousness. Such a condition as this is witnessed in this day when the reins of every community have fallen into the grasp of foolish leaders, who lead after their own whims and desire. On their tongue the mention of God hath become an empty name; in their midst His holy Word a dead letter. Such is the sway of their desires, that the lamp of conscience and reason hath been quenched in their hearts, and this	28. Tungkol sa mga salitang—"Kaagad matapos ang paniniil ng mga araw na iyon"—ang tinutukoy ng mga iyon ay ang panahon kung kailan ang mga tao ay magiging mga api at magdadalamhati, ang panahon kung kailan ang nagtatagal na mga bakas ng Araw ng Katotohanan at ang bunga ng Puno ng kaalaman at karunungan ay maglalaho mula sa gitna ng mga tao, kung kailan ang mga ugit ng sangkatauhan ay mapapasakamay sa mahigpit na pagkakahawak ng mga hangal at mangmang, kung kailan ang mga pinto ng banal na kaisahan at pagkaunawa—ang pangunahin at pinakamataas na layunin ng sangnilikha—ay masasarahan, kung kailan ang ilang kaalaman ay magbibigay-daan sa walang-saysay na guniguni, at ang kabalakyutan ay kakamkamin ang katayuan ng pagkamakatarungan. Ang gayong kalagayan tulad nito ay sinasaksihan sa araw na ito kapag ang mga ugit ng bawat pamayanan ay napasakamay ng hangal na mga pinuno, na ang pamumuno ay naaayon sa kanilang mga kapritso at hangarin. Sa kanilang dila ang pagbanggit sa Diyos ay naging isang hungkag na pangalan; sa kanilang gitna ang Kaniyang banal na Salita ay isang patay na

although the fingers of divine power have unlocked the portals of the knowledge of God, and the light of divine knowledge and heavenly grace hath illumined and inspired the essence of all created things, in such wise that in each and every thing a door of knowledge hath been opened, and within every atom traces of the sun have been made manifest. And yet, in spite of all these manifold revelations of divine knowledge, which have encompassed the world, they still vainly imagine the door of knowledge to be closed, and the showers of mercy to be stilled. Clinging unto idle fancy, they have strayed far from the 'Urvatu'l-Vuthqá of divine knowledge. Their hearts seem not to be inclined to knowledge and the door thereof, neither think they of its manifestations, inasmuch as in idle fancy they have found the door that leadeth unto earthly riches, whereas in the manifestation of the Revealer of knowledge they find naught but the call to self-sacrifice. They therefore naturally hold fast unto the former, and flee from the latter. Though they recognize in their hearts the Law of God to be one and the same, yet from every direction they issue a new command, and in every season proclaim a fresh decree. No two are found to agree on one and the same law, for they seek no God but their own desire, and tread no path but the path of error. In leadership they have recognized the ultimate object of their endeavor, and account pride and haughtiness as the highest attainments of their heart's desire. They have placed their sordid machinations above the divine decree, have renounced resignation unto the will of God, busied themselves with selfish calculation, and walked in the way of the hypocrite. With all their power and strength they strive to secure themselves in their petty pursuits, fearful lest the least discredit undermine their authority or blemish the display of their magnificence. Were the eye to be anointed and illumined with the collyrium²³ of the knowledge of God, it would surely discover that a number of

titik. Gayon ang kapangyarihan ng mga hangarin nila, na ang lampara ng budhi at katwiran ay pinatay sa mga puso nila, at ito, bagaman binuksan ng mga daliri ng banal na kapangyarihan ang mga pinto ng kaalaman ng Diyos, at ang liwanag ng banal na kaalaman at makalangit na biyaya ay pinagliwanag at pinasigla ang diwa ng lahat ng nilikhang mga bagay, na sa gayunding gawi, na sa bawat isa at sa lahat ng bagay ay isang pinto ng karunungan ang binuksan, at sa loob ng bawat atomo ang mga bakas ng araw ay ginawang mahayag. At gayumpaman, sa kabila ng lahat ng napakaraming pagpapahayag ng banal na kaalaman, na pumalibot sa daigdig, may kapalaluang inisip pa rin nila na ang pinto ng kaalaman ay nakapinid, at ang pag-ulan ng habag ay napipigilan. Nangangapit sa walang-saysay na hinagap, sila ay nalgaw mula sa 'Urvatu'l-Vuthqá ng banal na kaalaman. Ang kanilang mga puso ay waring hindi nahihilig sa kaalaman at sa pintuan niyon, ni hindi nila iniisip ang mga kahayagan nito, yayamang sa walang-saysay na hinagap ay natagpuan nila ang pintuan na naghahatid sa makalupang mga kayamanan, samantalang sa paghahayag ng Tagapagpahayag ng kaalaman sila ay walang natagpuan liban sa panawagan sa pagpapakasakit ng sarili. Sila samakatwid ay likas na nanangan nang mahigpit sa una at tumakas mula sa huli. Kahiman tinanggap nila sa kanilang mga puso ang Batas ng Diyos na maging iisa at hindi naiiba, gayumpaman mula sa lahat ng dako, sila ay nagbigay ng bagong kautusan at sa bawat panahon ay nagpahayag ng bagong batas. Walang dalawa ang natagpuang magkasundo sa iisa at hindi naiibang batas, sapagkat sila ay walang hinahanap na Diyos kundi ang kanilang sariling hangarin, at walang tinatahak na landas liban sa landas ng kamalian. Sa pamumuno ay nakilala nila ang tunay na pakay ng kanilang pagsisikap, at pinahahalagahan ang pagmamataas at kapalaluan bilang ang pinakamataas na mga makakamtan ng hangarin ng kanilang puso. Inilagay nila ang kanilang karima-rimarim na mga pakana nang mataas sa banal na batas, itinakwil ang buong pagsang-ayon na pagtanggap sa kalooban ng Diyos, abala ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng makasariling pagsusuri, at tinahak ang landas ng pagkukunwari. Sa pamamagitan ng lahat ng kanilang kapangyarihan at lakas sila ay nagpunyagi

voracious beasts have gathered and preyed upon the carrion of the souls of men.	upang makatiyak ang kanilang mga sarili sa kanilang hindi mahalagang mga libangan, nangangamba na baka ang pinakamaliit na kasiraan ay panghinain ang kanilang kapangyarihan o mabatikan ang pagpaparangya ng kanilang karingalan. Kung ang mata ay pababalanin at paliliwanagin ng collyrium²³ ng kaalaman ng Diyos, makatitiyak na matutuklasan ang isang bilang ng mababangis na hayop ay nagsipagtipon at sinisila ang bulok na bangkay ng mga kaluluwa ng mga tao.
What “oppression” is greater than that which hath been recounted? What “oppression” is more grievous than that a soul seeking the truth, and wishing to attain unto the knowledge of God, should know not where to go for it and from whom to seek it? For opinions have sorely differed, and the ways unto the attainment of God have multiplied. This “oppression” is the essential feature of every Revelation. Unless it cometh to pass, the Sun of Truth will not be made manifest. For the break of the morn of divine guidance must needs follow the darkness of the night of error. For this reason, in all chronicles and traditions reference hath been made unto these things, namely that iniquity shall cover the surface of the earth and darkness shall envelop mankind. As the traditions referred to are well known, and as the purpose of this servant is to be brief, He will refrain from quoting the text of these traditions.	29. Anong “paniniil” ang hihigit pa kaysa sa roon sa naisalaysay? Anong “paniniil” ang higit pang kahapis-hapis kaysa sa roon sa isang kaluluwa na naghahanap ng katotohanan at nagnanais na makapagtamo ng kaalaman sa Diyos, ay hindi alam kung saan pupunta para dito at kung kanino hahanapin ito? Sapagkat ang mga kuro-kuro ay lubhang nagkaiba-iba at ang mga paraan upang makarating sa Diyos ay lubhang dumami. Ang “paniniil” na ito ay ang pangunahing katangian ng bawat Rebelasyon. Hanggang hindi ito nagaganap, ang Araw ng Katotohanan ay hindi magagawang mahayag. Sapagkat ang pamimitak ng umaga ng banal na patnubay ay nararapat na sundan ng kadiliman ng gabi ng pagkakamali. Sa kadahilanang ito, sa lahat ng mga kasaysayan at mga tradisyon ay ginawa ang mga pagtukoy na ito, alalaon baga na ang kawalan ng katarungan ay kakalat sa balat ng lupa at babalutin ng kadiliman ang sangkatauhan. Habang ang mga tradisyong tinutukoy ay alam na alam, at dahilan sa ang layunin ng tagapaglingkod na ito ay magiging maikli, Siya ay iiwas na sipiin ang teksto ng mga tradisyong ito.
Were this “oppression” (which literally meaneth pressure) to be interpreted that the earth is to become contracted, or were men’s idle fancy to conceive similar calamities to befall mankind, it is clear and manifest that no such happenings can ever come to pass. They will assuredly protest that this prerequisite of divine revelation hath not been made manifest. Such hath been and still is their contention. Whereas, by “oppression” is meant the want of capacity to acquire spiritual knowledge and apprehend the Word of God. By	30. Kung ang “paniniil” (na sa tahasang-salin ay nangangahulugan ng panggigipit) ay ipaliliwanag na ang daigdig ay magiging maliit, o kung ang walang-saysay na mga guniguni ng mga tao ay pag-iisipan ang katulad na mga kapahamakan ay sasapit sa sangkatauhan, maliwanag at hayag na walang gayong mga pangyayari ang kailanman ay maaaring maganap. Nakatitiyak na tututulan nila ang panimulang pangangailangan na ito ng banal na rebelasyon ay hindi ginawang mahayag. Ganoon at nananatiling ganoon pa rin ang kanilang pangangatwiran. Samantala, ang “pagmamalupit” ay

²³ (solusyon na ipinapahid sa mata)

it is meant that when the Daystar of Truth hath set, and the mirrors that reflect His light have departed, mankind will become afflicted with “oppression” and hardship, knowing not whither to turn for guidance. Thus We instruct thee in the interpretation of the traditions, and reveal unto thee the mysteries of divine wisdom, that haply thou mayest comprehend the meaning thereof, and be of them that have quaffed the cup of divine knowledge and understanding.	nangangahulugan ng kawalan ng kakayahan na makapagtamo ng espiritwal na kaalaman upang maunawaan ang Salita ng Diyos. Iyon ay nangangahulugang kapag ang Araw-bituin ng Katotohanan ay lumubog na, at ang mga salamin na naglalarawan sa Kaniyang liwanag ay lumisan na, ang sangkatauhan ay daranas ng “pagmamalupit” at paghihirap, hindi malaman kung saan babaling upang makakuha ng patnubay. Kaya itinuturo Namin sa iyo ang paliwanag sa mga tradisyon, at inihahayag sa iyo ang mga kahiwagaan ng banal na karunungan, upang harinawang maunawaan mo ang kahulugan noon, at mabilang sa kanila na nakainom sa kopa ng banal na karunungan at pagkaunawa.
And now, concerning His words—“The sun shall be darkened, and the moon shall not give light, and the stars shall fall from heaven.” By the terms “sun” and “moon,” mentioned in the writings of the Prophets of God, is not meant solely the sun and moon of the visible universe. Nay rather, manifold are the meanings they have intended for these terms. In every instance they have attached to them a particular significance. Thus, by the “sun” in one sense is meant those Suns of Truth Who rise from the dayspring of ancient glory, and fill the world with a liberal effusion of grace from on high. These Suns of Truth are the universal Manifestations of God in the worlds of His attributes and names. Even as the visible sun that assisteth, as decreed by God, the true One, the Adored, in the development of all earthly things, such as the trees, the fruits, and colors thereof, the minerals of the earth, and all that may be witnessed in the world of creation, so do the divine Luminaries, by their loving care and educative influence, cause the trees of divine unity, the fruits of His oneness, the leaves of detachment, the blossoms of knowledge and certitude, and the myrtles of wisdom and utterance, to exist and be made manifest. Thus it is that through the rise of these Luminaries of God the world is made new, the waters of everlasting life stream forth, the billows of	31 At ngayon, tungkol sa Kaniyang mga salita—“Ang araw ay magdidilim at ang buwan ay hindi magbibigay ng liwanag, at ang mga bituin ay babagsak mula sa kalangitan.” Ang mga katawagang “araw” at “buwan,” na binanggit sa mga kasulatan ng mga Propeta ng Diyos, ay hindi nangangahulugan lamang ng araw at buwan ng nakikitang sansinukob. Hindi lamang iyon, kundi, napakarami ang mga kahulugan na kanilang iniukol sa mga katawagang ito. Sa bawat pagkakataon sila ay may ibinigay na natatanging kahulugan sa mga iyon. Kung kaya, ang “araw” sa isang pagkaunawa ay nangangahulugan ng yaong mga Araw ng Katotohanan na sumikat mula sa pamimitak ng napakatandang kaluwalhatian at pinuspos ang daigdig ng isang masaganang pagbuhos ng biyaya mula sa kaitaasan. Ang mga Araw ng Katotohanan na ito ay ang pansantinakpang mga Kahayagan ng Diyos sa mga daigdig ng Kaniyang mga katangian at mga pangalan. Katulad ng nakikitang araw na tumutulong, tulad ng ipinag-utos ng Diyos, Siya na tunay, ang Sinasamba, sa pag-unlad ng lahat ng makalupang mga bagay, tulad ng mga punong-kahoy, mga bunga, at mga kulay ng mga iyon, ang mga mineral ng kalupaan, at lahat ng maaaring masaksihan sa daigdig ng nilalang, gayundin ang banal na mga Tagapagdala ng liwanag, sa pamamagitan ng kanilang mapagmahal na pag-aaruga at nakapagtuturong impluwensiya, ay ginagawa ang mga punong-kahoy ng banal na kaisahan, ang mga bunga ng Kaniyang kaisahan, ang mga dahon ng pagtiwalag, ang mga

loving-kindness surge, the clouds of grace are gathered, and the breeze of bounty bloweth upon all created things. It is the warmth that these Luminaries of God generate, and the undying fires they kindle, which cause the light of the love of God to burn fiercely in the heart of humanity. It is through the abundant grace of these Symbols of Detachment that the Spirit of life everlasting is breathed into the bodies of the dead. Assuredly the visible sun is but a sign of the splendor of that Daystar of Truth, that Sun Which can never have a peer, a likeness, or rival. Through Him all things live, move, and have their being. Through His grace they are made manifest, and unto Him they all return. From Him all things have sprung, and unto the treasures of His revelation they all have repaired. From Him all created things did proceed, and to the depositories of His law they did revert.	bulaklak ng kaalaman at katiyakan, at ang mirto ng karunungan at pananalita, upang umiral at magawang maging hayag. Sa gayon sa pamamagitan ng pagsikat nitong mga Tagapagdala ng Liwanag ng Diyos ang daigdig ay ginawang bago, ang mga tubig ng walang-kamatayang buhay ay dumaloy mula rito, ang mga bugso ng mapagmahal na kagandahang-loob ay dumaluyong, ang mga ulap ng pagpapala ay tinipon, at ang simoy ng biyaya ay humihip sa lahat ng mga nilikhang bagay. Ang init na nilikha nitong mga Tagapagdala ng Liwanag ng Diyos, at ang hindi namamatay na apoy na kanilang sinisindihan, ang sanhi upang maglagablab nang masidhi ang apoy ng pag-ibig ng Diyos sa puso ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng masaganang biyaya nitong mga Sagisag ng Pagtiwalag na ang Espiritu ng walang-hanggang buhay ay inihinga sa mga katawan ng patay. Nakatitiyak na ang nakikitang araw ay isang palatandaan lamang ng karingalan ng Bituing-araw ng Katotohanang iyon, ang Araw na hindi kailanman maaaring magkaroon ng isang kaptantay, isang katulad, o kalaban. Sa pamamagitan Niya lahat ng bagay ay nabubuhay, kumikilos, at mayroong kanilang katauhan. Sa pamamagitan ng pagpapala Niya ang mga iyon ay nahahayag, at sa Kaniya ang lahat ng mga iyon ay babalik. Mula sa Kaniya ang lahat ng bagay ay nagbuhat, at sa mga ingatang-yaman ng rebelasyon Niya ang lahat ng mga iyon ay nagpupunta. Mula sa Kaniya ang lahat ng mga nilikhang bagay ay nagawang sumulong, at sa mga repositoryo ng batas Niya ang mga ito ay bumabalik.
That these divine Luminaries seem to be confined at times to specific designations and attributes, as you have observed and are now observing, is due solely to the imperfect and limited comprehension of certain minds. Otherwise, they have been at all times, and will through eternity continue to be, exalted above every praising name, and sanctified from every descriptive attribute. The quintessence of every name can hope for no access unto their court of holiness, and the highest and purest of all attributes can never approach their kingdom of glory. Immeasurably high are the Prophets of	32. Na ang banal na mga Tagapagdala ng Liwanag na ito ay waring natatakdaan sa ilang mga panahon sa tiyak na mga pangalan at mga katangian, tulad ng iyong nakita na at nakikita ngayon, ay dahil lamang sa hindi ganap at natatakdaang pang-unawa ng ilang mga isipan. Maliban dito, sila sa lahat ng panahon ay naging, at patuloy na magiging dakila, sa kawalang-hanggan nang higit sa lahat ng bawat nagpupuring pangalan, at ginawang banal mula sa lahat ng nailalarawang katangian. Ang ganap na huwaran ng bawat pangalan ay hindi maaaring makaasa na sumulong sa kanilang korte ng kabanalan, at ang pinakamataas at pinakadalisay sa lahat ng mga katangian ay hindi kailanman malalapitan

God exalted above the comprehension of men, who can never know them except by their own Selves. Far be it from His glory that His chosen Ones should be magnified by any other than their own persons. Glorified are they above the praise of men; exalted are they above human understanding!	ang kanilang kaharian ng kaluwalhatian. Hindi masusukat na higit ang kataasan ng kadakilaan ng mga Propeta ng Diyos sa pang-unawa ng mga tao, na hindi kailanman maaaring makilala sila liban sa kanilang mga Sarili Mismo. Magiging malayo ito mula sa kaluwalhatian Niya na ang Kaniyang mga hinirang na mga Katauhan ay mamarapating dakilain ng sinumang iba liban sa kanilang sariling mga katauhan. Higit na maluwalhati sila sa papuri ng mga tao; higit na dakila sila sa pang-unawa ng tao!
The term “suns” hath many a time been applied in the writings of the “immaculate Souls” unto the Prophets of God, those luminous Emblems of Detachment. Among those writings are the following words recorded in the “Prayer of Nudbih”:²⁴ “Whither are gone the resplendent Suns? Whereunto have departed those shining Moons and sparkling Stars?” Thus, it hath become evident that the terms “sun,” “moon,” and “stars” primarily signify the Prophets of God, the saints, and their companions, those Luminaries, the light of Whose knowledge hath shed illumination upon the worlds of the visible and the invisible.	33. Ang katawagang “mga araw” sa maraming mga pagkakataon ay ginamit sa mga kasulatan ng “kalinis-linisang mga Kaluluwa” sa mga Propeta ng Diyos, sila na maniningning na Sagisag ng Pagtiwalag. Kabilang sa mga kasulatan na iyon ay ang sumusunod na mga salitang nakatala sa “Dasal ni Nudbih”²⁴: “Saan nagtungo ang napakaningning na mga Araw? Saan nagtungo ang lumisan na maningning na mga Buwan at kumikislap na mga bituin?” Kung gayon, naging maliwanag na ang mga katawagang “araw”, “buwan”, at “mga bituin” una sa lahat ay nangangahulugan na mga Propeta ng Diyos, ang mga santo, at kanilang mga kasamahan, yaong mga Tagapagdala ng Liwanag, ang liwanag Niya na ang kaalaman ay nagsabog ng liwanag sa mga daigdig ng nakikita at ng hindi nakikita.
In another sense, by these terms is intended the divines of the former Dispensation, who live in the days of the subsequent Revelations, and who hold the reins of religion in their grasp. If these divines be illumined by the light of the latter Revelation, they will be acceptable unto God, and will shine with a light everlasting. Otherwise, they will be declared as darkened, even though to outward seeming they be leaders of men, inasmuch as belief and unbelief, guidance and error, felicity and misery, light and darkness, are all dependent upon the sanction of Him Who is the Daystar of Truth. Whosoever among the divines of every age receiveth, in the Day of Reckoning, the testimony of faith from the Source of true knowledge, he verily	34. Sa ibang kahulugan, tinutukoy ng mga katawagang ito ang mga teologo ng nakaraang Dispensasyon, na nabubuhay sa mga araw ng kasunod na mga Rebelasyon, at sila na hawak sa kanilang mga kamay ang mga ugit ng relihiyon. Kung ang mga teologong ito ay naliwanagan ng liwanag ng kasunod na Rebelasyon, sila ay magiging katanggap-tanggap sa Diyos, at magniningning sa liwanag ng walang hanggan. Kung hindi, sila ay ipapahayag na nasa dilim, kahiman sa panlabas na pakiwari sila ay ang mga pinuno ng mga tao, yayamang ang paniniwala at hindi paniniwala, patnubay at pagkakamali, kasiyahan at kasiphayuan, liwanag at dilim, lahat ay nakasalalay sa kapahintulutan Niya na Bituing-araw ng Katotohanan. Sinumang mga teologo ng bawat panahon na tumanggap, sa Araw ng Pagtutuos, ng katibayan ng pananampalataya mula sa

²⁴ “Panaghoy” na ipinalagay na isinulat ng ikalabindalawang Imám

becometh the recipient of learning, of divine favor, and of the light of true understanding. Otherwise, he is branded as guilty of folly, denial, blasphemy, and oppression.	Pinagmulan ng tunay na kaalaman, siya sa katunayan ay naging tagatanggap ng karunungan, ng banal na kagandahang-loob, at ng liwanag ng tunay na pagkaunawa. Kung hindi, siya ay papangalanan bilang nagkasala dahilan sa kahangalan, pagtanggi, paglapastangan sa Diyos, at paniniil.
It is evident and manifest unto every discerning observer that even as the light of the star fadeth before the effulgent splendor of the sun, so doth the luminary of earthly knowledge, of wisdom, and understanding vanish into nothingness when brought face to face with the resplendent glories of the Sun of Truth, the Daystar of divine enlightenment.	35. Maliwanag at hayag sa bawat nakauunawang tagapagmasid na katulad ng liwanag ng bituin na napapawi sa harap ng maningning na karingalan ng araw, ganoon din na ang tagapagbigay ng liwanag ng makalupang kaalaman, ng karunungan, at pang-unawa ay maglalaho tungo sa kawalan kapag dinala nang harapan sa maringal na mga kaluwalhatian ng Araw ng Katotohanan, ang Bituing-araw ng banal na kaliwanagan.
That the term “sun” hath been applied to the leaders of religion is due to their lofty position, their fame, and renown. Such are the universally recognized divines of every age, who speak with authority, and whose fame is securely established. If they be in the likeness of the Sun of Truth, they will surely be accounted as the most exalted of all luminaries; otherwise, they are to be recognized as the focal centers of hellish fire. Even as He saith: “Verily, the sun and the moon are both condemned to the torment of infernal fire.” ²⁵ You are no doubt familiar with the interpretation of the term “sun” and “moon” mentioned in this verse; no need therefore to refer unto it. And whosoever is of the element of this “sun” and “moon,” that is, followeth the example of these leaders in setting his face towards falsehood and in turning away from the truth, he undoubtedly cometh out of infernal gloom and returneth thereunto.	36. Na ang katawagang “araw” ay ginamit para sa mga pinuno ng relihiyon ay dahilan sa kanilang mataas na katayuan, kanilang katanyagan, at kabunyian. Ganoon ang kinikilala ng lahat ng mga teologo ng bawat panahon, na nagsasalita nang may kapangyarihan, at ang katanyagan ay matibay na naitatag. Kung sila ay maging katulad ng Araw ng Katotohanan, sila ay tiyak na kikilalanin bilang ang pinakadakila sa lahat ng mga tagapagdala ng liwanag; kung hindi sila ay kikilalanin bilang ang mga pinakasentro ng mala-impiyernong apoy. Tulad ng sinabi Niya: “Sa katunayan, kapuwa ang araw at buwan ay hinatulan sa malupit na kaparusahan ng mala-impiyernong apoy.” ²⁵ Walang alinlangang iyong alam na alam ang paliwanag na iyon sa salitang “araw” at “buwan” na binanggit sa bersikulong ito; hindi na kailangan kung gayon na tukuyin pa ito. At sinupaman ang may salik ng “araw” at “buwan” na ito, iyon ay, ang sumusunod sa halimbawa ng mga pinunong ito sa pagbabaling ng kaniyang mukha sa kasinungalingan at sa pagbaling nang palayo sa katotohanan, siya ay walang alinlangang nagbuhat sa mala-impiyernong kalungkutan at bumabalik doon.
And now, O seeker, it behooveth us firmly to cling unto the ‘Urvatu’l-Vuthqá, that perchance we may leave behind the darksome night of error, and embrace the dawning light of divine	37. At ngayon, O naghahanap, nararapat sa atin mangapit nang matatag sa ‘Urvatu’l-Vuthqá, na baka sakaling iwanan natin nawa ang madilim na gabi ng kamalian, at salubungin ang namimitak na liwanag ng

²⁵ Qur’án 55:5

guidance. Shall we not flee from the face of denial, and seek the sheltering shadow of certitude? Shall we not free ourselves from the horror of satanic gloom, and hasten towards the rising light of the heavenly Beauty? In such wise, we bestow upon you the fruit of the Tree of divine knowledge, that ye may gladly and joyously abide in the Ridván of divine wisdom.	banal na patnubay. Hindi ba tayo tatakas mula sa mukha ng pagtatatwa, at hahanapin ang nanganganlong na lilim ng katiyakan? Hindi ba nararapat na palayain ang ating mga sarili mula sa nakasisindak na mala-satanas na kalungkutan, at magmadaling magtungo sa sumisikat na liwanag ng makalangit na Kagandahan? Sa gayon, iginagawad namin sa iyo ang bunga ng Puno ng banal na kaalaman upang ikaw ay matuwa at maligayang manahan sa Ridván ng banal na karunungan.
In another sense, by the terms “sun,” “moon,” and “stars” are meant such laws and teachings as have been established and proclaimed in every Dispensation, such as the laws of prayer and fasting. These have, according to the law of the Qur’án, been regarded, when the beauty of the Prophet Muḥammad had passed beyond the veil, as the most fundamental and binding laws of His dispensation. To this testify the texts of the traditions and chronicles, which, on account of their being widely known, need not be referred to here. Nay rather, in every Dispensation the law concerning prayer hath been emphasized and universally enforced. To this testify the recorded traditions ascribed to the lights that have emanated from the Daystar of Truth, the essence of the Prophet Muḥammad.	38. Sa isa pang kahulugan, ang mga katawagang “araw,” “buwan,” at mga “bituin” ay nangangahulugan ng gayong mga batas at mga turo na naitatag at naipahayag sa bawat Dispensasyon, tulad ng mga batas sa pagdarasal at pag-aayuno. Ang mga ito, sang-ayon sa batas ng Qur’án, ay itinuring, nang ang kagandahan ng Propetang Muḥammad ay dumaan sa ibayo ng lambong, bilang ang pinakamahalaga at umiiral na mga batas ng Kaniyang Dispensasyon. Dito ay nagpapatunay ang mga teksto ng mga tradisyon at mga salaysay, na dahil sa malawak na nalalamang ito, ay hindi na binabanggit dito. Hindi lamang iyon, kundi, sa bawat Dispensasyon ang batas na may kinalaman sa pagdarasal ay binigyang-diin at ipinatupad sa lahat ng dako. Dito ay nagpapatunay ang naitalang mga tradisyon na ipinalagay na nagmula sa Bituing-araw ng Katotohanan, ang diwa ng Propetang Muḥammad.
The traditions established the fact that in all Dispensations the law of prayer hath constituted a fundamental element of the Revelation of all the Prophets of God—a law the form and the manner of which hath been adapted to the varying requirements of every age. Inasmuch as every subsequent Revelation hath abolished the manners, habits, and teachings that have been clearly, specifically, and firmly established by the former Dispensation, these have accordingly been symbolically expressed in terms of “sun” and “moon.” “That He might prove you, which of you excel in deeds.”²⁶	39. Itinatag ng mga tradisyon ang katotohanan na sa lahat ng mga Dispensasyon ang batas ng pagdarasal ay bumubuo sa isang napakahalagang bahagi ng Rebelasyon ng lahat ng mga Propeta ng Diyos—isang batas na sa anyo at pamamaraan ay iniangkop sa iba’t ibang pangangailangan ng bawat panahon. Sa kadahilanang bawat sumusunod na Rebelasyon ay pinawalang-bisa ang mga pamamaraan, mga kinagawian, at mga turo na malinaw, tiyakan at matibay na itinatag ng naunang Dispensasyon, ang mga ito ay makahulugang ipinahayag sa mga katawagang “araw” at “buwan.” “Upang harinawang masubok Niya kayo, kung sino sa inyo ang nakahihigit ang mga gawa.”²⁶
Moreover, in the traditions the terms “sun” and “moon” have been applied to prayer and fasting,	40. Bukod dito, sa mga tradisyon ang mga katawagang “araw” at “buwan” ay ginamit sa pagdarasal

²⁶ Qur’án 67:2

even as it is said: “Fasting is illumination, prayer is light.” One day, a well-known divine came to visit Us. While We were conversing with him, he referred to the above-quoted tradition. He said: “Inasmuch as fasting causeth the heat of the body to increase, it hath therefore been likened unto the light of the sun; and as the prayer of the night-season refresheth man, it hath been compared unto the radiance of the moon.” Thereupon We realized that that poor man had not been favored with a single drop of the ocean of true understanding, and had strayed far from the Burning Bush of divine wisdom. We then politely observed to him saying: “The interpretation your honor hath given to this tradition is the one current amongst the people. Could it not be interpreted differently?” He asked Us: “What could it be?” We made reply: “Muḥammad, the Seal of the Prophets, and the most distinguished of God’s chosen Ones, hath likened the Dispensation of the Qur’án unto heaven, by reason of its loftiness, its paramount influence, its majesty, and the fact that it comprehendeth all religions. And as the sun and moon constitute the brightest and most prominent luminaries in the heavens, similarly in the heaven of the religion of God two shining orbs have been ordained—fasting and prayer. ‘Islám is heaven; fasting is its sun, prayer, its moon.’”	at pag-aayuno, tulad ng sinasabi: “Ang pag-aayuno ay kaliwanagan, ang pagdarasal ay liwanag.” Isang araw, isang teologo ang dumating upang dalawin Kami. Habang Kami ay nakikipag-usap sa Kaniya, tinukoy niya ang tradisyong sinipi sa itaas. Kaniyang sinabi: “Yayamang ang pag-aayuno ay ang sanhi upang tumindi ang init ng katawan, ito kung gayon ay inihahalintulad sa liwanag ng araw; at dahil sa ang pagdarasal sa panahon ng gabi ay pinananariwa ang tao, ito ay inihahambing sa ningning ng buwan.” Sa gayon natanto Namin na ang kaawa-awang tao na iyon ay hindi napagkalooban ng isang patak sa karagatan ng tunay na pagkaunawa, at naligaw nang malayo mula sa Nagliliyab na Palumpong ng banal na karunungan. Kami sa gayon ay magalang na nagbigay-pansin at sinabi sa Kaniya: “Ang paliwanag na ibinigay ng inyong kagalang-galang na sarili sa tradisyong ito ay yaong laganap ngayon sa mga tao. Hindi ba ito maaaring ipaliwanag nang naiiba?” Tinanong niya Kami: “Ano kaya iyon?” Kami ay tumugon: “Si Muḥammad, ang Selyo ng mga Propeta, at ang pinakadakila sa mga Pinili ng Diyos, ay inihalintulad ang Dispensasyon ng Qur’án sa kalangitan, dahil sa kataaasan nito, ang mahalaga sa lahat na impluwensiya nito, ang kamaharlikaan nito, at sa katotohanang nauunawaan nito ang lahat ng mga relihiyon. At dahil sa ang araw at buwan ang bumubuo sa pinakamaliwanag at pinakalitaw na mga tagapagdala ng liwanag sa mga kalangitan, gayundin sa langit ng relihiyon ng Diyos na dalawang maliwanag na globo ang itinadhana—pag-aayuno at pagdarasal. “Ang Islám ay langit; ang pag-aayuno ay ang araw nito, ang pagdarasal ang buwan nito.”
This is the purpose underlying the symbolic words of the Manifestations of God. Consequently, the application of the terms “sun” and “moon” to the things already mentioned hath been demonstrated and justified by the text of the sacred verses and the recorded traditions. Hence, it is clear and manifest that by the words “the sun shall be darkened, and the moon shall not give her light, and the stars shall fall from heaven” is intended the waywardness of the divines, and the annulment of laws firmly established by divine	41. Ang layuning ito ang pinagbabatayan ng makahulugang mga salita ng mga Kahayagan ng Diyos. Samakatwid, ang paggamit ng mga katawagang “araw” at “buwan” sa mga bagay na nabanggit na ay naipakita at nabigyan ng katwiran sa teksto ng mga banal na bersikulo at naitalang mga tradisyon. Kung gayon, ito ay malinaw at hayag na sa mga salitang “ang araw ay magdidilim, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at ang mga bituin ay babagsak mula sa langit” ay nangangahulugan ng kasuwailan ng mga teologo, at ang pagpapawalang-bisa ng mga batas na

Revelation, all of which, in symbolic language, have been foreshadowed by the Manifestation of God. None except the righteous shall partake of this cup, none but the godly can share therein. “The righteous shall drink of a cup tempered at the camphor fountain.”²⁷	matibay na naitatag sa banal na Rebelasyon, na ang lahat, sa makahulugang pananalita, ay isinaysay na ng Kahayagan ng Diyos. Wala liban sa makatarungan ang maaaring makibahagi sa kopang ito, wala liban sa makadiyos ang makababahagi rito. “Ang makatarungan ay iinom sa isang kopa na tinimpla sa bukal ng alkampor”²⁷
It is unquestionable that in every succeeding Revelation the “sun” and “moon” of the teachings, laws, commandments, and prohibitions which have been established in the preceding Dispensation, and which have overshadowed the people of that age, become darkened, that is, are exhausted, and cease to exert their influence. Consider now, had the people of the Gospel recognized the meaning of the symbolic terms “sun” and “moon,” had they sought, unlike the froward and perverse, enlightenment from Him Who is the Revealer of divine knowledge, they would have surely comprehended the purpose of these terms, and would not have become afflicted and oppressed by the darkness of their selfish desires. Yea, but since they have failed to acquire true knowledge from its very Source, they have perished in the perilous vale of waywardness and misbelief. They still have not awakened to perceive that all the signs foretold have been made manifest, that the promised Sun hath risen above the horizon of divine Revelation, and that the “sun” and “moon” of the teachings, the laws, and learning of a former Dispensation have darkened and set.	42. Hindi mapag-aalinlanganan na sa bawat sumusunod na Rebelasyon ang “araw” at “buwan” sa mga turo, mga batas, mga kautusan, at mga pagbabawal na naitatag sa naunang Dispensasyon, at yaong lumililim sa mga tao ng panahong iyon, ay nagiging madilim, alalaon бага, ay napapawi, at huminto nang mapairal ang kanilang impluwensiya. Limiin ngayon, kung nangyaring ang mga tao ng Ebanghelyo ay tinanggap ang kahulugan ng sumasagisag na mga katawagan ng “araw” at “buwan,” kung sinaliksik nila, hindi katulad ng mga suwail at tampalasan, ang kaliwanagan mula sa Kaniya na Tagapagpahayag ng banal na kaalaman, makatitiyak na naunawaan sana nila ang layunin ng ganitong mga katawagan, at hindi na naghirap at siniil ng kadiliman ng kanilang makasariling mga pagnanasa. Oo, ngunit dahil sa sila ay nabigong makamtan ang tunay na kaalaman mula sa pinaka-Pinagmumulan nito, sila ay napuksa sa mapanganib na lambak ng kasuwailan at kawalan ng pananalig. Sila ay hindi pa rin nagising upang mahulo na lahat ng mga palatandaang isinaysay ay naipahayag na, na ang ipinangakong Araw ay sumikat na sa ibabaw ng guhit-tagpuan ng banal na Rebelasyon, at na ang “araw” at “buwan” ng mga turo, mga batas, at karunungan ng isang naunang Dispensasyon ay nagdilim at lumubog na.
And now, with fixed gaze and steady wings enter thou the way of certitude and truth. “Say: It is God; then leave them to entertain themselves with their cavilings.”²⁸ Thus, wilt thou be accounted of those companions of whom He saith: “They that say ‘Our Lord is God,’ and continue steadfast in His way, upon them, verily,	43. At ngayon, nang nakatutuok ang paningin at nang may matatag na mga bagwis pumasok ka sa landas ng katiyakan at katotohanan. “Sabihin: Ito ang Diyos, pagkatapos ay hayaan silang libangin ang kanilang mga sarili sa kanilang mga pagtutol na walang batayan.”²⁸ Sa gayon, ikaw ay mabibilang doon sa mga kasamahan na Kaniyang sinabi: “Sila na nagsasabi ng ‘Ang aming Panginoon ay ang Diyos,’ at patuloy na matatag sa Kaniyang landas, sa kanila, sa katunayan, ay bababa ang

²⁷ Qur’án 76:5

²⁸ Qur’án 6:91

shall the angels descend.” ²⁹ Then shalt thou witness all these mysteries with thine own eyes.	mga anghel.” ²⁹ Sa gayon masasaksihan ng iyong sariling mga mata ang lahat ng mga kahiwagaang ito.
O my brother! Take thou the step of the spirit, so that, swift as the twinkling of an eye, thou mayest flash through the wilds of remoteness and bereavement, attain the Ridván of everlasting reunion, and in one breath commune with the heavenly Spirits. For with human feet thou canst never hope to traverse these immeasurable distances, nor attain thy goal. Peace be upon him whom the light of truth guideth unto all truth, and who, in the name of God, standeth in the path of His Cause, upon the shore of true understanding.	44. O aking kapatid! Iyong gawin ang hakbang ng espiritu upang sa ganoon, kasimbilis ng isang kisap ng mata, ikaw ay sumalimbay sa mga kagubatan ng pagkalayo at pangungulila, makarating sa Ridván ng walang-hanggang muling pagsasama, at sa isang hinga ay makipagniig sa makalangit na mga Espiritu. Sapagkat sa mga paa ng tao ikaw ay hindi kailanman maaaring makaasang bagtasin ang hindi masukat na mga layo nito, ni hindi mararating ang iyong hangarin. Mapasakaniya nawa ang kapayapaan na kung kanino ang liwanag ng katotohanan ay pumapatnubay patungo sa lahat ng katotohanan, at siya, sa ngalan ng Diyos, ay naninindigan sa landas ng Kaniyang Kapakanan, sa dalampasigan ng tunay pagkaunawa.
This is the meaning of the sacred verse: “But nay! I swear by the Lord of the Easts and the Wests,” ³⁰ inasmuch as the “Suns” referred to have each their own particular rising and setting place. And as the commentators of the Qur’án have failed to grasp the symbolic meaning of these “Suns,” they therefore were at pains to interpret the above-quoted verse. Some of them maintained that owing to the fact that the sun each day rises from a different point, the terms “easts” and “wests” have been mentioned in the plural. Others have written that by this verse the four seasons of the year are intended, inasmuch as the dawning and setting points of the sun vary with the change of the seasons. Such is the depth of their understanding! Nonetheless, they persist in imputing error and folly to those Gems of knowledge, those irreproachable and purest Symbols of wisdom.	45. Ito ang kahulugan ng banal na bersikulo: “Ngunit hindi lamang iyon! Sumusumpa Ako sa Panginoon ng mga Silangan at ng mga Kanluran,” ³⁰ sa kadahilanang ang mga “araw” na binabanggit ay may sariling natatanging pook ng pagsikat at paglubog ang bawat isa. At dahil sa ang mga manunuri ng Qur’án ay nabigong maunawaan ang kahulugan ng sinasagisag ng “Mga Araw” na ito, sila samakatwid ay lubhang nag-iingat upang ipaliwanag ang bersikulo na sinipi sa itaas. Ilan sa kanila ay pinanindigan na dahil sa katotohanan na ang araw ay sumisikat araw-araw mula sa ibang dako, ang mga katawagang “mga silangan” at “mga kanluran” ay nangyaring binanggit sa pangmarami. Ang iba ay isinulat na sa bersikulong ito ang apat na mga panahon ng taon ang nilayon, yamang ang mga dako ng pagsikat at paglubog ng araw ay nag-iiba sa pagbabago ng mga panahon. Gayon ang lalim ng kanilang pagkaunawa! Gayumpaman, iginigiit nila ang pagpapatang ng kamalian at kahangalan sa mga Hiyas ng kaalamang iyon, ang mga walang maipipintas at pinakadalisa na mga Sagisag ng karunungan.
In like manner, strive thou to comprehend from these lucid, these powerful, conclusive, and	46. Sa gayunding gawi, ikaw ay magpunyaging maunawaan mula rito sa mga malinaw,

²⁹ Qur’án 41:30

³⁰ Qur’án 70:40

unequivocal statements the meaning of the “cleaving of the heaven”—one of the signs that must needs herald the coming of the last Hour, the Day of Resurrection. As He hath said: “When the heaven shall be cloven asunder.”³¹ By “heaven” is meant the heaven of divine Revelation, which is elevated with every Manifestation, and rent asunder with every subsequent one. By “cloven asunder” is meant that the former Dispensation is superseded and annulled. I swear by God! That this heaven being cloven asunder is, to the discerning, an act mightier than the cleaving of the skies! Ponder a while. That a divine Revelation which for years hath been securely established; beneath whose shadow all who have embraced it have been reared and nurtured; by the light of whose law generations of men have been disciplined; the excellency of whose word men have heard recounted by their fathers; in such wise that human eye hath beheld naught but the pervading influence of its grace, and mortal ear hath heard naught but the resounding majesty of its command—what act is mightier than that such a Revelation should, by the power of God, be “cloven asunder” and be abolished at the appearance of one soul? Reflect, is this a mightier act than that which these abject and foolish men have imagined the “cleaving of the heaven” to mean?	makapangyarihan, kapanipaniwala, at maliwanag na mga pangungusap, ang kahulugan ng “pagbibiyak ng langit”—isa sa mga palatandaang dapat magbalita sa pagsapit ng huling Oras, ang Araw ng Muling Pagkabuhay. Tulad ng sinabi Niya: “Kapag ang langit ay magbibiyak.”³¹ Ang “langit” ay nangangahulugan ng langit ng banal na Rebelasyon, na dinadakila kasama ng bawat Kahayagan, at binibiyak ng bawat sumusunod. Ang “pagbibiyak” ay nangangahulugan na ang naunang Dispensasyon ay pinapalitan at pinawawalang-bisa. Sumusumpa Ako sa Diyos! Na ang langit na ito na binibiyak, sa isang nakauunawa, ay isang kilos na higit na makapangyarihan kaysa sa pagbibiyak ng mga kalangitan! Sandaling magnilay-nilay. Na ang isang banal na Rebelasyon na sa maraming taon ay matibay na naitatag; na sa ilalim ng lilim ang lahat ng tumanggap dito ay inaruga at inalagaan; na sa pamamagitan ng liwanag noong ang mga batas ay sumupil sa mga salinlahi ng mga tao; ang kataasan ng uri ng salita na narinig ng mga tao na isinalaysay ng kanilang mga ama; sa ganoong gawi na ang mata ng tao ay walang namasdan kundi ang lumalaganap na bisa ng pagpapala nito, at walang narinig ang mortal na mga tainga kundi ang umaalingawngaw na kamaharlikaan ng kautusan nito—anong gawa ang higit na makapangyarihan kaysa sa roon sa gayong Rebelasyon ang nararapat, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, na “mabibiyak” at mabubuwag sa pagsapit ng isang kaluluwa? Nilay-nilayin, ito ba ay isang higit na makapangyarihang gawa kaysa sa roon sa isinaisip na kahulugan ng “pagbibiyak ng langit” nitong mga kahabag-habag at hangal na mga tao?
Moreover, consider the hardships and the bitterness of the lives of those Revealers of the divine Beauty. Reflect, how single-handed and alone they faced the world and all its peoples, and promulgated the Law of God! No matter how severe the persecutions inflicted upon those holy, those precious, and tender Souls, they still remained, in the plenitude of their power, patient, and, despite their ascendancy, they suffered and endured.	47. Bukod rito, nilay-nilayin ang mga paghihirap at kapaitan ng mga buhay noong mga Tagapagpahayag ng banal na Kagandahan. Nilay-nilayin, kung paano nang walang katulong at nag-iisa ay hinarap nila ang daigdig at lahat ng mga tao nito, at pinalaganap ang Batas ng Diyos! Gaanuman ang tindi ng mga kalupitang ipinalasap sa gayong mga banal, gayong pinakamamahal at magiliw na mga Kaluluwa, sila ay nananatili pa rin, sa kaganapan ng kanilang lakas, na mapagtiyaga, at, sa

³¹ Qur’án 82:1

	kabila ng kanilang pangingibabaw, sila ay nagdusa at nagtiis.
In like manner, endeavor to comprehend the meaning of the “changing of the earth.” Know thou, that upon whatever hearts the bountiful showers of mercy, raining from the “heaven” of divine Revelation, have fallen, the earth of those hearts hath verily been changed into the earth of divine knowledge and wisdom. What myrtles of unity hath the soil of their hearts produced! What blossoms of true knowledge and wisdom hath their illumined bosoms yielded! Were the earth of their hearts to remain unchanged, how could such souls who have not been taught one letter, have seen no teacher, and entered no school, utter such words and display such knowledge as none can apprehend? Methinks they have been molded from the clay of infinite knowledge, and kneaded with the water of divine wisdom. Therefore, hath it been said: “Knowledge is a light which God casteth into the heart of whomsoever He willeth.” It is this kind of knowledge which is and hath ever been praiseworthy, and not the limited knowledge that hath sprung forth from veiled and obscured minds. This limited knowledge they even stealthily borrow one from the other, and vainly pride themselves therein!	48. Sa katulad na gawi, sikaping maunawaan ang kahulugan ng “pagbabago ng kalupaan.” Iyong alamin, na sa alinmang mga puso pumatak ang masaganang mga pagbuhos ng habag, na umuulan mula sa “langit” ng banal na Rebelasyon, ang kalupaan ng mga pusong iyon ay tunay na pinagbago na maging lupa ng banal na kaalaman at karunungan. Anong mga mirto ng pagkakaisa ang sumibol sa lupa ng kanilang mga puso! Anong mga bulaklak ng tunay na kaalaman at karunungan ang ibinunga ng kanilang naliwanagang mga dibdib! Kung ang kalupaan ng kanilang mga puso ay mananatiling walang-pagbabago, paanong ang gayong mga kaluluwa na hindi naturuan ng isang titik, hindi nakakita ng guro, at hindi pumasok sa paaralan, ay nakabigkas ng ganoong mga pananalita at nagpakita ng gayong kaalaman na walang sinuman ang makauunawa? Sa pakiwari ko sila ay hinubog mula sa luwad ng walang-hanggang kaalaman, at minasa sa pamamagitan ng tubig ng banal na karunungan. Samakatwid, ito ay sinabi: “Ang kaalaman ay isang liwanag na ipinasinag ng Diyos sa puso ng sinumang Kaniyang niloloob.” Ito ang uri ng kaalaman na ngayon at palaging naging kapuri-puri, at hindi sa may hangganang kaalaman na lumitaw mula sa nalalambungan at nalalabuang mga isipan. Ang ganitong uri ng kaalaman ay palihim pa silang naghihiraman sa isa’t isa, at may kapalaluang ipinagmamalaki ang kanilang mga sarili roon!
Would that the hearts of men could be cleansed from these manmade limitations and obscure thoughts imposed upon them! haply they may be illumined by the light of the Sun of true knowledge, and comprehend the mysteries of divine wisdom. Consider now, were the parched and barren soil of these hearts to remain unchanged, how could they ever become the recipients of the revelation of the mysteries of God, and the revealers of the divine Essence? Thus hath He said: “On the day when the earth shall be changed into another earth.” ³²	49. Sana ang mga puso ng mga tao ay malilinis mula sa mga hangganang likha ng tao at malalabong kaisipan na ipinilit sa kanila! baka sakaling sila ay maliwanagan ng liwanag ng Araw ng tunay na kaalaman, at maunawaan ang mga hiwaga ng banal na karunungan. Isaalang-alang ngayon ang tuyot at tigang na lupa ng mga pusong ito na nanatiling walang-pagbabago, paano sila kailanman maaaring maging mga tagatanggap ng rebelasyon ng mga hiwaga ng Diyos, at mga tagapagpahayag ng banal na Diwa? Sa gayon sinabi Niya: “Sa araw na kapag ang kalupaan ay mababago na maging ibang kalupaan.” ³²

³² Qur’án 14:48

The breeze of the bounty of the King of creation hath caused even the physical earth to be changed, were ye to ponder in your hearts the mysteries of divine Revelation.	50. Ang simoy ng pagpapala ng Hari ng sangnilikha ay naging sanhi ng pagbabago kahit ng pisikal na kalupaan kung inyong lilimiin sa inyong mga puso ang mga hiwaga ng banal na Rebelasyon.
And now, comprehend the meaning of this verse: “The whole earth shall on the Resurrection Day be but His handful, and in His right hand shall the heavens be folded together. Praise be to Him! and high be He uplifted above the partners they join with him!”³³ And now, be fair in thy judgment. Were this verse to have the meaning which men suppose it to have, of what profit, one may ask, could it be to man? Moreover, it is evident and manifest that no such hand as could be seen by human eye could accomplish such deeds, or could possibly be ascribed to the exalted Essence of the one true God. Nay, to acknowledge such a thing is naught but sheer blasphemy, an utter perversion of the truth. And should it be supposed that by this verse are meant the Manifestations of God, Who will be called upon, on the Day of Judgment, to perform such deeds, this too seemeth far from the truth, and is surely of no profit. On the contrary, by the term “earth” is meant the earth of understanding and knowledge, and by “heavens” the heavens of divine Revelation. Reflect thou, how, in one hand, He hath, by His mighty grasp, turned the earth of knowledge and understanding, previously unfolded, into a mere handful, and, on the other, spread out a new and highly exalted earth in the hearts of men, thus causing the freshest and loveliest blossoms, and the mightiest and loftiest trees to spring forth from the illumined bosom of man.	51. At ngayon, unawain ang kahulugan ng bersikulong ito: “Ang buong kalupaan sa Araw ng Muling-Pagkabuhay ay isang dakot lamang Niya, at sa kanang kamay Niya ay titiklupin nang sama-sama ang mga kalangitan. Ang papuri ay mapasa-Kaniya! at Siya ay maitaas nawa sa ibabaw ng mga kasamahang nakikisama sa Kaniya!”³³ At ngayon, maging makatarungan sa iyong paghatol. Kung ang bersikulo ay magtataglay ng kahulugang ipinapalagay na nararapat na nasa tao, ano ang kapakinabangan nito sa tao, maaaring itanong ng kahit sino? Bukod rito, maliwanag at hayag na walang gayong kamay na maaaring makita ng mata ng tao ang makatutupad ng gayong mga gawa o maaaring idahilan sa dakilang Diwa ng isang tunay na Diyos. Hindi lamang iyon, kundi, ang tanggapin ang gayong bagay ay walang iba kundi isang lubos na kalapastanganan, isang ganap na katampalasan sa katotohanan. At kung mag-aakalang sa bersikulong ito ay nangangahulugan na ang mga Kahayagan ng Diyos, na tatawagin sa Araw ng Paghuhukom, upang isagawa ang gayong mga gawa, ito rin ay waring napakalayo sa katotohanan, at tiyak na walang kapakinabangan. Sa kabaligtaran, ang katawagang “kalupaan” ay nangangahulugan ng kalupaan ng pang-unawa at kaalaman, at ang mga “kalangitan” ay ang mga langit ng banal na Rebelasyon. Iyong nilay-nilayin, kung paano, na sa isang kamay, ay nagawa Niya, sa pamamagitan ng Kaniyang makapangyarihang paghawak, na baguhin ang kalupaan ng kaalaman at pang-unawa, na noon ay hindi nakatiklop, na maging isang sandakot lamang, at sa kabila ay maglatag ng isang bago at lubhang dinadakilang kalupaan sa mga puso ng mga tao, nang sa gayon, ay nagiging sanhi ng pinakamagandang mga bulaklak, at ang pinakamalaki at pinakamatayog na mga puno ay sumibol mula sa naliwanagang dibdib ng tao.
In like manner, reflect how the elevated heavens of the Dispensations of the past have, in the right	52. Sa gayunding gawi, nilay-nilayin kung paanong ang mataas na mga kalangitan ng mga Dispensasyon ng

³³ Qur’án 39:67

hand of power, been folded together, how the heavens of divine Revelation have been raised by the command of God, and been adorned by the sun, the moon, and stars of His wondrous commandments. Such are the mysteries of the Word of God, which have been unveiled and made manifest, that haply thou mayest apprehend the morning light of divine guidance, mayest quench, by the power of reliance and renunciation, the lamp of idle fancy, of vain imaginings, of hesitation, and doubt, and mayest kindle, in the inmost chamber of thine heart, the newborn light of divine knowledge and certitude.	nakaraan ay tiniklop, sa kanang kamay ng kapangyarihan, nang sama-sama, kung paano ang mga kalangitan ng banal na Rebelasyon ay naitaas sa pamamagitan ng utos ng Diyos, at pinalamutihan ng araw, ng buwan, at mga bituin ang Kaniyang kamangha-manghang mga kautusan. Gayon ang mga hiwaga ng Salita ng Diyos, na inalisan ng lambong at ginawang hayag, upang nawa’y iyong maunawaan ang liwanag sa umaga ng banal na patnubay, nawa’y mapatay, sa pamamagitan ng lakas ng pagtitiwala at pagtiwalag, ang lampara ng walang-saysay na guniguni, ng walang-kabuluhang mga hinagap, ng pag-aatubili at pag-aalinlangan, at magawang pagningasin, sa kaloob-loobang silid ng iyong puso, ang bagong-silang na liwanag ng banal na kaalaman at katiyakan.
Know verily that the purpose underlying all these symbolic terms and abstruse allusions, which emanate from the Revealers of God’s holy Cause, hath been to test and prove the peoples of the world; that thereby the earth of the pure and illuminated hearts may be known from the perishable and barren soil. From time immemorial such hath been the way of God amidst His creatures, and to this testify the records of the sacred books.	53. Alamin nang nakatitiyak na ang layunin na pinagbabatayan ng lahat ng mga sumasagisag na mga katawagang ito at mahirap unawaing mga pahiwatig na nagmumula sa mga Tagapagpahayag ng banal na Kapakanan ng Diyos, ay upang subukin at patunayan ang mga sambayanan ng daigdig; upang sa ganoon ang kalupaan ng dalisay at may-liwanag na mga puso ay magawang makilala mula sa nasisira at tigang na lupa. Mula sa panahong hindi na magunita ay ganoon ang paraan ng Diyos sa gitna ng mga nilikha Niya, at dito ay sumasaksi ang mga nakatala sa banal na mga aklat.
And likewise, reflect upon the revealed verse concerning the “Qiblih.”³⁴ When Muḥammad, the Sun of Prophethood, had fled from the dayspring of Baṭḥá³⁵ unto Yathrib,³⁶ He continued to turn His face, while praying, unto Jerusalem, the holy city, until the time when the Jews began to utter unseemly words against Him—words which if mentioned would ill befit these pages and would weary the reader. Muḥammad strongly resented these words. Whilst, wrapt in meditation and wonder, He was gazing toward heaven, He heard the kindly Voice of Gabriel, saying: “We behold Thee from above, turning Thy face to heaven; but We will have	54. At gayundin, nilay-nilayin ang ipinahayag na bersikulo tungkol sa “Qiblih.”³⁴ Nang si Muḥammad, ang Araw ng Pagkapropeta, ay lumayo mula sa pamimitak ng Baṭḥá³⁵ patungo sa Yathrib,³⁶ patuloy na ibinaling Niya ang Kaniyang mukha, habang nagdarasal, sa dako ng Jerusalem, ang banal na lungsod, hanggang sa panahon nang ang mga Hudyo ay nagsimulang bumigkas ng hindi nararapat na mga salita laban sa Kaniya—mga salita na kung babanggitin ay hindi nararapat sa mga pahinang ito at makababagot sa mambabasa. Matinding dinamdam ni Muḥammad ang ganitong mga salita. Samantalang buhos na buhos ang loob sa pagmumuni-muni at pagkamangha, Siya ay nakatingin sa langit, nang marinig Niya ang magiliw na

³⁴ Ang dako na kung saan ibabaling ang mukha kapag nagdarasal.

³⁵ Mecca

³⁶ Medina

Thee turn to a Qiblih which shall please Thee.”³⁷ On a subsequent day, when the Prophet, together with His companions, was offering the noontide prayer, and had already performed two of the prescribed Rak‘ats,³⁸ the Voice of Gabriel was heard again: “Turn Thou Thy face towards the sacred Mosque.”³⁹ In the midst of that same prayer, Muḥammad suddenly turned His face away from Jerusalem and faced the Ka‘bih. Whereupon, a profound dismay seized suddenly the companions of the Prophet. Their faith was shaken severely. So great was their alarm, that many of them, discontinuing their prayer, apostatized their faith. Verily, God caused not this turmoil but to test and prove His servants. Otherwise, He, the ideal King, could easily have left the Qiblih unchanged, and could have caused Jerusalem to remain the Point of Adoration unto His Dispensation, thereby withholding not from that holy city the distinction of acceptance which had been conferred upon it.	Tinig ni Gabriel, na nagsasabi: “Ikaw ay Aming namasdan mula sa itaas, ibinabaling ang Iyong mukha sa langit; ngunit Ikaw ay Aming pababalingin sa Qiblih na makakasiya sa Iyo.”³⁷ Sa sumunod na araw, nang ang Propeta, kasama ang mga kasamahan Niya, ay nag-alay ng dalangin para sa tanghali, at naisagawa na ang dalawa sa mga ipinag-uutos na Rak‘ats³⁸, ang Tinig ni Gabriel ay muling narinig: “Ibaling Mo ang Iyong mukha tungo sa banal na Moske.”³⁹ Sa kalagitnaan ng dasal ding iyon, biglang ibinaling ni Muḥammad ang Kaniyang mukha palayo sa Jerusalem at humarap sa Ka‘bih. Sa gayon, isang matinding pangamba ang biglang sumaklot sa mga kasamahan ng Propeta. Ang kanilang pananalig ay matinding nayanig. Labis-labis ang kanilang pangamba, nang karamihan sa kanila ay hindi ipinagpatuloy ang kanilang pagdarasal, ay itinakwil ang kanilang pananampalataya. Sa katunayan, ang Diyos ay hindi ang sanhi ang ganitong kaguluhan, kundi upang subukin at patunayan ang Kaniyang mga tagapaglingkod. Kung hindi, Siya, ang minimithing Hari, ay madaling pananatilihin ang Qiblih nang hindi binabago, at maaaring gawin ang Jerusalem na manatiling ang Pook ng Pagsamba ng Dispensasyon Niya, sa gayong paraan ay hindi ipinagkakait sa banal na lungsod na iyon ang karangalan ng pagtanggap na ipinagkaloob dito.
None of the many Prophets sent down, since Moses was made manifest, as Messengers of the Word of God, such as David, Jesus, and others among the more exalted Manifestations who have appeared during the intervening period between the Revelations of Moses and Muḥammad, ever altered the law of the Qiblih. These Messengers of the Lord of creation have, one and all, directed their peoples to turn unto the same direction. In the eyes of God, the ideal King, all the places of the earth are one and the same, excepting that place which, in the days of His Manifestations, He doth appoint for a particular purpose. Even as He hath revealed:	55. Wala sa sinumang maraming mga Propeta na isinugo, mula nang si Moises ay ipinahayag, bilang mga Sugo ng Salita ng Diyos, tulad nina David, Jesus, at mga ibang kabilang sa higit na dakilang mga Kahayagan na dumating sa loob ng panahon sa pagitan ng mga Rebelasyon ni Moises at ni Muḥammad, ang kailanman ay pinalitan ang batas ng Qiblih. Ang mga Sugo na ito ng Panginoon ng sangnilikha, isa-isa at lahat, ay ipinag-utos sa kanilang mga tao na bumaling sa dako ring iyon. Sa mata ng Diyos, ang minimithing Hari, ang lahat ng mga pook sa kalupaan ay iisa at pareho, liban sa pook na sa mga araw ng Kaniyang mga Kahayagan ay Kaniyang pinili para sa tanging layunin: Tulad ng ipinahayag Niya: “Ang Silangan at ang Kanluran ay sa

³⁷ Qur’án 2:144

³⁸ Mga pagpapatirapa

³⁹ Sa Mecca Qur’án 2:149

“The East and West are God’s: therefore whichever way ye turn, there is the face of God.”⁴⁰ Notwithstanding the truth of these facts, why should the Qiblih have been changed, thus casting such dismay amongst the people, causing the companions of the Prophet to waver, and throwing so great a confusion into their midst? Yea, such things as throw consternation into the hearts of all men come to pass only that each soul may be tested by the touchstone of God, that the true may be known and distinguished from the false. Thus hath He revealed after the breach amongst the people: “We did not appoint that which Thou wouldst have to be the Qiblih, but that We might know him who followeth the Apostle from him who turneth on his heels.”⁴¹ “Affrighted asses fleeing from a lion.”⁴²	Diyos: samakatwid saanmang dako kayo bumaling, naroroon ang mukha ng Diyos.”⁴⁰ Sa kabila ng katotohanang ito, bakit kailangang baguhin ang Qiblih, na nagdudulot ng gayong sindak sa mga tao, nagiging sanhi ng pag-aalinlangan sa mga kasamahan ng Propeta, at nagsasabog ng gayong malaking kalituhan sa kanilang kalagitnaan? Oo, ang ganoong mga bagay na nagsasabog ng panghihilakbot sa mga puso ng lahat ng mga tao ay nagaganap lamang upang ang bawat kaluluwa ay masubukan sa pamamagitan ng uriang-bato ng Diyos, upang malaman ang tunay at makilala mula sa huwad. Sa gayon, matapos ang paghihiwalay ng mga tao ipinahayag Niya “Hindi Namin hinirang yaong Iyong tatanggapin na maging Qiblih, kundi upang Aming makilala siya na sumusunod sa Apostol nang bukod sa kaniya na tumatalikod.”⁴¹ “Nangasindak na mga burikong tumatakas mula sa isang leon.”⁴²
Were you to ponder, but for a while, these utterances in your heart, you would surely find the portals of understanding unlocked before your face, and would behold all knowledge and the mysteries thereof unveiled before your eyes. Such things take place only that the souls of men may develop and be delivered from the prison-cage of self and desire. Otherwise, that ideal King hath, throughout eternity, been in His Essence independent of the comprehension of all beings, and will continue, forever, in His own Being to be exalted above the adoration of every soul. A single breeze of His affluence doth suffice to adorn all mankind with the robe of wealth; and one drop out of the ocean of His bountiful grace is enough to confer upon all beings the glory of everlasting life. But inasmuch as the divine Purpose hath decreed that the true should be known from the false, and the sun from the shadow, He hath, therefore, in every season sent down upon mankind the showers of tests from His realm of glory.	56. Kung iyong lilimiin, kahit isang sandali, ang ganitong mga pangungusap, makatitiyak na iyong matatagpuan ang mga pinto ng pagkaunawa na nabuksan sa harap ng iyong mukha, at mamamasdan ang lahat ng kaalaman at mga kahiwagaan nito na inalisan ng lambong sa harap ng iyong mga mata. Ang gayong mga bagay ay nagaganap lamang upang ang mga kaluluwa ng mga tao ay umunlad at mailigtas mula sa hawlang bilangguan ng pagkamakasariili at paghahangad. Sa ibang paraan, ang ganoong ulirang Hari, sa buong kawalang-hanggan, sa Kaniyang Diwa ay malaya sa pang-unawa ng lahat ng mga tao, at magpapatuloy, magpakailanman, sa Kaniyang sariling Katauhan na magiging higit na dakila sa pagsamba ng bawat kaluluwa. Ang isang simoy ng Kaniyang kasaganaan ay sapat upang palamutihan ang buong sangkatauhan ng kapa ng kayamanan; at ang isang patak mula sa karagatan ng Kaniyang masaganang pagpapala ay makasasapat upang ipagkaloob sa lahat ng tao ang kaluwalhatian ng walang-hanggang buhay. Subalit sa kadahilanang ang banal na Layunin ay itinatadhanang ang tunay ay dapat na makilala mula sa huwad, at ang araw mula sa lilim, samakatwid, Kaniyang ipinadala sa

⁴⁰ Qur’án 2:115

⁴¹ Qur’án 2:143

⁴² Qur’án 74:50

	sangkatauhan sa bawat panahon ang mga ambon ng mga pagsubok mula sa Kaniyang kaharian ng kaluwalhatian.
Were men to meditate upon the lives of the Prophets of old, so easily would they come to know and understand the ways of these Prophets that they would cease to be veiled by such deeds and words as are contrary to their own worldly desires, and thus consume every intervening veil with the fire burning in the Bush of divine knowledge, and abide secure upon the throne of peace and certitude. For instance, consider Moses, son of ‘Imrán, one of the exalted Prophets and Author of a divinely revealed Book. Whilst passing, one day, through the market, in His early days, ere His ministry was proclaimed, He saw two men engaged in fighting. One of them asked the help of Moses against his opponent. Whereupon, Moses intervened and slew him. To this testifieth the record of the sacred Book. Should the details be cited, they will lengthen and interrupt the course of the argument. The report of this incident spread throughout the city, and Moses was full of fear, as is witnessed by the text of the Book. And when the warning: “O Moses! of a truth, the chiefs take counsel to slay Thee”⁴³ reached His ears, He went forth from the city, and sojourned in Midian in the service of Shoeb. While returning, Moses entered the holy vale, situate in the wilderness of Sinai, and there beheld the vision of the King of glory from the “Tree that belongeth neither to the East nor to the West.”⁴⁴ There He heard the soul-stirring Voice of the Spirit speaking from out of the kindled Fire, bidding Him to shed upon Pharaonic souls the light of divine guidance; so that, liberating them from the shadows of the valley of self and desire, He might enable them to attain the meads of heavenly delight, and delivering them, through the Salsabil of renunciation, from the bewilderment of remoteness, cause them to enter	57. Kung ninilay-nilayin ng mga tao ang mga buhay ng mga Propeta ng nakaraan, napakadali nilang malalaman at mauunawaan ang mga gawi ng mga Propetang ito na sila ay hihintong malambungan ng gayong mga gawa at mga salita na salungat sa kanilang sariling makalupang mga hangarin, at sa gayon ay tutupukin ang bawat namamagitang lambong ng apoy na nagliliyab sa Palumpong ng banal na kaalaman, at mananatiling ligtas sa trono ng kapayapaan at katiyakan. Halimbawa, isaalang-alang si Moises, anak ni ‘Imrán, isa sa dakilang mga Propeta at May-akda ng isang banal na ipinahayag na Aklat. Isang araw, samantalang nagdaraan sa pamilihan, sa mga unang araw Niya, bago ipinahayag ang Kaniyang panunungkulan, nakakita Siya ng dalawang tao na abala sa pag-aaway. Ang isa sa kanila ay hiningi ang tulong ni Moises laban sa kaniyang kaaway. Sa gayon, si Moises ay namagitan at pinatay siya. Dito ay sumasaksi ang nakatala sa banal na Aklat. Kung isalaysay nang isa-isa, pahahabain nila at gagambalain ang pagdaloy ng pagtatalo. Ang ulat ng pangyayaring ito ay lumaganap sa buong lungsod, at si Moises ay napuspos ng takot, tulad ng pagpapatunay sa teksto ng Aklat. At nang ang babala: “O Moises! sa katotohanan ang mga pinuno ay nagpulong upang Ikaw ay patayin”⁴³ ay nakarating sa Kaniyang mga pandinig, Siya ay umalis kapagdaka sa lungsod at nanirahan pansamantala sa Midian sa paglilingkod kay Shoeb. Habang bumabalik, si Moises ay pumasok sa banal na lambak, na nasa kasukalan ng Sinai, at doon ay namasdan ang pangitain ng Hari ng Kaluwalhatian mula sa “Puno na hindi pag-aari ng alinman sa Silangan ni ng Kanluran.”⁴⁴ Doon ay narinig Niya ang nakapupukaw sa kaluluwa na Tinig ng Espiritu na nagsasalita mula sa nagliliyab na Apoy, inuutusan Siya na isabog sa maka-Paraon na mga kaluluwa ang liwanag ng banal na patnubay; upang sa ganoon, sa pagpapalaya sa kanila mula sa mga lilim ng kalambakan ng pagkamakasariili at hangarin, ay magawa Niya na mabigyan sila ng kakayahang makarating sa mga kaparangan ng

⁴³ Qur’án 28:20

⁴⁴ Qur’án 24:35

the peaceful city of the divine presence. When Moses came unto Pharaoh and delivered unto him, as bidden by God, the divine Message, Pharaoh spoke insultingly saying: “Art thou not he that committed murder, and became an infidel?” Thus recounted the Lord of majesty as having been said by Pharaoh unto Moses: “What a deed is that which Thou hast done! Thou art one of the ungrateful. He said: ‘I did it indeed, and I was one of those who erred. And I fled from you when I feared you, but My Lord hath given Me wisdom, and hath made Me one of His Apostles.’”⁴⁵	makalangit na galak, at sa pagliligtas sa kanila, sa pamamagitan ng pagtalikod sa Salsabil, mula sa katarantahan ng pagkalayo, ay magiging sanhi na makapasok sila sa mapayapang lungsod ng banal na kinaroroonan. Nang si Moises ay makarating sa Paraon at ibinigay sa Kaniya, tulad ng ipinag-utos ng Diyos, ang banal na Mensahe, ang Paraon ay mapanghamak na nagsalita na nagsasabi: “Hindi ba ikaw yaong nagsagawa ng sadyang pagpatay at naging isang taksil?” Sa gayon ay isinalaysay ng Panginoon ng kamaharlikaan na tulad ng sinabi ng Paraon kay Moises: “Ano ang kilos na Iyong ginawa! Ikaw ay isa roon sa walang utang na loob. Kaniyang sinabi: ‘Tunay na ginawa ko ito, at Ako ay isa roon sa mga nagkamali. At Ako ay tumakas mula sa iyo nang Ako ay natakot sa iyo, ngunit ang Aking Panginoon ay nagbigay sa Akin ng karunungan, at ginawa Ako na isa sa Kaniyang mga Apostol.’”⁴⁵
And now ponder in thy heart the commotion which God stirreth up. Reflect upon the strange and manifold trials with which He doth test His servants. Consider how He hath suddenly chosen from among His servants, and entrusted with the exalted mission of divine guidance Him Who was known as guilty of homicide, Who, Himself, had acknowledged His cruelty, and Who for well-nigh thirty years had, in the eyes of the world, been reared in the home of Pharaoh and been nourished at his table. Was not God, the omnipotent King, able to withhold the hand of Moses from murder, so that manslaughter should not be attributed unto Him, causing bewilderment and aversion among the people?	58. At ngayon ay limiin sa iyong puso ang kaguluhan na pinukaw ng Diyos. Nilay-nilayin ang di-pangkaraniwan at napakaraming pagdurusa sa pagsubok Niya sa Kaniyang mga tagapaglingkod. Isaalang-alang kung paano Niya biglang pinili mula sa Kaniyang mga tagapaglingkod, at pinagkatiwalaan ng dakilang misyon ng banal na patnubay Siya na kilalang nagkasala sa pagpatay ng kapwa-tao, na, Siya Mismo, ay inamin ang Kaniyang kalupitan, at Siya na halos tatlumpong taon na ang gulang, sa mga mata ng daigdig, ay pinalaki sa tahanan ng Paraon at pinakain sa Kaniyang hapag. Hindi ba nagawa ng Diyos, ang makapangyarihang Hari, na pigilan ang kamay ni Moises mula sa sadyang-pagpatay, upang ang pagpatay ng tao ay hindi nararapat na iugnay sa Kaniya, na lumilikha ng katarantahan at pagkapoot sa mga tao?
Likewise, reflect upon the state and condition of Mary. So deep was the perplexity of that most beauteous countenance, so grievous her case, that she bitterly regretted she had ever been born. To this beareth witness the text of the sacred verse wherein it is mentioned that after Mary had given birth to Jesus, she bemoaned her plight and cried out: “O would that I had died ere this, and been a	59. Gayundin, nilay-nilayin ang katayuan at kalagayan ni Maria. Lubhang malalim ang linggatong ng pinakamagandang mukha na iyon, lubhang napakasakit ang Kaniyang karanasan na buong pait niyang pinagsisihan na siya ay isinilang pa. Dito ay nagbibigay-saksi ang teksto ng banal na bersikulo kung saan ito ay binanggit matapos na isilang ni Maria si Jesus, ikinahapis niya ang kaniyang kalagayan at

⁴⁵ Qur’án 26:19

thing forgotten, forgotten quite!”⁴⁶ I swear by God! Such lamenting consumeth the heart and shaketh the being. Such consternation of soul, such despondency, could have been caused by no other than the censure of the enemy and the cavilings of the infidel and perverse. Reflect, what answer could Mary have given to the people around her? How could she claim that a Babe Whose father was unknown had been conceived of the Holy Ghost? Therefore did Mary, that veiled and immortal Countenance, take up her Child and return unto her home. No sooner had the eyes of the people fallen upon her than they raised their voice saying: “O sister of Aaron! Thy father was not a man of wickedness, nor unchaste thy mother.”⁴⁷	malakas na sinabi: “O kung ako ay namatay bago naganap ito, at naging isang bagay na nalimutan, nalimutan nang talaga!”⁴⁶ Sumusumpa ako sa Diyos! Ang gayong panaghoy ay nakawawasak ng puso at nakayayanig sa pagkatao. Ang ganoong panghihilakbot ng kaluluwa, ang ganoong kawalan ng pag-asa, ay maaaring walang ibang dahilan kundi ang paninisi ng kaaway at ang mga pamimintas ng hindi naniniwala sa Diyos at ng masasama. Isiping mabuti, ano ang sagot na maaaring ibigay ni Maria sa mga taong nasa paligid niya? Paaano niya maaaring ipahayag na ang Sanggol na ang ama ay hindi nakikilala ay ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu? Samakatwid, si Maria, ang nalalambungan at walang-kamatayang Mukha na iyon, ay dinala ang kaniyang Anak at bumalik sa kaniyang tahanan. Hindi pa natatagalang nasilayan siya ng mga mata ng mga tao nang pinalakas nila ang kanilang mga tinig na nagsasabi: “O babaeng kapatid ni Aaron! Ang iyong ama ay hindi isang masamang tao, ni hindi walang-dangal ang iyong ina.”⁴⁷
And now, meditate upon this most great convulsion, this grievous test. Notwithstanding all these things, God conferred upon that essence of the Spirit, Who was known amongst the people as fatherless, the glory of Prophethood, and made Him His testimony unto all that are in heaven and on earth.	60. At ngayon, muni-muniin ang pinakamalubhang kaguluhang ito, itong napakasakit na pagsubok. Sa kabila ng lahat ng mga pagsubok na ito, ipinagkaloob ng Diyos ang diwa ng Espiritu, na nakilala sa gitna ng mga tao bilang walang ama, ang kaluwalhatian ng Pagka-Propeta, at ginawa Siya na Kaniyang pagpapatunay sa lahat ng mga nasa kalangitan at nasa kalupaan.
Behold how contrary are the ways of the Manifestations of God, as ordained by the King of creation, to the ways and desires of men! As thou comest to comprehend the essence of these divine mysteries, thou wilt grasp the purpose of God, the divine Charmer, the Best-Beloved. Thou wilt regard the words and the deeds of that almighty Sovereign as one and the same; in such wise that whatsoever thou dost behold in His deeds, the same wilt thou find in His sayings, and whatsoever thou dost read in His sayings, that wilt thou recognize in His deeds. Thus it is that outwardly such deeds and words are the fire	61. Masdan kung gaano kasalungat ang mga pamamaraan ng mga Kahayagan ng Diyos, tulad ng itinadhana ng Hari ng sangnilikha, doon sa mga pamamaraan at mga hangarin ng mga tao! Habang iyong natatamo ang pag-unawa sa diwa nitong mga banal na kahiwagaan, iyong maiintindihan ang layunin ng Diyos, ang banal na Mapanghalina, ang Lubos na Minamahal. Iyong pahahalagahan ang mga salita at ang mga gawa noong pinakamakapangyarihan sa lahat na Hari bilang isa at iyon din, na sa gayong paraan anuman ang iyong mamasdan sa Kaniyang mga gawa, ay gayundin ang iyong matatagpuan sa Kaniyang mga sinasabi, at anuman ang iyong mababasa sa Kaniyang mga sinasabi,

⁴⁶ Qur’án 19:22

⁴⁷ Qur’án 19:28

of vengeance unto the wicked, and inwardly the waters of mercy unto the righteous. Were the eye of the heart to open, it would surely perceive that the words revealed from the heaven of the will of God are at one with, and the same as, the deeds that have emanated from the Kingdom of divine power.	ay iyong makikita sa Kaniyang mga gawa. Sa gayon yaong panlabas na mga gawa at mga salita ay ang apoy ng paghihiganti sa masasama, at sa panloob ay ang mga tubig ng habag sa makatarungan. Kung ang mata ng puso ay magbubukas, makatitiyak na mahihiwatigan na ang mga salitang ipinahayag mula sa langit ng kalooban ng Diyos ay katugma ng, at katulad rin, ng mga gawa na nagmula sa Kaharian ng banal na kapangyarihan.
And now, take heed, O brother! If such things be revealed in this Dispensation, and such incidents come to pass, at the present time, what would the people do? I swear by Him Who is the true Educator of mankind and the Revealer of the Word of God that the people would instantly and unquestionably pronounce Him an infidel and would sentence Him to death. How far are they from hearkening unto the voice that declareth: Lo! a Jesus hath appeared out of the breath of the Holy Ghost, and a Moses summoned to a divinely appointed task! Were a myriad voices to be raised, no ear would listen if We said that upon a fatherless Child hath been conferred the mission of Prophethood, or that a murderer hath brought from the flame of the Burning Bush the message of “Verily, verily, I am God!”	62. At ngayon, unawain, O kapatid! Kung ang gayong mga bagay ay ipahahayag sa Dispensasyong ito, at ang ganoong mga pangyayari ay naganap, sa kasalukuyang panahon, ano ang gagawin ng mga tao? Sumusumpa Ako sa Kaniya na tunay na Tagapagturo ng sangkatauhan at ang Tagapagpahayag ng Salita ng Diyos na ang mga tao kapagdaka ay walang-alinlangang ipahahayag na Siya ay isang hindi naniniwala sa Diyos at hahatulan Siya ng kamatayan. Gaano sila kalayo upang mapakinggan ang tinig na nagpapahayag: Masdan! Isang Jesus ang lumitaw mula sa hininga ng Banal na Espiritu, at isang Moises ang tinawag para sa isang banal na itinakdang tungkulin! Kung ang hindi mabilang na mga tinig ay palalakasin, walang tainga ang makikinig kapag sinabi Namin na sa isang Sanggol na walang ama ay ipinagkaloob ang misyon ng Pagka-Propeta, o ang isang mamamatay-tao ay dinala mula sa lagablab ng Nagliliyab na Palumpong ang mensahe ng “Sa katunayan, sa katunayan, Ako ang Diyos!”
If the eye of justice be opened, it will readily recognize, in the light of that which hath been mentioned, that He, Who is the Cause and ultimate Purpose of all these things, is made manifest in this day. Though similar events have not occurred in this Dispensation, yet the people still cling to such vain imaginings as are cherished by the reprobate. How grievous the charges brought against Him! How severe the persecutions inflicted upon Him—charges and persecutions the like of which men have neither seen nor heard!	63. Kung ang mata ng katarungan ay bubuksan, kaagad nitong makikilala, kung isasaalang-alang yaong nabanggit, na Siya, na ang Kapakanan at sukdulang Layunin ng lahat ng mga bagay na ito, ay ipinahayag sa araw na ito. Kahiman ang katulad na mga pangyayari ay hindi naganap sa Dispensasyong ito, gayumpaman ang mga tao ay nangangapit pa rin sa gayong walang-kabuluhang mga hinagap na pinakamamahal ng mga kasumpa-sumpa. Napakalubha ang mga paratang na iniharap laban sa Kaniya! Napakatindi ang mga kalupitan na ipinataw sa Kaniya—mga paratang at mga pagmamalupit na ang katulad ay hindi pa kailanman nakita o narinig ng mga tao!
Great God! When the stream of utterance reached this stage, We beheld, and lo! the sweet	64. Dakilang Diyos! Nang ang pagdaloy ng pananalita ay nakarating sa yugtong ito, Aming

savors of God were being wafted from the dayspring of Revelation, and the morning breeze was blowing out of the Sheba of the Eternal. Its tidings rejoiced anew the heart, and imparted immeasurable gladness to the soul. It made all things new, and brought unnumbered and inestimable gifts from the unknowable Friend. The robe of human praise can never hope to match Its noble stature, and Its shining figure the mantle of utterance can never fit. Without word It unfoldeth the inner mysteries, and without speech It revealeth the secrets of the divine sayings. It teacheth lamentation and moaning to the nightingales warbling upon the bough of remoteness and bereavement, instructeth them in the art of love's ways, and showeth them the secret of heart-surrender. To the flowers of the Ridván of heavenly reunion It revealeth the endearments of the impassioned lover, and unveileth the charm of the fair. Upon the anemones of the garden of love It bestoweth the mysteries of truth, and within the breasts of lovers It entrusteth the symbols of the innermost subtleties. At this hour, so liberal is the outpouring of Its grace that the holy Spirit itself is envious! It hath imparted to the drop the waves of the sea, and endowed the mote with the splendor of the sun. So great are the overflowings of Its bounty that the foulest beetle hath sought the perfume of the musk, and the bat the light of the sun. It hath quickened the dead with the breath of life, and caused them to speed out of the sepulchers of their mortal bodies. It hath established the ignorant upon the seats of learning, and elevated the oppressor to the throne of justice.	namasdan, at aba! ang matamis na mga halimuyak ng Diyos ay sumisimoy mula sa pamimitak ng Rebelasyon, at ang simoy ng umaga ay humihihip palabas mula sa Sheba ng Walang-hanggan. Ang mga balita nito ay muling pinagalak ang puso, at nagdulot ng hindi masukat na kasiyahan sa kaluluwa. Ginawa nito ang lahat ng bagay na maging bago, at nagdala ng hindi mabilang at hindi matayang mga handog mula sa hindi makikilalang Kaibigan. Ang kapa ng pagpupuri ng tao ay hindi kailanman makaaasang mapantayan ang dakilang katayuan Nito, at ang maningning na hugis Nito ay ang kapa ng pananalita ay hindi kailanman maaangkop. Nang walang salita isiniwalat Nito ang nalolooob na mga hiwaga, at nang walang talumpati ipinahayag Nito ang mga lihim ng banal na mga kasabihan. Itinuturo Nito ang panaghoy at pagdaing sa mga ruwisenyor na umaawit sa sanga ng pagkalayo at pagdadalamhati, at itinuturo sa kanila ang sining ng mga pamamaraan ng pagmamahal, at ipinakikita sa kanila ang lihim ng pagpapasakop ng puso. Sa mga bulaklak ng Ridván ng makalangit na muling pagsasama ay ipinahayag Nito ang makabagbag-pusong mga pagmamahal ng isang marubdob na mangingibig, at inalisan ng lambong ang alindog ng minamahal. Sa mga bulaklak sa hardin ng pag-ibig ipinagkaloob Nito ang mga hiwaga ng katotohanan, at sa loob ng mga dibdib ng mga mangingibig ipinagkatiwala Nito ang mga sagisag ng pinakanalolooob na mga kahiwagaan. Sa oras na ito, lubhang masagana ang pagbuhos ng pagpapala Nito na ang Banal na Espiritu mismo ay nananaghili! Ibinunyag Nito sa isang patak ang mga alon ng karagatan at ipinagkaloob sa maliit na butil ang karingalan ng araw. Lubhang kahanga-hanga ang mga pag-apaw ng biyaya Nito na ang pinakamabahong salagubang ay hinanap ang pabango ng <i>musk</i> at ang paniki ay ang liwanag ng araw. Pinasigla Nito ang patay sa pamamagitan ng hininga ng buhay, at naging sanhi ng mabilis na paglabas nila mula sa mga libingan ng kanilang mortal na mga katawan. Itinatag Nito ang mangmang sa luklukan ng karunungan, at itinaas ang mapaniil sa trono ng katarungan.
The universe is pregnant with these manifold bounties, awaiting the hour when the effects of	65. Ang santinakpan ay sagana sa ganitong napakaraming pagpapala, hinihintay ang oras kung

Its unseen gifts will be made manifest in this world, when the languishing and sore athirst will attain the living Kawthar of their Well-Beloved, and the erring wanderer, lost in the wilds of remoteness and nothingness, will enter the tabernacle of life, and attain reunion with his heart's desire. In the soil of whose heart will these holy seeds germinate? From the garden of whose soul will the blossoms of the invisible realities spring forth? Verily, I say, so fierce is the blaze of the Bush of love, burning in the Sinai of the heart, that the streaming waters of holy utterance can never quench its flame. Oceans can never allay this Leviathan's⁴⁸ burning thirst, and this Phoenix of the undying fire can abide nowhere save in the glow of the countenance of the Well-Beloved. Therefore, O brother! kindle with the oil of wisdom the lamp of the spirit within the innermost chamber of thy heart, and guard it with the globe of understanding, that the breath of the infidel may extinguish not its flame nor dim its brightness. Thus have We illuminated the heavens of utterance with the splendors of the Sun of divine wisdom and understanding, that thy heart may find peace, that thou mayest be of those who, on the wings of certitude, have soared unto the heaven of the love of their Lord, the All-Merciful.	kailan ang mga bisa ng di-nakikitang mga handog Nito ay ipahahayag sa daigdig na ito, kung kailan ang nananamlay at lubhang nauuhaw ay matatamo ang nabubuhay na Kawthar ng kanilang Lubos na Minamahal, at ang naliligaw na manlalakbay, nawala sa mga kasukalan ng pagkalayo at kawalan, ay makapapasok sa tabernakulo ng buhay, at makakamtan ang muling pakikisama sa hangarin ng Kaniyang puso. Sa kaninong lupa ng puso sisibol ang banal na mga binhing ito? Sa kaninong halamanan ng kaluluwa sisibol ang mga bulaklak ng di-nakikitang mga katotohanan? Sa katunayan, Aking sinasabi, lubhang matindi ang lagablab ng Palumpong ng pag-ibig, na nagliliyab sa Sinai ng puso, na ang dumadaloy na mga tubig ng banal na pananalita ay hindi kailanman maapula ang lagablab nito. Ang mga karagatan ay hindi kailanman maaaring mapawi ang nag-aalab na uhaw ng Leviathan⁴⁸ na ito, at itong Phoenix ng di-namamatay na apoy ay hindi maaaring manatili saanman liban doon sa maningning na mukha ng Lubos na Minamahal. Samakatwid, O kapatid! Pagningasin sa pamamagitan ng langis ng karunungan ang lampara ng espiritu sa loob ng pinakakaibuturan ng silid ng iyong puso, at tanuran ito sa pamamagitan ng globo ng pagkaunawa, upang ang hininga ng hindi naniniwala sa Diyos ay hindi mapatay ang lagablab ni padilimin ang liwanag nito. Sa gayon Aming pinagliwanag ang mga kalangitan ng paghahayag sa pamamagitan ng mga karingalan ng Araw ng banal na karunungan at pang-unawa, upang ang iyong puso nawa ay makatagpo ng kapayapaan, upang ikaw nawa ay maging kabilang sa kanila, na sa mga bagwis ng katiyakan, ay pumailanlang sa kalangitan ng pag-ibig ng kanilang Panginoon ang Lubos na Mahabagin.
And now, concerning His words: "And then shall appear the sign of the Son of man in heaven." By these words it is meant that when the sun of the heavenly teachings hath been eclipsed, the stars of the divinely established laws have fallen, and the moon of true knowledge—the educator of mankind—hath been obscured; when the standards of guidance and felicity have been reversed, and the morn of truth and righteousness	66. At ngayon, tungkol sa mga salita Niya: "At pagkatapos ay makikita ang palatandaan ng Anak ng tao sa kalangitan." Ang mga salitang ito ay nangangahulugan na kapag ang araw ng makalangit na mga turo ay pinaglaho, ang mga bituin ng banal na naitatag na mga batas ay bumagsak, at ang buwan ng tunay na kaalaman—ang tagapagturo ng sangkatauhan—ay pinalabo; kapag ang mga huwaran ng patnubay at kaligayahan ay nabaligtad, at ang umaga ng

⁴⁸ napakalaking hayop sa tubig

hath sunk in night, then shall the sign of the Son of man appear in heaven. By “heaven” is meant the visible heaven, inasmuch as when the hour draweth nigh on which the Daystar of the heaven of justice shall be made manifest, and the Ark of divine guidance shall sail upon the sea of glory, a star will appear in the heaven, heralding unto its people the advent of that most great light. In like manner, in the invisible heaven a star shall be made manifest who, unto the peoples of the earth, shall act as a harbinger of the break of that true and exalted Morn. These twofold signs, in the visible and the invisible heaven, have announced the Revelation of each of the Prophets of God, as is commonly believed.	katotohanan at katarungan ay lumubog sa gabi, sa panahong iyon ang palatandaan ng Anak ng tao ay makikita sa kalangitan. Ang “langit” ay nangangahulugan ng nakikitang langit, sa kadahilanang kapag ang oras ay nalalapit kung kailan ang Bituing-araw ng kalangitan ng katarungan ay gagawing mahayag, at ang Arko ng banal na patnubay ay maglalayag sa karagatan ng luwalhati, isang bituin ang makikita sa langit, ibinabalita sa mga tao nito ang pagsapit ng pinakadakilang liwanag na iyon. Sa gayunding gawi, sa di-nakikitang kalangitan isang bituin ang ipahahayag, sa mga tao ng kalupaan, na gaganap bilang isang tagpagbalita ng pamimitak noong tunay at dakilang Umaga. Ang dalawang palatandaang ito, sa nakikita at sa di-nakikitang langit, ang nagpapatalastas sa Rebelasyon ng bawat Propeta ng Diyos, tulad ng karaniwanag pinaniniwalaan.
Among the Prophets was Abraham, the Friend of God. Ere He manifested Himself, Nimrod dreamed a dream. Thereupon, he summoned the soothsayers, who informed him of the rise of a star in the heaven. Likewise, there appeared a herald who announced throughout the land the coming of Abraham.	67. Kabilang sa mga Propeta ay si Abraham, ang Kaibigan ng Diyos. Bago Niya ipinahayag ang Kaniyang Sarili, nagkaroon si Nimrod ng isang panaginip. Kung kaya, tinawag niya ang mga manghuhula, na ipinaalam sa kaniya ang pagsikat ng isang bituin sa kalangitan. Gayundin, may nagpakitang isang tagapagbalita na ibinalita sa buong kalupaan ang pagdating ni Abraham.
After Him came Moses, He Who held converse with God. The soothsayers of His time warned Pharaoh in these terms: “A star hath risen in the heaven, and lo! it foreshadoweth the conception of a Child Who holdeth your fate and the fate of your people in His hand.” In like manner, there appeared a sage who, in the darkness of the night, brought tidings of joy unto the people of Israel, imparting consolation to their souls, and assurance to their hearts. To this testify the records of the sacred books. Were the details to be mentioned, this epistle would swell into a book. Moreover, it is not Our wish to relate the stories of the days that are past. God is Our witness that what We even now mention is due solely to Our tender affection for thee, that haply the poor of the earth may attain the shores of the sea of wealth, the ignorant be led unto the ocean	68. Pagkatapos Niya ay dumating si Moises, Siya na nakipag-usap sa Diyos. Ang mga manghuhula ng Kaniyang panahon ay nagbabala sa Paraon sa ganitong mga salita: “Isang bituin ang sumikat sa langit, at masdan! ibinabadya nito ang paglililihi sa isang Sanggol na hawak ang iyong kapalaran at ang kapalaran ng iyong mga tao sa Kaniyang kamay.” Sa gayunding paraan, may nagpakitang isang paham na, sa kadiliman ng gabi, ay naghatid ng mga balita ng kaligayahan sa mga tao ng Israel, nagbigay ng kasiyahan sa kanilang mga kaluluwa, at katiyakan sa kanilang mga puso. Dito ay nagpapatunay ang mga nakatala sa mga banal na aklat. Kung babanggitin ang mga detalye, ang liham na ito ay magiging isang aklat. Bukod rito, hindi Namin hangad na isalaysay ang mga kuwento ng mga araw na nakaraan. Ang Diyos ang Aming saksi na kahiman ano ang Aming binabanggit ngayon ay dahil lamang sa Aming magiliw na pagmamahal sa iyo, upang

of divine knowledge, and they that thirst for understanding partake of the Salsabíl of divine wisdom. Otherwise, this servant regardeth the consideration of such records a grave mistake and a grievous transgression.	harinawang ang maralita ng kalupaan ay makarating sa mga dalampasigan ng karagatan ng kayamanan, ang mangmang ay maihatid sa karagatan ng banal na kaalaman, at silang nauuhaw sa pang-unawa ay makabahagi sa Salsabíl ng banal na karunungan. Kung hindi, ang tagapaglingkod na ito ay ituturing ang pagsasaalang-alang sa gayong mga nakatala na isang matinding pagkakamali at isang malubhang pagkakasala.
In like manner, when the hour of the Revelation of Jesus drew nigh, a few of the Magi, aware that the star of Jesus had appeared in heaven, sought and followed it, till they came unto the city which was the seat of the Kingdom of Herod. The sway of his sovereignty in those days embraced the whole of that land.	69. Sa gayunding paraan, nang ang oras ng Rebelasyon ni Jesus ay nalalapit na, ilan sa mga Haring Mago, batid na ang bituin ni Jesus ay nagpakita na sa kalangitan, ay hinanap at sinundan ito, hanggang sila ay makarating sa lungsod na luklukan ng Kaharian ni Herodes. Ang paghahari ng kaniyang kapangyarihan noong mga araw na iyon ay sinaklaw ang kabuuan ng lupaing iyon.
These Magi said: “Where is He that is born King of the Jews? for we have seen His star in the east and are come to worship Him!” ⁴⁹ When they had searched, they found out that in Bethlehem, in the land of Judea, the Child had been born. This was the sign that was manifested in the visible heaven. As to the sign in the invisible heaven—the heaven of divine knowledge and understanding—it was Yahyá, son of Zachariah, who gave unto the people the tidings of the Manifestation of Jesus. Even as He hath revealed: “God announceth Yahyá to thee, who shall bear witness unto the Word from God, and a great one and chaste.” ⁵⁰ By the term “Word” is meant Jesus, Whose coming Yahyá foretold. Moreover, in the heavenly Scriptures it is written: “John the Baptist was preaching in the wilderness of Judea, and saying, Repent ye: for the Kingdom of heaven is at hand.” ⁵¹ By John is meant Yahyá.	70. Ang mga Haring Mago na ito ay nagsabi: “Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? sapagkat nakita namin ang Kaniyang bituin sa silangan at dumating upang sambahin Siya!” ⁴⁹ Nang sila ay naghanap, kanilang natuklasan na sa Bethlehem, sa lupain ng Judea, ang Sanggol ay isinilang. Ito ang palatandaan na inihayag sa nakikitang langit. Tungkol sa palatandaan sa di-nakikitang langit—ang langit ng banal na kaalaman at pang-unawa—si Yahyá, anak ni Zacharias, ang siyang nagbigay sa mga tao ng mga balita ng Kahayagan ni Jesus. Sa gayon ipinahayag Niya: “Ipinahayag ng Diyos si Yahyá sa inyo, na siya ang magbibigay saksi sa Salita na mula sa Diyos, at isang dakila at dalisay.” ⁵⁰ Sa katawagang “Salita” ay nangangahulugang si Jesus, na ang pagdating ay inihula ni Juan. Bukod dito, sa makalangit na mga Kasulatan ito ay nakasulat: “Si Juan Bautista, ay nangangaral sa kaparangan ng Judea, at sinasabi, Magsisi kayo: sapagkat ang Kaharian ng kalangitan ay malapit na.” ⁵¹ Ang Juan ay nangangahulugan ng Yahyá.
Likewise, ere the beauty of Muḥammad was unveiled, the signs of the visible heaven were	71. Gayundin, bago inalisan ng lambong ang Kagandahan ni Muḥammad, ang mga palatandaan sa

⁴⁹ Matthew 2:22

⁵⁰ Qur’án 3:39

⁵¹ Matthew 3:1-2

made manifest. As to the signs of the invisible heaven, there appeared four men who successively announced unto the people the joyful tidings of the rise of that divine Luminary. Rúz-bih, later named Salmán, was honored by being in their service. As the end of one of these approached, he would send Rúz-bih unto the other, until the fourth who, feeling his death to be nigh, addressed Rúz-bih saying: “O Rúz-bih! when thou hast taken up my body and buried it, go to Hījáz for there the Daystar of Muḥammad will arise. Happy art thou, for thou shalt behold His face!”	nakikitang langit ay nahayag na. Tungkol sa mga palatandaan sa di-nakikitang langit, nagpakita ang apat na mga lalaki na sunod-sunod na ipinatalastas sa mga tao ang masayang balita ng pagsikat ng banal na Tagapagdala ng Liwanag. Si Rúz-bih, sa dakong huli ay pinangalanan ng Salmán, ay pinarangalan sa pagiging tagapaglingkod nila. Habang ang wakas ng isa sa kanila ay nalalapit, papupuntahin niya si Rúz-bih sa isa pa, hanggang sa ikaapat na, nararamdam ang Kaniyang kamatayan ay nalalapit, ay sinabi kay Rúz-bih: “O Rúz-bih! kapag iyong nadala ang aking katawan at nailibing ito, magpunta sa Hījáz sapagkat doon ang Bituing-araw ni Muḥammad ay sisikat! Magalak ka, sapagkat iyong mamamasdan ang Kaniyang mukha!”
And now concerning this wondrous and most exalted Cause. Know thou verily that many an astronomer hath announced the appearance of its star in the visible heaven. Likewise, there appeared on earth Aḥmad and Kázim,⁵² those twin resplendent lights—may God sanctify their resting-place!	72. At ngayon tungkol dito sa kamangha-mangha at pinakadakilang Kapakanan. Iyong alamin sa katunayan na maraming astronomo ang nangyaring nagpatalastas sa paglitaw ng bituin sa nakikitang kalangitan. Gayundin, nangyaring nagpakita sa kalupaan sina Aḥmad at Kázim,⁵² ang kambal na maningning na mga liwanag—harinawang gawing banal ng Diyos ang kanilang libingan!
From all that We have stated it hath become clear and manifest that before the revelation of each of the Mirrors reflecting the divine Essence, the signs heralding their advent must needs be revealed in the visible heaven as well as in the invisible, wherein is the seat of the sun of knowledge, of the moon of wisdom, and of the stars of understanding and utterance. The sign of the invisible heaven must needs be revealed in the person of that perfect man who, before each Manifestation appeareth, educateth, and prepareth the souls of men for the advent of the divine Luminary, the Light of the unity of God amongst men.	73. Mula sa lahat ng Aming ipinahayag ito ay naging malinaw at hayag na bago ang rebelasyon ng bawat isa sa mga Salamin na naglalarawan sa banal na Diwa, ang mga palatandaang nagbabalita sa kanilang pagsapit ay kinakailangang maipahayag sa nakikitang kalangitan at ganoon din sa di-nakikita, kung saan naroroon ang luklukan ng araw ng kaalaman, ng buwan ng karunungan, at ng mga bituin ng pang-unawa at pananalita. Ang palatandaan sa di-nakikitang langit ay kinakailangang maipahayag sa katauhan ng isang sukdulang tao na, bago magpakita ang bawat Kahayagan, tinuturuan, at inihahanda ang mga kaluluwa ng mga tao sa pagsapit ng banal na Tagapagdala ng Liwanag, ang Liwanag ng kaisahan ng Diyos sa mga tao.
And now, with reference to His words: “And then shall all the tribes of the earth mourn, and they shall see the Son of man coming in the clouds of heaven with power and great glory.”	74. At ngayon, sa pagtukoy sa Kaniyang mga salita: “At pagkatapos lahat ng mga tribu ng kalupaan ay magluluksa, at kanilang makikita ang Anak ng tao na dumarating sa mga ulap ng kalangitan nang may

⁵² Shaykh Ahmad-i-Ahsá’í at Siyyid Kázim-i-Rashtí

These words signify that in those days men will lament the loss of the Sun of the divine beauty, of the Moon of knowledge, and of the Stars of divine wisdom. Thereupon, they will behold the countenance of the promised One, the adored Beauty, descending from heaven and riding upon the clouds. By this is meant that the divine Beauty will be made manifest from the heaven of the will of God, and will appear in the form of the human temple. The term “heaven” denoteth loftiness and exaltation, inasmuch as it is the seat of the revelation of those Manifestations of Holiness, the Daysprings of ancient glory. These ancient Beings, though delivered from the womb of their mother, have in reality descended from the heaven of the will of God. Though they be dwelling on this earth, yet their true habitations are the retreats of glory in the realms above. Whilst walking amongst mortals, they soar in the heaven of the divine presence. Without feet they tread the path of the spirit, and without wings they rise unto the exalted heights of divine unity. With every fleeting breath they cover the immensity of space, and at every moment traverse the kingdoms of the visible and the invisible. Upon their thrones is written: “Nothing whatsoever keepeth Him from being occupied with any other thing”; and on their seats is inscribed: “Verily, His ways differ every day.”⁵³ They are sent forth through the transcendent power of the Ancient of Days, and are raised up by the exalted will of God, the most mighty King. This is what is meant by the words: “coming in the clouds of heaven.”	kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.” Ang mga salitang ito ay nangangahulugan na sa mga araw na iyon ang mga tao ay magdadalamhati sa pagkawala ng Araw ng banal na kagandahan, ng Buwan ng kaalaman at ng mga Bituin ng banal na karunungan. Kapagdaka, ay mamamasdan nila ang anyo Niya na ipinangako, ang sinasambang Kagandahan, na bumababa sa langit at nakasakay sa mga ulap. Ito ay nangangahulugan na ang banal na Kagandahan ay mahahayag mula sa kalangitan ng kalooban ng Diyos, makikita sa anyo ng templo ng tao. Ang katawagang “kalangitan” ay nagpapakilala sa kataasan at kadakilaan, yayamang ito ay ang luklukan ng rebelasyon noong mga Kahayagan ng Kabanalan, ang mga Pamimitak ng napakatandang kaluwalhatian. Ang napakatandang mga Katauhan na ito, kahiman isinilang mula sa sinapupunan ng kanilang ina, sa katunayan ay nagmula sa kalangitan ng kalooban ng Diyos. Kahiman sila ay naninirahan sa kalupaang ito, gayumpaman ang kanilang tunay na mga tahanan ay ang mga pahingahan ng kaluwalhatian sa mga kaharian sa itaas. Samantalang naglalakad kasama ng mga mortal, sila ay pumapailanlang sa langit ng banal na kinaroroonan. Nang walang mga paa tinatalunton nila ang landas ng espiritu, at nang walang mga bagwis, sila ay pumapaitaas sa dakilang mga rurok ng banal na kaisahan. Sa bawat panandaliang paghinga nalilibot nila ang kalawakan ng himpapawid, at sa bawat sandali ay nababagtas ang mga kaharian ng nakikita at di-nakikita. Sa ibabaw ng kanilang mga trono ay nakasulat: “Walang kahit anuman ang makapipigl sa Kaniya mula sa pagiging abala sa anumang ibang bagay;” at sa kanilang mga upuan ay nakaukit: “Sa katunayan, ang Kaniyang mga pamamaraan ay nag-iiba sa araw-araw.”⁵³ Sila ay isinusugo kapagdaka sa pamamagitan ng nangingibabaw na kapangyarihan ng Napakatanda sa mga Araw, at itinataas sa dakilang kalooban ng Diyos, ang pinakamakapangyarihang Hari. Ito ang kahulugan ng mga salitang: “Dumarating sa mga ulap ng kalangitan.”
In the utterances of the divine Luminaries the term “heaven” hath been applied to many and divers things; such as the “heaven of Command,” the “heaven of Will,” the “heaven of the divine	75. Sa mga pananalita ng mga banal na Tagapagdala ng Liwanag ang katawagang “kalangitan” ay ginamit sa marami at iba’t ibang mga bagay: tulad ng “kalangitan ng Kautusan,” ang “kalangitan ng Kalooban,” ang

⁵³ Qur’án 55:29

Purpose,” the “heaven of divine Knowledge,” the “heaven of Certitude,” the “heaven of Utterance,” the “heaven of Revelation,” the “heaven of Concealment,” and the like. In every instance, He hath given the term “heaven” a special meaning, the significance of which is revealed to none save those that have been initiated into the divine mysteries, and have drunk from the chalice of immortal life. For example, He saith: “The heaven hath sustenance for you, and it containeth that which you are promised”;⁵⁴ whereas it is the earth that yieldeth such sustenance. Likewise, it hath been said: “The names come down from heaven”; whereas they proceed out of the mouth of men. Wert thou to cleanse the mirror of thy heart from the dust of malice, thou wouldst apprehend the meaning of the symbolic terms revealed by the all-embracing Word of God made manifest in every Dispensation, and wouldst discover the mysteries of divine knowledge. Not, however, until thou consumest with the flame of utter detachment those veils of idle learning that are current amongst men, canst thou behold the resplendent morn of true knowledge.	“kalangitan ng banal na Layunin,” ang “kalangitan ng banal na Kaalaman,” ang “kalangitan ng Katiyakan,” ang “kalangitan ng Pananalita,” ang “kalangitan ng Rebelasyon,” ang “kalangitan ng Pangungubli,” at ang katulad. Sa bawat pagkakataon, binigyan Niya ang katawagang “kalangitan” ng isang bukod-tanging kahulugan, na ang kahulugan ay hindi ipinahayag sa kaninuman liban doon sa mga naturuan ng mga banal na kahiwagaan, at nakainom mula sa kalis ng walang-hanggang buhay. Halimbawa, sinabi Niya: “Ang kalangitan ay may panustos sa iyo; at taglay nito yaong ipinangako sa iyo”;⁵⁴ samantalang ang kalupaan ang nagbibigay ng gayong panustos. Gayundin, nasabi na: “Ang mga pangalan ay bumababa mula sa kalangitan”; samantalang ang mga iyon ay nanggagaling sa bibig ng mga tao. Kung iyong lilinis ang salamin ng iyong puso mula sa alabok ng masamang hangarin, iyong mauunawaan ang kahulugan ng sumasagisag na mga katawagang ipinahayag ng sumasaklaw sa lahat na Salita ng Diyos na ginawang mahayag sa bawat Dispensasyon, at matutuklasan ang mga hiwaga ng banal na kaalaman. Gayumpaman, hanggang hindi mo natutupok ang lagablab ng ganap na pagtiwalag ang mga lambong ng walang-saysay na karunungan, na laganap sa mga tao, hindi mo mamamasdan ang karingalan ng umaga ng tunay na kaalaman.
Know verily that Knowledge is of two kinds: Divine and Satanic. The one wellet out from the fountain of divine inspiration; the other is but a reflection of vain and obscure thoughts. The source of the former is God Himself; the motive-force of the latter the whisperings of selfish desire. The one is guided by the principle: “Fear ye God; God will teach you”;⁵⁵ the other is but a confirmation of the truth: “Knowledge is the most grievous veil between man and his Creator.” The former bringeth forth the fruit of patience, of longing desire, of true understanding, and love; whilst the latter can yield naught but arrogance, vainglory and conceit. From the sayings of those Masters of	76. Alamin na sa katunayan ang Kaalaman ay may dalawang uri: Banal at Makasatanas. Ang isa ay nagmumula sa bukal ng banal na inspirasyon; ang isa ay isang panganganinag lamang ng walang kabuluhan at nadidilimang mga kaisipan. Ang pinagmumulan ng una ay ang Diyos Mismo; ang lakas na nagpapakilos sa huli ay ang mga bulungan ng makasariling hangarin. Ang isa ay pinapatnubayan ng simulaing: “Matakot kayo sa Diyos: tuturuan kayo ng Diyos”;⁵⁵ ang isa pa ay isang pagpapatibay lamang ng katotohanang: “Ang kaalaman ay ang pinakamalubhang lambong sa pagitan ng tao at ng Kaniyang Manlilikha.” Ang una ay nagbibigay ng bunga ng pagtitiyaga, nang may nag-aasam na hangarin, sa tunay na pang-unawa, at pagmamahal; samantalang ang huli ay walang ibubunga kundi pagmamataas,

⁵⁴ Qur’án 51:22

⁵⁵ Qur’án 2:282

holy utterance, Who have expounded the meaning of true knowledge, the odor of these dark teachings, which have obscured the world, can in no wise be detected. The tree of such teachings can yield no result except iniquity and rebellion, and beareth no fruit but hatred and envy. Its fruit is deadly poison; its shadow a consuming fire. How well hath it been said: “Cling unto the robe of the Desire of thy heart, and put thou away all shame; bid the worldly wise be gone, however great their name.”	kapalaluan at kayabangan. Mula sa mga kasabihan noong mga Kahayagan ng banal na pananalita, Silang mga nagpaliwanag sa kahulugan ng tunay na kaalaman, ang amoy nitong kulimlim nang mga turo, na nagpadilim sa daigdig, ay hindi matutuklasan. Ang puno ng ganoong mga turo ay walang maaaring ibunga kundi kawalan ng katarungan at paghihimagsik, at walang idudulot na bunga kundi pagkapoot at pananaghili. Ang bunga nito ay nakamamatay na lason; ang anino nito ay isang tumutupok na apoy. Anong husay na sinabi ito: “Mangapit sa kapa ng Hangarin ng iyong puso, at iyong itapon ang lahat ng kahihyan; itaboy ang marunong sa kamunduhan, gaanuman kadakila ang kanilang pangalan.”
The heart must needs therefore be cleansed from the idle sayings of men, and sanctified from every earthly affection, so that it may discover the hidden meaning of divine inspiration, and become the treasury of the mysteries of divine knowledge. Thus hath it been said: “He that treadeth the snow-white Path, and followeth in the footsteps of the Crimson Pillar, shall never attain unto his abode unless his hands are empty of those worldly things cherished by men.” This is the prime requisite of whosoever treadeth this path. Ponder thereon, that, with eyes unveiled, thou mayest perceive the truth of these words.	77. Ang puso samakatwid ay narapat na maging malinis mula sa walang-saysay na mga bukap-bibig ng mga tao, at pabanalin mula sa bawat makalupang kagustuhan, upang sa ganoon ay matuklasan ang natatagong kahulugan ng banal na inspirasyon, maging ingatang-yaman ng mga kahiwagaan ng banal na kaalaman. Kung kaya ito ay sinabi: “Siya na tumatalunton sa Landas na kasimputi ng niyebe, at sumusunod sa mga bakas ng Krimson na haligi, ay hindi kailanman makararating sa kaniyang tahanan hanggang hindi nawawala sa kaniyang mga kamay ang makamundong mga bagay na iyon na pinakamamahal ng mga tao.” Ito ang pangunahing kinakailangan ng sinumang mananalunton sa landas na ito. Limiin iyon, upang sa pamamagitan ng mga matang inalisan ng lambong, harinawang iyong maunawaan ang katotohanan ng mga salitang ito.
We have digressed from the purpose of Our argument, although whatsoever is mentioned serveth only to confirm Our purpose. By God! however great Our desire to be brief, yet We feel We cannot restrain Our pen. Notwithstanding all that We have mentioned, how innumerable are the pearls which have remained unpierced in the shell of Our heart! How many the húrís of inner meaning that are as yet concealed within the chambers of divine wisdom! None hath yet approached them;—húrís, “whom no man nor spirit hath touched before.”⁵⁶ Notwithstanding all	78. Kami ay lumayo mula sa layunin ng Aming pangangatwiran, kahiman anuman ang binanggit ay magsisilbi lamang upang pagtibayin ang Aming layunin. Saksi ang Diyos! gaanuman kalaki ang Aming hangarin upang maging maikli, gayumpaman, Aming nararamdaman na hindi Namin maaaring pigilan ang Aming panulat. Sa kabila ng lahat ng Aming binanggit, di-mabilang ang mga perlas na nananatiling hindi natutuhog sa kabibi ng Aming puso! Napakarami ang mga húrí ng panloob na kahulugan ang nakatago pa rin sa loob ng mga silid ng banal na karunungan! Walang sinuman ang nakalapit sa mga iyon;—mga húrí, “na

that hath been said, it seemeth as if not one letter of Our purpose hath been uttered, nor a single sign divulged concerning Our object. When will a faithful seeker be found who will don the garb of pilgrimage, attain the Ka‘bih of the heart’s desire, and, without ear or tongue, discover the mysteries of divine utterance?	walang tao ni espiritu ang nakasalat.”⁵⁶ Sa kabila ng lahat ng nasabi na, sa wari ay wala kahit isang titik sa Aming layunin ang sinambit, ni isang palatandaan ang naisiwalat na nauugnay sa Aming pakay. Kailan matatagpuan ang isang matapat na naghahanap na magsusuot ng pananamit ng banal na paglalakbay, makakamtan ang Ka‘bih ng hangarin ng puso, at, nang walang tainga o dila, ay tutuklasin ang mga hiwaga ng banal na pananalita?
By these luminous, these conclusive, and lucid statements, the meaning of “heaven” in the aforementioned verse hath thus been made clear and evident. And now regarding His words, that the Son of man shall “come in the clouds of heaven.” By the term “clouds” is meant those things that are contrary to the ways and desires of men. Even as He hath revealed in the verse already quoted: “As oft as an Apostle cometh unto you with that which your souls desire not, ye swell with pride, accusing some of being impostors and slaying others.”⁵⁷ These “clouds” signify, in one sense, the annulment of laws, the abrogation of former Dispensations, the repeal of rituals and customs current amongst men, the exalting of the illiterate faithful above the learned opposers of the Faith. In another sense, they mean the appearance of that immortal Beauty in the image of mortal man, with such human limitations as eating and drinking, poverty and riches, glory and abasement, sleeping and waking, and such other things as cast doubt in the minds of men, and cause them to turn away. All such veils are symbolically referred to as “clouds.”	79. Dito sa mga maliwanag, mga kapani-paniwala, at mga malinaw na pahayag, ang kahulugan ng “makalangit” sa naunang binanggit na bersikulo kung gayon ay ginawang malinaw at maliwanag. At ngayon tungkol sa Kaniyang mga salita, na ang Anak ng tao, ay “darating sa mga ulap ng kalangitan.” Ang katawagang mga “ulap” ay nangangahulugan ng mga bagay na taliwas sa mga gawi at mga hangarin ng mga tao. Katulad ng ipinahayag Niya sa bersikulong sinipi na: “Kasindalas ng pagdating sa inyo ng isang Apostol na taglay yaong hindi hinahangad ng inyong mga kaluluwa, nadagdagan ang inyong kapalaluan, pinararatangan ang iba na mga mapagpanggap at pinapatay ang iba.”⁵⁷ Ang mga “ulap” na ito ay sinasagisag, sa isang dako, ang pagpapawalang-saysay ng mga batas, ang pagpapawalang-bisa ng nakaraang mga Dispensasyon, ang pagpapahinto sa mga ritwal at mga kaugaliang laganap sa mga tao, ang pagpapataas sa mga hindi makabasa at makasulat na higit na matapat kaysa sa marurunong na kalaban ng Pananampalataya. Sa kabilang dako, ang mga ito ay nangangahulugan ng pagpapakita ng walang-kamatayang Kagandahan na iyon sa anyo ng mortal na tao, nang may ganoong pantaong mga hangganan tulad ng pagkain at pag-inom, karukhaan at kayamanan, kaluwalhatian at kaabahan, pagtulog at paggising, at ganoong ibang mga bagay na nagbibigay ng alinlangan sa mga isipan ng mga tao, at naging sanhi ng kanilang pagbaling palayo. Lahat ng gayong mga lambong ay makahulugang tinutukoy bilang mga “ulap.”
These are the “clouds” that cause the heavens of the knowledge and understanding of all that	80. Ito ang mga “ulap” na dahilan ng pagbibiyak ng mga kalangitan ng kaalaman at pagkaunawa ng lahat ng

⁵⁶ Qur’án 55:56

⁵⁷ Qur’án 2:87

dwell on earth to be cloven asunder. Even as He hath revealed: “On that day shall the heaven be cloven by the clouds.”⁵⁸ Even as the clouds prevent the eyes of men from beholding the sun, so do these things hinder the souls of men from recognizing the light of the divine Luminary. To this beareth witness that which hath proceeded out of the mouth of the unbelievers as revealed in the sacred Book: “And they have said: ‘What manner of apostle is this? He eateth food, and walketh the streets. Unless an angel be sent down and take part in His warnings, we will not believe.’”⁵⁹ Other Prophets, similarly, have been subject to poverty and afflictions, to hunger, and to the ills and chances of this world. As these holy Persons were subject to such needs and wants, the people were, consequently, lost in the wilds of misgivings and doubts, and were afflicted with bewilderment and perplexity. How, they wondered, could such a person be sent down from God, assert His ascendancy over all the peoples and kindreds of the earth, and claim Himself to be the goal of all creation—even as He hath said: “But for Thee, I would not have created all that are in heaven and on earth”—and yet be subject to such trivial things? You must undoubtedly have been informed of the tribulations, the poverty, the ills, and the degradation that have befallen every Prophet of God and His companions. You must have heard how the heads of their followers were sent as presents unto different cities, how grievously they were hindered from that whereunto they were commanded. Each and every one of them fell a prey to the hands of the enemies of His Cause, and had to suffer whatsoever they decreed.

naninirahan sa kalupaan. Tulad ng Kaniyang ipinahayag: “Sa araw na iyon ang kalangitan ay mabibiyak ng mga ulap.”⁵⁸ Tulad nang hinadlangan ng mga ulap ang mga tao na mamasdan ang araw, gayundin na hinahadlangan ng mga ito ang mga kaluluwa ng mga tao upang makilala ang liwanag ng banal na Tagapagdala ng Liwanag. Dito ay sumasaksi yaong lumabas mula sa bibig ng mga hindi naniniwala sa Diyos tulad ng ipinahayag sa banal na Aklat: “At kanilang sinabi: ‘Anong uri ng apostol ito? Siya ay kumakain ng pagkain, at naglalakad sa mga lansangan. Hangga’t hindi isang anghel ang ipadadala at gampanan ang Kaniyang mga babala, kami ay hindi maniniwala.’”⁵⁹ Ang ibang mga Propeta, gayundin, ay dumanas ng paghihirap at mga dalamhati, ng gutom, at sa mga sakit at mga pangyayari ng daigdig na ito. Dahil sa ang mga banal na Katauhan na ito ay nasa ilalim ng gayong mga pangangailangan at mga kagustuhan, ang mga tao, dahil dito, ay nawala sa mga kaparangan ng mga pangamba at mga pag-aalinlangan, at pinahirapan ng kalituhan at linggatong. Paano, kanilang ipinagtaka, na ang isang gayong tao ay maipapadala mula sa Diyos, igigiit ang Kaniyang pangingibabaw sa lahat ng mga sambayanan at mga kaanak ng kalupaan, at aangkinin para sa Kaniyang Sarili ang pagiging hangarin ng buong sangnilikha—tulad ng sinabi Niya: “Kung hindi sa Iyo, hindi Ko nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa kalupaan,”—ngunit nasasailalim sa gayong hindi mahahalagang bagay? Tiyak na naipaalam na sa iyo ang tungkol sa mga pagdurusa, karukhaan, mga karamdaman, at hamak na pamumuhay na dinanas ng bawat Propeta ng Diyos at ng Kaniyang mga kasamahan. Maaaring iyong narinig kung paanong ang mga pinuno ng mga sumusunod sa kanila ay ipinadala bilang handog sa iba’t ibang lungsod, kung gaano katindi ang paghadlang sa kanila mula roon sa ipinag-utos sa kanila. Bawat isa at lahat sa kanila ay bumagsak bilang isang biktima sa mga kamay ng mga kaaway ng Kaniyang Kapakanan, at kinailangang pagdusahan ang anumang inihatol nila.

⁵⁸ Qur’án 25:25

⁵⁹ Qur’án 25:7

It is evident that the changes brought about in every Dispensation constitute the dark clouds that intervene between the eye of man's understanding and the divine Luminary which shineth forth from the dayspring of the divine Essence. Consider how men for generations have been blindly imitating their fathers, and have been trained according to such ways and manners as have been laid down by the dictates of their Faith. Were these men, therefore, to discover suddenly that a Man, Who hath been living in their midst, Who, with respect to every human limitation, hath been their equal, had risen to abolish every established principle imposed by their Faith—principles by which for centuries they have been disciplined, and every opposer and denier of which they have come to regard as infidel, profligate and wicked—they would of a certainty be veiled and hindered from acknowledging His truth. Such things are as “clouds” that veil the eyes of those whose inner being hath not tasted the Salsabíl of detachment, nor drunk from the Kawthar of the knowledge of God. Such men, when acquainted with these circumstances, become so veiled that without the least question, they pronounce the Manifestation of God an infidel, and sentence Him to death. You must have heard of such things taking place all down the ages, and are now observing them in these days.	81. Maliwanag na ang mga pagbabagong naganap sa bawat Dispensasyon ay binubuo ng madidilim na ulap na nakapagitan sa mata ng pang-unawa ng tao at ng banal na Tagapagdala ng Liwanag na sumisikat mula sa pamimitak ng banal na Diwa. Limiin kung paanong ang mga tao sa nakalipas na henerasyon ay naging bulag na ginaya ang kanilang mga ama, at sinanay sa gayong mga gawi at mga pamamaraan na isinagawa dahil sa mga utos ng kanilang Pananampalataya. Samakatwid, kung biglang matutuklasan ng mga taong ito na isang Tao, na namumuhay sa gitna nila, na, kung tungkol sa lahat ng pantaong hangganan, ay naging kapantay nila, ang nagbangon upang bigyang-wakas ang bawat itinatag na simulaing iginiit ng kanilang Pananampalataya—mga simulaing sa mga siglo ay nagdisiplina sa kanila, at bawat sumasalungat at tumatanggi ay kanilang itinuring bilang hindi naniniwala sa Diyos, walang hiya, at napakasama—walang alinlangan na sila ay nalalambungan at nahahadlangan sa pagtanggap ng Kaniyang katotohanan. Ang ganoong mga bagay ay tulad ng “mga ulap” na lumalambong sa mga mata nila na ang panloob na buhay ay hindi nakatikim ng Salsabíl ng pagkatiwalag, ni hindi nakainom mula sa Kawthar ng kaalaman ng Diyos. Ang ganoong mga tao, kapag napag-alaman ang mga pangyayaring ito, ay nagiging lubhang nalambungan ng walang bahid ng alinlangan, ay ipahahayag nila ang Kahayagan ng Diyos na isang tao na hindi naniniwala sa Diyos, at hahatulan Siya ng kamatayan. Maaaring iyong narinig na ang gayong mga bagay na nagaganap sa lahat ng nakaraang panahon, at ngayon ay napapansin ang mga iyon sa mga araw na ito.
It behooveth us, therefore, to make the utmost endeavor, that, by God's invisible assistance, these dark veils, these clouds of Heaven-sent trials, may not hinder us from beholding the beauty of His shining Countenance, and that we may recognize Him only by His own Self. And should we ask for a testimony of His truth, we should content ourselves with one, and only one, that thereby we may attain unto Him Who is the Fountainhead of infinite grace, and in Whose presence all the world's abundance fadeth into	82. Nararapat sa atin, samakatwid, na gawin ang sukdulang pagpupunyagi, upang sa hindi nakikitang tulong ng Diyos, ang madidilim na lambong na ito, ang mga ulap na itong ipinadala mula sa Kalangitan ng mga pagsubok, ay harinawang hindi tayo mahadlangang mamasdan ang kagandahan ng Kaniyang nagliliwanag na Mukha, at upang makilala natin Siya sa Kaniyang sarili Mismo. At kung hihingiin natin ang katibayan ng Kaniyang katotohanan, dapat nating pagkasiyahan ang ating mga sarili sa isa, at isa lamang; upang sa gayon ay makarating sa Kaniya na Punong-bukal ng walang-hanggang pagpapala, at sa Kaniyang

nothingness, that we may cease to cavil at Him every day and to cleave unto our own idle fancy.	kinaroroonan ang lahat ng kasaganaan ng daigdig ay mapapawi hanggang sa kawalan, upang nawa’y ihinto natin ang pamimintas sa Kaniya araw-araw at upang mapahiwalay sa ating sariling mga walang-saysay na guniguni.
Gracious God! Notwithstanding the warning which, in marvelously symbolic language and subtle allusions, hath been uttered in days past, and which was intended to awaken the peoples of the world and to prevent them from being deprived of their share of the billowing ocean of God’s grace, yet such things as have already been witnessed have come to pass! Reference to these things hath also been made in the Qur’án, as witnessed by this verse: “What can such expect but that God should come down to them overshadowed with clouds?”⁶⁰ A number of the divines, who hold firmly to the letter of the Word of God, have come to regard this verse as one of the signs of that expected resurrection which is born of their idle fancy. This, notwithstanding the fact that similar references have been made in most of the heavenly Books, and have been recorded in all the passages connected with the signs of the coming Manifestation.	83. Mapagpalang Diyos! Sa kabila ng babala na, sa kamangha-mangha at makahulugang pananalita at mahiwagang mga pahiwatig, ay sinabi sa mga araw ng nakaraan, at sinadya upang gisingin ang mga tao ng daigdig at upang hindi sila mapagkaitan ng kanilang bahagi sa dumadaluyong na karagatan ng pagpapala ng Diyos, subalit ang gayong mga bagay na nasaksihan na ay naganap! Ang pagtukoy sa mga bagay na ito ay ginawa rin sa Qur’án, na pinagtibay ng bersikulong ito: “Ano ang ganoong maaaring asahan kundi na ang Diyos ay mamarapating bumababa sa kanila na nalililiman ng mga ulap?”⁶⁰ Isang bilang ng mga teologo, na nangangapit nang mahigpit sa titik ng Salita ng Diyos, ay nagawang ipalagay ang bersikulong ito bilang isa sa mga palatandaan ng hinihintay na muling-pagkabuhay na nilikha ng kanilang walang-saysay na guniguni. Ito, sa kabila ng totoong pangyayari na ang katulad na mga pagtukoy ay ginawa sa karamihan ng makalangit na mga Aklat, at naitala sa lahat ng mga sipi na may kaugnayan sa mga palatandaan ng darating na Kahayagan.
Likewise, He saith: “On the day when the heaven shall give out a palpable smoke, which shall enshroud mankind: this will be an afflictive torment.”⁶¹ The All-Glorious hath decreed these very things that are contrary to the desires of wicked men to be the touchstone and standard whereby He proveth His servants, that the just may be known from the wicked, and the faithful distinguished from the infidel. The symbolic term “smoke” denotes grave dissensions, the abrogation and demolition of recognized standards, and the utter destruction of their narrow-minded exponents. What smoke more dense and overpowering than the one which hath now enshrouded all the peoples of the world, which hath become a torment unto them, and	84. Gayundin, sinasabi Niya: “Sa araw na kapag ang kalangitan ay magbibigay ng malinaw na usok, na babalot sa sangkatauhan: ito ay magiging isang kahapis-hapis na kaparusahan.”⁶¹ Ipinag-utos ng Lubos na Maluwalhati ang mismong mga bagay na ito, na salungat sa mga hangarin ng makasalanang mga tao, upang maging uriang-bato at pamantayan sa pagsubok Niya sa Kaniyang mga tagapaglingkod, nang ang makatarungan ay makilala mula sa masama, at ang matapat ay matatangi mula sa hindi naniniwala sa Diyos. Ang makahulugang katawagan na “usok” ay nangangahulugan ng malubhang mga pagtatalo, ng pagpapawalang-bisa at pagwasak sa kinikilalang mga pamantayan, at ng ganap na pagsira sa kanilang mga tagapagtaguyod na makikitid ang isipan. Anong usok ang higit na makapal at nakagagahis kaysa sa roon sa

⁶⁰ Qur’án 2:210

⁶¹ Qur’án 44:10

from which they hopelessly fail to deliver themselves, however much they strive? So fierce is this fire of self burning within them, that at every moment they seem to be afflicted with fresh torments. The more they are told that this wondrous Cause of God, this Revelation from the Most High, hath been made manifest to all mankind, and is waxing greater and stronger every day, the fiercer groweth the blaze of the fire in their hearts. The more they observe the indomitable strength, the sublime renunciation, the unwavering constancy of God's holy companions, who, by the aid of God, are growing nobler and more glorious every day, the deeper the dismay which ravageth their souls. In these days, praise be to God, the power of His Word hath obtained such ascendancy over men, that they dare breathe no word. Were they to encounter one of the companions of God who, if he could, would, freely and joyously, offer up ten thousand lives as a sacrifice for his Beloved, so great would be their fear, that they forthwith would profess their faith in Him, whilst privily they would vilify and execrate His name! Even as He hath revealed: "And when they meet you, they say, 'We believe'; but when they are apart, they bite their fingers' ends at you, out of wrath. Say: 'Die in your wrath!' God truly knoweth the very recesses of your breasts."⁶²	bumabalot ngayon sa lahat ng mga tao ng daigdig, na naging isang pagpapahirap sa kanila, at mula rito ay walang pag-asang nabigo upang iligtas ang kanilang mga sarili, gaanuman katindi ang kanilang pagpupunyagi? Lubhang mabangis ang apoy na ito na nagliliyab sa loob ng sarili nila, na sa bawat sandali ay waring nagdurusa sila ng panibagong mga paghihirap. Habang higit silang sinasabihan na ang kamangha-manghang Kapakanan ng Diyos na ito, ang Rebelasyong ito mula sa Pinakamataas, ay ginawang mahayag sa buong sangkatauhan, at higit na lumalaki at higit na lumalakas ang tindi araw-araw, higit na nagiging mabangis ang paglaki ng liyab ng apoy sa kanilang mga puso. Habang higit nilang namamasdan ang hindi nagagaping lakas, ang kahanga-hangang pagtalikod, ang hindi nag-aatubuling kataimtiman ng mga banal na kasamahan ng Diyos, na, sa tulong ng Diyos, ay lalong nagiging dakila at higit na maluwalhati araw-araw, higit na lumalalim ang sindak na dumadaluyong sa kanilang mga kaluluwa. Sa mga araw na ito, purihin ang Diyos, ang kapangyarihan ng Salita Niya ay nakapagtamo ng gayong pangingibabaw sa mga tao na sila ay hindi nangahas na bumulong ng anumang salita. Kung makatatagpo nila ang isa sa mga kasamahan ng Diyos na, kung magagawa niya, nang malaya at maligaya, ay iaalay nang lubos ang sampung libong mga buhay bilang isang pagpapakasakit sa Kaniyang Pinakamamahal, lubhang magiging matindi ang kanilang takot, na kapagdaka ay ipahahayag nila ang kanilang pagsasampalataya sa Kaniya, samantalang palihim nilang aalipustain at isusumpa ang Pangalan Niya! Tulad ng ipinahayag Niya: "At kapag nakatagpo nila ikaw, kanilang sinasabi, 'Kami ay naniniwala'; ngunit kapag sila ay napalayo, kanilang kinakagat ang dulo ng kanilang mga daliri, nang dahil sa poot. Sabihin: 'Mamamatay kayo sa inyong poot!'"⁶² Tunay na alam ng Diyos ang mga kasuluk-sulukan ng inyong mga dibdib."
Ere long, thine eyes will behold the standards of divine power unfurled throughout all regions, and the signs of His triumphant might and sovereignty manifest in every land. As most of the divines have failed to apprehend the meaning	85. Hindi maglalaon, ang iyong mga mata ay mamamasdan ang mga watawat ng banal na kapangyarihan na nakawagayway sa lahat ng dako ng buong kalupaan at ang mga palatandaan ng Kaniyang matagumpay na lakas at dakilang kapangyarihan na

⁶² Qur'án 3:119

of these verses, and have not grasped the significance of the Day of Resurrection, they therefore have foolishly interpreted these verses according to their idle and faulty conception. The one true God is My witness! Little perception is required to enable them to gather from the symbolic language of these two verses all that We have purposed to propound, and thus to attain, through the grace of the All-Merciful, the resplendent morn of certitude. Such are the strains of celestial melody which the immortal Bird of Heaven, warbling upon the Sadrih of Bahá, poureth out upon thee, that, by the permission of God, thou mayest tread the path of divine knowledge and wisdom.	hayag sa bawat lupain. Dahil sa ang karamihan sa mga teologo ay nabigong maintindihan ang kahulugan ng mga bersikulong ito, at hindi naunawaan ang kahalagahan ng Araw ng Muling Pagkabuhay, sila samakatwid ay may kahangalang ipinaliwanag ang mga bersikulong ito sang-ayon sa kanilang walang-saysay at maling palagay. Ang iisang tunay na Diyos ay ang Aking saksi! Kaunting pagkaunawa ang kinakailangan upang magawa nilang tipunin mula sa makahulugang pananalita ng dalawang bersikulong ito ang lahat ng Aming nilayong ipaliwanag, upang sa gayon ay marating, sa pamamagitan ng pagpapala ng Lubos na Mahabagin, ang maningning na umaga ng katiyakan. Gayon ang mga himig ng makalangit na melodiya na ang walang-kamatayang Ibon ng Kalangitan, umaawit sa Sadrih ng Bahá, ay ibinubuhos sa iyo, na, sa kapahintulutan ng Diyos, harinawa ay iyong taluntunin ang landas ng banal na kaalaman at karunungan.
And now, concerning His words: “And He shall send His angels....” By “angels” is meant those who, reinforced by the power of the spirit, have consumed, with the fire of the love of God, all human traits and limitations, and have clothed themselves with the attributes of the most exalted Beings and of the Cherubim. That holy man, Šádiq,⁶³ in his eulogy of the Cherubim, saith: “There stand a company of our fellow-Shí’íhs behind the Throne.” Divers and manifold are the interpretations of the words “behind the Throne.” In one sense, they indicate that no true Shí’íhs exist. Even as he hath said in another passage: “A true believer is likened unto the philosopher’s stone.” Addressing subsequently his listener, he saith: “Hast thou ever seen the philosopher’s stone?” Reflect, how this symbolic language, more eloquent than any speech, however direct, testifieth to the nonexistence of a true believer. Such is the testimony of Šádiq. And now consider, how unfair and numerous are those who, although they themselves have failed to inhale the fragrance of belief, have condemned	86, At ngayon, tungkol sa Kaniyang mga salita: “At ipadadala Niya ang Kaniyang mga anghel....” Ang “mga anghel” ay nangangahulugang sila na, pinalakas ng kapangyarihan ng espiritu, ay tinupok, sa pamamagitan ng apoy ng pag-ibig ng Diyos, ang lahat ng mga katangian at mga hangganan ng tao, at dinamitan ang kanilang mga sarili ng mga katangian ng pinakadakilang mga Katauhan at ng Querubin. Ang banal na taong iyon, si Šádiq,⁶³ sa Kaniyang mataas na papuri sa Querubin, ay sinasabi: “May nakatayo na isang pangkat ng ating mga kapwa-Shí’ih sa likod ng Trono.” Magkakaiba at napakarami ang mga pagpapakahulugan ng mga salitang “sa likod ng Trono.” Sa isang dako, tinutukoy nito na walang tunay na mga Shí’ih ang nananatili. Tulad ng Kaniyang sinabi sa isa pang sipi: “Ang tunay na mananampalataya ay itinutulad sa bato ng pilosopo.” Sa pagsasalita sa dakong huli sa kaniyang tagapakinig, sinasabi niya: “Nakakita ka ba kailanman ng bato ng pilosopo?” Magnilay-nilay, kung paanong ang makahulugang wika na ito, higit na maganda ang pananalita kaysa alinmang talumpati, gaanumang tahasan, ay nagpapatunay na walang nabubuhay na isang tunay na mananampalataya. Ganoon ang pagpapatunay ni Šádiq. At ngayon ay isaalang-alang, gaano ang

⁶³ Ang ikaanim na Imám ng mga Shí’ih

as infidels those by whose word belief itself is recognized and established.	kawalang-katarungan at napakarami yaong, kahiman sila mismo ay nabigo upang malanghap ang halimuyak ng paniniwala, ay hinatulan na mga hindi naniniwala sa Diyos noong ang salitang paniniwala mismo ay tinanggap at itinatag.
And now, inasmuch as these holy beings have sanctified themselves from every human limitation, have become endowed with the attributes of the spiritual, and have been adorned with the noble traits of the blessed, they therefore have been designated as “angels.” Such is the meaning of these verses, every word of which hath been expounded by the aid of the most lucid texts, the most convincing arguments, and the best established evidences.	87. At ngayon, sa kadahilanang ang mga banal na nilalang na ito ay pinaging-banal ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng pantaong hangganan, pinagkalooban ng mga katangiang espiritwal, at pinalamutihan ng mga marangal na katangian ng pinagpala, sila samakatwid ay hinirang bilang “mga anghel.” Ganoon ang kahulugan ng mga bersikulong ito, na bawat salita ay ipinaliwanag sa tulong ng lubos na kapani-paniwalang mga katwiran, at ang pinakamahasay na naitatag na mga katibayan.
As the adherents of Jesus have never understood the hidden meaning of these words, and as the signs which they and the leaders of their Faith have expected have failed to appear, they therefore refused to acknowledge, even until now, the truth of those Manifestations of Holiness that have since the days of Jesus been made manifest. They have thus deprived themselves of the outpourings of God’s holy grace, and of the wonders of His divine utterance. Such is their low estate in this, the Day of Resurrection! They have even failed to perceive that were the signs of the Manifestation of God in every age to appear in the visible realm in accordance with the text of established traditions, none could possibly deny or turn away, nor would the blessed be distinguished from the miserable, and the transgressor from the God-fearing. Judge fairly: Were the prophecies recorded in the Gospel to be literally fulfilled; were Jesus, Son of Mary, accompanied by angels, to descend from the visible heaven upon the clouds; who would dare to disbelieve, who would dare to reject the truth, and wax disdainful? Nay, such consternation would immediately seize all the dwellers of the earth that no soul would feel able to utter a word, much less to reject or accept the truth. It was	88. Dahil ang mga sumusunod kay Jesus ay hindi kailanman naunawaan ang natatagong kahulugan ng mga salitang ito, at dahil sa ang mga palatandaang inaasahan nila at ng mga pinuno ng kanilang Pananampalataya ay nabigong magpakita, sila samakatwid ay tumangging tanggapin, kahit hanggang ngayon, ang katotohanan noong mga Kahayagan ng Kabanalan na ginawang mahayag simula pa sa mga araw ni Jesus. Sa gayon, pinagkaitan nila ang kanilang mga sarili ng mga pagbuhos ng banal na pagpapala ng Diyos, at ng mga himala ng Kaniyang banal na pananalita. Ganoon ang kanilang mababang katayuan dito, sa Araw ng Muling Pagkabuhay! Nabigo pa rin silang maunawaan na ang mga palatandaan ng mga Kahayagan ng Diyos sa bawat panahon ay lilitaw sa nakikitang kaharian sang-ayon sa mga teksto ng naitatag na mga tradisyon, walang sinuman ang maaaring tumanggi o bumaling palayo, ni hindi makikilala ang kaibahan ng pinagpala mula sa kahabag-habag, at ang makasalanan mula sa may takot sa Diyos. Maghatol nang makatarungan: Kung ang mga hula na itinala sa Ebanghelyo ay literal na matutupad; kung si Jesus na Anak ni Maria, sinamahan ng mga anghel, ay bababa mula sa nakikitang kalangitan sa ibabaw ng mga ulap; sino ang mangangahas na hindi maniwala, sino ang mangangahas na itakwil ang katotohanan, at magiging mapanghamak? Hindi lamang iyon, kaagad na sasakmalin ng gayong panghihilakbot ang lahat ng mga

owing to their misunderstanding of these truths that many a Christian divine hath objected to Muḥammad, and voiced his protest in such words: “If Thou art in truth the promised Prophet, why then art Thou not accompanied by those angels our sacred Books foretold, and which must needs descend with the promised Beauty to assist Him in His Revelation and act as warners unto His people?” Even as the All-Glorious hath recorded their statement: “Why hath not an angel been sent down to Him, so that he should have been a warner with Him?”⁶⁴	naninirahan sa kalupaan na walang kaluluwa ay mararamdamang may kakayahang bumigkas ng isang salita, gaano pa ang tanggihan o tanggapin ang katotohanan. Dahil sa kanilang maling pagkaunawa sa mga katotohanang ito na marami sa Kristiyanong teologo ang tinutulan si Muḥammad, at sinabi ang kanilang pagtutol sa gayong mga salita: “Kung Ikaw nga ang tunay na ipinangakong Propeta, kung gayon bakit Ikaw ay hindi sinamahan ng mga anghel na iyon na binanggit sa aming mga banal na Aklat, at nararapat na bumaba nang kasama ang ipinangakong Kagandahan upang tulungan Siya sa Kaniyang Rebelasyon at kumilos bilang mga tagapagbabala sa Kaniyang mga tao?” Tulad ng itinala ng Lubos na Maluwalhati ang kanilang pahayag: “Bakit kahit isang anghel ay hindi ipinadala sa Kaniya, upang sa ganoon siya ay naging isang tagapagbabala na kasama Niya?”⁶⁴
Such objections and differences have persisted in every age and century. The people have always busied themselves with such specious discourses, vainly protesting: “Wherefore hath not this or that sign appeared?” Such ills befell them only because they have clung to the ways of the divines of the age in which they lived, and blindly imitated them in accepting or denying these Essences of Detachment, these holy and divine Beings. These leaders, owing to their immersion in selfish desires, and their pursuit of transitory and sordid things, have regarded these divine Luminaries as being opposed to the standards of their knowledge and understanding, and the opponents of their ways and judgments. As they have literally interpreted the Word of God, and the sayings and traditions of the Letters of Unity, and expounded them according to their own deficient understanding, they have therefore deprived themselves and all their people of the bountiful showers of the grace and mercies of God. And yet they bear witness to this well-known tradition: “Verily Our Word is abstruse, bewilderingly abstruse.” In another instance, it is said: “Our Cause is sorely trying,	89. Ang gayong mga pagtutol at mga pagkakaiba ay ipinagpipilitan sa bawat panahon at siglo. Ang mga tao ay palaging abala sa kanilang mga sarili nang may gayong paimbabaw na mga talakayan, buong kapalaluan tumututol: “Sa anong dahilan na ang ganito o ang ganoong palatandaan ay hindi nagpakita?” Ang gayong mga kasamaan ay sinapit nila dahil lamang sa sila ay nangapit sa mga pamamaraan ng mga teologo noong panahon na nabubuhay sila, at may pagkabulag na ginaya sila sa pagtanggap o pagtatatwa sa mga Diwa ng Pagtiwalag na ito, ang mga banal at dakilang mga Katauhan. Ang mga pinunong ito, nang dahil sa kanilang pagkalubog sa makasariling mga pagnanasa, at sa kanilang paghanap sa pansamantala at nakaririmarim na mga bagay, ay ipinalagay ang mga banal na Tagapagdala ng Liwanag na ito bilang salungat sa mga pamantayan ng kanilang kaalaman at pagkaunawa, at mga kalaban ng kanilang mga kagawian at kuro-kuro. Dahil sa literal na pagpapaliwanag nila sa Salita ng Diyos, at ng mga kasabihan at mga tradisyon ng mga Titik ng Kaisahan, at ipinaliwanag ang mga iyon sang-ayon sa kanilang sariling kakapusan ng pang-unawa, pinagkaitan nila samakatwid ang kanilang mga sarili at lahat ng kanilang mga tao ng masaganang mga ambon ng mga pagpapala at mga habag ng Diyos.

⁶⁴ Qur’án 25:7

highly perplexing; none can bear it except a favorite of heaven, or an inspired Prophet, or he whose faith God hath tested.” These leaders of religion admit that none of these three specified conditions is applicable to them. The first two conditions are manifestly beyond their reach; as to the third, it is evident that at no time have they been proof against those tests that have been sent by God, and that when the divine Touchstone appeared, they have shown themselves to be naught but dross.	At gayumpaman sila ay sumasaksi rito sa alam na alam na tradisyon: “Sa katotohanan ang Aming salita ay mahirap unawain, nakatatarantang mahirap unawain.” Sa isa pang pagkakataon, sinabi ito: “Ang Aming Kapakanan ay lubhang mahirap, labis na nakagugulo sa isipan; walang sinuman ang may kakayahang taglayin ito liban doon sa isang itinatangi ng kalangitan, o isang binigyang inspirasyon ng Propeta, o siya na ang pagsasampalataya sa Diyos ay nasubok na.” Ang mga pinunong ito ng relihiyon ay inaaming walang alinman sa tatlong tinukoy na mga kalagayan ang naaangkop sa kanila. Ang unang dalawang kalagayan ay lantarang malayong hindi nila maaabot; tungkol sa ikatlo, malinaw na sa anumang panahon sila ay napatunayang hindi kayang tanggapin ang mga pagsubok na ipinadala ng Diyos, at kapag ang banal na Pagsubok ay lumitaw, ipinakita nila ang kanilang mga sarili na wala kundi dumi.
Great God! Notwithstanding their acceptance of the truth of this tradition, these divines who are still doubtful of, and dispute about, the theological obscurities of their faith, yet claim to be the exponents of the subtleties of the law of God, and the expounders of the essential mysteries of His holy Word. They confidently assert that such traditions as indicate the advent of the expected Qá’im have not yet been fulfilled, whilst they themselves have failed to inhale the fragrance of the meaning of these traditions, and are still oblivious of the fact that all the signs foretold have come to pass, that the way of God’s holy Cause hath been revealed, and the concourse of the faithful, swift as lightning, are, even now, passing upon that way, whilst these foolish divines wait expecting to witness the signs foretold. Say, O ye foolish ones! Wait ye even as those before you are waiting!	90. Dakilang Diyos! Sa kabila ng kanilang pagtanggap sa katotohanan ng tradisyong ito, ang mga teologong ito na nag-aalinlangan pa rin sa, at nakikipagtalo tungkol sa, panteolohiyang mga kalabuan ng kanilang pananampalataya, ay inaako pa rin ang pagiging mga tagapagtaguyod ng mga hiwaga ng batas ng Diyos, at ang mga tagapagpaliwanag ng pangunahing mga kahiwagaan ng Kaniyang banal na Salita. Matiwalang iginigiit nila na ang gayong mga tradisyon na nagbabadya sa pagsapit ng inaasahang Qá’im ay hindi pa natutupad, samantalang sila mismo ay nabigong langhapin ang halimuyak ng kahulugan ng mga tradisyong ito, at hindi alumana ang katotohanang lahat ng mga palatandaang ipinangako ay naganap na, na ang landas sa banal na Kapakanan ng Diyos ay nahayag na, at ang kalipunan ng matatapat, kasimbilis ng kidlat, kahit ngayon, ay nagdaraan sa landas na iyon, samantalang ang mga hangal na mga teologong ito ay buong pag-aasam na naghihintay upang masaksihan ang mga palatandaang ipinangako: Sabihin, O kayong mga hangal! Maghihintay kayo tulad ng yaong mga nauna sa inyo ay naghihintay pa rin!
Were they to be questioned concerning those signs that must needs herald the revelation and rise of the sun of the Muḥammadan	91. Kung sila ay tatanungin tungkol sa mga palatandaang iyon na dapat magbalita sa pagpapahayag at pagsikat ng araw ng Dispensasyon ni Muḥammad, na

Dispensation, to which We have already referred, none of which have been literally fulfilled, and were it to be said to them: “Wherefore have ye rejected the claims advanced by Christians and the peoples of other faiths and regard them as infidels,” knowing not what answer to give, they will reply: “These Books have been corrupted and are not, and never have been, of God.” Reflect: the words of the verses themselves eloquently testify to the truth that they are of God. A similar verse hath been also revealed in the Qur’án, were ye of them that comprehend. Verily I say, throughout all this period they have utterly failed to comprehend what is meant by corrupting the text.	Amin nang tinukoy, walang alinman ang natupad nang literal, at kung sasabihin sa kanila: “Sa anong kadahilanan na tinanggihan ninyo ang mga pahayag na isinulong ng mga Kristiyano at ng mga tao ng ibang mga pananampalataya at itinuring sila bilang mga hindi naniniwala sa Diyos,” nang hindi malaman kung ano ang sagot na ibibigay, sila ay tutugon: “Ang mga Aklat na ito ay pinasama at hindi, at kailanman ay hindi, naging mula sa Diyos.” Nilay-nilayin: ang mga salita sa mga bersikulong ito mismo sa mahusay na pananalita ay nagpapatunay sa katotohanang ang mga iyon ay mula sa Diyos. Isang katulad na bersikulo ang ipinahayag din sa Qur’án, kung kayo ay kabilang sa kanila na nakauunawa. Sa katunayan Aking sinasabi, sa buong panahong ito sila ay ganap na nabigong maunawaan kung ano ang kahulugan ng pagpapasama sa teksto.
Yea, in the writings and utterances of the Mirrors reflecting the sun of the Muḥammadan Dispensation mention hath been made of “Modification by the exalted beings” and “alteration by the disdainful.” Such passages, however, refer only to particular cases. Among them is the story of Ibn-i-Şúríyá. When the people of Khaybar asked the focal center of the Muḥammadan Revelation concerning the penalty of adultery committed between a married man and a married woman, Muḥammad answered and said: “The law of God is death by stoning.” Whereupon they protested saying: “No such law hath been revealed in the Pentateuch.” Muḥammad answered and said: “Whom do ye regard among your rabbis as being a recognized authority and having a sure knowledge of the truth?” They agreed upon Ibn-i-Şúríyá. Thereupon Muḥammad summoned him and said: “I adjure thee by God Who clove the sea for you, caused manna to descend upon you, and the cloud to overshadow you, Who delivered you from Pharaoh and his people, and exalted you above all human beings, to tell us what Moses hath decreed concerning adultery between a married man and a married woman.” He made reply: “O Muḥammad! death by stoning is the	92. Tunay, sa mga kasulatan at mga pananalita ng mga Salaming naglalarawan sa araw ng Dispensasyon ni Muḥammad ginawa ang pagbanggit tungkol sa “Pagbabago ng dakilang mga tao” at “pagbabago ng mapanghamak.” Ang gayong mga sipi, gayumpaman, ay tumutukoy lamang sa natatanging mga pangyayari. Kabilang sa mga iyon ay ang kuwento ni Ibn-i-Şúríyá. Nang itinanong ng mga tao ng <u>K</u>haybar ang tumpulang sentro ng Rebelasyon ni Muḥammad tungkol sa kaparusahan sa pakikiapid sa pagitan ng isang lalaking may-asawa at isang babaeng may-asawa rin, si Muḥammad ay sumagot at sinabi: “Ang batas ng Diyos ay kamatayan sa pamamagitan ng pagpukol ng bato.” Kung kaya tumutol sila sa pagsabi ng: “Walang gayong batas na ipinahayag sa Pentateuch.” Si Muḥammad ay sumagot at sinabi: “Sino sa mga rabbi ninyo ang inyong itinuturing na gumaganap bilang isang kinikilalang maykapangyarihan at nagtataglay ng isang tiyak na kaalaman ng katotohanan?” Napagkasunduan nila na ito ay si Ibn-i-Şúríyá. Kapagdaka siya ay tinawag ni Muḥammad at sinabi: “Nakikiusap Ako sa ngalan ng Diyos na hinati ang karagatan para sa iyo, naging dahilan upang bumaba ang manna sa iyo, at ikaw ay maliliman ng ulap, na nagligtas sa iyo sa Paraon at ng kaniyang mga tao, at dinakila ka nang higit sa lahat ng mga tao, na sabihin sa amin kung ano ang ipinag-utos ni Moises tungkol sa pakikiapid sa pagitan ng isang

law.” Muḥammad observed: “Why is it then that this law is annulled and hath ceased to operate among the Jews?” He answered and said: “When Nebuchadnezzar delivered Jerusalem to the flames, and put the Jews to death, only a few survived. The divines of that age, considering the extremely limited number of the Jews, and the multitude of the Amalekites, took counsel together, and came to the conclusion that were they to enforce the law of the Pentateuch, every survivor who hath been delivered from the hand of Nebuchadnezzar would have to be put to death according to the verdict of the Book. Owing to such considerations, they totally repealed the penalty of death.” Meanwhile Gabriel inspired Muḥammad’s illumined heart with these words: “They pervert the text of the Word of God.”⁶⁵	lalaking may asawa at isang babaeng may asawa rin.” Tumugon siya: “O Muḥammad! sa pamamagitan ng pagpukol ng bato hanggang sa mamatay ay ang batas.” Nagbigay-pansin si Muḥammad: “Sa gayon bakit ang ganitong batas ay pinawalang-bisa at inihinto na pairalin sa mga Hudyo?” Siya ay sumagot at sinabi: “Nang dinala ni Nebuchadnezzar ang Jerusalem sa mga lagablab ng apoy, at pinatay ang mga Hudyo, iilan lamang ang nakaligtas. Ang mga teologo ng panahong iyon, isinaalang-alang ang lubhang maliit na bilang ng mga Hudyo, at ang napakalaking bilang ng mga Amalekite, ay sama-samang nagsanggunian, at napagpasiyahan nila na kung ipatutupad nila ang batas ng Pentateuch, lahat ng nabuhay na nakaligtas mula sa kamay ni Nebuchadnezzar ay kinakailangang patayin ayon sa pasiya sa Aklat. Dahil sa gayong mga pagsasaalang-alang, lubusang pinawalang-bisa ang parusa ng kamatayan.” Samantala binigyang-sigla ni Gabriel ang naliwanagang puso ni Muḥammad sa pamamagitan ng mga salitang ito: “Binigyan nila ng maling kahulugan ang teksto ng Salita ng Diyos.”⁶⁵
This is one of the instances that have been referred to. Verily by “perverting” the text is not meant that which these foolish and abject souls have fancied, even as some maintain that Jewish and Christian divines have effaced from the Book such verses as extol and magnify the countenance of Muḥammad, and instead thereof have inserted the contrary. How utterly vain and false are these words! Can a man who believeth in a book, and deemeth it to be inspired by God, mutilate it? Moreover, the Pentateuch had been spread over the surface of the earth, and was not confined to Mecca and Medina, so that they could privily corrupt and pervert its text. Nay, rather, by corruption of the text is meant that in which all Muslim divines are engaged today, that is the interpretation of God’s holy Book in accordance with their idle imaginings and vain desires. And as the Jews, in the time of Muḥammad, interpreted those verses of the Pentateuch that referred to His Manifestation	93. Ito ay isa sa tinukoy na mga pangyayari. Sa katunayan ang “pagbibigay ng maling kahulugan” sa teksto ay hindi nangangahulugan na yaong isinaisip nitong mga hangal at kahabag-habag na mga kaluluwa, kahit ang ilan ay pinanindigan na ang mga Hudyo at Kristiyanong teologo ang bumura mula sa Aklat ng gayong mga bersikulo na lubos na pinapurihan at dinakila ang anyo ni Muḥammad, at sa halip ay isiningit doon ang kabaligtaran. Lubos na walang-saysay at mali ang nangyaring isiningit ang kabaligtaran. Lubos na walang kabuluhan at mali ang mga salitang ito! Ang isang tao ba na naniniwala sa isang aklat at itinuturing ito na binigyang inspirasyon ng Diyos, ay sisirain ito? Bukod rito, ang Pentateuch ay lumaganap sa balat ng lupa, at hindi sa loob lamang ng Mecca at Medina, upang sa ganoon ay maaari nilang palihim na pasamain at bigyan ng maling kahulugan ang teksto nito. Hindi lamang iyon, sa halip, ang pagpapasama ng teksto ay nangangahulugan na ang pinagkakaabalahan ngayon ng lahat ng mga teologong Muslim ay ang pagpapaliwanag sa banal na Aklat ng Diyos ayon sa kanilang

⁶⁵ Qur’ān 4:45

after their own fancy, and refused to be satisfied with His holy utterance, the charge of “perverting” the text was therefore pronounced against them. Likewise, it is clear, how in this day, the people of the Qur’án have perverted the text of God’s holy Book, concerning the signs of the expected Manifestation, and interpreted it according to their inclination and desires.	walang-saysay na mga guniguni at walang-kapararakang mga hangarin. At habang ang mga Hudyo sa panahon ni Muhammad, ay ipinaliwanag ang mga bersikulong iyon ng Pentateuch, na tumutukoy sa Kaniyang Kahayagan, ayon sa kanilang sariling guniguni, at tumangging masiyahan sa Kaniyang banal na pananalita, ang paratang na “pagbibigay ng maling kahulugan” sa teksto sa gayon ay inihayag laban sa kanila. Gayundin, malinaw na, kung paanong sa araw na ito, ang mga tao ng Qur’án ay nagawang bigyan ng maling kahulugan ang teksto ng banal na aklat ng Diyos kaugnay ng mga palatandaan ng inaasahang Kahayagan, at ipinaliwanag ang mga ito ayon sa kanilang kagustuhan at mga hangarin.
In yet another instance, He saith: “A part of them heard the Word of God, and then, after they had understood it, distorted it, and knew that they did so.”⁶⁶ This verse, too, doth indicate that the meaning of the Word of God hath been perverted, not that the actual words have been effaced. To the truth of this testify they that are sound of mind.	94. Sa isa pang pagkakataon, sinabi Niya: “Isang bahagi sa kanila ay narinig ang Salita ng Diyos, at pagkatapos, pagkaraang naunawaan nila ito, ay binaligtad ito, at nabatid na iyon ay kanilang ginawa.”⁶⁶ Ang ganitong bersikulo rin ay ipinakikita na ang kahulugan ng Salita ng Diyos ay pinakialaman, nang hindi binubura ang tunay na mga salita. Sa katotohanan nito ay nagpapatunay yaong mga maliwanag ang isipan.
Again in another instance, He saith: “Woe unto those who, with their own hands, transcribe the Book corruptly, and then say: ‘This is from God,’ that they may sell it for some mean price.”⁶⁷ This verse was revealed with reference to the divines and leaders of the Jewish Faith. These divines, in order to please the rich, acquire worldly emoluments, and give vent to their envy and misbelief, wrote a number of treatises, refuting the claims of Muhammad, supporting their arguments with such evidences as it would be improper to mention, and claimed that these arguments were derived from the text of the Pentateuch.	95. Muli sa isa pang pagkakataon, sinabi Niya: “Pighati ang sasapit sa kanila na, sa sarili nilang mga kamay, ang Aklat ay kinopya nang mali, at pagkatapos ay sinasabi: ‘Ito ay mula sa Diyos,’ upang maipagbili nila ito sa murang halaga.”⁶⁷ Ang bersikulong ito ay ipinahayag nang may pagtukoy sa mga teologo at mga pinuno ng Pananampalatayang Hudyo. Ang mga teologong ito, sa hangaring masiyahan ang mayayaman, magkaroon ng makamundong mga bigay-pala, at upang maibulalas ang kanilang inggit at maling-paniniwala, ay sumulat ng isang bilang ng mga maanyong pagtatalakay, pinasisinungalingan ang mga pahayag ni Muhammad, itinataguyod ang kanilang mga pangangatwiran sa pamamagitan ng ganoong mga katibayang hindi na angkop banggitin, at ipinahayag na ang ganitong mga pangangatwiran ay nagmula sa teksto ng Pentateuch.
The same may be witnessed today. Consider how abundant are the denunciations written by the	96. Ang gayunding paraan ay masasaksihan ngayon. Isaalang-alang kung gaano kasagana ang mga

⁶⁶ Qur’án 2:75

⁶⁷ Qur’án 2:79

foolish divines of this age against this most wondrous Cause! How vain their imaginings that these calumnies are in conformity with the verses of God’s sacred Book, and in consonance with the utterances of men of discernment!	pagbatikos na isinulat ng mga hangal na pantas ng panahong ito laban dito sa lubos na kamangha-manghang Kapakanang ito! Ganap na walang-kabuluhan ng kanilang mga guniguni na ang mga paninirang-puri na ito ay naaalinsunod sa mga bersikulo ng banal na Aklat ng Diyos, at naaayon sa mga pananalita ng mga taong may pang-unawa!
Our purpose in relating these things is to warn you that were they to maintain that those verses wherein the signs referred to in the Gospel are mentioned have been perverted, were they to reject them, and cling instead to other verses and traditions, you should know that their words were utter falsehood and sheer calumny. Yea “corruption” of the text, in the sense We have referred to, hath been actually effected in particular instances. A few of these We have mentioned, that it may become manifest to every discerning observer that unto a few untutored holy Men hath been given the mastery of human learning, so that the malevolent opposer may cease to contend that a certain verse doth indicate “corruption” of the text, and insinuate that We, through lack of knowledge, have made mention of such things. Moreover, most of the verses that indicate “corruption” of the text have been revealed with reference to the Jewish people, were ye to explore the isles of Qur’anic Revelation.	97. Ang Aming layunin sa pagsasalaysay ng mga bagay na ito ay upang balaan ka na kung paninindigan nila na ang mga bersikulong iyon kung saan binanggit ang mga palatandaang tinukoy sa Ebanghelyo ay binigyan ng maling kahulugan, kung tatanggihan nila ang mga iyon, at sa halip ay mangangapit sa ibang mga bersikulo at mga tradisyon, dapat mong malaman na ang kanilang mga salita ay ganap na kasinungalingan at lubos na paninirang-puri. Oo ang “ang pagpapasama” ng teksto, sa diwa na Aming tinukoy, ay totoong naisagawa sa tiyak na mga pangyayari. Ilan sa mga ito ay Amin nang nabanggit, upang ito ay mahayag sa lahat ng nakahihiwatig na nagmamasid na sa ilang hindi naturuang mga banal na Tao ay ibinigay ang kadalubhasaan sa pantaong karunungan, upang sa ganoon ang tumututol na mapaghangad ng masama sa kapwa ay mapigil na mangatwiran na ang ilang bersikulo ay ipinakitang “pinasama” ang teksto, at ipinahiwatig na Kami, dahil sa kawalan ng kaalaman, ay binanggit ang gayong mga bagay. Bukod pa rito, karamihan sa mga bersikulong nagpapahiwatig na “pinasama” ang teksto ay ipinahayag nang may pagtukoy sa sambayanang Hudyo, kung iyong sasaliksikin ang mga pulo ng Rebelasyon ng Qur’án.
We have also heard a number of the foolish of the earth assert that the genuine text of the heavenly Gospel doth not exist amongst the Christians, that it hath ascended unto heaven. How grievously they have erred! How oblivious of the fact that such a statement imputeth the gravest injustice and tyranny to a gracious and loving Providence! How could God, when once the Daystar of the beauty of Jesus had disappeared from the sight of His people, and ascended unto the fourth heaven, cause His holy Book, His most great testimony amongst His	98. Narinig din Namin na isang bilang ng mga hangal sa kalupaan ay iginigiit na ang tunay na teksto ng makalangit na Ebanghelyo ay hindi umiral sa mga Kristiyano, na ito ay umakyat sa langit. Napakalubha ang kanilang pagkakamali! Lubhang hindi alumana ang katotohanan na ang gayong pangungusap ay nagpapatang ng pinakamalubhang kawalang-katarungan at kalupitan sa isang mabuting-loob at mapagmahal na Maykapal! Paano magagawa ng Diyos, na kapagdaka na ang Bituing-araw ng kagandahan ni Jesus ay naglaho mula sa paningin ng Kaniyang mga tao, at umakyat patungo sa ikaapat na

creatures, to disappear also? What would be left to that people to cling to from the setting of the daystar of Jesus until the rise of the sun of the Muhammadan Dispensation? What law could be their stay and guide? How could such people be made the victims of the avenging wrath of God, the omnipotent Avenger? How could they be afflicted with the scourge of chastisement by the heavenly King? Above all, how could the flow of the grace of the All-Bountiful be stayed? How could the ocean of His tender mercies be stilled? We take refuge with God, from that which His creatures have fancied about Him! Exalted is He above their comprehension!	kalangitan, ay naging sanhi rin ng paglalaho ng Kaniyang banal na Aklat, ang pinakadakilang katunayan Niya sa Kaniyang mga nilikha? Ano ang maiiwanan sa mga taong iyon na makakapitan sa paglubog ng bituing-araw ni Jesus hanggang sa pagsikat ng araw ng Dispensasyon ni Muhammad? Anong batas ang kanilang magiging suhay at patnubay? Paanong ang gayong mga tao ay magagawang maging mga biktima ng naghihiganting poot ng Diyos, ang makapangyarihang Tagapaghiganti? Paano sila maaaring magdanas ng hagupit ng kaparusahan ng makalangit na Hari? Higit sa lahat, paano mapamamalagi ang daloy ng pagpapala ng Lubos na Masagana? Paano mapipigil ang karagatan ng Kaniyang magiliw na mga habag? Kami ay nanganganlong sa Diyos, na mula roon sa naguniguni ng mga nilikha Niya tungkol sa Kaniya! Higit na marangal Siya kaysa sa kanilang pagkaunawa!
Dear friend! Now when the light of God's everlasting Morn is breaking; when the radiance of His holy words: "God is the light of the heavens and of the earth"⁶⁸ is shedding illumination upon all mankind; when the inviolability of His tabernacle is being proclaimed by His sacred utterance: "God hath willed to perfect His light",⁶⁹ and the Hand of omnipotence, bearing His testimony: "In His grasp He holdeth the kingdom of all things," is being outstretched unto all the peoples and kindreds of the earth; it behooveth us to gird up the loins of endeavor, that haply, by the grace and bounty of God, we may enter the celestial City: "Verily, we are God's," and abide within the exalted habitation: "And unto Him we do return." It is incumbent upon thee, by the permission of God, to cleanse the eye of thine heart from the things of the world, that thou mayest realize the infinitude of divine knowledge, and mayest behold Truth so clearly that thou wilt need no proof to demonstrate His reality, nor any evidence to bear witness unto His testimony.	99. Minamahal na kaibigan! Ngayon na kung kailan ang liwanag ng walang-katapusang Umaga ng Diyos ay namimitak; kung kailan ang ningning ng Kaniyang banal na mga salita: "Ang Diyos ang liwanag ng mga kalangitan at ng kalupaan"⁶⁸ ay nagsasabog ng kaliwanagan sa lahat ng sangkatauhan; kung kailan ang pagiging hindi malalabag na tabernakulo Niya ay ipinahahayag ang Kaniyang banal na pananalita: "Ang Diyos ay niloob na gawing ganap ang Kaniyang liwanag,"⁶⁹ at ang kamay ng kapangyarihan, taglay ang Kaniyang pagpapatunay: "Sa Kaniyang kamay ay hawak Niya ang kaharian ng lahat ng mga bagay" ay nakalahad sa lahat ng mga sambayanan at mga kaanak ng kalupaan; nararapat sa atin na bigkisan ang mga balakang ng pagpupunyagi, upang harinawang, sa pagpapala at biyaya ng Diyos, tayo ay makapasok sa makalangit na Lungsod: "Sa katunayan, tayo ay sa Diyos," at nananahan sa loob ng dakilang tahanan: "At sa Kaniya tayo ay bumabalik." Iyong tungkulin, sa kapahintulutan ng Diyos, na linisin ang mata ng iyong puso mula sa mga bagay ng daigdig, upang nawa'y iyong maunawaan ang kawalang-hanggan ng banal na kaalaman, at nawa'y mamasdan ang katotohanan nang ganap na malinaw na ikaw ay hindi mangangailangan ng

⁶⁸ Qur'án 24:35

⁶⁹ Qur'án 9:33

	katibayan upang patunayan ang Kaniyang ganap na katotohanan, ni anumang katibayan upang saksihan ang Kaniyang pagpapatunay.
O affectionate seeker! Shouldst thou soar in the holy realm of the spirit, thou wouldst recognize God manifest and exalted above all things, in such wise that thine eyes would behold none else but Him. “God was alone; there was none else besides Him.” So lofty is this station that no testimony can bear it witness, neither evidence do justice to its truth. Wert thou to explore the sacred domain of truth, thou wilt find that all things are known only by the light of His recognition, that He hath ever been, and will continue forever to be, known through Himself. And if thou dwellest in the land of testimony, content thyself with that which He, Himself, hath revealed: “Is it not enough for them that We have sent down unto Thee the Book?”⁷⁰ This is the testimony which He, Himself, hath ordained; greater proof than this there is none, nor ever will be: “This proof is His Word; His own Self, the testimony of His truth.”	100. O mapagmahal na nagsasaliksik! Kung ikaw ay papailanlang sa banal na kaharian ng espiritu, iyong makikilala ang Diyos nang higit na hayag at dakila sa lahat ng bagay, sa gayong gawi na ang iyong mga mata ay walang ibang mamamasdan liban sa Kaniya. “Ang Diyos ay nag-iisa; walang iba liban sa Kaniya.” Lubhang mataas ang katayuang ito na walang pagpapatunay ang maaaring makapagbigay saksi rito, ni makagagawa ang katibayan ng katarungan sa katotohanan nito. Kung iyong sasaliksikin ang banal na larangan ng katotohanan, iyong matatagpuan na ang lahat ng bagay ay nalalaman lamang sa pamamagitan ng liwanag ng pagkilala sa Kaniya, na Siya kailanman ay naging, at kailanman ay walang hanggang patuloy na magiging, nakikilala sa pamamagitan ng Sarili Niya Mismo. At kung ikaw ay naninirahan sa lupain ng pagpapatunay, malugod ang iyong sarili roon sa ipinahayag Niya, ng Kaniyang Sarili Mismo: “Hindi pa ba sapat sa kanila na ipinadala Namin sa Iyo ang Aklat?”⁷⁰ Ito ang pagpapatotoo na itinadhana Niya, ng Kaniyang Sarili Mismo; tunay na wala nang hihigit pang katibayan kaysa sa rito, ni hindi kailanman magiging: “Ang katibayan nito ay ang Kaniyang Salita; ang Kaniyang sarili Mismo, ang pagpapatunay sa Kaniyang Katotohanan.”
And now, We beseech the people of the Bayán, all the learned, the sages, the divines, and witnesses amongst them, not to forget the wishes and admonitions revealed in their Book. Let them, at all times, fix their gaze upon the essentials of His Cause, lest when He, Who is the Quintessence of truth, the inmost Reality of all things, the Source of all light, is made manifest, they cling unto certain passages of the Book, and inflict upon Him that which was inflicted in the Dispensation of the Qur’án. For, verily, powerful is He, the King of divine might, to extinguish with one letter of His wondrous words, the	101. At ngayon, Kami ay sumasamo sa mga tao ng Bayán, sa lahat ng marurunong, sa mga pantas, sa mga teologo, at sa mga saksi na kabilang sa kanila, na huwag limutin ang mga hangarin at mga babala na ipinahayag sa kanilang Aklat. Tulutan sila, sa lahat ng oras, na ituon ang kanilang paningin sa mga pangunahing pangangailangan ng Kapakanan Niya, na baka kung Siya, na Dalisay na Buod ng katotohanan, ang pinakakaibuturan ng Katotohanan ng lahat ng bagay, ang Pinagmumulan ng lahat ng liwanag, ay mahahayag, sila ay mangapit sa ilang mga sipi sa Aklat, at ipalaspas sa Kaniya yaong ipinadanas sa Dispensasyon ng Qur’án. Sapagkat, sa katotohanan, Siya ay malakas, ang Hari ng

⁷⁰ Qur’án 29:51

breath of life in the whole of the Bayán and the people thereof, and with one letter bestow upon them a new and everlasting life, and cause them to arise and speed out of the sepulchers of their vain and selfish desires. Take heed, and be watchful; and remember that all things have their consummation in belief in Him, in attainment unto His day, and in the realization of His divine presence. “There is no piety in turning your faces toward the east or toward the west, but he is pious who believeth in God and the Last Day.”⁷¹ Give ear, O people of the Bayán, unto the truth whereunto We have admonished you, that haply ye may seek the shelter of the shadow extended, in the Day of God, upon all mankind.	banal na kapangyarihan, upang patayin sa pamamagitan ng isang titik ng Kaniyang kamangha-manghang mga salita, ang hininga ng buhay sa kabuuan ng Bayán, at ng mga tao niyon, at sa isang titik ay ipagkaloob sa kanila ang isang bago at walang-hanggang buhay, at magiging dahilan upang sila ay magbangon at mabilis na lumabas sa mga libingan ng kanilang mga walang-kabuluhan at makasariling mga hangarin. Makinig, at maging mapagmasid; at tandaan na ang kaganapan ng lahat ng bagay ay nasa paniniwala sa Kaniya, sa katuparan ng Kaniyang araw at sa pagsapit sa Kaniyang banal na kinaroroonan. “Walang kabanalan sa pagbabaling ng inyong mga mukha sa silangan o sa kanluran, ngunit ang banal ay siya na naniniwala sa Diyos at sa Huling Araw.”⁷¹ Pakinggan, O mga tao ng Bayán, ang katotohanang ibinabala Namin sa inyo, upang harinawang hanapin ninyo ang nanganganlong na lilim na ipinaaabot, sa Araw ng Diyos, sa buong sangkatauhan.
End of Part One	Wakas ng Unang Bahagi
Part Two	Ikalawang Bahagi
Verily He Who is the Daystar of Truth and Revealer of the Supreme Being holdeth, for all time, undisputed sovereignty over all that is in heaven and on earth, though no man be found on earth to obey Him. He verily is independent of all earthly dominion, though He be utterly destitute. Thus We reveal unto thee the mysteries of the Cause of God, and bestow upon thee the gems of divine wisdom, that haply thou mayest soar on the wings of renunciation to those heights that are veiled from the eyes of men.	102. Sa katunayan Siya na Bituing-araw ng katotohanan at Tagapagpahayag ng Diyos ay hawak, sa lahat ng panahon, ang hindi mapag-aalinlanganang kapangyarihan, sa ibabaw ng lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, kahiman walang tao ang matatagpuan sa kalupaan upang sumunod sa Kaniya. Siya sa katunayan ay malaya sa lahat ng makalupang kapangyarihan, kahiman Siya ay maging ganap na nagdarahop. Sa gayon Aming ipinahayag sa iyo ang mga hiwaga ng Kapakanan ng Diyos, at ipinagkaloob sa iyo ang mga hiyas ng banal na karunungan, upang harinawang ikaw ay pumailanlang sa mga bagwis ng pagtiwalag doon sa mga kataasang nalalambungan mula sa mga mata ng tao.
The significance and essential purpose underlying these words is to reveal and demonstrate unto the pure in heart and the sanctified in spirit that they Who are the Luminaries of truth and the Mirrors reflecting the	103. Ang kahalagahan at pangunahing layunin na pinagbabatayan ng mga salitang ito ay upang ipahayag at ipakita sa mga dalisay ang puso at banal ang espiritu na Sila na mga Tagapagdala ng Liwanag ng katotohanan at ang mga Salamin na naglalarawan sa liwanag ng

⁷¹ Qur’án 2:176

light of divine Unity, in whatever age and cycle they are sent down from their invisible habitations of ancient glory unto this world, to educate the souls of men and endue with grace all created things, are invariably endowed with an all-compelling power, and invested with invincible sovereignty. For these hidden Gems, these concealed and invisible Treasures, in themselves manifest and vindicate the reality of these holy words: “Verily God doeth whatsoever He willeth, and ordaineth whatsoever He pleaseth.”	banal na Kaisahan, sa anumang yugto at pag-inog ng panahon na ipinadala sila mula sa kanilang di-nakikitang mga tahanan ng napakatandang kaluwalhatian tungo sa daigdig na ito, upang turuan ang mga kaluluwa ng mga tao at pagkalooban ng pagpapala ang lahat ng nilikhang bagay, ay walang-pagbabagong binigyan ng isang lakas na nananaig sa lahat, at pinagkalooban ng hindi magagaping kapangyarihan. Sapagkat ang natatagong mga Hiyas na ito, ang natatago at hindi nakikitang mga Kayamanang ito, sa kanilang mga sarili ay inihayag at pinatunayan ang katotohanan nitong mga banal na salita: “Sa katunayan, ginagawa ng Diyos ang anumang niloloob Niya, at itinatadhana ang anumang ninanais Niya.”
To every discerning and illumined heart it is evident that God, the unknowable Essence, the divine Being, is immensely exalted beyond every human attribute, such as corporeal existence, ascent and descent, egress and regress. Far be it from His glory that human tongue should adequately recount His praise, or that human heart comprehend His fathomless mystery. He is and hath ever been veiled in the ancient eternity of His Essence, and will remain in His Reality everlastingly hidden from the sight of men. “No vision taketh in Him, but He taketh in all vision; He is the Subtile, the All-Perceiving.”⁷² No tie of direct intercourse can possibly bind Him to His creatures. He standeth exalted beyond and above all separation and union, all proximity and remoteness. No sign can indicate His presence or His absence; inasmuch as by a word of His command all that are in heaven and on earth have come to exist, and by His wish, which is the Primal Will itself, all have stepped out of utter nothingness into the realm of being, the world of the visible.	104. Sa bawat nakauunawa at naliliwanagang puso maliwanag na ang Diyos, ang hindi matatalos na Diwa, ang banal na Buhay, ay sukdulang napakadakila na hindi maaabot ng bawat katangian ng tao, tulad ng pisikal na buhay ng tao, pagtaas at pagbaba, pagsulong at pag-urong. Napakalayo ang kaibahan ng kaluwalhatian Niya upang sapat na maisalaysay ng dila ng tao ang papuri sa Kaniya, o maunawaan ng puso ng tao ang Kaniyang hindi matarok na kahiwagaan. Siya ay, at magpakailanman ay, nalalambungan sa napakatandang kawalang-hanggan ng Kaniyang Diwa, at mananatiling walang-maliw na natatago ang Kaniyang ganap na Katotohanan sa paningin ng mga tao. “Walang pananaw ang makauunawa sa Kaniya, ngunit nauunawaan Niya ang lahat ng pananaw; Siya ang Mahiwaga, ang Nakababatid ng Lahat.”⁷² Walang ugnayan sa tuwirang pakikipagniig ang makapipigil sa Kaniya at sa Kaniyang mga nilalang, Siya ay mananatiling marangal nang lampas at nang higit na mataas sa lahat ng paghihiwalay at pagsasama-sama, lahat ng pagkalapit at pagkalayo. Walang palatandaan ang maaaring magpahiwatig sa Kaniyang pagiging naririto at pagiging wala rito; yayamang sa pamamagitan ng isang salita ng Kaniyang kautusan lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan ay nangyaring mabuhay, at sa pamamagitan ng kagustuhan Niya, na ang Pangunahing Kalooban mismo, lahat ay lumabas mula sa ganap na kawalan tungo sa kaharian ng pagkabuhay, ang daigdig ng nakikita.

⁷² Qur’án 6:103

Gracious God! How could there be conceived any existing relationship or possible connection between His Word and they that are created of it? The verse: “God would have you beware of Himself”⁷³ unmistakably beareth witness to the reality of Our argument, and the words: “God was alone; there was none else besides Him” are a sure testimony of its truth. All the Prophets of God and their chosen Ones, all the divines, the sages, and the wise of every generation, unanimously recognize their inability to attain unto the comprehension of that Quintessence of all truth, and confess their incapacity to grasp Him, Who is the inmost Reality of all things.	105. Mapagpalang Diyos! Paano maiisip ang anumang nananatiling ugnayan o maaaring mangyaring kaugnayan sa pagitan ng Kaniyang Salita at nila na nilikha nito? Ang bersikulong: “Ikaw ay gagawin ng Diyos na mag-ingat sa Kaniyang Sarili,”⁷³ ay hindi mapag-aalinlanganan na nagbibigay saksi sa katotohanan ng Aming pangangatwiran, at sa mga salita: “Ang Diyos ay nag-iisa; walang sinuman liban sa Kaniya” ay isang tiyak na patunay sa katotohanan nito. Lahat ng mga Propeta ng Diyos at Sila na kanilang hinirang, lahat ng mga teologo, mga pantas, at ang mga marunong ng bawat salinlahi, ay nagkakaisang tinatanggap ang kanilang kawalan ng kakayahan upang makamit ang pag-unawa sa Dalisay na Kabuuran ng lahat ng katotohanan, at inaamin ang kanilang kawalang-kakayahan upang maunawaan Siya, na pinakakaibuturan ng Ganap na Katotohanan ng lahat ng bagay.
The door of the knowledge of the Ancient of Days being thus closed in the face of all beings, the Source of infinite grace, according to His saying: “His grace hath transcended all things; My grace hath encompassed them all” hath caused those luminous Gems of Holiness to appear out of the realm of the spirit, in the noble form of the human temple, and be made manifest unto all men, that they may impart unto the world the mysteries of the unchangeable Being, and tell of the subtleties of His imperishable Essence. These sanctified Mirrors, these Daysprings of ancient glory are one and all the Exponents on earth of Him Who is the central Orb of the universe, its Essence and ultimate Purpose. From Him proceed their knowledge and power; from Him is derived their sovereignty. The beauty of their countenance is but a reflection of His image, and their revelation a sign of His deathless glory. They are the Treasuries of divine knowledge, and the Repositories of celestial wisdom. Through them is transmitted a grace that is infinite, and by them is revealed the light that can never fade. Even as	106. Ang pinto sa kaalaman ng Napakatanda ng mga Araw sa gayon ay nakapinid sa mukha ng lahat ng tao, ang Pinagmumulan ng walang-katapusang pagpapala, sang-ayon sa pananalita Niya: “Ang Kaniyang pagpapala ay nangingibabaw sa lahat ng bagay; ang Aking pagpapala ay pumapalibot sa kanilang lahat” ang naging sanhi upang lumitaw yaong maningning na mga Hiyas ng Kabanalan mula sa kaharian ng espiritu; sa dakilang anyo ng taong templo, at ginawang maging hayag sa lahat ng tao, upang maibahagi nila sa daigdig ang mga kahiwagaan ng hindi nagbabagong Katauhan, at maisalaysay ang mga hiwaga ng Kaniyang walang-kamatayang Diwa. Ang mga pinabanal na mga Salamin na ito, ang mga Pamimitak na ito ng napakatandang kaluwalhatian, ang bawat isa at ang lahat ay mga Tagapagtaguyod Niya sa kalupaan na pinakamahalang Globo ng sansinukob, ang Diwa at pangwakas na Layunin nito. Mula sa Kaniya ay nanggagaling ang kanilang kaalaman at lakas; mula sa Kaniya ay nakakamtan ang kanilang kapangyarihan. Ang kagandahan ng kanilang anyo ay isa lamang anino ng Kaniyang larawan, at ang kanilang pagpapahayag ay isang palatandaan ng Kaniyang walang-kamatayang kaluwalhatian. Sila ang mga Inatang-yaman ng banal

⁷³ Qur’án 3:28

He hath said: “There is no distinction whatsoever between Thee and them; except that they are Thy servants, and are created of Thee.” This is the significance of the tradition: “I am He, Himself, and He is I, myself.”	na kaalaman, at ang mga Repositoryo ng makalangit na karunungan. Sa pamamagitan nila ay inihahatid ang walang-katapusang pagpapala, at sa pamamagitan nila ay ipinahahayag ang liwanag na hindi kailanman maaaring mapawi. Tulad ng sinabi Niya: “Walang anumang pagkakaiba sa pagitan Mo at nila; liban sa sila ay ang Iyong mga tagapaglingkod, at Iyong nilikha.” Ito ang kahulugan ng tradisyon: “Ako ay Siya, Mismo, at Siya ay Ako, ang Aking Sarili.”
The traditions and sayings that bear direct reference to Our theme are divers and manifold; We have refrained from quoting them for the sake of brevity. Nay, whatever is in the heavens and whatever is on the earth is a direct evidence of the revelation within it of the attributes and names of God, inasmuch as within every atom are enshrined the signs that bear eloquent testimony to the revelation of that most great Light. Methinks, but for the potency of that revelation, no being could ever exist. How resplendent the luminaries of knowledge that shine in an atom, and how vast the oceans of wisdom that surge within a drop! To a supreme degree is this true of man, who, among all created things, hath been invested with the robe of such gifts, and hath been singled out for the glory of such distinction. For in him are potentially revealed all the attributes and names of God to a degree that no other created being hath excelled or surpassed. All these names and attributes are applicable to him. Even as He hath said: “Man is My mystery, and I am his mystery.” Manifold are the verses that have been repeatedly revealed in all the heavenly Books and the holy Scriptures, expressive of this most subtle and lofty theme. Even as He hath revealed: “We will surely show them Our signs in the world and within themselves.”⁷⁴ Again He saith: “And also in your own selves: will ye not then behold the signs of God?”⁷⁵ And yet again He revealeth: “And be ye not like those who forget God, and whom He hath therefore caused to	107. Ang mga tradisyon at mga kasabihang nagtataglay ng tuwirang kaugnayan sa Aming paksa ay iba’t iba at napakarami; Kami ay umiwas na banggitin ang mga ito upang maging maikli. Hindi lamang iyon, kundi, anuman ang nasa mga kalangitan at anuman ang nasa kalupaan ay isang tahasang katibayan ng pagpapahayag sa loob nitong mga katangian at mga pangalan ng Diyos, yamang sa loob ng bawat atomo ay nakadambana ang mga palatandaang nagtataglay ng maliwanag na katunayan sa rebelasyon ng pinakadakilang Liwanag na iyon. Sa aking pakiwari, kung hindi sa kapangyarihan ng ganoong pagpapahayag, walang nilalang ang mabubuhay kailanman. Napakaningning ang mga bituin ng kaalaman na sumisikat sa isang atomo, at napakalawak ang mga karagatan ng karunungan na dumadaluyong sa loob ng isang patak! Sa pinakamataas na antas, ito ay totoo sa tao, na, sa lahat ng nilikhang mga bagay, ay dinamitan ng kapa ng gayong mga handog, at itinangi dahil sa kaluwalhatian ng gayong karangalan. Sapagkat sa Kaniya maaaring ihayag ang lahat ng mga katangian at mga pangalan ng Diyos sa isang antas na walang ibang nilikhang bagay ang nakahigit o nakalampas. Lahat ng ganitong mga pangalan at mga katangian ay naaangkop sa kaniya. Tulad ng sinabi Niya: “Ang tao ay ang Aking hiwaga at Ako ang kaniyang hiwaga.” Napakarami ang mga bersikulong paulit-ulit na ipinahayag sa lahat ng makalangit na mga Aklat at banal na mga Kasulatan, na nagpapahiwatig sa pinakamahiwaga at napakataas na paksang ito. Tulad ng ipinahayag Niya: “Nakatitiyak na Aming ipakikita sa kanila ang Aming mga palatandaan sa daigdig at sa loob ng mga sarili nila mismo.”⁷⁴ At muli ay sinabi Niya: “At gayundin sa inyong mga sarili:

⁷⁴ Qur’án 41:53

forget their own selves.”⁷⁶ In this connection, He Who is the eternal King—may the souls of all that dwell within the mystic Tabernacle be a sacrifice unto Him—hath spoken: “He hath known God who hath known himself.”	hindi ba ninyo kung gayon mamamasdan ang mga palatandaan ng Diyos?”⁷⁵ At muli ay ipinahayag Niya: “At kayo ay huwag maging katulad nila na nilimot ang Diyos at kung kanino Niya ginawa samakatwid na limutin ang kanilang mga sarili mismo.”⁷⁶ Kaugnay nito, Siya na walang-kamatayang Hari—harinawang ang mga kaluluwa ng lahat ng naninirahan sa mahiwagang Tabernakulo ay maging isang pagpapakasakit sa Kaniya—ay nagsalita: “Siya na nakilala ang Diyos ay nakilala ang kaniyang sarili.”
I swear by God, O esteemed and honored friend! Shouldst thou ponder these words in thine heart, thou wilt of a certainty find the doors of divine wisdom and infinite knowledge flung open before thy face.	108. Sumusumpa Ako sa Diyos, O kaibigang pinahahalagahan at iginagalang! Kung iyong lilimiin ang mga salitang ito sa iyong puso, makatitiyak na iyong matatagpuan ang mga pinto ng banal na karunungan at walang-hanggang kaalaman na binuksan sa harap ng iyong mukha.
From that which hath been said it becometh evident that all things, in their inmost reality, testify to the revelation of the names and attributes of God within them. Each according to its capacity, indicateth, and is expressive of, the knowledge of God. So potent and universal is this revelation, that it hath encompassed all things, visible and invisible. Thus hath He revealed: “Hath aught else save Thee a power of revelation which is not possessed by Thee, that it could have manifested Thee? Blind is the eye which doth not perceive Thee.” Likewise, hath the eternal King spoken: “No thing have I perceived, except that I perceived God within it, God before it, or God after it.” Also in the tradition of Kumayl it is written: “Behold, a light hath shone forth out of the Morn of eternity, and lo! its waves have penetrated the inmost reality of all men.” Man, the noblest and most perfect of all created things, excelleth them all in the intensity of this revelation, and is a fuller expression of its glory. And of all men, the most accomplished, the most distinguished and the most excellent are the Manifestations of the Sun of Truth. Nay, all else besides these	109. Mula roon sa sinabing ito ay nagiging malinaw na lahat ng bagay, sa kanilang pinakanaloloob na ganap na katotohanan, ay sumasaksi sa rebelasyon ng mga pangalan at mga katangian ng Diyos na nasa loob nila. Bawat isa ayon sa kakayahan nito, ay nagpapahiwatig ng, at nagpapakilala sa, kaalaman sa Diyos. Lubhang makapangyarihan at panlahat ang rebelasyong ito, na pinalibutan nito ang lahat ng bagay, nakikita at hindi nakikita. Sa gayon ipinahayag Niya: “Mayroon pa bang iba liban sa Iyo ang may kapangyarihan ng rebelasyon na hindi Mo taglay ang magagawang maipahayag Ka? Bulag ang mata na hindi nakakabatid sa Iyo.” Gayundin ang walang-kamatayang Hari ay nagsabi: “Walang bagay na Aking nabatid, liban doon sa Aking nababatid na ang Diyos ay nasa loob nito, ang Diyos ay nasa unahan nito o ang Diyos ay nasa hulihan nito.” At sa tradisyon ng Kumayl ito ay nakasulat: “Masdan, isang liwanag ang sumikat mula sa Umaga ng kawalang-hanggan, at aba! ang mga alon nito ay tumagos sa pinakakaibuturang ganap na katotohanan ng lahat ng tao.” Ang tao, pinakamarangal at pinakasakdalan sa lahat ng nilikhang bagay ay nakahihigit sa kanilang lahat sa katindihan ng pagpapahayag na ito, at higit na nakapupuspos na paghahayag ng kaluwalhatian nito. At sa lahat ng mga

⁷⁵ Qur’án 51:21

⁷⁶ Qur’án 59:19

Manifestations live by the operation of their Will, and move and have their being through the outpourings of their grace. “But for Thee, I would have not created the heavens.” Nay, all in their holy presence fade into utter nothingness, and are a thing forgotten. Human tongue can never befittingly sing their praise, and human speech can never unfold their mystery. These Tabernacles of holiness, these primal Mirrors which reflect the light of unfading glory, are but expressions of Him Who is the Invisible of the Invisibles. By the revelation of these gems of divine virtue all the names and attributes of God, such as knowledge and power, sovereignty and dominion, mercy and wisdom, glory, bounty and grace, are made manifest.	tao, ang pinakaganap, ang lubos na katangi-tangi, at ang pinakamahusay ay ang mga Kahayagan ng Araw ng Katotohanan. Hindi lamang ito, kundi ang lahat bukod sa mga Kahayagan na ito ay nabubuhay sa pagsasakatuparan ng kanilang Kalooban, at kumikilos at nabubuhay sa pamamagitan ng mga pagbuhos ng kanilang pagpapala. “Kung hindi sa Iyo, hindi Ko na sana lilikhain ang mga kalangitan.” Hindi lamang iyon, ang lahat ng nasa kanilang banal na kinaroroonan ay napapawi hanggang sa ganap na kawalan, at isang bagay na kinalilimutan. Ang dila ng tao ay hindi kailanman maaawit nang angkop ang pagpupuri sa kanila at ang pananalita ng tao ay hindi maisisiwalat ang kanilang hiwaga kailanman. Ang mga Tabernakulo na ito ng Kabanalan, ang pangunahing mga Salamin na ito na naglalarawan sa liwanag ng walang-maliw na kaluwalhatian, ay mga kapahayagan lamang Niya na Di-nakikita sa mga Di-nakikita. Sa pamamagitan ng rebelasyon ng mga hiyas ng banal na katangian ng mga pangalan at mga katangian ng Diyos, tulad ng kaalaman at lakas, kapangyarihan at kaharian, habag at karunungan, kaluwalhatian, biyaya at pagpapala, ay ginawang mahayag.
These attributes of God are not and have never been vouchsafed specially unto certain Prophets, and withheld from others. Nay, all the Prophets of God, His well-favored, His holy, and chosen Messengers, are, without exception, the bearers of His names, and the embodiments of His attributes. They only differ in the intensity of their revelation, and the comparative potency of their light. Even as He hath revealed: “Some of the Apostles We have caused to excel the others.”⁷⁷ It hath therefore become manifest and evident that within the tabernacles of these Prophets and chosen Ones of God the light of His infinite names and exalted attributes hath been reflected, even though the light of some of these attributes may or may not be outwardly revealed from these luminous Temples to the eyes of men. That a certain attribute of God hath not been outwardly manifested by these Essences	110 Ang mga katangiang ito ng Diyos ay hindi, at kailanman ay hindi minarapat, lalo na sa ilang tanging mga Propeta, at ipinagkait sa iba. Hindi lamang iyon, kundi, lahat ng mga Propeta ng Diyos, ang Kaniyang mga pinakamamahal, ang Kaniyang mga banal, at hinirang na mga Sugo, nang walang itinatangi, ay pawang mga tagapagdala ng Kaniyang mga pangalan, at mga larawan ng Kaniyang mga katangian. Sila ay nagkakaiba lamang sa katindihan ng kanilang rebelasyon, at kung paghahambingin ang bisa ng kanilang liwanag. Tulad ng ipinahayag Niya: “Ilan sa Aming mga Apostol ay ginawa Namin na makahigit sa iba.”⁷⁷ Ito samakatwid ay naging hayag at maliwanag na sa loob ng mga Tabernakulo nitong mga Propeta at Sila na mga hinirang ng Diyos, ang liwanag ng Kaniyang walang-katapusang mga pangalan at dakilang mga katangian ay nanganinag, kahiman ang liwanag ng ilan sa mga katangiang ito ay maaari o hindi maaaring maihayag ng maniningning na mga Templo na ito sa

⁷⁷ Qur’án 2:153

of Detachment doth in no wise imply that they Who are the Daysprings of God's attributes and the Treasuries of His holy names did not actually possess it. Therefore, these illuminated Souls, these beauteous Countenances have, each and every one of them, been endowed with all the attributes of God, such as sovereignty, dominion, and the like, even though to outward seeming they be shorn of all earthly majesty. To every discerning eye this is evident and manifest; it requireth neither proof nor evidence.	pangmalas ng mga mata ng tao. Na may isang katangian ng Diyos ang hindi naihayag ng mga Diwa ng Pagtiwalag upang mamalas ay hindi nangangahulugan na ipinahihiwatig na sila na mga Pamimitak ng mga katangian ng Diyos at mga Inatang-yaman ng Kaniyang banal na mga pangalan ay tunay na hindi taglay ito. Samakatwid, ang naliwanagang mga Kaluluwa na ito, ang magandang mga Anyo na ito, bawat isa at lahat sa kanila, ay pinagkalooban ng lahat ng mga katangian ng Diyos, tulad ng dakilang kapangyarihan, kaharian, at iba pang katulad, kahiman sa panlabas na pakiwari, sila ay salat sa lahat ng makalupang mga kamaharlikaan. Sa bawat nakababatid na mata ito ay malinaw at hayag; hindi ito nangangailangan ng pagpapatunay ni katibayan.
Yea, inasmuch as the peoples of the world have failed to seek from the luminous and crystal Springs of divine knowledge the inner meaning of God's holy words, they therefore have languished, stricken and sore athirst, in the vale of idle fancy and waywardness. They have strayed far from the fresh and thirst-subduing waters, and gathered round the salt that burneth bitterly. Concerning them, the Dove of Eternity hath spoken: "And if they see the path of righteousness, they will not take it for their path; but if they see the path of error, for their path will they take it. This, because they treated Our signs as lies, and were heedless of them."⁷⁸	111. Oo, sa kadahilanang ang mga tao ng daigdig ay nabigong matagpuan mula sa maningning at kristal na mga Bukal ng banal na kaalaman ang naloloob na kahulugan ng banal na mga salita ng Diyos, sila sa gayon ay naunsiyami, nagdusa at lubhang nauhaw, sa lambak ng walang-saysay na hinagap at pagkakasala. Sila ay naligaw nang malayo sa sariwa at nakapapatid-uhaw na mga tubig, at nagtipon sa paligid ng asin na nag-aapoy nang buong kapaitan. Tungkol sa kanila, ang Kalapati ng Kawalang-hanggan ay nagsalita: "At kung makikita nila ang landas ng pagkamakatarungan, hindi nila kukunin at tatahakin ito bilang kanilang landas, ngunit kapag nakakita sila ng landas ng kamalian, kukunin nila ito bilang kanilang landas. Ito ay dahil sa itinuring nila ang Aming mga palatandaan bilang mga kasinungalingan, at ipinagwalang-bahala ang mga iyon."⁷⁸
To this testifieth that which hath been witnessed in this wondrous and exalted Dispensation. Myriads of holy verses have descended from the heaven of might and grace, yet no one hath turned thereunto, nor ceased to cling to those words of men, not one letter of which they that have spoken them comprehend. For this reason the people have doubted incontestable truths, such as these, and caused themselves to be	112 Ito ay pinatutunayan noong nasaksihan sa kamangha-mangha at dakilang Dispensasyong ito. Hindi mabilang na banal na mga bersikulo ang bumaba mula sa kalangitan ng kapangyarihan at pagpapala, subalit walang sinuman ang bumaling doon; ni humintong mangapit sa mga ganoong salita ng mga tao, na wala kahit isang titik na kanilang sinabi ang nauunawaan nila. Sa kadahilanang ito ang mga tao ay nag-alinlangan sa hindi matututulang mga katotohanan, tulad ng mga ito,

⁷⁸ Qur'án 7:145

deprived of the Ridván of divine knowledge, and the eternal meads of celestial wisdom.	at naging dahilan ng pagkakait sa kanilang mga sarili ng Ridván ng banal na kaalaman, at ng walang-kamatayang kaparangan ng makalangit na karunungan.
And now, to resume Our argument concerning the question: Why is it that the sovereignty of the Qá'im, affirmed in the text of recorded traditions, and handed down by the shining stars of the Muḥammadan Dispensation, hath not in the least been made manifest? Nay, the contrary hath come to pass. Have not His disciples and companions been afflicted of men? Are they not still the victims of the fierce opposition of their enemies? Are they not today leading the life of abased and impotent mortals? Yea, the sovereignty attributed to the Qá'im and spoken of in the scriptures is a reality, the truth of which none can doubt. This sovereignty, however, is not the sovereignty which the minds of men have falsely imagined. Moreover, the Prophets of old, each and every one, whenever announcing to the people of their day the advent of the coming Revelation, have invariably and specifically referred to that sovereignty with which the promised Manifestation must needs be invested. This is attested by the records of the scriptures of the past. This sovereignty hath not been solely and exclusively attributed to the Qá'im. Nay rather, the attribute of sovereignty and all other names and attributes of God have been and will ever be vouchsafed unto all the Manifestations of God, before and after Him, inasmuch as these Manifestations, as it hath already been explained, are the Embodiments of the attributes of God, the Invisible, and the Revealers of the divine mysteries.	113. At ngayon, sa pagpapatuloy ng Aming pangangatwiran tungkol sa katanungan: Bakit ang dakilang kapangyarihan ng Qá'im, na pinagtibay sa teksto ng nakatalang mga tradisyon at ipinamana ng maningning na mga bituin ng Dispensasyon ni Muḥammad, ay hindi nagawang maihayag kahit kaunti? Hindi lamang iyon, kundi ang kabaligtaran ay naganap. Hindi ba ang mga disipulo at mga kasamahan Niya ay pinagdusa ng mga tao? Hindi ba sila ay mga biktima pa ng malupit na paglaban ng kanilang mga kaaway? Hindi ba tinatahak nila ngayon ang buhay ng pagkaapi at walang-kakayahang mga mortal? Oo, ang dakilang kapangyarihan na iniukol sa Qá'im at binanggit sa mga kasulatan ay isang kaganapan, na ang katotohanan nito ay walang sinuman ang maaaring mag-aalinlangan. Ang dakilang kapangyarihan nito, gayumpaman, ay hindi ang dakilang kapangyarihan na binigyan ng maling pakahulugan sa mga isipan ng mga tao. Bukod rito, ang mga Propeta ng nakaraan, bawat isa at lahat, kailanman ipinapahayag sa mga tao ng kanilang panahon ang pagsapit ng darating na Rebelasyon, ay walang sala at tiyakang tumutukoy roon sa dakilang kapangyarihan na nararapat na ipagkaloob sa ipinangakong Kahayagan. Ito ay pinatutunayan sa mga talaan ng mga kasulatan ng nakaraan. Ang kataas-taasang kapangyarihang ito ay hindi lamang at tanging iniukol sa Qá'im. Hindi lamang iyon, kundi, ang katangian ng kataas-taasang kapangyarihan at lahat ng ibang mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay naging at kailanman ay mamarapatin sa lahat ng mga kahayagan ng Diyos, bago at pagkatapos Niya, yayamang ang mga Kahayagan na ito, tulad ng naipaliwanag na, ay ang mga Larawan ng mga katangian ng Diyos, ang Di-nakikita, at ang mga Tagapaghayag ng banal na mga kahiwagaan.
Furthermore, by sovereignty is meant the all-encompassing, all-pervading power which is inherently exercised by the Qá'im whether or not He appear to the world clothed in the majesty of earthly dominion. This is solely dependent upon the will and pleasure of the Qá'im Himself. You	114. Bukod rito, ang kataas-taasang kapangyarihan ay nangangahulugan na ang sumasakop sa lahat, lagana sa lahat na kapangyarihang likas na ginagampanan ng Qá'im kung Siya ay magpapakita sa daigdig o hindi na nadaramitan ng kamaharlikaan ng makalupang kaharian. Ito ay nasasalalay sa kalooban at kagustuhan ng Qá'im

will readily recognize that the terms sovereignty, wealth, life, death, judgment and resurrection, spoken of by the scriptures of old, are not what this generation hath conceived and vainly imagined. Nay, by sovereignty is meant that sovereignty which in every dispensation resideth within, and is exercised by, the person of the Manifestation, the Daystar of Truth. That sovereignty is the spiritual ascendancy which He exerciseth to the fullest degree over all that is in heaven and on earth, and which in due time revealeth itself to the world in direct proportion to its capacity and spiritual receptiveness, even as the sovereignty of Muḥammad, the Messenger of God, is today apparent and manifest amongst the people. You are well aware of what befell His Faith in the early days of His dispensation. What woeful sufferings did the hand of the infidel and erring, the divines of that age and their associates, inflict upon that spiritual Essence, that most pure and holy Being! How abundant the thorns and briars which they have strewn over His path! It is evident that wretched generation, in their wicked and satanic fancy, regarded every injury to that immortal Being as a means to the attainment of an abiding felicity; inasmuch as the recognized divines of that age, such as ‘Abdu’lláh-i-Ubayy, ‘Abú-‘Ámir, the hermit, Ka‘b-Ibn-i-Ashraf, and Naḍr-Ibn-i-Háarith, all treated Him as an impostor, and pronounced Him a lunatic and a calumniator. Such sore accusations they brought against Him that in recounting them God forbiddeth the ink to flow, Our pen to move, or the page to bear them. These malicious imputations provoked the people to arise and torment Him. And how fierce that torment if the divines of the age be its chief instigators, if they denounce Him to their followers, cast Him out from their midst, and declare Him a miscreant! Hath not the same befallen this Servant, and been witnessed by all?	Mismo. Iyong madaling mauunawaan na ang mga katawagang kataas-taasang kapangyarihan, kayamanan, buhay, kamatayan, paghuhukom at muling pagkabuhay, na binanggit sa mga kasulatan ng nakaraan, ay pawang hindi yaong naisip ng salinlahing ito at may kapalaluan isinaisip. Hindi lamang iyon, kundi, ang kataas-taasang kapangyarihan ay nangangahulugan na ang ganoong kapangyarihan sa bawat dispensasyon ay nananahan sa loob, at isinasagawa, ng katauhan ng Kahayagan, ang Bituing-araw ng Katotohanan. Ang kapangyarihang iyon ay ang espiritwal na paghahari na isinasagawa Niya nang may sukdulang antas sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, at sa takdang panahon ay inihahayag ang sarili nito sa daigdig na tuwirang naaangkop sa kakayahan at espiritwal na kahandaang tumanggap, tulad ng kapangyarihan ni Muḥammad, ang Sugo ng Diyos, ay malinaw at maliwanag sa mga tao. Lubos na nababatid mo kung ano ang dinanas ng Kaniyang Pananampalataya sa mga unang araw ng dispensasyon Niya. Anong kahabag-habag na mga pagdurusa ang ipinalalasap ng kamay ng hindi naniniwala sa Diyos at nagkakasala, ng mga teologo ng panahong iyon at ng kanilang mga kasamahan, sa espiritwal na Diwa na iyon, yaong pinakadalisa at banal na Katauhan! Napakasagana ang mga tinik at matitinik na damong-ligaw ang kanilang ikinalat sa Kaniyang landas! Maliwanag na ang imbing salinlahi, sa kanilang napakasama at malademonyong pagkahumaling, ay itinuring ang bawat pinsala sa walang-kamatayang Katauhan na iyon bilang isang paraan sa pagtatamo ng isang walang-maliw na kaligayahan; dahil sa ang kinikilalang mga teologo ng panahon, tulad nina ‘Abdu’lláh-i-Ubayy, ‘Abú-‘Ámir, ang ermitanyong si Ka‘b-Ibn-i-Ashraf, at Naḍr-Ibn-i-Háarith, ay pawang itinuring Siya bilang isang nagpapanggap at hinatulan Siya na isang baliw at isang sinungaling na maninirang-puri. Ang ganoon katinding mga paratang na kanilang ibinintang laban sa Kaniya na sa pagsasalaysay ng mga iyon ay pinigil ng Diyos na dumaloy ang tinta, ang Aming panulat na kumilos, o ang mga pahina upang taglayin ang mga iyon. Ang masasamang mga paratang na ito ang nag-udyok sa mga tao upang magbangon at parusahan Siya. At napakalupit ang gayong pagpaparusa kung ang mga teologo ng
---	---

	kapanahunan ang naging pangunahing mga manunulsol, kung kanilang binabatikos Siya sa mga sumusunod sa kanila, inihagis Siya sa gitna nila, at hinatulan Siya bilang isang tampalasan. Hindi ba ganito rin ang dinanas ng Tagapaglingkod na ito, at nasaksihan ng lahat?
For this reason did Muḥammad cry out: “No Prophet of God hath suffered such harm as I have suffered.” And in the Qur’ān are recorded all the calumnies and reproaches uttered against Him, as well as all the afflictions which He suffered. Refer ye thereunto, that haply ye may be informed of that which hath befallen His Revelation. So grievous was His plight, that for a time all ceased to hold intercourse with Him and His companions. Whoever associated with Him fell a victim to the relentless cruelty of His enemies.	115. Dahil dito si Muḥammad ay humiyaw: “Walang Propeta ng Diyos ang nagdusa ng gayong kasamaan tulad ng Aking pinagdusahan.” At nakatala sa Qur’ān ang lahat ng mga kasinungalingan ng paninirang-puri at mga kahihyang sinabi laban sa Kaniya, gayundin ang lahat ng mga paghihirap na Kaniyang dinanas. Magsaliksik kayo roon, upang harinawang mabatid ninyo yaong mga sinapit ng Rebelasyon Niya. Napakalubha ang kalagayan Niya na sa loob ng isang panahon lahat ay tumigil na makipag-ugnayan sa Kaniya at sa Kaniyang mga kasamahan. Sinuman ang nakipag-ugnayan sa Kaniya ay naging biktima ng walang-habag na kalupitan ng Kaniyang mga kalaban.
We shall cite in this connection only one verse of that Book. Shouldst thou observe it with a discerning eye, thou wilt, all the remaining days of thy life, lament and bewail the injury of Muḥammad, that wronged and oppressed Messenger of God. That verse was revealed at a time when Muḥammad languished weary and sorrowful beneath the weight of the opposition of the people, and of their unceasing torture. In the midst of His agony, the Voice of Gabriel, calling from the Sadratu’l-Muntahá, was heard saying: “But if their opposition be grievous to Thee—if Thou canst, seek out an opening into the earth or a ladder into heaven.”⁷⁹ The implication of this utterance is that His case had no remedy, that they would not withhold their hands from Him unless He should hide Himself beneath the depths of the earth, or take His flight unto heaven.	116. Aming babanggitin kaugnay nito ang isang bersikulo lamang sa Aklat na iyon. Kung iyong pag-aaralan ito nang may nakauunawang mata, sa lahat ng nalalabing araw ng iyong buhay, iyong ipagdadalamhati at tatangisan ang kasawiang-palad ni Muḥammad, yaong pinagkasalahan at inaping Sugo ng Diyos. Ang bersikulong iyon ay ipinahayag ng panahon nang si Muḥammad ay nanlulupaypay sa kapaguran at namimighati sa ilalim ng bigat ng paglaban ng mga tao, at sa walang-tigil na pagpapahirap nila. Sa gitna ng Kaniyang matinding paghihirap, ang Tinig ni Gabriel, na nanawagan mula sa Sadratu’l-Muntahá, ay narinig na sinasabi: “Ngunit kung ang kanilang paglaban sa Iyo ay maging lubhang matindi—kung hindi Mo makakaya, humanap ng isang lagusan sa kalupaan o isang hagdan patungo sa Kalangitan.”⁷⁹ Ang ipinahihiwatig ng pangungusap na ito ay yaong ang Kaniyang kalagayan ay walang lunas, na hindi nila pipigilin ang kanilang mga kamay sa Kaniya liban kung itatago Niya ang Kaniyang Sarili sa mga kalaliman ng kalupaan o gawin ang pagtakas Niya patungo sa Kalangitan.
Consider, how great is the change today! Behold, how many are the Sovereigns who bow the knee	117. Pag-isipan, kung gaano kalaki ang pagbabago ngayon! Masdan, kung gaano karami ang mga Hari na

⁷⁹ Qur’ān 6:35

before His name! How numerous the nations and kingdoms who have sought the shelter of His shadow, who bear allegiance to His Faith, and pride themselves therein! From the pulpit-top there ascendeth today the words of praise which, in utter lowliness, glorify His blessed name; and from the heights of minarets there resoundeth the call that summoneth the concourse of His people to adore Him. Even those Kings of the earth who have refused to embrace His Faith and to put off the garment of unbelief, nonetheless confess and acknowledge the greatness and overpowering majesty of that Daystar of loving-kindness. Such is His earthly sovereignty, the evidences of which thou dost on every side behold. This sovereignty must needs be revealed and established either in the lifetime of every Manifestation of God or after His ascension unto His true habitation in the realms above. What thou dost witness today is but a confirmation of this truth. That spiritual ascendancy, however, which is primarily intended, resideth within, and revolveth around Them from eternity even unto eternity. It can never for a moment be divorced from Them. Its dominion hath encompassed all that is in heaven and on earth.	nagsisiluhod sa harapan ng Kaniyang Pangalan! Napakarami ang bilang ng mga bansa at mga kahariang naghanap ng kanlungan sa Kaniyang lilim, na taglay ang katapatan sa Pananampalataya Niya, at ipinagmamalaki ang kanilang mga sarili roon! Mula sa itaas ng pulpito ay pumapailanlang ngayon ang mga salita ng papuri na, sa lubos na pagpapakumbaba, ay niluluwalhati ang pinagpalang pangalan Niya; at mula sa mga tugatog ng mga tore ng moske ay umaalingawngaw ang panawagang tinatawag ang kalipunan ng Kaniyang mga tao na sambahin Siya. Maging yaong mga hari na tumangging tanggapin ang Pananampalataya Niya at hubarin ang damit ng hindi pagsampalataya, gayumpaman ay inaamin at kinikilala ang kadakilaan at nakagagaping kamaharlikaan ng Bituing-araw na iyon ng mapagmahal na kagandahang-loob. Ganoon ang kataas-taasang kapangyarihan Niya sa lupa, na ang mga katibayan nito ay iyong namamasdan sa lahat ng panig. Ang ganitong dakilang kapangyarihan ay nararapat na maihayag at maitatag alinman sa tanang-buhay ng bawat Kahayagan ng Diyos o pagkaraan ng Kaniyang pag-akyat tungo sa Kaniyang tunay na tahanan sa mga kaharian sa itaas. Kung ano ang iyong nasasaksihan ngayon ay isang pagpapatibay lamang ng katotohanang ito. Ang ganoong espiritwal na pangingibabaw, gayumpaman, na pangunahing nilayon, ay naroroon sa loob, at lumilibot sa paligid Nila, mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Ito kahit sa isang saglit ay hindi kailanman maaaring ihiwalay mula sa Kanila. Ang kapangyarihan nito ay sumasaklaw sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan.
The following is an evidence of the sovereignty exercised by Muḥammad, the Daystar of Truth. Hast thou not heard how with one single verse He hath sundered light from darkness, the righteous from the ungodly, and the believing from the infidel? All the signs and allusions concerning the Day of Judgment, which thou hast heard, such as the raising of the dead, the Day of Reckoning, the Last Judgment, and others have been made manifest through the revelation of that verse. These revealed words were a	118. Ang sumusunod ay isang katibayan ng dakilang kapangyarihan na isinagawa ni Muḥammad, ang Bituing-araw ng Katotohanan. Hindi mo ba narinig kung paanong sa pamamagitan ng isang bersikulo ay inihiwalay Niya ang liwanag mula sa dilim, ang banal mula sa hindi makadiyos, at ang may pananalig mula sa hindi naniniwala sa Diyos. Lahat ng mga palatandaan at mga pahiwatig tungkol sa Araw ng Paghuhukom, na iyong narinig, tulad ng pagbuhay sa patay, ang Araw ng Pagtutuos, ang Huling Paghuhukom, at iba pa ay ginawang mahayag sa pamamagitan ng rebelasyon ng

blessing to the righteous who on hearing them exclaimed: “O God our Lord, we have heard, and obeyed.” They were a curse to the people of iniquity who, on hearing them, affirmed: “We have heard and rebelled.” Those words, sharp as the sword of God, have separated the faithful from the infidel, and severed father from son. Thou hast surely witnessed how they that have confessed their faith in Him and they that rejected Him have warred against each other, and sought one another’s property. How many fathers have turned away from their sons; how many lovers have shunned their beloved! So mercilessly trenchant was this wondrous sword of God that it cleft asunder every relationship! On the other hand, consider the welding power of His Word. Observe, how those in whose midst the Satan of self had for years sown the seeds of malice and hate became so fused and blended through their allegiance to this wondrous and transcendent Revelation that it seemed as if they had sprung from the same loins. Such is the binding force of the Word of God, which uniteth the hearts of them that have renounced all else but Him, who have believed in His signs, and quaffed from the Hand of glory the Kawthar of God’s holy grace. Furthermore, how numerous are those peoples of divers beliefs, of conflicting creeds, and opposing temperaments, who, through the reviving fragrance of the Divine springtime, breathing from the Ridván of God, have been arrayed with the new robe of divine Unity, and have drunk from the cup of His singleness!	bersikulong iyon. Ang ipinahayag na mga salitang ito ay naging isang pagpapala sa mga banal na nang marinig ang mga iyon ay ibinulalas: “O Diyos na aming Panginoon, kami ay nakarinig, at tumalima.” Ang mga iyon ay naging isang sumpa sa mga taong labis ang kawalang-katarungan na, sa pagkarinig sa mga iyon ay nanindigan: “Kami ay nakarinig at naghimagsik.” Ang ganoong mga salita, matalas tulad ng tabak ng Diyos, ay inihiwalay ang mananampalataya mula sa hindi sumasampalataya, at pinaghiwalay ang ama mula sa anak na lalaki. Nakatitiyak na nasaksihan mo kung paanong sila na inamin ang kanilang pananalig sa Kaniya at sila na tumanggi sa Kaniya ay nakipagdigmaan laban sa isa’t isa, at hinangad ang ari-arian ng isa’t isa. Napakarami ang mga ama na tinalikuran at nilayuan ang kanilang mga anak na lalaki; napakarami ang mga mangingibig na umiwas sa kanilang minamahal! Lubhang walang habag ang talim ng kamangha-manghang tabak na ito ng Diyos na tinabás nito nang hiwa-hiwalay ang lahat ng ugnayan. Sa kabilang dako, isaalang-alang ang nakapagbubuklod na kapangyarihan ng Kaniyang Salita. Suriin, kung paanong yaong Satanas ng sarili na nasa kanilang gitna sa maraming taon ay naihasik ang mga binhi ng kasamaan at pagkapoot ay ganap na nagsanib at nagkatugma sa pamamagitan ng kanilang katapatan sa kamangha-mangha at nangingibabaw na Rebelasyong ito na sa wari ay parang sumibol mula sa gayunding mga balakang. Gayon ang nakapagbibigkis na lakas ng Salita ng Diyos, na pinagkakaisa ang mga puso nilang itinakwil ang lahat liban sa Kaniya, na naniwala sa Kaniyang mga palatandaan, at nakainom mula sa Kamay ng kaluwalhatian ng Kawthar ng banal na pagpapala ng Diyos. Bukod pa rito, gaano karami ang bilang ng mga taong iyon na may iba’t ibang mga paniniwala, ng magkakasalungat na mga pananalig, at naglalabang mga pag-uugali, na, sa pamamagitan ng muling nakabubuhay na halimuyak ng Banal na tagsibol, humihinga mula sa Ridván ng Diyos, ay nagayakan ng bagong kapa ng banal na Pagkakaisa, at uminom mula sa kopa ng Kaniyang kaisahan!
This is the significance of the well-known words: “The wolf and the lamb shall feed together.”⁸⁰	119. Ito at ang kahulugan ng tanyag na mga salita: “Ang lobo at ang kordero ay mangyayaring kumain

Behold the ignorance and folly of those who, like the nations of old, are still expecting to witness the time when these beasts will feed together in one pasture! Such is their low estate. Methinks, never have their lips touched the cup of understanding, neither have their feet trodden the path of justice. Besides, of what profit would it be to the world were such a thing to take place? How well hath He spoken concerning them: “Hearts have they, with which they understand not, and eyes have they with which they see not!”⁸¹	nang magkasama.”⁸⁰ Masdan ang kamangmangan at kahangalan nila na, tulad ng mga bansa ng nakaraan, umaasa pa na masaksihan ang panahon na ang mga hayop na ito ay manginginain nang magkasama sa isang pastulan! Napakababa ang kanilang kalagayan. Sa Aking pakiwari, hindi kailanman nadampian ng kanilang mga labi ang kopa ng pang-unawa, ni hindi rin nakatahak ang kanilang mga paa sa landas ng katarungan. Bukod rito, ano ang magiging kapakinabangan na idudulot nito sa daigdig kung ang gayong bagay ay magaganap? Lubos na naaangkop ang sinabi Niya tungkol sa kanila: “May mga puso sila, ngunit hindi sila nakauunawa, at may mga mata sila ngunit hindi sila nakakikita!”⁸¹
Consider how with this one verse which hath descended from the heaven of the Will of God, the world and all that is therein have been brought to a reckoning with Him. Whosoever acknowledged His truth and turned unto Him, his good works outweighed his misdeeds, and all his sins were remitted and forgiven. Thereby is the truth of these words concerning Him made manifest: “Swift is He in reckoning.” Thus God turneth iniquity into righteousness, were ye to explore the realms of divine knowledge, and fathom the mysteries of His wisdom. In like manner, whosoever partook of the cup of love, obtained his portion of the ocean of eternal grace and of the showers of everlasting mercy, and entered into the life of faith—the heavenly and everlasting life. But he that turned away from that cup was condemned to eternal death. By the terms “life” and “death,” spoken of in the scriptures, is intended the life of faith and the death of unbelief. The generality of the people, owing to their failure to grasp the meaning of these words, rejected and despised the person of the Manifestation, deprived themselves of the light of His divine guidance, and refused to follow the example of that immortal Beauty.	120. Isaalang-alang kung paanong sa isang bersikulong ito na bumaba mula sa kalangitan ng Kalooan ng Diyos, ang daigdig at lahat ng naroroon ay dinala sa isang pagtutuos sa Kaniya. Sinuman ang kumilala sa katotohanan Niya at bumaling sa Kaniya, ang mabubuting gawa niya ay higit na matimbang sa masasamang ginawa niya, at lahat ng mga kasalanan niya ay kinansela at pinatawad. Sa gayon ang katotohanan ng mga salitang ito tungkol sa Kaniya ay ginawang hayag: “Mabilis Siya sa pagtutuos.” Sa ganoon, ginawa ng Diyos ang labis na kawalang-katarungan na maging makatarungan, kung sasaliksikin ninyo ang mga kaharian ng banal na kaalaman, at tatarukin ang mga kahiwagaan ng Kaniyang karunungan. Sa gayunding gawi, sinuman ang uminom sa kopa ng pag-ibig, ay nakamtan ang Kaniyang bahagi sa karagatan ng walang-hanggang pagpapala at ng mga ambon ng walang-katapusang habag, at nakapasok sa buhay ng pananalig—ang makalangit at walang-hanggang buhay. Subalit siya na tumalikod at lumayo mula sa kopang iyon ay hinatulan ng walang-hanggang kamatayan. Ang mga katawagang “buhay” at “kamatayan” na binanggit sa mga kasulatan, ay nangangahulugan ng buhay ng pananalig at ang kamatayan ng hindi pananalig. Ang karamihan ng mga tao, dahil sa kanilang pagkabigo na maunawaan ang kahulugan ng mga salitang ito, ay itinakwil at

⁸⁰ Isaiah 65:25

⁸¹ Qur’án 7:178

	kinamuhian ang katauhan ng Kahayagan, at pinagkaitan ang kanilang mga sarili ng liwanag ng Kaniyang banal na patnubay, at tumangging sundan ang halimbawa ng walang-kamatayang Kagandahan na iyon.
When the light of Qur’anic Revelation was kindled within the chamber of Muḥammad’s holy heart, He passed upon the people the verdict of the Last Day, the verdict of resurrection, of judgment, of life, and of death. Thereupon the standards of revolt were hoisted, and the doors of derision opened. Thus hath He, the Spirit of God, recorded, as spoken by the infidels: “And if thou shouldst say, ‘After death ye shall surely be raised again,’ the infidels will certainly exclaim, ‘This is nothing but manifest sorcery.’” ⁸² Again He speaketh: “If ever thou dost marvel, marvelous surely is their saying, ‘What! When we have become dust, shall we be restored in a new creation?’” ⁸³ Thus, in another passage, He wrathfully exclaimeth: “Are We wearied out with the first creation? Yet are they in doubt with regard to a new creation!” ⁸⁴	121. Nang ang liwanag ng Rebelasyon ng Qur’án ay nasindiha sa loob ng pitak ng banal na puso ni Muḥammad, ibinigay Niya sa mga tao ang hatol sa Huling Araw, ang sa muling pagkabuhay, ng paghuhukom, ng buhay, at ng kamatayan. Kapagdaka, ang mga bandila ng paghihimagsik ay itinaas at ang mga pinto ng pang-uuyam ay binuksan. Sa gayon itinala Niya, ang Espiritu ng Diyos, tulad ng binanggit ng mga hindi naniniwala sa Diyos: “At kapag ikaw ay magsasabi, ‘Pagkaraan ng kamatayan makatitiyak na ikaw ay muling bubuhayin.’ ang mga hindi naniniwala sa Diyos ay tiyak na ibubulalas, ‘Ito ay walang iba kundi maliwanag na pangkukulam.’” ⁸² Muli Siya ay nagsalita: “Kung ikaw man ay mamamanghangha, kataka-takang tiyak na ang kanilang sasabihin ay, ‘Ano! Kung kailan kami ay naging alabok na, kami ba ay muling mabubuo na isang bagong nilikha?’” ⁸³ Sa gayon sa isa pang sipi, lubhang galit na ibinulalas Niya: “Kami ba ay nanghina na sa unang paglikha? Ngunit sila ay nag-aalinlangan tungkol sa isang bagong paglikha.” ⁸⁴
As the commentators of the Qur’án and they that follow the letter thereof misapprehended the inner meaning of the words of God and failed to grasp their essential purpose, they sought to demonstrate that, according to the rules of grammar, whenever the term “idhá” (meaning “if” or “when”) precedeth the past tense, it invariably hath reference to the future. Later, they were sore perplexed in attempting to explain those verses of the Book wherein that term did not actually occur. Even as He hath revealed: “And there was a blast on the trumpet—lo! it is the threatened Day! And every soul is summoned to a reckoning—with him an impeller and a witness.” ⁸⁵ In explaining this and similar verses,	122. Habang ang mga manunuri sa Qur’án at sila na sinusundan ang titik noon ay hindi nauunawaan ang naloloob na kahulugan ng mga salita ng Diyos at nabigong maintindihan ang pangunahing layunin ng mga iyon, sinikap nilang ipakita na, alinsunod sa mga patakaran ng balarila, kailanman ang salitang “ <u>idhá</u> ” (na nangangahulugan ng “kung” o “kailan”) ay pinangungunahan ang pangnagdaang panahunan, ito ay walang-salang tumutukoy sa hinaharap. Sa dakong huli, sila ay lubhang nalito sa pagsisikap na ipaliwanag ang mga bersikulo ng Aklat kung saan ang salitang iyon ay hindi talagang lumitaw. Tulad ng Kaniyang ipinahayag: “At nagkaroon ng isang bugso ng tunog ng trumpeta,—masdan! ito ang ibinabalang Araw! At lahat ng kaluluwa ay tinawag sa isang pagtutuos,—na siya

⁸² Qur’án 11:7

⁸³ Qur’án 13:5

⁸⁴ Qur’án 50:15

they have in some cases argued that the term “idhá” is implied. In other instances, they have idly contended that whereas the Day of Judgment is inevitable, it hath therefore been referred to as an event not of the future but of the past. How vain their sophistry! How grievous their blindness! They refuse to recognize the trumpet-blast which so explicitly in this text was sounded through the revelation of Muḥammad. They deprive themselves of the regenerating Spirit of God that breathed into it, and foolishly expect to hear the trumpet-sound of the Seraph of God who is but one of His servants! Hath not the Seraph himself, the angel of the Judgment Day, and his like been ordained by Muḥammad’s own utterance? Say: What! Will ye give that which is for your good in exchange for that which is evil? Wretched is that which ye have falsely exchanged! Surely ye are a people, evil, in grievous loss.	bilang tagapagbunsod at saksi.”⁸⁵ Sa pagpapaliwanag nito at ng katulad na mga bersikulo, pinagtalunan nila sa ilang mga pagkakataon ang ipinahihiwatig ng salitang “idhá”. Sa ibang mga pagkakataon, walang-saysay na ipinaglaban nila na dahil sa ang Araw ng Paghuhukom ay hindi mapipigilang mangyari, ito samakatwid ay tinukoy bilang isang pangyayaring hindi sa hinaharap kundi nang nakaraan. Lubos ang kawalang-kapararakan ng kanilang pilosopiya! Anong lubha ang kanilang pagkabulag! Sila ay tumatangging kilalanin ang pagtunog ng trumpeta na lubhang maliwanag sa teksto na ito ay pinatunog sa pamamagitan ng rebelasyon ni Muḥammad. Pinagkaitan nila ang kanilang mga sarili ng nagbibigay-buhay na Espiritu ng Diyos na inihinga sa loob nito, at may kahangalang inasam na marinig ang tunog ng trumpeta ng Seraph ng Diyos na isa lamang sa Kaniyang mga tagapaglingkod! Hindi ba ang Seraph mismo, ang anghel ng Araw ng Paghuhukom, at ang katulad niya ay itinadhana sa sariling pananalita ni Muḥammad? Sabihin: Ano! Ibibigay ba ninyo yaong ukol sa inyong kabutihan bilang kapalit noong masama? Kahabag-habag yaong sala ninyong ipinagpalit! Walang-alinlangang kayo ay mga tao, masama, na nasa malubhang kawalan.
Nay, by “trumpet” is meant the trumpet-call of Muḥammad’s Revelation, which was sounded in the heart of the universe, and by “resurrection” is meant His own rise to proclaim the Cause of God. He bade the erring and wayward arise and speed out of the sepulchers of their bodies, arrayed them with the beauteous robe of faith, and quickened them with the breath of a new and wondrous life. Thus at the hour when Muḥammad, that divine Beauty, purposed to unveil one of the mysteries hidden in the symbolic terms “resurrection,” “judgment,” “paradise,” and “hell,” Gabriel, the Voice of Inspiration, was heard saying: “Erelong will they wag their heads at Thee, and say, ‘When shall this be?’ Say: ‘Perchance it is nigh.’”⁸⁶ The implications of this verse alone suffice the	123. Hindi lamang ito, kundi, ang “trumpeta” ay nangangahulugan ng panawagan ng trumpeta ng Rebelasyon ni Muḥammad, na pinatunog sa puso ng santinakpan, at ang “muling pagkabuhay” ay nangangahulugan ng Kaniyang sariling pagbabangon upang ipahayag ang Kapakanan ng Diyos. Inutusan Niya ang nagkakamali at naliligaw na magbangon at magmadaling lumabas sa mga libingan ng kanilang mga katawan, nagagayakan sila ng magandang kapa ng pananalig, at pinasigla sila ng hininga ng isang bago at kamangha-manghang buhay. Sa gayon sa oras nang si Muḥammad, yaong banal na Kagandahan, ay nilayong isiwalat ang isa sa mga hiwagang natatago sa nagsasagisag na mga salitang “muling pagkabuhay,” “paghuhukom,” “paraiso,” at “impiyerno,” si Gabriel, ang Tinig ng Inspirasyon, ay narinig na sinasabi: “Hindi magtatagal ay iiling ang kanilang mga ulo sa Iyo, at sasabihin, ‘Kailan mangyayari ito?’ Sabihin: ‘Baka

⁸⁵ Qur’án 50:20

peoples of the world, were they to ponder it in their hearts.	sakaling ito ay malapit na.”⁸⁶ Ang mga ipinahihiwatig ng bersikulong ito lamang ang makasasapat sa mga tao ng daigdig, kung lilimiin nila ito sa kanilang mga puso.
Gracious God! How far have that people strayed from the way of God! Although the Day of Resurrection was ushered in through the Revelation of Muḥammad, although His light and tokens had encompassed the earth and all that is therein, yet that people derided Him, gave themselves up to those idols which the divines of that age, in their vain and idle fancy, had conceived, and deprived themselves of the light of heavenly grace and of the showers of divine mercy. Yea, the abject beetle can never scent the fragrance of holiness, and the bat of darkness can never face the splendor of the sun.	124. Mapagpalang Diyos! Napakalayo ang pagkaligaw ng mga taong iyon mula sa landas ng Diyos! Kahiman ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay naihatid sa pamamagitan ng Rebelasyon ni Muḥammad, kahiman ang liwanag at mga palatandaan Niya ay pinalibutan ang kalupaan at lahat ng naroroon, ngunit ang mga taong iyon ay inuyam Siya, isinusuko ang kanilang mga sarili sa mga diyus-diyusang nilikha sa isipan ng mga teologo ng panahon, sa kanilang kapalaluan at walang-saysay na guniguni, at pinagkaitan ang kanilang mga sarili ng liwanag ng makalangit na pagpapala at ng mga ambon ng banal na habag. Tunay, ang hamak na salagubang ay hindi kailanman makalalanghap sa halimuyak ng kabanalan, at ang paniki ng kadiliman ay hindi kailanman makahaharap sa kaningningan ng araw.
Such things have come to pass in the days of every Manifestation of God. Even as Jesus said: “Ye must be born again.”⁸⁷ Again He saith: “Except a man be born of water and of the Spirit, he cannot enter into the Kingdom of God. That which is born of the flesh is flesh; and that which is born of the Spirit is spirit.”⁸⁷ The purport of these words is that whosoever in every dispensation is born of the Spirit and is quickened by the breath of the Manifestation of Holiness, he verily is of those that have attained unto “life” and “resurrection” and have entered into the “paradise” of the love of God. And whosoever is not of them, is condemned to “death” and “deprivation,” to the “fire” of unbelief, and to the “wrath” of God. In all the scriptures, the books and chronicles, the sentence of death, of fire, of blindness, of want of understanding and hearing, hath been pronounced against those whose lips have tasted not the ethereal cup of true knowledge, and whose hearts have been deprived of the grace of	125. Ang gayong mga bagay ay naganap sa mga araw ng bawat Kahayagan ng Diyos. Tulad ng sinabi ni Jesus: “Kayo ay kailangang isilang na muli.”⁸⁷ Muli ay sinabi Niya: “Maliban kung ang isang tao ay isinilang sa tubig at ng Espiritu, siya ay hindi makapapasok sa Kaharian ng Diyos. Yaong ipinanganak ng laman ay laman; at yaong ipinanganak sa Espiritu ay espiritu.”⁸⁸ Ang kahulugan ng mga salitang ito ay yaong sinuman sa bawat dispensasyon ang ipinanganak ng Espiritu at binigyang-sigla ng Kahayagan ng Kabanalan, siya sa katunayan ay kabilang doon sa mga nakatamo ng “buhay” at “muling pagkabuhay” at nakapasok sa “paraiso” ng pag-ibig ng Diyos. At sinuman na hindi kabilang sa kanila, ay hinatulan ng “kamatayan” at “pananalat,” sa “apoy” ng hindi paniniwala, at sa “matinding galit” ng Diyos. Sa lahat ng mga kasulatan, mga aklat at mga salaysay, ang hatol ng kamatayan, ng apoy, ng pagkabulag, ng kawalan ng pang-unawa at pandinig, ay iginawad laban sa kanila na hindi natikman ng mga labi ang makalangit na kopa ng tunay na kaalaman, at yaong ang mga puso ay pinagkaitan ng biyaya ng banal na Espiritu sa kanilang panahon. Tulad

⁸⁶ Qur’án 17:51

⁸⁷ John 3:7

⁸⁸ John 3:5-6

the holy Spirit in their day. Even as it hath been previously recorded: “Hearts have they with which they understand not.” ⁸⁹	ng naitala noong nakaraan: “May mga puso sila ngunit sila ay hindi nakauunawa.” ⁸⁹
In another passage of the Gospel it is written: “And it came to pass that on a certain day the father of one of the disciples of Jesus had died.” That disciple reporting the death of his father unto Jesus, asked for leave to go and bury him. Whereupon, Jesus, that Essence of Detachment, answered and said: “Let the dead bury their dead.” ⁹⁰	126. Sa isa pang sipi ng Ebanghelyo ito ay nakasulat: “At ito ay naganap nang isang araw ang ama ng isa sa mga disipulo ni Jesus ay namatay.” Ang disipulong iyon sa pagbabalita ng kamatayan ng Kaniyang ama kay Jesus, ay humingi ng pahintulot na umalis upang ilibing siya. Kaagad, si Jesus, ang Diwa ng Pagtiwalag, ay sumagot at sinabi: “Hayaang ang patay ang maglibing sa kanilang patay.” ⁹⁰
In like manner, two of the people of Kúfih went to ‘Alí, the Commander of the Faithful. One owned a house and wished to sell it; the other was to be the purchaser. They had agreed that this transaction should be effected and the contract be written with the knowledge of ‘Alí. He, the exponent of the law of God, addressing the scribe, said: “Write thou: ‘A dead man hath bought from another dead man a house. That house is bounded by four limits. One extendeth toward the tomb, the other to the vault of the grave, the third to the Širát, the fourth to either Paradise or hell.’” Reflect, had these two souls been quickened by the trumpet-call of ‘Alí, had they risen from the grave of error by the power of his love, the judgment of death would certainly not have been pronounced against them.	127. Sa gayunding gawi, dalawa sa mga tao ng Kúfih ay nagpunta kay ‘Alí, ang Pinuno ng Matatapat. Ang isa ay nagmamay-ari ng isang bahay at nais na ipagbili ito; ang isa pa ay ang bibili. Sila ay nagkasundo na ang ganitong unawaan ay dapat isagawa at ang kasunduan ay dapat maisulat nang nababatid ni ‘Alí. Siya, ang tagapagtaguyod ng batas ng Diyos, bumaling sa tagasulat, ay sinabi: “Iyong isulat: ‘Isang patay na tao ang bumili mula sa isa pang patay na tao ng isang bahay. Ang bahay na iyon ay nasasaklaw ng apat na hangganan. Ang isa ay patungo sa libingan, ang isa pa ay sa puntod, ang ikatlo ay sa Širát, ang ikaapat ay patungo alinman sa Paraiso o impiyerno.’” Limiin, kung ang dalawang kaluluwang ito ay pinasigla ng panawagan ng trumpeta ni ‘Alí, kung sila ay nagbangon mula sa libingan ng kamalian sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang pag-ibig, ang hatol ng kamatayan ay tiyak na hindi mangyayaring igawad sa kanila.
In every age and century, the purpose of the Prophets of God and their chosen ones hath been no other but to affirm the spiritual significance of the terms “life,” “resurrection,” and “judgment.” If one will ponder but for a while this utterance of ‘Alí in his heart, one will surely discover all mysteries hidden in the terms “grave,” “tomb,” “širát,” “paradise” and “hell.” But oh! how strange and pitiful! Behold, all the people are imprisoned within the tomb of self, and lie buried beneath the nethermost depths of worldly	128. Sa bawat panahon at siglo, ang layunin ng mga Propeta ng Diyos at ng Kanilang mga hinirang ay walang iba kundi ang pagtibayin ang espirital na kahulugan ng mga salitang “buhay,” “muling pagkabuhay,” at “paghuhukom.” Kung sandaling lilimiin ng tao sa kaniyang puso ang ganitong pananalita ni ‘Alí, tiyak na matutuklasan niya ang lahat ng mga hiwagang natatago sa mga salitang “libingan,” “puntod,” “širát,” “paraiso,” at “impiyerno.” Ngunit naku! Lubusang kataka-taka at kahabag-habag! Masdan, lahat ng tao ay nakakulong sa loob ng puntod ng sarili, at

⁸⁹ Qur’án 1:128

⁹⁰ Luke 9:60

desire! Wert thou to attain to but a dewdrop of the crystal waters of divine knowledge, thou wouldst readily realize that true life is not the life of the flesh but the life of the spirit. For the life of the flesh is common to both men and animals, whereas the life of the spirit is possessed only by the pure in heart who have quaffed from the ocean of faith and partaken of the fruit of certitude. This life knoweth no death, and this existence is crowned by immortality. Even as it hath been said: “He who is a true believer liveth both in this world and in the world to come.” If by “life” be meant this earthly life, it is evident that death must needs overtake it.	nakalibing sa ilalim ng pinakamalalim na mga kaibuturan ng makamundong hangarin! Kung iyong makakamtan ang kahit isang patak ng hamog ng napakalinaw na mga tubig ng banal na kaalaman, iyong matatanto kaagad ang tunay na buhay ng espiritu. Sapagkat ang buhay ng laman ay karaniwan sa kapuwa mga tao at mga hayop, samantalang ang buhay ng espiritu ay tinataglay lamang ng wagas ang puso na nakainom mula sa karagatan ng pananalig at nakakain sa bunga ng katiyakan. Ang buhay na ito ay hindi nababatid ang kamatayan, at ang pamumuhay na ito ay nakokoranahan ng kawalang-kamatayan. Tulad ito ng nasabi na: “Siya na isang tunay na mananampalataya ay nabubuhay kapuwa sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.” Kung ang “buhay”, ay nangangahulugan ng makalupang buhay, maliwanag na kailangang itong abutan ng kamatayan.
Similarly, the records of all the scriptures bear witness to this lofty truth and this most exalted word. Moreover, this verse of the Qur’án, revealed concerning Ḥamzih, the “Prince of Martyrs,”⁹¹ and Abú-Jahl, is a luminous evidence and sure testimony of the truth of Our saying: “Shall the dead, whom We have quickened, and for whom We have ordained a light whereby he may walk among men, be like him, whose likeness is in the darkness, whence he will not come forth?”⁹² This verse descended from the heaven of the Primal Will at a time when Ḥamzih had already been invested with the sacred mantle of faith, and Abú-Jahl had waxed relentless in his opposition and unbelief. From the Wellspring of omnipotence and the Source of eternal holiness, there came the judgment that conferred everlasting life upon Ḥamzih, and condemned Abú-Jahl to eternal damnation. This was the signal that caused the fires of unbelief to glow with the hottest flame in the heart of the infidels, and provoked them openly to repudiate His truth. They loudly clamored: “When did Ḥamzih die? When was he risen? At what hour was such a life	129. Nang nakakatulad, ang mga salaysay sa lahat ng mga kasulatan ay sumasaksi sa kataasan ng katotohanang ito at sa pinakadakilang salitang ito. Bukod rito, ang bersikulong ito ng Qur’án, ipinahayag tungkol kay Ḥamzih, ang “Prinsipe ng mga Martir,”⁹¹ at kay Abú-Jahl, ay isang maliwanag na katibayan at tiyak na pagpapatotoo sa katotohanan ng Aming sinasabi: “Kung ang patay, na Aming binuhay, at Aming itinadhana sa kaniya ang isang liwanag upang siya ay makalakad kasama ng mga tao, ay magiging katulad niya, na ang kawangis ay nasa kadiliman, na kung saan siya ay hindi makalalabas?”⁹² Ang taludtod na ito ay bumaba mula sa kalangitan ng Pangunahing Kalooban sa panahon nang si Ḥamzih ay pinagkalooban na ng banal na manta ng pagsasampalataya, at si Abú-Jahl ay lalong naging walang-lubag sa kaniyang pagsalungat at hindi pagsampalataya. Mula sa Bukal ng walang-hanggang kapangyarihan at sa Pinagmumulan ng walang-hanggang kabanalan, ay dumating ang hatol na nagkaloob ng walang-hanggang buhay kay Ḥamzih at nagpataw ng walang-hanggang kapahamakan kay Abú-Jahl. Ito ang hudyat na naging sanhi na magningas ang mga apoy ng hindi pananalig sa pinakamainit na mga lagablab sa puso ng mga hindi naniniwala sa Diyos,

⁹¹ Titulo ng tiyuhin ni Muhammad

⁹² Qur’án 6:122

conferred upon him?” As they understood not the significance of these noble sayings, nor sought enlightenment from the recognized expounders of the Faith, that these might confer a sprinkling of the Kawthar of divine knowledge upon them, therefore such fires of mischief were kindled amongst men.	at nagbunsod sa kanila na lantarang itakwil ang Kaniyang katotohanan. Sila ay malakas na naghihiyaw: “Kailan namatay si Hamzih? Kailan siya muling nabuhay? Sa anong oras iginawad sa kaniya ang gayong buhay?” Dahil sa hindi nila naunawaan ang kahulugan ng ganitong dakilang mga sinasabi, at hindi humanap ng kaliwanagan mula sa kilalang mga tagapagpaliwanag ng Pananampalataya, upang ang mga ito ay makapagbigay ng isang tilamsik ng Kawthar ng banal na kaalaman sa kanila, samakatwid ang gayong mga apoy ng kasamaan ay nasindiha sa mga tao.
Thou dost witness today how, notwithstanding the radiant splendor of the Sun of divine knowledge, all the people, whether high or low, have clung to the ways of those abject manifestations of the Prince of Darkness. They continually appeal to them for aid in unraveling the intricacies of their Faith, and, owing to lack of knowledge, they make such replies as can in no wise damage their fame and fortune. It is evident that these souls, vile and miserable as the beetle itself, have had no portion of the musk-laden breeze of eternity, and have never entered the Ridván of heavenly delight. How, therefore, can they impart unto others the imperishable fragrance of holiness? Such is their way, and such will it remain forever. Only those will attain to the knowledge of the Word of God that have turned unto Him, and repudiated the manifestations of Satan. Thus God hath reaffirmed the law of the day of His Revelation, and inscribed it with the pen of power upon the mystic Tablet hidden beneath the veil of celestial glory. Wert thou to heed these words, wert thou to ponder their outward and inner meaning in thy heart, thou wouldst seize the significance of all the abstruse problems which, in this day, have become insuperable barriers between men and the knowledge of the Day of Judgment. Then wilt thou have no more questions to perplex thee. We fain would hope that, God willing, thou wilt not return, deprived and still athirst, from the shores of the ocean of divine mercy, nor come	130. Iyong nasasaksihan ngayon kung paano, sa kabila ng maningning na karingalan ng Araw ng banal na kaalaman, ang lahat ng tao, mataas man o mababa, ay nangangapit sa mga gawi noong kasuklam-suklam na mga ipinakikita ng Prinsipe ng Kadiliman. Paulit-ulit na sumasamo sila sa kanila ng tulong upang lutasin ang mga kaguluhan ng kanilang Pananampalataya, at, dahil sa kapus sa kaalaman, sila ay gumagawa ng gayong mga tugon na sa anumang paraan ay hindi makapipinsala sa kanilang katanyagan at kayamanan. Maliwanag na ang ganitong mga kaluluwa, karima-rimarim at hamak tulad ng salagubang mismo, ay hindi nagkaroon ng bahagi sa simoy ng kawalang-hanggan na tigib ng halimuyak ng <i>musk</i>, at hindi kailanman nakapasok sa Ridván ng makalangit na kaluguran. Paano, kung gayon, nila maaaring ipagkaloob sa iba ang walang-maliw na halimuyak ng kabanalan? Gayon ang kanilang pamamaraan, at gayon ito mananatili nang walang katapusan. Ang mga makapagtatamo lamang ng kaalaman ng Salita ng Diyos ay ang bumaling sa Kaniya at itinakwil ang mga ginagawa ni Satanas. Sa gayon muling pinagtibay ng Diyos ang araw ng Rebelasyon Niya, at isinulat ito sa pamamagitan ng panulat ng lakas sa mahiwagang Tableta na natatago sa ilalim ng lambong ng makalangit na kaluwalhatian. Kung iyong pakikinggan nang mabuti ang mga salitang ito, kung iyong lilimiin sa iyong puso ang kanilang panlabas at panloob na kahulugan, iyong mauunawaan ang kahulugan ng lahat ng malalabong suliranin na, sa araw na ito, ay naging lubhang hindi mapaglabanang mga hadlang sa pagitan ng mga tao at ng kaalaman sa Araw ng Paghuhukom. Sa gayon ikaw ay hindi na

back destitute from the imperishable Sanctuary of thy heart's desire. Let it now be seen what thy search and endeavors will achieve.	magkakaroon ng anumang mga katanungang makaliligalig sa iyo. Kami ay magagalak sa pag-asa na, kung loloobin ng Diyos, ikaw ay hindi babalik, nang pinagkaitan at nauuhaw pa rin, mula sa mga dalampasigan ng karagatan ng banal na habag, ni hindi rin babalik nang nagdarahop mula sa walang-maliw na Banal na Santuwaryo ng hangarin ng iyong puso. Hayaang ito ngayon ay makita kung ano ang makakamtan ng iyong paghahanap at mga pagpupunyagi.
To resume: Our purpose in setting forth these truths hath been to demonstrate the sovereignty of Him Who is the King of kings. Be fair: Is this sovereignty which, through the utterance of one Word, hath manifested such pervading influence, ascendancy, and awful majesty, is this sovereignty superior, or is the worldly dominion of these kings of the earth who, despite their solicitude for their subjects and their help of the poor, are assured only of an outward and fleeting allegiance, while in the hearts of men they inspire neither affection nor respect? Hath not that sovereignty, through the potency of one word, subdued, quickened, and revitalized the whole world? What! Can the lowly dust compare with Him Who is the Lord of Lords? What tongue dare utter the immensity of difference that lieth between them? Nay, all comparison falleth short in attaining the hallowed sanctuary of His sovereignty. Were man to reflect, he would surely perceive that even the servant of His threshold ruleth over all created things! This hath already been witnessed, and will in future be made manifest.	131. Sa pagpapatuloy: Ang Aming layunin sa paglalahad ng mga katotohanang ito ay upang ipakita ang dakilang kapangyarihan Niya na Hari ng mga hari. Maging makatarungan: Ang dakilang kapangyarihan bang ito, sa pamamagitan ng pagsambit ng isang Salita, ay nagpakita ng gayong laganap na impluwensiya, pangingibabaw, at kapita-pitagang kamaharlikaan, ang ganito bang dakilang kapangyarihan ay nakahihigit, o ang makamundong kaharian nitong mga hari ng kalupaan na, sa kabila ng kanilang pagmamalasakit sa kanilang mga nasasakupan at ng kanilang pagtulong sa mahihirap, ay nakatitiyak lamang ng isang panlabas at panandaliang katapatan, samantalang sa mga puso ng mga tao sila ay hindi nakapupukaw ng pagmamahal ni ng paggalang? Hindi ba ang ganoong kapangyarihan, sa pamamagitan ng bisa ng isang salita, ay pinasuko, pinasigla at muling binuhay ang buong daigdig? Ano! Maaari bang ang hamak na alabok ay itulad sa Kaniya na Panginoon ng mga Panginoon? Anong dila ang mangangahas na sambitin ang kalawakan ng pagkakaiba na naroroon sa pagitan nila? Hindi lamang ito, kundi lahat ng paghahalintulad ay kulang na kulang upang makarating sa pinagpipitaganang banal na kanlungan ng Kaniyang dakilang kapangyarihan. Kung magninilay-nilay ang isang tao, tiyak na mauunawaan niyang kahit ang tagapaglingkod sa Kaniyang pintuan ay nakapangyayari sa lahat ng mga nilikhang bagay! Ito ay nasaksihan na, at mahahayag sa hinaharap.
This is but one of the meanings of the spiritual sovereignty which We have set forth in accordance with the capacity and receptiveness of the people. For He, the Mover of all beings, that glorified Countenance, is the source of such	132. Ito ay isa lamang sa mga kahulugan ng espiritwal na dakilang kapangyarihan na Aming inilahad alinsunod sa kakayahan at pagiging handang tumanggap ng mga tao. Sapagkat Siya, ang Nagpapakilos sa lahat ng mga nilikha, yaong maluwalhating Anyo, ay ang

potencies as neither this wronged One can reveal, nor this unworthy people comprehend. Immensely exalted is He above men's praise of His sovereignty; glorified is He beyond that which they attribute unto Him!	pinagmumulan ng gayong mga lakas na hindi maaaring ihayag Niya na pinagkasalahan, ni hindi mauunawaan ng hindi karapat-dapat na mga taong ito. Sukdulang higit na dakila Siya sa papuri ng mga tao sa Kaniyang dakilang kapangyarihan; higit na maluwalhati Siya kaysa sa ipinapalagay nila sa Kaniya!
And now, ponder this in thine heart: Were sovereignty to mean earthly sovereignty and worldly dominion, were it to imply the subjection and external allegiance of all the peoples and kindreds of the earth—whereby His loved ones should be exalted and be made to live in peace, and His enemies be abased and tormented—such form of sovereignty would not be true of God Himself, the Source of all dominion, Whose majesty and power all things testify. For, dost thou not witness how the generality of mankind is under the sway of His enemies? Have they not all turned away from the path of His good-pleasure? Have they not done that which He hath forbidden, and left undone, nay repudiated and opposed, those things which He hath commanded? Have not His friends ever been the victims of the tyranny of His foes? All these things are more obvious than even the splendor of the noontide sun.	133. At ngayon, limiin ito sa iyong puso: kung ang dakilang kapangyarihan ay mangangahulugan ng makalupang kapangyarihan at makamundong kaharian, kung ito ay magpapahiwatig ng pananakop at panlabas na katapatan ng lahat ng mga tao at mga kaanak ng kalupaan—upang ang mga minamahal Niya ay dakilain at makapamuhay nang payapa, at ang mga kaaway Niya ay hamakin at matinding parusahan—ang gayong uri ng kapangyarihan ay hindi magiging totoo para sa Diyos. Mismo, ang Pinagmumulan ng lahat ng kaharian, na ang Kaniyang kamaharlikaan at kapangyarihan na pinatutunayan ng lahat ng mga bagay. Sapagkat hindi mo ba nasasaksihan kung paanong ang kalahatan ng sangkatauhan ay sumasailalim sa kapangyarihan ng mga kaaway Niya? Hindi ba silang lahat ay lumayo mula sa landas ng Kaniyang mabuting kasiyahan? Hindi ba kanilang nagawa yaong mga ipinagbawal Niya, at iniwan nang hindi natupad, hindi lamang iyon kundi itinakwil at sinalungat, yaong mga bagay na ipinag-utos Niya? Hindi ba ang mga kaibigan Niya ay palaging naging biktima ng pagmamalupit ng Kaniyang mga kaaway? Ang mga ganitong bagay ay higit na maliwanag kaysa sa ningning ng araw ng katanghalian-tapat.
Know, therefore, O questioning seeker, that earthly sovereignty is of no worth, nor will it ever be, in the eyes of God and His chosen Ones. Moreover, if ascendancy and dominion be interpreted to mean earthly supremacy and temporal power, how impossible will it be for thee to explain these verses: “And verily Our host shall conquer.”⁹³ “Fain would they put out God's light with their mouths: But God hath willed to perfect His light, albeit the infidels abhor it.”⁹⁴ “He is the Dominant, above all	134. Alamin, sa gayon, O nag-aalinlangang nagsasaliksik, na ang makalupang kapangyarihan ay hindi mahalaga, ni kailanman ito ay magiging gayon, sa mga mata ng Diyos at Nila na Kaniyang hinirang. Bukod rito, kung ang pangingibabaw at kapangyarihan ay mangangahulugan ng makamundong pangingibabaw at pansamantalang lakas, lubos na hindi magagawang mangyari sa iyo na ipaliwanag ang mga bersikulong ito: “At sa katunayan mananakop ang Aming hukbo.”⁹³ “Magagalak sila kung aapulain ang liwanag ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga bibig: Subalit niloob ng

⁹³ Qur'án 37:173

things.” Similarly, most of the Qur’án testifieth to this truth.	Diyos na gawing sukdulan ang Kaniyang liwanag, kahiman kinapopootan ito ng mga hindi naniniwala sa Diyos.”⁹⁴ “Siya ay ang Nakapangyayari, higit sa lahat ng mga bagay.” Gayundin, halos ang buong Qur’án ay sumasaksi sa katotohanang ito.
Were the idle contention of these foolish and despicable souls to be true, they would have none other alternative than to reject all these holy utterances and heavenly allusions. For no warrior could be found on earth more excellent and nearer to God than Ḥusayn, son of ‘Alí, so peerless and incomparable was he. “There was none to equal or to match him in the world.” Yet, thou must have heard what befell him. “God’s malison on the head of the people of tyranny!”⁹⁵	135. Kung ang walang-kabuluhang pagtatalo nitong mga hangal at kasuklam-suklam na mga kaluluwa ay magiging totoo, sila ay walang ibang mapagpipilian kundi ang tanggihan ang lahat ng banal na mga pananalitang ito at ang makalangit na mga pahiwatig. Sapagkat walang mandirigma ang matatagpuan sa kalupaan na higit na mahusay at higit na malapit sa Diyos kaysa kay Ḥusayn, anak ni ‘Alí, ganap na walang kapantay at walang katulad siya. “Walang sinuman ang makapapantay o makatutumbas niya sa daigdig.” Datapwat, maaaring narinig mo na kung ano ang nangyari sa kaniya. “Ang sumpa ng Diyos ay mapasaulo ng mga tao ng kalupitan!”⁹⁵
Were the verse “And verily Our host shall conquer” to be literally interpreted, it is evident that it would in no wise be applicable to the chosen Ones of God and His hosts, inasmuch as Ḥusayn, whose heroism was manifest as the sun, crushed and subjugated, quaffed at last the cup of martyrdom in Karbilá, the land of Ṭaff. Similarly, the sacred verse “Fain would they put out God’s light with their mouths: But God hath willed to perfect His light, albeit the infidels abhor it.” Were it to be literally interpreted it would never correspond with the truth. For in every age the light of God hath, to outward seeming, been quenched by the peoples of the earth, and the Lamps of God extinguished by them. How then could the ascendancy of the sovereignty of these Lamps be explained? What could the potency of God’s will to “perfect His light” signify? As hath already been witnessed, so great was the enmity of the infidels, that none of these divine Luminaries ever found a place for shelter, or tasted of the cup of tranquillity. So heavily were they oppressed, that the least of	136. Kung ang bersikulong “At sa katunayan mananakop ang Aming hukbo” ay ipaliliwanag nang literal, ito ay maliwanag na hindi naaangkop sa Kanila na hinirang ng Diyos at sa Kaniyang mga hukbo, sa kadahilanang si Ḥusayn, na ang kabayanihan ay maliwanag tulad ng araw, nalupig at nagahis, uminom sa wakas sa kopa ng pagmamartir sa Karbilá, ang lupain ng Ṭaff. Gayundin, ang banal na bersikulo na “Magagalak sila na patayin ang liwanag ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang bibig: ngunit niloob ng Diyos na gawing sukdulan ang Kaniyang liwanag, kahiman kinapopootan ito ng mga hindi naniniwala sa Diyos.” Kung ipaliliwanag ito sa literal na kahulugan nito hindi ito kailanman maaayon sa katotohanan. Sapagkat sa bawat panahon ang liwanag ng Diyos, sa panlabas na pagwawari, ay nasawata ng mga tao ng kalupaan; at ang mga Lampara ng Diyos ay napatay nila. Paano kung gayon maipaliliwanag ang pangingibabaw ng dakilang kapangyarihan ng mga Lamparang ito? Ano ang ibig sabihin ng bisa ng kalooban ng Diyos upang “gawing sukdulan ang Kaniyang liwanag”? Tulad ng nasaksihan na, lubhang matindi ang pagkapoot ng mga hindi naniniwala sa Diyos, na wala sa mga banal na

⁹⁴ Qur’án 9:33

⁹⁵ Qur’án 11:18

men inflicted upon these Essences of being whatsoever he listed. These sufferings have been observed and measured by the people. How, therefore, can such people be capable of understanding and expounding these words of God, these verses of everlasting glory?	Tagapagdala ng Liwanag na ito ang kailanman ay nakatagpo ng isang pook para panganlungan, o nakatikim sa kopa ng kapanatagan. Lubhang malupit ang paniniil sa kanila, na ipinabata ng pinakahamak sa mga tao ang anumang itinala niya sa mga Diwa na ito ng buhay. Ang mga pagdurusang ito ay namasdan at nasukat ng mga tao. Samakatwid, paanong ang gayong mga tao ay magkakaroon ng kakayahang makaunawa at maipaliwanag ang mga salitang ito ng Diyos, ang mga bersikulong ito ng walang-hanggang kaluwalhatian?
But the purpose of these verses is not what they have imagined. Nay, the terms “ascendancy,” “power,” and “authority” imply a totally different station and meaning. For instance, consider the pervading power of those drops of the blood of Husayn which besprinkled the earth. What ascendancy and influence hath the dust itself, through the sacredness and potency of that blood, exercised over the bodies and souls of men! So much so, that he who sought deliverance from his ills, was healed by touching the dust of that holy ground, and whosoever, wishing to protect his property, treasured with absolute faith and understanding, a little of that holy earth within his house, safeguarded all his possessions. These are the outward manifestations of its potency. And were We to recount its hidden virtues they would assuredly say: “He verily hath considered the dust to be the Lord of Lords, and hath utterly forsaken the Faith of God.”	137. Ngunit ang layunin ng mga bersikulong ito ay hindi kung ano ang kanilang inakala. Hindi lamang iyon, kundi, ang mga katawagang “pangingibabaw,” “lakas,” at “kapangyarihan” ay nagpapahiwatig ng isang lubos na magkakaibang katayuan at kahulugan. Halimbawa, muni-muniin ang lumalaganap na kapangyarihan ng mga patak ng dugo ni Husayn na dumilig sa lupa. Anong pangingibabaw at bisa ng alabok mismo, sa pamamagitan ng kabanalan at kapangyarihan ng dugong iyon, ang ginawa sa mga katawan at mga kaluluwa ng mga tao! Sa ganoong paraan, siya na naghanap ng kaligtasan mula sa kaniyang mga karamdaman, ay napagaling sa paghipo sa alabok ng banal na lupang iyon, at sinuman, na nagnanais na pangalagaan ang kaniyang ari-arian, ay pinakaingatan nang may ganap na pagsasampalataya at pag-unawa, ang kaunting banal na lupang iyon sa loob ng kaniyang tahanan, ay naipagsanggalang ang lahat ng kaniyang mga ari-arian. Ang mga ito ay panlabas na mga katunayan ng kapangyarihan nito. At kung Aming isasalaysay ang natatagong mga kabutihan nito, sila nang nakatitiyak ay sasabihin: “Siya sa katunayan ay isinaalang-alang ang alabok na maging ang Panginoon ng mga Panginoon, at ganap na tinalikuran ang Pananampalataya ng Diyos.”
Furthermore, call to mind the shameful circumstances that have attended the martyrdom of Husayn. Reflect upon his loneliness, how, to outer seeming, none could be found to aid him, none to take up his body and bury it. And yet, behold how numerous, in this day, are those who from the uttermost corners of the earth don the garb of pilgrimage, seeking the site of his martyrdom, that there they may lay their heads	138. Karagdagan dito, gunitain ang kahiya-hiyang mga pangyayaring naganap sa pagmamartir ni Husayn. Nilay-nilayin ang kaniyang pangungulila, kung paano, sa panlabas na pakiwari, ay, walang sinuman ang matatagpuan upang tulungan siya, walang sinuman ang makapagbuhat ng kaniyang katawan at ilibing ito. At gayumpaman, masdan kung gaano karami, sa araw na ito, yaong mula sa kasuluk-sulukan ng kalupaan ay isinuot ang damit ng banal na paglalakbay, hinahanap

upon the threshold of his shrine! Such is the ascendancy and power of God! Such is the glory of His dominion and majesty!	ang pook ng kaniyang pagmamartir, upang doon ay mailapat nila ang kanilang mga ulo sa pintuan ng kaniyang dambana! Gayon ang pangingibabaw at kapangyarihan ng Diyos! Gayon ang kaluwalhatian ng Kaniyang kapangyarihan at kamaharlikaan!
Think not that because these things have come to pass after Husayn's martyrdom, therefore all this glory hath been of no profit unto him. For that holy soul is immortal, liveth the life of God, and abideth within the retreats of celestial glory upon the Sadrih of heavenly reunion. These Essences of being are the shining Exemplars of sacrifice. They have offered, and will continue to offer up their lives, their substance, their souls, their spirit, their all, in the path of the Well-Beloved. By them, no station, however exalted, could be more dearly cherished. For lovers have no desire but the good-pleasure of their Beloved, and have no aim except reunion with Him.	139. Huwag isipin na dahil sa ang mga bagay na ito ay naganap matapos ang pagmamartir ni Husayn, samakatwid ang lahat ng kaluwalhatian nito ay naging hindi kapaki-pakinabang sa kaniya. Sapagkat ang banal na kaluluwang iyon ay walang kamatayan, namumuhay sa buhay ng Diyos, at nananahan sa loob ng mga kanlungan ng makalangit na kaluwalhatian sa ibabaw ng Sadrih ng makalangit na muling pagsasama. Ang mga Diwa na ito ng buhay ay ang maliwanag na mga Huwaran ng pagpapakasakit. Inialay nila, at patuloy na ialaay ang kanilang mga buhay, ang kanilang kayamanan, ang kanilang mga kaluluwa, ang kanilang espiritu, ang lahat ng nasa kanila, sa landas ng Pinakamamahal. Sa kanila, walang katayuan, gaanuman kadakila, ang maaring higit na buong giliw na pakamamahalin. Sapagkat walang ibang hinahangad kundi ang mabuting kasiyahan ng kanilang Minamahal, at walang ibang layunin liban sa muling pakikisama sa Kaniya.
Should We wish to impart unto thee a glimmer of the mysteries of Husayn's martyrdom, and reveal unto thee the fruits thereof, these pages could never suffice, nor exhaust their meaning. Our hope is that, God willing, the breeze of mercy may blow, and the divine Springtime clothe the tree of being with the robe of a new life; so that we may discover the mysteries of divine Wisdom, and, through His providence, be made independent of the knowledge of all things. We have, as yet, descried none but a handful of souls, destitute of all renown, who have attained unto this station. Let the future disclose what the Judgment of God will ordain, and the Tabernacle of His decree reveal. In such wise We recount unto thee the wonders of the Cause of God, and pour out into thine ears the strains of heavenly melody, that haply thou mayest attain unto the station of true knowledge, and partake of the fruit	140. Kung Aming nanaisin na ibahagi sa iyo ang kahit isang kislap ng mga kahiwagaan ng pagmamartir ni Husayn, at ipahayag sa iyo ang mga bunga niyon, ang mga pahinang ito ay hindi makasasapat, ni masasaid ang kanilang kahulugan. Ang Aming pag-asa ay, kung loloobin ng Diyos, yaong simoy ng habag ay humihip, at ang banal na panahon ng Tagsibol ay damitan ang puno ng buhay ng kapa ng isang bagong buhay; upang sa gayon ay matuklasan natin ang mga hiwaga ng banal na Karunungan, at, sa pamamagitan ng Kaniyang kalooban, ay maging malaya sa kaalaman ng lahat ng mga bagay. Kami, sa ngayon, ay walang sinumang natagpuan liban sa ilang mga kaluluwa, salat sa lahat ng katanyagan, ang nakapagtamo ng katayuang ito. Hayaan ang hinaharap ang magbunyag kung ano ang itatadhana ng Hatol ng Diyos, at ang ipahahayag ng Tabernakulo ng Kaniyang kautusan. Sa gayong gawi na Aming isinalaysay sa iyo ang mga kamangha-mangha sa Kapakanan ng Diyos, at pinadadaloy sa iyong mga tainga ang mga himig ng

thereof. Therefore, know thou of a certainty that these Luminaries of heavenly majesty, though their dwelling be in the dust, yet their true habitation is the seat of glory in the realms above. Though bereft of all earthly possessions, yet they soar in the realms of immeasurable riches. And whilst sore tried in the grip of the enemy, they are seated on the right hand of power and celestial dominion. Amidst the darkness of their abasement there shineth upon them the light of unfading glory, and upon their helplessness are showered the tokens of an invincible sovereignty.	makalangit na melodiya upang baka sakali ay iyong makamtan ang katayuan ng tunay na kaalaman, at makibahagi sa bunga niyon. Kung gayon, alamin mo nang nakatitiyak na ang mga Tagapagdala ng Liwanag ng makalangit na kamaharlikaan, kahiman ang kanilang tirahan ay maging nasa alabok, gayumpaman ang kanilang tunay na tahanan ay ang luklukan ng kaluwalhatian sa mga kaharian sa itaas. Kahiman salat sa lahat ng makalupang mga pag-aari, subalit sila ay pumapailanlang sa mga kaharian ng hindi masukat na mga kayamanan. At habang lubhang naghihirap sa mahigpit na pagkakahawak ng kaaway, sila ay nakaluklok sa kanang kamay ng kapangyarihan at makalangit na kaharian. Sa gitna ng kadiliman ng kanilang pagkaaba sumisikat sa kanila ang liwanag ng walang-maliw na kaluwalhatian, at sa kanilang kawalan ng kakayahan ay pinauulan ang mga kaloob ng mga palatandaan ng isang hindi magagaping dakilang kapangyarihan.
Thus Jesus, Son of Mary, whilst seated one day and speaking in the strain of the Holy Spirit, uttered words such as these: “O people! My food is the grass of the field, wherewith I satisfy my hunger. My bed is the dust, my lamp in the night the light of the moon, and my steed my own feet. Behold, who on earth is richer than I?” By the righteousness of God! Thousands of treasures circle round this poverty, and a myriad kingdoms of glory yearn for such abasement! Shouldst thou attain to a drop of the ocean of the inner meaning of these words, thou wouldst surely forsake the world and all that is therein, and, as the Phoenix, wouldst consume thyself in the flames of the undying Fire.	141. Kung kaya si Jesus, Anak ni Maria, samantalang nakaupo, isang araw, at nagsasalita sa himig ng Banal na Espiritu, ay sinambit ang mga salitang tulad ng mga ito: “O mga tao! Ang aking pagkain ay ang damo ng kabukiran, kung saan pinapawi ko ang aking gutom. Ang aking higaan ay ang alabok, ang aking lampara sa gabi ay ang liwanag ng buwan, at ang aking kabayo ay ang aking sariling mga paa. Masdan sino sa kalupaan ang higit na mayaman kaysa sa akin?” Sa pagkamakatarungan ng Diyos! Libo-libong kayamanan ang umiikot sa paligid ng karalitaang ito, at hindi mabilang na mga kaharian ng kaluwalhatian ang nananabik sa ganoong kaabahan! Kung iyong makamtan ang isang patak sa karagatan ng naloloob na kahulugan ng mga salitang ito, nakatitiyak na iyong tatalikuran ang daigdig at lahat ng naroroon, at, tulad ng Phoenix ay tutupukin ang iyong sarili sa mga lagabab ng walang-kamatayang Apoy.
In like manner, it is related that on a certain day, one of the companions of Šádiq complained of his poverty before him. Whereupon, Šádiq, that immortal beauty, made reply: “Verily thou art rich, and hast drunk the draft of wealth.” That poverty-stricken soul was perplexed at the words	142. Sa katulad na gawi, isinalaysay na isang araw, isa sa mga kasamahan ni Šádiq ay idinaing ang karalitaan niya sa kaniya. Kung kaya, si Šádiq, ang walang-kamatayang kagandahan na iyon, ay tumugon: “Sa katunayan ikaw ay mayaman, at nakainom ng isang tungga ng kayamanan.” Ang kaluluwang iyon na

uttered by that luminous countenance, and said: “Where are my riches, I who stand in need of a single coin?” Šádiq thereupon observed: “Dost thou not possess our love?” He replied: “Yea, I possess it, O thou scion of the Prophet of God!” And Šádiq asked him saying: “Exchangest thou this love for one thousand dinars?” He answered: “Nay, never will I exchange it, though the world and all that is therein be given me!” Then Šádiq remarked: “How can he who possesses such a treasure be called poor?”	nahahapis sa karalitaan ay nalito sa mga salitang sinambit ng maningning na mukhang iyon, at sinabi: “Nasaan ang aking mga kayamanan, ako na nagangailangan ng kahit isang sinsilyo?” Pinansin kapagdaka ni Šádiq: “Hindi ba nasa iyo ang aming pagmamahal?” Tumugon siya: “Totoo, nasa akin ito, O ikaw na inaapo ng Propeta ng Diyos!” At tinanong siya ni Šádiq: “Ipagpapalit mo ba ang pagmamahal na ito sa isang libong mga dinaryo?” Kaniyang isinagot: “Hindi, kailanman ay hindi ko ipagpapalit ito, kahiman ang daigdig at lahat ng naroroon ay ibibigay sa akin!” Pagkatapos, sinabi ni Šádiq: “Paanong siya na nagtataglay ng gayong kayamanan ay matatawag na maralita?”
This poverty and these riches, this abasement and glory, this dominion, power, and the like, upon which the eyes and hearts of these vain and foolish souls are set—all these things fade into utter nothingness in that Court! Even as He hath said: “O men! Ye are but paupers in need of God; but God is the Rich, the Self-Sufficing.”⁹⁵ By “riches” therefore is meant independence of all else but God, and by “poverty” the lack of things that are of God.	143. Ang karalitaang ito at ang mga kayamanang ito, ang kaabahan at kaluwalhatiang ito, ang kahariang ito, kapangyarihan, at ang katulad, na kung saan nakatutok ang mga mata at mga puso ng mga palalo at hangal na mga kaluluwang ito—lahat ng mga bagay na ito ay ganap na naglalaho sa kawalan sa Korteng iyon! Tulad ng sinabi Niya: “O mga tao! Kayo ay mga pulubi lamang na nangangailangan sa Diyos, ngunit ang Diyos ay ang Mayaman, ang Nakasasapat sa Sarili.”⁹⁶ Ang “mga kayamanan” sa gayon ay nangangahulugan ng kalayaan sa lahat ng bagay liban sa Diyos, at ang “karalitaan” ay kawalan ng mga bagay na pawang sa Diyos.
Similarly, call thou to mind the day when the Jews, who had surrounded Jesus, Son of Mary, were pressing Him to confess His claim of being the Messiah and Prophet of God, so that they might declare Him an infidel and sentence Him to death. Then they led Him away, He Who was the Daystar of the heaven of divine Revelation, unto Pilate and Caiaphas, who was the leading divine of that age. The chief priests were all assembled in the palace, also a multitude of people who had gathered to witness His sufferings, to deride and injure Him. Though they repeatedly questioned Him, hoping that He would confess His claim, yet Jesus held His	144. Gayundin, gunitain ang araw nang ang mga Hudyo, na nakapalibot kay Jesus, Anak ni Maria, ay pinipilit Siya na aminin ang pag-angkin Niya sa karapatan ng pagiging Mesiyas at Propeta ng Diyos, upang sa gayon ay magawa nilang tawagin Siya na isang hindi naniniwala sa Diyos at hatulan Siya ng kamatayan. Pagkatapos, dinala nila Siya, Siya na Bituing-araw ng kalangitan ng banal na Rebelasyon, kay Pilato at kay Caiphas ang nangungunang teologo ng panahong iyon. Ang namumunong mga pari ay nagtipong lahat sa palasyo, gayundin ang isang maraming bilang ng mga tao na nagsama-sama upang saksihan ang Kaniyang mga pagdurusa, upang laitin at saktan Siya. Kahiman paulit-ulit nilang tinanong Siya, sa pag-asang aaminin

⁹⁶ Qur’án 35:15

peace and spake not. Finally, an accursed of God arose and, approaching Jesus, adjured Him saying: “Didst thou not claim to be the Divine Messiah? Didst thou not say, ‘I am the King of Kings, My word is the Word of God, and I am the breaker of the Sabbath day’?” Thereupon Jesus lifted up His head and said: “Beholdest thou not the Son of Man sitting on the right hand of power and might?” These were His words, and yet consider how to outward seeming He was devoid of all power except that inner power which was of God and which had encompassed all that is in heaven and on earth. How can I relate all that befell Him after He spoke these words? How shall I describe their heinous behavior towards Him? They at last heaped on His blessed Person such woes that He took His flight unto the fourth Heaven.	Niya ang Kaniyang pahayag, subalit si Jesus ay nanatiling payapa at hindi nagsalita. Sa wakas, isang isinumpa ng Diyos ang tumayo at, sa paglapit kay Jesus, ay pinaratangan Siya sa pagsabing: “Hindi ba iyong inangkin ang pagiging Banal na Mesiyas? Hindi ba iyong sinabi, ‘Ako ay ang Hari ng mga Hari, ang Aking salita ay ang Salita ng Diyos, at Ako ay ang lumalabag sa araw ng Pangilin?’” Sa gayon itinaas ni Jesus ang ulo Niya at sinabi: “Hindi mo ba namamasdan ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng lakas at kapangyarihan?” Ito ang mga salita Niya, at gayumpaman limiin kung paanong sa panlabas na pagwawari Siya ay salat sa lahat ng kapangyarihan liban sa naloloob na kapangyarihang iyon na sa Diyos, at yaong sumakop sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan. Paano ko maisasalaysay ang lahat ng sinapit Niya matapos na masabi Niya ang mga salitang ito? Paano ko mailalarawan ang kanilang kasuklam-suklam na asal sa Kaniya? Sa huli ay ibinunton nila sa Kaniyang banal na Katauhan ang gayong mga kasawian na pumailanlang Siya sa ikaapat na Kalangitan.
It is also recorded in the Gospel according to St. Luke, that on a certain day Jesus passed by a Jew who was sick of the palsy, and lay upon a couch. When the Jew saw Him, he recognized Him, and cried out for His help. Jesus said unto him: “Arise from thy bed; thy sins are forgiven thee.” Certain of the Jews, standing by, protested saying: “Who can forgive sins, but God alone?” And immediately He perceived their thoughts, Jesus answering said unto them: “Whether is it easier to say to the sick of the palsy, arise, and take up thy bed, and walk; or to say, thy sins are forgiven thee? that ye may know that the Son of Man hath power on earth to forgive sins.”⁹⁷ This is the real sovereignty, and such is the power of God’s chosen Ones! All these things which We have repeatedly mentioned, and the details which We have cited from divers sources, have no other purpose but to enable thee to grasp the meaning of the allusions in the utterances of the chosen Ones of God, lest certain of these utterances	145. Nakatala rin sa Ebanghelyo ayon kay San Lucas, na isang araw si Jesus ay napadaan sa isang Hudyo na may sakit na paralisis, at nakahiga sa isang supa. Nang makita Siya ng Hudyo, kaniyang nakilala Siya, at nag-iiyak na humingi ng tulong sa Kaniya. Sinabi ni Jesus sa kaniya: “Bumangon sa iyong higaan; pinatawad ka na sa iyong mga kasalanan.” Ilan sa mga Hudyo, na nagmamasid, ay nagsalita nang tumututol: “Sino ang maaring magpatawad ng mga kasalanan, kundi ang Diyos lamang?” At kaagad na Kaniyang natalos ang kanilang mga iniisip, si Jesus nang tumutugon ay sinabi sa kanila: “Kahiman higit na madaling sabihin sa maysakit ng paralisis, bumangon at iligpit ang iyong higaan, at lumakad; o ang sabihin, ang iyong mga kasalanan ay napatawad na sa iyo? upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan sa kalupaan na magpatawad ng mga kasalanan.”⁹⁷ Ito ay ang tunay na dakilang kapangyarihan, at gayon ang lakas Nila na mga hinirang ng Diyos. Lahat ng mga bagay na ito na Aming paulit-ulit na binanggit at ang mga bahagi na Aming

⁹⁷ Ihambing sa Luke 5:18-16

cause thy feet to falter and thy heart to be dismayed.	binanggit mula sa iba't ibang pinanggalingan, ay walang ibang layunin kundi ang ikaw ay mabigyan ng kakayahang maunawaan ang kahulugan ng mga pahiwatig sa mga pananalita Nila na mga hinirang ng Diyos, upang ang ilan sa mga pananalitang ito ay hindi maging sanhi ng panghihina ng iyong mga paa at mabagabag ang iyong puso.
Thus with steadfast steps we may tread the Path of certitude, that perchance the breeze that bloweth from the meads of the good-pleasure of God may waft upon us the sweet savors of divine acceptance, and cause us, vanishing mortals that we are, to attain unto the Kingdom of everlasting glory. Then wilt thou comprehend the inner meaning of sovereignty and the like, spoken of in the traditions and scriptures. Furthermore, it is already evident and known unto thee that those things to which the Jews and the Christians have clung, and the cavilings which they heaped upon the Beauty of Muḥammad, the same have in this day been upheld by the people of the Qur'án, and been witnessed in their denunciations of the "Point of the Bayán"—may the souls of all that dwell within the kingdom of divine Revelations be a sacrifice unto Him! Behold their folly: they utter the selfsame words, uttered by the Jews of old, and know it not! How well and true are His words concerning them: "Leave them to entertain themselves with their cavilings!"⁹⁸ "As Thou livest, O Muḥammad! they are seized by the frenzy of their vain fancies."⁹⁹	146. Sa gayon nang may matatag na mga hakbang nawa'y tahakin natin ang Landas ng katiyakan, na baka sakaling ang simoy na humihihip mula sa mga kaparangan ng mabuting kaluguran ng Diyos ay masamyo natin ang mabangong mga halimuyak ng banal na pagtanggap, at magawa natin, tayong mga mortal, na makarating sa Kaharian ng walang-hanggang kaluwalhatian. Sa gayon ay iyong mauunawaan ang naloloob na kahulugan ng dakilang kapangyarihan at ang katulad nito, na binanggit sa mga tradisyon at mga kasulatan. Bukod roon, maliwanag na at hayag sa iyo yaong mga bagay na kung saan ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay nangapit, at ang mga paninira na kanilang ibinunton sa Kagandahan ni Muḥammad, gayundin ang pinanindigan ng mga tao ng Qur'án sa araw na ito, at nasaksihan sa kanilang mga pagtuligsa sa "Tuldok na Simula ng Bayán"—harinawang ang mga kaluluwa ng lahat ng naninirahan sa loob ng kaharian ng mga banal na Rebelasyon ay maging isang pagpapakasakit para sa Kaniya! Masdan ang kanilang kahangalan: binibigkas nila ang ganoon mismong mga salita, na binigkas ng mga Hudyo ng nakalipas, at hindi nila ito nababatid! Ganap na naaangkop at totoo ang mga salita Niya tungkol sa kanila: "Hayaan sila na aliwin ang kanilang mga sarili ng kanilang mga pagtutol nang walang dahilan!"⁹⁸ "Dahil sa Ikaw ay nabubuhay, O Muḥammad! sila ay sinakmal ng matinding kabalisan ng kanilang walang-kabuluhang mga hinagap."⁹⁹
When the Unseen, the Eternal, the divine Essence, caused the Daystar of Muḥammad to rise above the horizon of knowledge, among the cavils which the Jewish divines raised against Him was that after Moses no Prophet should be sent of God. Yea, mention hath been made in the	147. Nang ang Di-nakikita, ang Walang-hanggan, ang banal na Diwa, ay ginawang sumikat ang Bituing-araw ni Muḥammad sa ibabaw ng sugpungang-guhit ng kaalaman, kasama sa mga pamimintas na tinipon ng mga Hudyong teologo laban sa Kaniya ay yaong pagkaraan ni Moises ay wala nang

⁹⁸ Qur'án 6:91

⁹⁹ Qur'án 15:72

scriptures of a Soul Who must needs be made manifest and Who will advance the Faith, and promote the interests of the people, of Moses, so that the Law of the Mosaic Dispensation may encompass the whole earth. Thus hath the King of eternal glory referred in His Book to the words uttered by those wanderers in the vale of remoteness and error: “‘The hand of God,’ say the Jews, ‘is chained up.’ Chained up be their own hands! And for that which they have said, they were accursed. Nay, outstretched are both His hands!’”¹⁰⁰ “‘The hand of God is above their hands.’”¹⁰¹	Propeta ang nararapat na ipadala ng Diyos. Tunay na ang pagbanggit ay ginawa sa mga kasulatan ng isang Kaluluwa na kinakailangang maipahayag at Siya yaong magsusulong sa Pananampalataya ni Moises, at magtataguyod sa mga kagalingan ng mga tao, upang sa gayon ang Batas ng Dispensasyon ni Moises ay mapalibutan ang buong kalupaan. Sa gayon ang Hari ng walang-hanggang kaluwalhatian ay tinukoy sa Kaniyang Aklat ang mga salitang sinambit ng mga manlalakbay sa lambak ng pagkakalayo at pagkakamali: “‘Ang kamay ng Diyos,’ sinasabi ng mga Hudyo, ‘ay nakatanikala.’ Nakatanikala ang kanilang sariling mga kamay! At dahil doon sa kanilang sinabi, sila ay isinusumpa. Hindi lamang iyon, kundi, nakaunat kapuwa ang Kaniyang mga kamay!”¹⁰⁰ “‘Ang kamay ng Diyos ay nasa ibabaw ng kanilang mga kamay.’”¹⁰¹
Although the commentators of the Qur’án have related in divers manners the circumstances attending the revelation of this verse, yet thou shouldst endeavor to apprehend the purpose thereof. He saith: How false is that which the Jews have imagined! How can the hand of Him Who is the King in truth, Who caused the countenance of Moses to be made manifest, and conferred upon Him the robe of Prophethood—how can the hand of such a One be chained and fettered? How can He be conceived as powerless to raise up yet another Messenger after Moses? Behold the absurdity of their saying; how far it hath strayed from the path of knowledge and understanding! Observe how in this day also, all these people have occupied themselves with such foolish absurdities. For over a thousand years they have been reciting this verse, and unwittingly pronouncing their censure against the Jews, utterly unaware that they themselves, openly and privily, are voicing the sentiments and belief of the Jewish people! Thou art surely aware of their idle contention, that all Revelation is ended, that the portals of Divine mercy are closed, that from	148. Kahiman isinasalaysay ng mga manunuri sa Qur’án sa iba’t ibang paraan ang mga pangyayaring naganap sa pagpapahayag ng bersikulong ito, magkagayon man dapat kang magsikap na maunawaan ang layunin niyon. Sinasabi Niya: Lubos ang pagkakamali ng mga Hudyo sa kanilang inakala! Paanong ang kamay Niya na sa katotohanan ay ang Hari, na naging sanhi na maihayag ang anyo ni Moises, at ipinagkaloob sa Kaniya ang kapa ng Pagka-Propeta—paano maitatanikala at maigagapos ang kamay Niya? Paano maiisip na Siya ay walang kapangyarihan upang ipahayag ang isa pang Sugo pagkaraan ni Moises? Masdan ang kabalighuan ng kanilang buwang-bibig; gaano kalayo ang pagkaligaw nito mula sa landas ng kaalaman at pagkaunawa! Pag-aralan kung paano sa araw ding ito, ang lahat ng mga taong ito ay naging abala ang kanilang mga sarili sa gayong hangal na mga kabalighuan. Sa mahigit na isang libong taon binibigkas nila ang mga bersikulong ito, at nang hindi sinasadya ay sinasabi ang kanilang pagpuna laban sa mga Hudyo, ganap na hindi namamalayan na sila mismo, lantaran at palihim, ay inihahayag ang mga damdamin at paniniwala ng sambayanang Hudyo! Tiyak na iyong nalalaman ang kanilang walang-saysay na pagtatalo, na lahat ng Rebelasyon ay nagwakas, na

¹⁰⁰ Qur’án 5:64

¹⁰¹ Qur’án 48:10

the daysprings of eternal holiness no sun shall rise again, that the Ocean of everlasting bounty is forever stilled, and that out of the Tabernacle of ancient glory the Messengers of God have ceased to be made manifest. Such is the measure of the understanding of these small-minded, contemptible people. These people have imagined that the flow of God's all-encompassing grace and plenteous mercies, the cessation of which no mind can contemplate, has been halted. From every side they have risen and girded up the loins of tyranny, and exerted the utmost endeavor to quench with the bitter waters of their vain fancy the flame of God's Burning Bush, oblivious that the globe of power shall within its own mighty stronghold protect the Lamp of God. The utter destitution into which this people have fallen doth surely suffice them, inasmuch as they have been deprived of the recognition of the essential Purpose and the knowledge of the Mystery and Substance of the Cause of God. For the highest and most excelling grace bestowed upon men is the grace of "attaining unto the Presence of God" and of His recognition, which has been promised unto all people. This is the utmost degree of grace vouchsafed unto man by the All-Bountiful, the Ancient of Days, and the fullness of His absolute bounty upon His creatures. Of this grace and bounty none of this people hath partaken, neither have they been honored with this most exalted distinction. How numerous are those revealed verses which explicitly bear witness unto this most weighty truth and exalted Theme! And yet they have rejected it, and, after their own desire, misconstrued its meaning. Even as He hath revealed: "As for those who believe not in the signs of God, or that they shall ever meet Him, these of My mercy shall despair, and for them doth a grievous chastisement await."¹⁰² Also He saith: "They who bear in mind that they shall attain unto the Presence of their Lord, and that unto Him shall they return."¹⁰³ Also in another instance He saith: "They who held it as certain

nakapinid ang mga pinto ng banal na habag, na mula sa mga pamimitak ng walang-hanggang kabanalan ay walang araw ang muling sisikat, na ang Karagatan ng walang-maliw na masaganang biyaya ay walang-hanggang pinigilan, at na mula sa Tabernakulo ng napakatandang kaluwalhatian ang mga Sugo ng Diyos ay huminto nang gawing mahayag. Ganoon ang sukat ng pagkaunawa nitong makikitid ang isipan at kalait-lait na mga tao. Ang mga taong ito ay nagpalagay na ipinatigil na ang daloy ng pagpapala at masaganang mga kahabagan ng Diyos na pumapalibot sa lahat, na ang paghinto ng mga ito ay walang isipan ang maaaring makapaglimi. Mula sa lahat ng panig sila ay nagbangon at binigkisan ang mga balakang ng pagmamalupit, at ginawa ang sukdulang pagsisikap upang apulain sa pamamagitan ng mapait na mga tubig ng kanilang walang-kabuluhang hinagap ang lagablab ng Nag-aapoy na Palumpong ng Diyos, hindi alintana na ang globo ng kapangyarihan sa loob ng sarili nitong hindi matitinag na moog ay ipagsasanggalang ang Lampara ng Diyos. Ang ganap na pagdarahop na kinasadlakan ng mga taong ito ay tiyak na makasasapat sa kanila, yayamang sila ay pinagkaitang makilala ang pinakapangunahing Layunin at ang kaalaman sa Hiwaga at Diwa ng Kapakanan ng Diyos. Sapagkat ang pinakamataas at pinakasukdulang pagpapala na ipinagkaloob sa mga tao ay ang biyaya na "makarating sa Kinaroroonan ng Diyos" at ang pagkilala sa Kaniya, na ipinangako sa lahat ng mga tao. Ito ang pinakamataas na antas ng pagpapala na minarapat sa mga tao ng Lubos na Mapagbigay, ang Napakatanda sa mga Araw, at ang kaganapan ng Kaniyang hindi mapag-aalinlanganang biyaya sa mga nilikha Niya. Sa pagpapala at biyayang ito wala sa mga taong ito ang nakabahagi ni biniyayaan sila nitong pinakadakilang karangalan. Napakarami ang bilang ng ipinahayag na mga bersikulong iyon na maliwanag na sumasaksi sa pinakamahalagang katotohanan at marangal na Paksa! At gayumpaman tinanggihan nila ito, at, dahil sa kanilang sariling hangarin, ay ipinaliwanag nang mali ang kahulugan nito. Tulad ng ipinahayag Niya: "Tungkol sa kanila na hindi naniniwala sa mga palatandaan ng Diyos, o sa kanila na kailanman ay makikita Siya, ang mga ito sa Aking habag ay mawawalan ng pag-asa, at sa kanila ay

that they must meet God, said, ‘How oft, by God’s will, hath a small host vanquished a numerous host!’”¹⁰⁴ In yet another instance He revealeth: “Let him then who hopeth to attain the presence of his Lord work a righteous work.”¹⁰⁵ And also He saith: “He ordereth all things. He maketh His signs clear, that ye may have firm faith in attaining the presence of your Lord.”¹⁰⁶	naghihintay ang isang matinding kaparusahan.”¹⁰² Sinabi rin Niya: “Silang taglay sa isipan na sila ay makarating sa Kinaroroonan ng kanilang Panginoon, at sa Kaniya sila ay babalik.”¹⁰³ Gayundin sa isa pang pagkakataon ay sinabi Niya: “Silang nanindigang tiyak na narapat nilang makita ang Diyos, ay nagsabi, ‘Napakadalas, sa kalooban ng Diyos, na ang isang maliit na hukbo ay nilupig ang isang napakalaking hukbo!’”¹⁰⁴ Ngunit sa isa pang pagkakataon ay ipinahayag Niya: “Sa gayon, hayaan siyang umaasa na makarating sa kinaroroonan ng Kaniyang Panginoon ay gumawa ng isang makatarungang gawa.”¹⁰⁵ At sinabi rin Niya: “Ipinag-uutos Niya ang lahat ng bagay. Ginagawa Niyang malinaw ang Kaniyang mga palatandaan, upang nawa’y magkaroon kayo ng matatag na pananalig na makarating sa kinaroroonan ng inyong Panginoon.”¹⁰⁶
This people have repudiated all these verses, that unmistakably testify to the reality of “attainment unto the Divine Presence.” No theme hath been more emphatically asserted in the holy scriptures. Notwithstanding, they have deprived themselves of this lofty and most exalted rank, this supreme and glorious station. Some have contended that by “attainment unto the Divine Presence” is meant the “Revelation” of God in the Day of Resurrection. Should they assert that the “Revelation” of God signifieth a “Universal Revelation,” it is clear and evident that such revelation already existeth in all things. The truth of this We have already established, inasmuch as We have demonstrated that all things are the recipients and revealers of the splendors of that ideal King, and that the signs of the revelation of that Sun, the Source of all splendor, exist and are manifest in the mirrors of beings. Nay, were man to gaze with the eye of divine and spiritual discernment, he will readily recognize that nothing whatsoever can exist without the revelation of the splendor of God, the ideal King.	149. Itinatatwa ng mga taong ito ang lahat nitong mga bersikulo, na hindi mapag-aalinlanganang nagpapatunay sa katotohanang “makarating sa Banal na Kinaroroonan.” Walang paksa ang pinanindigan nang higit na binigyang-diin sa banal na mga kasulatan. Sa kabila nito, pinagkaitan nila ang kanilang mga sarili nitong marangal at pinakadakilang katayuan, nitong sukdulan at maluwalhating katayuan. Ang ilan ay ipinaglaban na sa “makarating sa Banal na Kinaroroonan” ay nangangahulugan ng “Rebelasyon” ng Diyos sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Kung igigiit nila na ang “Rebelasyon” ng Diyos ay nangangahulugan ng “Pandaigdig na Rebelasyon,” ito ay malinaw at maliwanag na ang gayong rebelasyon ay umiiral na sa lahat ng mga bagay. Ang katotohanan nito ay Amin nang naitatag, yayamang Amin nang naipakita na ang lahat ng bagay ay ang mga tagatanggap at tagapagpahayag ng mga kaluwalhatian ng huwarang Hari na iyon, at na ang mga palatandaan ng rebelasyon ng Araw na iyon, ang pinagmumulan ng lahat ng kaningningan, ay naroroon at nakikita sa mga salamin ng mga tao. Hindi lamang iyon, kung mamasdan ng taong may mga mata ng banal at espiritwal na

¹⁰² Qur’án 29:23

¹⁰³ Qur’án 2:46

¹⁰⁴ Qur’án 2:249

¹⁰⁵ Qur’án 18:111

¹⁰⁶ Qur’án 13:2

Consider how all created things eloquently testify to the revelation of that inner Light within them. Behold how within all things the portals of the Ridván of God are opened, that seekers may attain the cities of understanding and wisdom, and enter the gardens of knowledge and power. Within every garden they will behold the mystic bride of inner meaning enshrined within the chambers of utterance in the utmost grace and fullest adornment. Most of the verses of the Qur’án indicate, and bear witness to, this spiritual theme. The verse: “Neither is there aught which doth not celebrate His praise”¹⁰⁷ is eloquent testimony thereto; and “We noted all things and wrote them down,”¹⁰⁸ a faithful witness thereof. Now, if by “attainment unto the Presence of God” is meant attainment unto the knowledge of such revelation, it is evident that all men have already attained unto the presence of the unchangeable Countenance of that peerless King. Why, then, restrict such revelation to the Day of Resurrection?	pag-unawa, agad niyang malalaman na walang anuman ang maaaring mabuhay nang wala ang rebelasyon ng karingalan ng Diyos, ang huwarang Hari. Isaalang-alang kung paanong ang lahat ng mga nilikhang bagay ay maliwanag na pinagtitiibay ang rebelasyon ng naloloob na Liwanag na iyon sa loob nila. Masdan kung paanong sa loob ng lahat ng bagay ay nabuksan ang mga pinto ng Ridván ng Diyos, upang makarating ang mga naghahanap sa mga lunsgod ng pagkaunawa at karunungan, at makapasok sa mga hardin ng kaalaman at kapangyarihan. Sa loob ng bawat hardin ay mamamasdan nila ang mahiwagang nobya ng naloloob na kahulugan na nakadambana sa loob ng mga silid ng pananalita sa sukdulang panghalina at ganap na napapalamutihan. Karamihan sa mga bersikulo ng Qur’án ay ipinakikita, at sumasaksi sa, espirital na paksang ito. Ang bersikulong: “Ni walang naroroon na hindi ipinagdiriwang ang papuri sa Kaniya.”¹⁰⁷ at “Aming napansin ang lahat ng mga bagay at isinulat ang mga iyon,”¹⁰⁸ ay isang matapat na saksi nito. Ngayon, kung ang “makarating sa kinaroroonan ng Diyos” ay nangangahulugan ng pagtatamo ng kaalaman sa gayong rebelasyon, ito ay maliwanag na ang lahat ng mga tao ay nakarating na sa harapan ng hindi nagbabagong Anyo noong walang-katulad na Hari. Bakit, kung gayon, tinatakdaan ang gayong rebelasyon sa Araw ng Muling Pagkabuhay?
And were they to maintain that by “divine Presence” is meant the “Specific Revelation of God,” expressed by certain Šúfis as the “Most Holy Outpouring,” if this be in the Essence Itself, it is evident that it hath been eternally in the divine Knowledge. Assuming the truth of this hypothesis, “attainment unto the divine Presence” is in this sense obviously possible to no one, inasmuch as this revelation is confined to the innermost Essence, unto which no man can attain. “The way is barred, and all seeking rejected.” The minds of the favorites of heaven, however high they soar, can never attain this	150. At kung sila ay maninindigan na ang “banal na Kinaroroonan” ay nangangahulugang “Tiyak na Rebelasyon ng Diyos,” na ipinahayag ng ilang mga Šúfi bilang ang “Pinakabanal na Pagdaloy,” kung ito ay naroroon sa Diwa Mismo, maliwanag na ito ay magpakailanman naroroon sa banal na Kaalaman. Ipagpalagay na totoo ang teoryang ito, “ang makarating sa banal na Kinaroroonan” sa ganitong pagkaunawa ay maliwanag na hindi magagawa ng sinuman, dahil sa ang rebelasyong ito ay nauukol sa pinakakaibuturan ng Diwa, na kailanman ay walang tao ang makapagtatamo. “Ang landas ay hinadlangan, at lahat ng naghahanap ay tinanggihan.” Ang mga isipan ng mga itinatangi sa kalangitan, gaanuman kataas ang kanilang

¹⁰⁷ Qur’án 17:44

¹⁰⁸ Qur’án 78:29

station, how much less the understanding of obscured and limited minds.	pagpapailanlang, ay hindi kailanman matatamo ang katayuang ito, paano pa yaong malabo ang pang-unawa at natakdaang mga isipan.
And were they to say that by “divine Presence” is meant the “Secondary Revelation of God,” interpreted as the “Holy Outpouring,” this is admittedly applicable to the world of creation, that is, in the realm of the primal and original manifestation of God. Such revelation is confined to His Prophets and chosen Ones, inasmuch as none mightier than they hath come to exist in the world of being. This truth all recognize, and bear witness thereto. These Prophets and chosen Ones of God are the recipients and revealers of all the unchangeable attributes and names of God. They are the mirrors that truly and faithfully reflect the light of God. Whatsoever is applicable to them is in reality applicable to God, Himself, Who is both the Visible and the Invisible. The knowledge of Him, Who is the Origin of all things, and attainment unto Him, are impossible save through knowledge of, and attainment unto, these luminous Beings who proceed from the Sun of Truth. By attaining, therefore, to the presence of these holy Luminaries, the “Presence of God” Himself is attained. From their knowledge, the knowledge of God is revealed, and from the light of their countenance, the splendor of the Face of God is made manifest. Through the manifold attributes of these Essences of Detachment, Who are both the first and the last, the seen and the hidden, it is made evident that He Who is the Sun of Truth is “the First and the Last, the Seen, and the Hidden.”¹⁰⁹ Likewise the other lofty names and exalted attributes of God. Therefore, whosoever, and in whatever Dispensation, hath recognized and attained unto the presence of these glorious, these resplendent and most excellent Luminaries, hath verily attained unto the “Presence of God” Himself, and entered the city of eternal and immortal life. Attainment unto	151. At kung sasabihin nila na ang “banal na Kinaroroonan” ay nangangahulugang “Pangalawang Rebelasyon ng Diyos,” na ipinaliwanag bilang ang “Banal na Pagdaloy,” ito ay hindi maikakaila na nababagay sa daigdig ng nilikha, iyon ay, sa kaharian ng kauna-unahan at orihinal na kahayagan ng Diyos. Ang gayong rebelasyon ay nauukol lamang sa Kaniyang mga Propeta at Sila na mga hinirang, yayamang walang sinumang na higit na makapangyarihan kaysa sa kanila ang dumating upang mamuhay sa daigdig ng tao. Ang katotohanang ito ay tinatanggap at sinasaksihan ng lahat. Itong mga Propeta at Silang mga hinirang ng Diyos ay ang mga tagapagtanggap at mga tagapagpahayag ng lahat ng hindi nagbabagong mga katangian at mga pangalan ng Diyos. Sila ang mga salaming tunay at matapat na naglalarawan sa liwanag ng Diyos. Anuman ang naaangkop sa kanila sa katunayan ay naaangkop sa Diyos, Mismo, na kapuwa ang Nakikita at Di-nakikita. Ang kaalaman sa Kaniya, na Pinagmulan ng lahat ng mga bagay, at ang paglapit sa Kaniya, ay hindi mangyayari liban sa pamamagitan ng kaalaman ng, at paglapit sa, maningning na mga Katauhang ito na nagmula sa Araw ng Katotohanan. Samakatwid, ang makarating sa kinaroroonan nitong mga Tagapagdala ng Liwanag, ang “Kinaroroonan ng Diyos” Mismo, ay natamo. Mula sa kanilang kaalaman, ang kaalaman ng Diyos ay nahahayag, at mula sa liwanag ng kanilang anyo, ang karingalan ng Mukha ng Diyos ay ginawang mahayag. Sa napakaraming katangian ng mga Diwa ng Pagtiwalag na ito, na kapuwa ang simula at ang wakas, ang nakikita at ang natatago, ito ay ginagawang maliwanag na Siya na Araw ng Katotohanan ay “ang Simula at ang Wakas, ang Nakikita, at ang Natatago.”¹⁰⁹ Gayundin ang ibang marangal na mga pangalan at dakilang mga katangian ng Diyos. Samakatwid, sinuman, at sa anumang Dispensasyon, ay nakilala at nakarating sa kinaroroonan nitong mga maluwalhati, nitong mga maringal at lubos na walang-katulad na mga Tagapagdala ng Liwanag, ay tunay na nakarating sa

¹⁰⁹ Qur’án 5:3

such presence is possible only in the Day of Resurrection, which is the Day of the rise of God Himself through His all-embracing Revelation.	“Kinaroroonan ng Diyos” Mismo, at tunay na nakapasok sa lungsod ng walang-hanggan at walang-kamatayang buhay. Ang makarating sa gayong kinaroroonan ay mangyayari lamang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na ang Araw ng paglitaw ng Diyos Mismo sa pamamagitan ng Kaniyang Rebelasyon na sumasaklaw sa lahat.
This is the meaning of the “Day of Resurrection,” spoken of in all the scriptures, and announced unto all people. Reflect, can a more precious, a mightier, and more glorious day than this be conceived, so that man should willingly forego its grace, and deprive himself of its bounties, which like unto vernal showers are raining from the heaven of mercy upon all mankind? Having thus conclusively demonstrated that no day is greater than this Day, and no revelation more glorious than this Revelation, and having set forth all these weighty and infallible proofs which no understanding mind can question, and no man of learning overlook, how can man possibly, through the idle contention of the people of doubt and fancy, deprive himself of such a bountiful grace? Have they not heard the well-known tradition: “When the Qá’im riseth, that day is the Day of Resurrection”? In like manner, the Imáms, those unquenchable lights of divine guidance, have interpreted the verse: “What can such expect but that God should come down to them overshadowed with clouds,”¹¹⁰—a sign which they have unquestionably regarded as one of the features of the Day of Resurrection—as referring to the Qá’im and His manifestation.	152. Ito ang kahulugan ng “Araw ng Muling Pagkabuhay,” na binanggit sa lahat ng mga kasulatan, at ipinatalastas sa lahat ng mga tao. Nilay-nilayin, maaari bang ang isang higit na katangi-tangi, isang higit na makapangyarihan, at higit na maluwalhating araw kaysa sa rito ay maaaring isaisip, upang sa gayon kusang loob na iiwasan ng tao ang pagpapala nito, at pagkakaitan ang kaniyang sarili ng mga biyaya nito, na tulad ng mga ulan ng tagsibol ay bumubuhos mula sa kalangitan ng habag sa buong sangkatauhan? Sa gayon matapos na kapani-paniwalang ipakita na walang araw ang higit na dakila kaysa sa Araw na ito, at walang rebelasyon ang higit na maluwalhati kaysa sa Rebelasyon na ito, at matapos na mailahad ang lahat ng mahahalaga at walang-kamaliang mga katibayan na walang nakauunawang isipan ang maaaring mag-alinlangan, at di-maaaring hindi mapansin ng isang marunong na tao, paano maaaring magawa ng tao, sa pamamagitan ng walang-saysay na pakikipagtalo ng mga tao ng pag-aalinlangan at guniguni, na pagkaitan ang kaniyang sarili ng gayong masaganang pagpapala? Hindi ba nila narinig ang bantog na tradisyon: “Kapag ang Qá’im ay nagbangon, ang araw na iyon ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay?” Sa gayunding paraan, ang mga Imám, yaong mga walang-maliw na mga liwanag ng banal na patnubay, ay ipinaliwanag ang bersikulo: “Ano ang maaaring asahan kundi yaong ang Diyos ay bababa sa kanila sa lilim ng mga ulap,”¹¹⁰—isang palatandaan na walang-alinlangang ipinalagay nila bilang isa sa mga katangian ng Araw ng Muling Pagkabuhay—na tumutukoy sa Qá’im at sa Kaniyang kahayagan.
Strive, therefore, O my brother, to grasp the meaning of “Resurrection,” and cleanse thine ears from the idle sayings of these rejected people. Shouldst thou step into the realm of	153. Magsumikap, samakatwid, O aking kapatid, na maunawaan ang kahulugan ng “Muling Pagkabuhay,” at linisin ang iyong mga tainga mula sa walang-saysay na mga kasabihan nitong mga itinakwil na mga tao. Kung

¹¹⁰ Qur’án 2:210

complete detachment, thou wilt readily testify that no day is mightier than this Day, and that no resurrection more awful than this Resurrection can ever be conceived. One righteous work performed in this Day, equaleth all the virtuous acts which for myriads of centuries men have practiced—nay, We ask forgiveness of God for such a comparison! For verily the reward which such a deed deserveth is immensely beyond and above the estimate of men. Inasmuch as these undiscerning and wretched souls have failed to apprehend the true meaning of “Resurrection” and of the “attainment unto the divine Presence,” they therefore have remained utterly deprived of the grace thereof. Although the sole and fundamental purpose of all learning, and the toil and labor thereof, is attainment unto, and the recognition of, this station, yet they are all immersed in the pursuit of their material studies. They deny themselves every moment of leisure, and utterly ignore Him, Who is the Essence of all learning, and the one Object of their quest! Methinks, their lips have never touched the cup of divine Knowledge, nor do they seem to have attained even a dewdrop of the showers of heavenly grace.	ikaw ay papasok sa loob ng kaharian ng ganap na pagtiwalag, iyong masasaksihan kaagad na walang araw ang higit na makapangyarihan kaysa sa Araw na ito, at na walang muling pagkabuhay ang higit na dakila pa kaysa sa Muling Pagkabuhay na ito ang kailanman ay maiisip. Ang isang makatarungang gawa na isinakatuparan sa Araw na ito, ay katumbas ng lahat ng pinakamabuting mga gawa na sa hindi mabilang na mga siglo ay nagawa ng mga tao—hindi lamang ito, kundi, Kami ay humihingi ng kapatawaran sa Diyos dahil sa gayong paghahambing! Sapagkat sa katunayan ang gantimpala sa gayong gawa ay napakalawak na hindi maaabot at nakahihigit sa pagtaya ng mga tao. Yayamang ang ganitong mga hindi nakauunawa at ubod nang sama na mga kaluluwa ay nabigong maunawaan ang tunay na kahulugan ng “Muling Pagkabuhay” at ng “makarating sa banal na Kinaroroonan,” sila samakatwid ay nanatiling ganap na pinagkaitan ng pagpapalang iyon. Kahiman ang tangi at pangunahing layunin ng lahat ng pagkatuto, at ang pagpapagod at paggawa niyon, ay ang pagtatamo sa, at ang pagkilala sa, katayuang ito, gayumpaman silang lahat ay nakalubog sa pagtataguyod ng kanilang mga materyal na pagkatuto. Pinagkaitan nila ang kanilang mga sarili ng bawat sandali na walang ginagawa, at lubusang ipinagwalang-bahala Siya na Diwa ng lahat ng pagkatuto, at ang tanging Pakay ng kanilang paghahanap! Aking naiisip, na hindi kailanman nadampian ng kanilang mga labi ang kopa ng banal na Kaalaman, ni hindi nila waring nakamtan ang kahit isang patak ng hamog ng mga ulan ng makalangit na pagpapala.
Consider, how can he that faileth in the day of God’s Revelation to attain unto the grace of the “Divine Presence” and to recognize His Manifestation, be justly called learned, though he may have spent aeons in the pursuit of knowledge, and acquired all the limited and material learning of men? It is surely evident that he can in no wise be regarded as possessed of true knowledge. Whereas, the most unlettered of all men, if he be honored with this supreme distinction, he verily is accounted as one of those	154. Isipin, paanong siya na nabigong makamtan sa araw ng Rebelasyon ng Diyos ang biyaya ng “Banal na Kinaroroonan” at makilala ang Kaniyang Kahayagan, ay makatwirang matawag na marunong, kahiman maaaring ginugol niya ang napakahabang panahon sa pagpupunyaging magkaroon ng kaalaman, at natamo ang lahat ng natatakdaan at pangmateryal na karunungan ng tao? Nakatitiyak na sa anumang paraan siya ay maliwanag na hindi maaaring ipalagay na nagtataglay ng tunay na kaalaman. Datapwat ang lubos na walang pinag-aralan sa lahat ng mga tao, kung siya ay

divinely learned men whose knowledge is of God; for such a man hath attained the acme of knowledge, and hath reached the furthestmost summit of learning.	pararangalan ng ganitong sukdulang pagtatangi, siya sa katunayan ay mabibilang na isa roon sa mga banal na marurunong na tao; sapagkat ang gayong tao ay nakamtan ang sukdulang kaalaman, at narating ang pinakarurok ng pagkatuto.
This station is also one of the signs of the Day of Revelation; even as it is said: “The abased amongst you, He shall exalt; and they that are exalted, He shall abase.” And likewise, He hath revealed in the Qur’án: “And We desire to show favor to those who were brought low in the land, and to make them spiritual leaders among men, and to make of them Our heirs.”¹¹¹ It hath been witnessed in this day how many of the divines, owing to their rejection of the Truth, have fallen into, and abide within, the uttermost depths of ignorance, and whose names have been effaced from the scroll of the glorious and learned. And how many of the ignorant who, by reason of their acceptance of the Faith, have soared aloft and attained the high summit of knowledge, and whose names have been inscribed by the Pen of Power upon the Tablet of divine Knowledge. Thus, “What He pleaseth will God abrogate or confirm: for with Him is the Source of Revelation.”¹¹² Therefore, it hath been said: “To seek evidence, when the Proof hath been established is but an unseemly act, and to be busied with the pursuit of knowledge when the Object of all learning hath been attained is truly blameworthy.” Say O people of the earth! Behold this flamelike Youth that speedeth across the limitless profound of the Spirit, heralding unto you the tidings: “Lo: the Lamp of God is shining,” and summoning you to heed His Cause which, though hidden beneath the veils of ancient splendor, shineth in the land of ‘Irâq above the dayspring of eternal holiness.	155. Ang katayuang ito ay isa rin sa mga palatandaan ng Araw ng Rebelasyon; tulad ng sinasabi: “Ang hamak sa gitna ninyo, ay dadakilain Niya; at sila na dakila ay hahamakin Niya.” At gayundin, ipinahayag Niya sa Qur’án: “At nais Namin na magpakita ng kabutihang-loob sa kanila na hinamak sa lupa, at gawin silang espirital na mga pinuno sa mga tao, at gawin silang mga tagapagmana Namin.”¹¹¹ Nasaksihan sa araw na ito kung gaano karami sa mga teologo, dahil sa kanilang pagtatakwil sa Katotohanan, ang nabulid sa, at nanatili sa loob ng, lubos na kalaliman ng kamangmangan, at ang kanilang mga pangalan ay nabura mula sa pergamino ng talaan ng mga maluwalhati at marurunong. At gaano karami ang mga mangmang na, dahil sa kanilang pagtanggap sa Pananampalataya, ay pumailanlang sa kaitaasan at natamo ang mataas na ruok ng kaalaman, at ang mga pangalan ay isinulat ng Panulat ng Kapangyarihan sa Tableta ng banal na Kaalaman. Sa gayon, “Kung ano ang ikalulugod Niya ay pawawalang-bisa o pagtitibayin ng Diyos: sapagkat nasa Kaniya ang Pinagmumulan ng Rebelasyon.”¹¹² Kung kaya, ito ay sinabi: “Ang maghanap ng katibayan, samantalang ang Pagpapatibay ay naitatag na ay isang hindi lamang marapat na kilos, at ang maging abala sa paghahanap ng kaalaman samantalang ang Pakay ng lahat ng karunungan ay natamo na, ay tunay na dapat sisihin.” Sabihin O mga Tao ng kalupaan! Masdan ang Kabataang ito na waring naglalagablab na tinatawid nang mabilis ang walang-hangganang kalaliman ng Espiritu, ipinatatalastas sa inyo ang balita: “Masdan: ang Lampara ng Diyos ay nagliliwanag,” at nananawagan sa inyo na sundin ang Kaniyang Kapakanan na, kahiman natatago sa ilalim ng mga lambong ng napakatandang kaluwalhatian, ay sumisikat sa lupain ng ‘Irâq sa itaas ng pamimitak ng walang-kamatayang kabanalan.

¹¹¹ Qur’án 28:5

¹¹² Qur’án 13:41

O my friend, were the bird of thy mind to explore the heavens of the Revelation of the Qur’án, were it to contemplate the realm of divine knowledge unfolded therein, thou wouldst assuredly find unnumbered doors of knowledge set open before thee. Thou wouldst certainly recognize that all these things which have in this day hindered this people from attaining the shores of the ocean of eternal grace, the same things in the Muḥammadan Dispensation prevented the people of that age from recognizing that divine Luminary, and from testifying to His truth. Thou wilt also apprehend the mysteries of “return” and “revelation,” and wilt securely abide within the loftiest chambers of certitude and assurance.	156. O aking kaibigan, kung sasaliksikin ng ibon ng iyong isipan ang mga kalangitan ng Rebelasyon ng Qur’án, kung ninilay-nilayin nito ang kaharian ng banal na kaalaman na nakalahad roon, tiyak na iyong matatagpuan ang di-mabilang na mga pinto ng kaalaman na nakabukas sa iyong harapan. Tiyak na iyong tatanggapin na lahat ng bagay sa araw na ito ay hinadlangan ang mga taong ito na makarating sa mga dalampasigan ng karagatan ng walang-hanggang pagpapala, ang gayunding mga bagay sa Dispensasyon ni Muḥammad ang humadlang sa mga tao ng panahong iyon sa pagkilala sa banal na Tanglaw na iyon, at mula sa pagpapatunay sa Kaniyang katotohanan. Iyo ring mauunawaan ang mga hiwaga ng “pagbabalik” at “rebelasyon,” at matiwasay na mananahan sa loob ng pinakamatayog na mga silid ng katiyakan at pagtitiwala.
And it came to pass that on a certain day a number of the opponents of that peerless Beauty, those that had strayed far from God’s imperishable Sanctuary, scornfully spoke these words unto Muḥammad: “Verily, God hath entered into a covenant with us that we are not to credit an apostle until he present us a sacrifice which fire out of heaven shall devour.”¹¹³ The purport of this verse is that God hath covenanted with them that they should not believe in any messenger unless he work the miracle of Abel and Cain, that is, offer a sacrifice, and the fire from heaven consume it; even as they had heard it recounted in the story of Abel, which story is recorded in the scriptures. To this, Muḥammad, answering, said: “Already have Apostles before me come to you with sure testimonies, and with that of which ye speak. Wherefore slew ye them? Tell me, if ye are men of truth.”¹¹⁴ And now, be fair; How could those people living in the days of Muḥammad have existed, thousands of years before, in the age of Adam or other Prophets? Why should Muḥammad, that Essence of truthfulness, have charged the people of His day with the murder of Abel or other Prophets? Thou	157. At naganap isang araw nang ang isang bilang ng mga kalaban ng walang-katulad na Kagandahan, yaong mga naligaw nang malayo sa walang-kamatayang Tabernakulo ng Diyos, ay nang-uuyam na binigkas ang ganitong mga salita kay Muḥammad: “Sa katunayan, ang Diyos ay gumawa ng isang kasunduan sa amin na hindi namin paniniwalaan ang isang apostol hangga’t hindi siya nagkakaloob sa amin ng isang handog sa Diyos na lalamunin ng apoy mula sa langit.”¹¹³ Ang kahulugan ng bersikulong ito ay yaong ang Diyos ay nakipagkasundo sa kanila na hindi sila dapat maniwala sa alinmang sugo hangga’t hindi niya ginawa ang himala ni Abel at Cain, iyon ay, ang maghandog ng isang handog sa Diyos, at ang apoy mula sa kalangitan ang lalamon dito, katulad ng kanilang narinig na sa kuwento ni Abel, na ang salaysay ay nakatala sa mga kasulatan. Dito, si Muḥammad, bilang tugon ay nagsabi: “May mga Apostol na dumating sa inyo bago Ako nang may dalang tiyak na mga patunay, at gayundin yaong inyong sinasabi. Kung gayon, bakit ninyo pinatay sila? Sabihin sa akin, kung kayo ay mga tao ng katotohanan.”¹¹⁴ At ngayon, maging makatarungan; Paano nabuhay ang ganoong mga tao na nabubuhay sa mga araw ni Muḥammad, libo-libong mga taon noong nakaraan, sa panahon ni Adan o ng ibang mga Propeta? Bakit

¹¹³ Qur’án 3:183

¹¹⁴ Qur’án 3:182

hast none other alternative except to regard Muḥammad as an impostor or a fool—which God forbid!—or to maintain that those people of wickedness were the selfsame people who in every age opposed and caviled at the Prophets and Messengers of God, till they finally caused them all to suffer martyrdom.	pinaratangan ni Muḥammad, yaong Diwa ng pagkamakatotohanan, ang mga tao ng Kaniyang panahon ng pagpatay kay Abel o ng ibang mga Propeta? Ikaw ay walang ibang pamimilian kundi ang ipalagay na si Muḥammad ay isang huwad o isang hangal—ipag-adya nawa ng Diyos!—o panindigan na ang mga taong iyon ng kasamaan ay yaon ding mismong katulad ng mga tao na sa bawat panahon ay kinalaban at pinulaan ang mga Propeta at mga Sugo ng Diyos, hanggang sa wakas sila ang naging sanhi ng pagdurusa at pagmamartir nilang lahat.
Ponder this in thine heart, that the sweet gales of divine knowledge, blowing from the meads of mercy, may waft upon thee the fragrance of the Beloved’s utterance, and cause thy soul to attain the Riḍván of understanding. As the wayward of every age have failed to fathom the deeper import of these weighty and pregnant utterances, and imagined the answer of the Prophets of God to be irrelevant to the questions they asked them, they therefore have attributed ignorance and folly to those Essences of knowledge and understanding.	158. Nilay-nilayin ito sa iyong puso, upang ang matatamis na bugso ng hangin ng banal na kaalamang humihihip mula sa mga kaparangan ng habag, ay ipasimoy sa iyo ang halimuyak ng pananalita ng Minamahal, at gawin ang iyong kaluluwa na makamtan ang Riḍván ng pagkaunawa. Dahil sa ang suwail ng bawat panahon ay nabigong matarok ang higit na malalim na kahulugan nitong mahalaga at makabuluhang mga pananalita, at naguniguni na ang sagot ng mga Propeta ng Diyos ay walang-kaugnayan sa mga katanungan na itinanong Niya sa kanila, samakatwid ay kanilang ipinalagay na bunga ng kamangmangan at kahangalan noong mga Diwa ng kaalaman at pang-unawa.
Likewise, Muḥammad, in another verse, uttereth His protest against the people of that age. He saith: “Although they had before prayed for victory over those who believed not, yet when there came unto them, He of Whom they had knowledge, they disbelieved in Him. The curse of God on the infidels!”¹¹⁵ Reflect how this verse also implieth that the people living in the days of Muḥammad were the same people who in the days of the Prophets of old contended and fought in order to promote the Faith, and teach the Cause, of God. And yet, how could the generations living at the time of Jesus and Moses, and those who lived in the days of Muḥammad, be regarded as being actually one and the same people? Moreover, those whom	159. Gayundin, si Muḥammad, sa isa pang taludtod, ay sinabi ang Kaniyang pagtutol laban sa mga tao ng panahong iyon. Sinabi Niya: “Kahiman sila ay nagdasal noon upang magtagumpay sa mga ganoong hindi naniniwala, gayumpaman nang dumating sa kanila, Siya na kilala nila, sila ay hindi naniwala sa Kaniya. Ang sumpa ng Diyos ay mapasakanilang mga hindi naniniwala sa Diyos!”¹¹⁵ Limiin kung paanong ang bersikulong ito ay ipinahiwatig din na ang mga taong nabubuhay sa mga araw ni Muḥammad ay yaong mga tao rin na sa mga araw ng mga Propeta ng nakaraan ay nakipagtalo at nanlaban upang itaguyod ang Pananampalataya at ituro ang Kapakanan ng Diyos. At gayumpaman, paanong ang mga salinlahing nabuhay sa panahon ni Jesus at Moises, at yaong mga nabubuhay sa mga araw ni Muḥammad, ay maipapalagay bilang iisa at

¹¹⁵ Qur’án 2:89

they had formerly known were Moses, the Revealer of the Pentateuch, and Jesus, the Author of the Gospel. Notwithstanding, why did Muḥammad say: “When He of Whom they had knowledge came unto them”—that is Jesus or Moses—“they disbelieved in Him”? Was not Muḥammad to outward seeming called by a different name? Did He not come forth out of a different city? Did He not speak a different language, and reveal a different Law? How then can the truth of this verse be established, and its meaning be made clear?	ang gayunding mga tao? Bukod pa rito, yaong mga nakilala nila noon ay sina Moises, ang Tagapagpahayag ng Pentateuch, at si Jesus, ang May-akda ng Ebanghelyo. Gayumpaman, bakit sinabi ni Muḥammad: “Nang Siya na kilala nila”—iyon ay si Jesus o si Moises—“sila ay hindi naniwala sa Kaniya?” Hindi ba si Muḥammad sa panlabas na pagwawari ay tinawag sa ibang pangalan? Hindi ba Siya ay dumating mula sa ibang lungsod? Hindi ba Siya ay nagsalita sa ibang wika, at nagpahayag ng ibang Batas? Paano kung gayon na ang katotohanan ng bersikulong ito ay maitatag, at ang kahulugan nito ay magagawang malinaw?
Strive therefore to comprehend the meaning of “return” which hath been so explicitly revealed in the Qur’án itself, and which none hath as yet understood. What sayest thou? If thou sayest that Muḥammad was the “return” of the Prophets of old, as is witnessed by this verse, His Companions must likewise be the “return” of the bygone Companions, even as the “return” of the former people is clearly attested by the text of the above-mentioned verses. And if thou deniest this, thou hast surely repudiated the truth of the Qur’án, the surest testimony of God unto men. In like manner, endeavor to grasp the significance of “return,” “revelation,” and “resurrection,” as witnessed in the days of the Manifestations of the divine Essence, that thou mayest behold with thine own eyes the “return” of the holy souls into sanctified and illumined bodies, and mayest wash away the dust of ignorance, and cleanse the darkened self with the waters of mercy flowing from the Source of divine Knowledge; that perchance thou mayest, through the power of God and the light of divine guidance, distinguish the Morn of everlasting splendor from the darksome night of error.	160. Kung gayon, sikaping maunawaan ang kahulugan ng “pagbabalik” na maliwanag na ipinahayag sa Qur’án mismo, at walang sinuman ang nakaunawa hanggang ngayon. Ano ang iyong masasabi? Kung iyong sasabihin na si Muḥammad ay ang “pagbabalik” ng mga Propeta ng nakaraan, tulad ng pagpapatibay ng bersikulong ito, ang Kaniyang mga Kasamahan ay nararapat din na maging ang “pagbabalik” ng nakaraang mga Kasamahan, tulad rin ng “pagbabalik” ng naunang mga tao ay malinaw na pinatutunayan ng tekstong nabanggit sa itaas na mga bersikulo. At kung iyong itatanggi ito, tiyak na iyong itinakwil ang katotohanan ng Qur’án, ang pinakatiyak na pagpapatunay ng Diyos sa mga tao. Sa gayunding paraan, magpunyaging maunawaan ang kahulugan ng “pagbabalik,” “pagpapahayag,” at “muling pagkabuhay” tulad ng nasaksihan sa mga araw ng mga Kahayagan ng banal na Diwa, upang iyong mamasdan ng sarili mong mga mata ang “pagbabalik” ng banal na mga kaluluwa sa naging dalisay at natanglawang mga katawan, at nang mahugasan ang alabok ng kamangmangan, at malinisan ang nadilimang sarili sa mga tubig ng habag na dumadaloy mula sa Bukal ng banal na Kaalaman; upang baka sakaling ikaw sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at ng liwanag ng banal na patnubay, ay makita ang kaibahan ng Umaga ng walang-hanggang kaluwalhatian mula sa madilim na gabi ng kamalian.
Furthermore, it is evident to thee that the Bearers of the trust of God are made manifest unto the peoples of the earth as the Exponents of a new Cause and the Bearers of a new Message.	161. Bilang karagdagan, maliwanag sa iyo na ang mga Tagapagdala ng ipinagkatiwala ng Diyos ay ginawang mahayag sa mga tao ng kalupaan bilang mga Tagapagtaguyod ng isang bagong Kapakanan at mga

Inasmuch as these Birds of the Celestial Throne are all sent down from the heaven of the Will of God, and as they all arise to proclaim His irresistible Faith, they therefore are regarded as one soul and the same person. For they all drink from the one Cup of the love of God, and all partake of the fruit of the same Tree of Oneness. These Manifestations of God have each a twofold station. One is the station of pure abstraction and essential unity. In this respect, if thou callest them all by one name, and dost ascribe to them the same attribute, thou hast not erred from the truth. Even as He hath revealed: “No distinction do We make between any of His Messengers!”¹¹⁶ For they one and all summon the people of the earth to acknowledge the Unity of God, and herald unto them the Kawthar of an infinite grace and bounty. They are all invested with the robe of Prophethood, and honored with the mantle of glory. Thus hath Muḥammad, the Point of the Qur’án, revealed: “I am all the Prophets.” Likewise, He saith: “I am the first Adam, Noah, Moses, and Jesus.” Similar statements have been made by ‘Alí. Sayings such as this, which indicate the essential unity of those Exponents of Oneness, have also emanated from the Channels of God’s immortal utterance, and the Treasuries of the gems of divine knowledge, and have been recorded in the scriptures. These Countenances are the recipients of the Divine Command, and the daysprings of His Revelation. This Revelation is exalted above the veils of plurality and the exigencies of number. Thus He saith: “Our Cause is but one.”¹¹⁷ Inasmuch as the Cause is one and the same, the Exponents thereof also must needs be one and the same. Likewise, the Imáms of the Muḥammadan Faith, those lamps of certitude, have said: “Muḥammad is our first, Muḥammad our last, Muḥammad our all.”

Tagapagdala ng isang bagong Mensahe. Yayamang itong mga Ibon ng Makalangit na Trono ng Diyos ay ipinadalang lahat mula sa kalangitan ng Kalooban ng Diyos, at dahil sa silang lahat ay nagbangon upang ipahayag ang Kaniyang hindi mapaglabanang Pananampalataya, sila samakatwid ay itinuring bilang isang kaluluwa at gayunding tao. Sapagkat silang lahat ay umiinom mula sa iisang Kopa ng pag-ibig ng Diyos, at lahat ay nakikibahagi sa bunga ng gayunding Puno ng Kaisahan. Ang bawat isa sa mga Kahayagan ng Diyos na ito ay may dalawang katayuan. Ang isa ay ang katayuan ng dalisay na diwa at lubhang mahalagang pagkakaisa. Sa pananaw na ito, kung iyong tatawagin silang lahat sa isang pangalan, at iukol sa kanila ang gayunding katangian, ikaw ay hindi namamali mula sa katotohanan. Tulad ng Kaniyang ipinahayag: “Kami ay hindi gumagawa ng pagtatangi sa pagitan ng alinman sa Kaniyang mga Sugo!”¹¹⁶ Sapagkat sila, bawat isa at lahat ay nananawagan sa mga tao ng kalupaan na kilalanin ang kaisahan ng Diyos, at ipinatatalastas sa kanila ang Kawthar ng isang walang-hanggang pagpapala at biyaya. Silang lahat ay pinagkalooban ng kapa ng Pagka-Propeta, at pinarangalan ng manta ng kaluwalhatian. Sa gayon si Muḥammad, ang Tuldok na Simula ng Qur’án, ay nagpahayag: “Ako ay ang lahat ng mga Propeta.” Gayundin, sinabi Niya: “Ako ay ang unang Adan, Noah, Moises, at Jesus.” Ang katulad na mga pangungusap ay ginawa ni ‘Alí. Ang mga pananalitang tulad nito, na tinutukoy ang lubhang mahalagang pagkakaisa noong Tagapagtaguyod ng Kaisahan, ay nagmumula sa mga Daluyan ng walang-kamatayang pananalita ng Diyos, at sa mga Ingatang-yaman ng mga hiyas ng banal na kaalaman, at naitala sa mga banal na kasulatan. Ang ganitong mga Anyo ay ang mga tumanggap ng Banal na Utos, at ang mga pamimitak ng Kaniyang Rebelasyon. Ang Rebelasyon na ito ay higit na dakila sa mga lambong ng pagkamarami at ng mga pangangailangan ng bilang. Kung kaya sinabi Niya: “Ang Aming Kapakanan ay iisa lamang.”¹¹⁷ Yamang ang Kapakanan ay iisa at iyon din, ang mga Tagapagtaguyod nito ay nangangailangan din na maging iisa at hindi nagbabago. Gayundin, ang mga

¹¹⁶ Qur’án 2:285

¹¹⁷ Qur’án 54:50

	Imám ng Pananampalataya ni Muḥammad, yaong mga lampara ng katiyakan, ay sinabi: “Si Muḥammad ang aming una, si Muḥammad ang aming huli, si Muḥammad ang aming lahat.”
It is clear and evident to thee that all the Prophets are the Temples of the Cause of God, Who have appeared clothed in divers attire. If thou wilt observe with discriminating eyes, thou wilt behold them all abiding in the same tabernacle, soaring in the same heaven, seated upon the same throne, uttering the same speech, and proclaiming the same Faith. Such is the unity of those Essences of being, those Luminaries of infinite and immeasurable splendor. Wherefore, should one of these Manifestations of Holiness proclaim saying: “I am the return of all the Prophets,” He verily speaketh the truth. In like manner, in every subsequent Revelation, the return of the former Revelation is a fact, the truth of which is firmly established. Inasmuch as the return of the Prophets of God, as attested by verses and traditions, hath been conclusively demonstrated, the return of their chosen ones also is therefore definitely proven. This return is too manifest in itself to require any evidence or proof. For instance, consider that among the Prophets was Noah. When He was invested with the robe of Prophethood, and was moved by the Spirit of God to arise and proclaim His Cause, whoever believed in Him and acknowledged His Faith was endowed with the grace of a new life. Of him it could be truly said that he was reborn and revived, inasmuch as previous to his belief in God and his acceptance of His Manifestation, he had set his affections on the things of the world, such as attachment to earthly goods, to wife, children, food, drink, and the like, so much so that in the daytime and in the night-season his one concern had been to amass riches and procure for himself the means of enjoyment and pleasure. Aside from these things, before his partaking of the reviving waters of faith, he had been so wedded to the traditions of his	162 Malinaw at maliwanag sa iyo na ang lahat ng mga Propeta ay ang mga Templo ng Kapakanan ng Diyos, na nagpakita nang nadaramitan ng magkakaibang kasuotan. Kung iyong pag-aaralan sila nang may nakauunawang mga mata, makikita mo na silang lahat ay nananahan sa iisang tabernakulo, pumapailanlang sa iisang kalangitan, naluluklok sa iisang trono, sinasambit ang iisang pananalita, at naghahayag ng iisang Pananampalataya. Gayon ang pagkakaisa noong mga Diwa ng buhay, noong mga Tagapagdala ng Liwanag ng walang-hanggan at hindi matayang kaluwalhatian. Dahil dito, kung ang isa sa mga Kahayagan ng Kabanalan na ito ay magpahayag sa pagsasabing: “Ako ang pagbabalik ng lahat ng mga Propeta,” Siya sa katunayan ay nagsasabi ng Katotohanan. Sa gayunding paraan, sa bawat kasunod na Rebelasyon, ang pagbabalik ng naunang Rebelasyon ay isang tunay na pangyayari, na ang katotohanan nito ay matibay na napatunayan. Yayamang ang pagbabalik ng mga Propeta ng Diyos, tulad ng pinatunayan ng mga bersikulo at mga tradisyon, ay hindi mapag-aalinlanganang ipinakita, ang pagbabalik din ng kanilang mga hinirang samakatwid ay tiyakang napatunayan. Ang pagbabalik na ito ay lubhang hayag sa sarili nito mismo upang mangailangan pa ng anumang katibayan o patotoo. Halimbawa, isaalang-alang na kabilang sa mga Propeta ay si Noah. Nang Siya ay pinagkalooban ng kapa ng Pagka-Propeta, at pinasigla ng Espiritu ng Diyos upang magbangon at ipahayag ang Kapakanan Niya, sinuman ang naniwala sa Kaniya at tinanggap ang Pananampalataya Niya, ay pinagkalooban ng pagpapala ng isang bagong buhay. Sa kaniya ito ay maaaring tunay na masabi na siya ay muling isinilang at muling binuhay, dahil sa bago siya naniwala sa Diyos at sa pagtanggap niya sa Kahayagan Niya, inilagay niya ang Kaniyang mga kagustuhan sa mga bagay ng daigdig, tulad ng pagkaakit sa makalupang mga kapakinabangan, sa asawa, mga anak, pagkain, inumin at ang katulad nito, nang labis kung kaya araw at gabi ang kaniyang tanging alalahanin ay

forefathers, and so passionately devoted to the observance of their customs and laws, that he would have preferred to suffer death rather than violate one letter of those superstitious forms and manners current amongst his people. Even as the people have cried: “Verily we found our fathers with a faith, and verily, in their footsteps we follow.”¹¹⁸	ang magkamal ng mga kayamanan at makuha para sa kaniyang sarili ang mga paraan ng kaligayahan at kaluguran. Bukod sa mga bagay na ito, bago sumapit ang kaniyang pag-inom sa nakabubuhay na mga tubig ng pananalig, siya ay lubhang nakatali sa mga tradisyon ng kaniyang mga ninuno, at lubhang maalab na tinupad ang pagsasagawa ng kanilang mga kaugalian at mga batas, na mamabutihin pa na magdusa ng kamatayan kaysa sa labagin ang isang titik ng mapamahiing mga anyo at gawi na laganap sa kaniyang sambayanan. Kahit na ang mga tao ay sumigaw: “Sa katunayan natagpuan namin ang aming mga ama na may isang pananampalataya, at sa katunayan, sa kanilang mga yapak kami ay susunod.”¹¹⁸
These same people, though wrapt in all these veils of limitation, and despite the restraint of such observances, as soon as they drank the immortal draft of faith, from the cup of certitude, at the hand of the Manifestation of the All-Glorious, were so transformed that they would renounce for His sake their kindred, their substance, their lives, their beliefs, yea, all else save God! So overpowering was their yearning for God, so uplifting their transports of ecstatic delight, that the world and all that is therein faded before their eyes into nothingness. Have not this people exemplified the mysteries of “rebirth” and “return”? Hath it not been witnessed that these same people, ere they were endued with the new and wondrous grace of God, sought through innumerable devices to ensure the protection of their lives against destruction? Would not a thorn fill them with terror, and the sight of a fox put them to flight? But once having been honored with God’s supreme distinction, and having been vouchsafed His bountiful grace, they would, if they were able, have freely offered up ten thousand lives in His path! Nay, their blessed souls, contemptuous of the cage of their bodies, would yearn for deliverance. A single warrior of that host would face and fight a multitude! And yet, how could	163. Ang mga tao ring ito, kahiman nababalot sa lahat ng ganitong mga lambong ng pagtatakda, at sa kabila ng paghihigpit ng gayong mga pinaiiral na mga utos, sa sandaling sila ay nakainom ng walang-kamatayang inumin ng pananalig, mula sa kopa ng katiyakan, sa kamay ng Kahayagan ng Lubos na Maluwalhati, ay labis na nagbago na tatalikuran nila alang-alang sa Kaniya ang kanilang kaanak, ang kanilang ari-arian, ang kanilang mga buhay, ang kanilang mga paniniwala, oo, ang lahat liban sa Diyos! Lubhang nakagagahis ang kanilang pananabik sa Diyos, labis na nakapagpapasigla ang nakatatangay na kaligayahan, na ang daigdig at lahat ng naroroon ay napawi sa harap ng kanilang mga mata tungo sa kawalan. Hindi ba ang mga taong ito ay naging halimbawa ng mga hiwaga ng “muling pagsilang” at “pagbabalik”? Hindi ba nasaksihan ang mga tao ring ito, bago sila pinagkalooban ng panibago at kamangha-manghang pagpapala ng Diyos, ay nagsikap sa pamamagitan ng napakaraming paraan, na tiyakin ang kaligtasan ng kanilang mga buhay laban sa pagkawasak? Hindi ba pupuspusin sila ng sindak ng isang tinik, at kapag nakakita ng isang asong gubat ay tatakas sila? Ngunit kagyat na pinarangalan ng sukdulang pagtatangi ng Diyos, at pinagkalooban ng masaganang pagpapala Niya, sila, kung makakaya nila, ay malayang ihahandog ang sampung libong buhay sa Kaniyang landas! Hindi lamang iyon, ang kanilang pinagpalang mga kaluluwa,

¹¹⁸ Qur’án 43:22

they, but for the transformation wrought in their lives, be capable of manifesting such deeds which are contrary to the ways of men and incompatible with their worldly desires?	nasusuklam sa hawla ng kanilang mga katawan, ay nanabik na makalaya. Ang isang mandirigma ng ganoong hukbo ay haharapin at lalabanan ang napakaraming tao! At gayumpaman, paano nila makakaya, kung hindi sa pagbabagong nangyari sa kanilang mga buhay, na magpakita ng gayong mga gawa na salungat sa mga pamamaraan ng mga tao at hindi naaayon sa kanilang makamundong mga hangarin?
It is evident that nothing short of this mystic transformation could cause such spirit and behavior, so utterly unlike their previous habits and manners, to be made manifest in the world of being. For their agitation was turned into peace, their doubt into certitude, their timidity into courage. Such is the potency of the Divine Elixir, which, swift as the twinkling of an eye, transmuteth the souls of men!	164. Maliwanag na walang anumang kukulangin sa mahiwagang pagbabago na ito ang maaaring lumikha ng gayong espiritu at pag-uugali, lubhang hindi katulad ng kanilang dating mga gawa at kinagawian, na ginawang makita sa daigdig ng tao. Sapagkat ang kanilang pagkaligalig ay nabago sa kapayapaan, ang kanilang alinlangan sa katiyakan, ang kanilang pangingimi sa katapangan. Gayon ang bisa ng Banal na Elixir, na, kasimbilis ng isang kisapmata, ay pinagbabagong-anyo ang mga kaluluwa ng mga tao!
For instance, consider the substance of copper. Were it to be protected in its own mine from becoming solidified, it would, within the space of seventy years, attain to the state of gold. There are some, however, who maintain that copper itself is gold, which by becoming solidified is in a diseased condition, and hath not therefore reached its own state.	165. Halimbawa, isaalang-alang ang sangkap ng tanso. Kung ito ay pangangalagaan sa sarili nitong minahan upang hindi tumigas, matatamo nito, sa loob ng pitumpung taon, ang kalagayan na maging ginto. May ilan, gayumpaman, na pinaninindigan na ang tanso mismo ay ginto, na ang pagiging matigas ay isang napinsalang kalagayan, at samakatwid ay hindi narating ang sarili nitong kalagayan.
Be that as it may, the real elixir will, in one instant, cause the substance of copper to attain the state of gold, and will traverse the seventy-year stages in a single moment. Could this gold be called copper? Could it be claimed that it hath not attained the state of gold, whilst the touchstone is at hand to assay it and distinguish it from copper?	166. Magkagayon man, ang tunay na elixir, sa isang iglap, ay gagawin ang sangkap ng tanso na marating ang kalagayan ng ginto, at tatawirin ang pitumpong taong yugto sa isang saglit. Ang gintong ito ay maaari bang masabing tanso? Masasabi bang hindi pa nito natatamo ang kalagayan ng ginto, samantalang ang uriang-bato ay malapit upang masubok ito at makita ang kaibahan nito sa tanso?
Likewise, these souls, through the potency of the Divine Elixir, traverse, in the twinkling of an eye, the world of dust and advance into the realm of holiness; and with one step cover the earth of limitations and reach the domain of the Placeless. It behooveth thee to exert thine utmost to attain unto this Elixir which, in one fleeting breath, causeth the west of ignorance to reach the east of	167. Gayundin, ang mga kaluluwang ito, sa pamamagitan ng bisa ng banal na Elixir, ay tinatawid, sa isang kisapmata, ang daigdig ng alabok at sumusulong sa kaharian ng kabanalan; at sa isang hakbang ay binabagtas ang kalupaan ng mga pagtatakda at nararating ang kaharian ng Kawalang-kalagayan. Nararapat sa iyo na sukdualang magsikap upang iyong matamo ang Elixir na ito na, sa isang saglit ng paghinga,

knowledge, illuminates the darkness of night with the resplendence of the morn, guideth the wanderer in the wilderness of doubt to the wellspring of the Divine Presence and Fount of certitude, and conferreth upon mortal souls the honor of acceptance into the Ridván of immortality. Now, could this gold be thought to be copper, these people could likewise be thought to be the same as before they were endowed with faith.	ay ginagawa ang kanluran ng kamangmangan na marating ang silangan ng kaalaman, pinagliliwanag ang kadiliman ng gabi sa kaningningan ng umaga, pinapatnubayan ang manlalakbay sa kaparangan ng pag-aalinlangan tungo sa bukal ng banal na Kinaroroonan at Bukal ng katiyakan, at ipinagkakaloob sa mortal na mga kaluluwa ang karangalang matanggap sa Ridván ng kawalang-kamatayan. Ngayon, kung iisipin na ang gintong ito ay tanso, ang mga taong ito gayundin ay maisip na katulad rin ng dati bago sila pinagkalooban ng pananalig.
O brother, behold how the inner mysteries of “rebirth,” of “return,” and of “resurrection” have each, through these all-sufficing, these unanswerable, and conclusive utterances, been unveiled and unraveled before thine eyes. God grant that through His gracious and invisible assistance, thou mayest divest thy body and soul of the old garment, and array thyself with the new and imperishable attire.	168. O kapatid, masdan kung paanong ang naloloob na mga hiwaga ng “muling pagsilang,” “pagbabalik,” at “muling pagkabuhay,” nang isa-isa, sa pamamagitan nitong nakasasapat, nitong hindi mapabubulaanan, at hindi mapag-aalinlanganang mga pananalita, ay inalisan ng lambong at inilahad sa harap ng iyong mga mata. Harinawang ibigay ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang mapagpala at hindi nakikitang tulong, na iyong alisin sa iyong katawan at kaluluwa ang lumang pananamit, at palamutihan ang iyong sarili ng isang bago at walang-kamatayang kasuotan.
Therefore, those who in every subsequent Dispensation preceded the rest of mankind in embracing the Faith of God, who quaffed the clear waters of knowledge at the hand of the divine Beauty, and attained the loftiest summits of faith and certitude, these can be regarded, in name, in reality, in deeds, in words, and in rank, as the “return” of those who in a former Dispensation had achieved similar distinctions. For whatsoever the people of a former Dispensation have manifested, the same hath been shown by the people of this latter generation. Consider the rose: whether it blossometh in the East or in the West, it is nonetheless a rose. For what mattereth in this respect is not the outward shape and form of the rose, but rather the smell and fragrance which it doth impart.	169. Kung gayon, sa bawat kasunod na Dispensasyon, silang nauuna sa iba sa sangkatauhan, sa pagtanggap sa Pananampalataya ng Diyos, na nakainom ng malinaw na mga tubig ng kaalaman sa kamay ng banal na Kagandahan, at nakamtan ang pinakamatayog na mga tugatog ng pananalig at katiyakan, ang mga ito ay maaaring ituring, sa pangalan, sa katotohanan, sa mga gawa, sa mga salita, at sa katayuan, bilang ang “pagbabalik” nila na sa dating Dispensasyon ay natamo ang gayunding karangalan. Sapagkat anumang ipinakita ng mga tao ng dating Dispensasyon, gayundin ang ipinakita ng mga tao nitong nahuhuling salinlahi. Isipin ang rosas: kahiman ito ay bumubuka sa Silangan o sa Kanluran, hindi ito nababawasan bilang isang rosas. Sapagkat ang mahalaga sa ganitong pananaw, ay hindi ang panlabas na hugis at anyo ng rosas, kundi ang halimuyak at bangong ibinibigay nito.
Purge thy sight, therefore, from all earthly limitations, that thou mayest behold them all as	170. Samakatwid, linisin ang iyong paningin mula sa lahat ng makalupang mga pagtatakda, upang nawa’y

the bearers of one Name, the exponents of one Cause, the manifestations of one Self, and the revealers of one Truth, and that thou mayest apprehend the mystic “return” of the Words of God as unfolded by these utterances. Reflect for a while upon the behavior of the companions of the Muḥammadan Dispensation. Consider how, through the reviving breath of Muḥammad, they were cleansed from the defilements of earthly vanities, were delivered from selfish desires, and were detached from all else but Him. Behold how they preceded all the peoples of the earth in attaining unto His holy Presence—the Presence of God Himself—how they renounced the world and all that is therein, and sacrificed freely and joyously their lives at the feet of that Manifestation of the All-Glorious. And now, observe the “return” of the selfsame determination, the selfsame constancy and renunciation, manifested by the companions of the Point of the Bayán.¹¹⁹ Thou hast witnessed how these companions have, through the wonders of the grace of the Lord of Lords, hoisted the standards of sublime renunciation upon the inaccessible heights of glory. These Lights have proceeded from but one Source, and these fruits are the fruits of one Tree. Thou canst discern neither difference nor distinction among them. All this is by the grace of God! On whom He will, He bestoweth His grace. Please God, that we avoid the land of denial, and advance into the ocean of acceptance, so that we may perceive, with an eye purged from all conflicting elements, the worlds of unity and diversity, of variation and oneness, of limitation and detachment, and wing our flight unto the highest and innermost sanctuary of the inner meaning of the Word of God.

iyong mamasdan silang lahat bilang mga tagapagdala ng iisang Pangalan, ang mga tagapagtaguyod ng iisang Kapakanan, ang mga kahayagan ng iisang Sarili, at ang mga tagapagpahayag ng iisang Katotohanan, at upang nawa’y iyong maunawaan ang mahiwagang “pagbabalik” ng mga Salita ng Diyos tulad ng inilalahad ng ganitong mga pananalita. Limiin pansamantala ang ugali ng mga kasamahan sa Dispensasyon ni Muḥammad. Pag-aralan kung paanong sa pamamagitan ng muling nakabubuhay na hininga ni Muḥammad, sila ay naging dalisay mula sa mga dumi ng makalupang mga kapalaluan, iniligtas mula sa makasariling mga hangarin, at itiniwalag mula sa lahat liban sa Kaniya. Masdan kung paanong nanguna sila sa lahat ng mga tao ng kalupaan sa pagdating sa Kaniyang banal na Kinaroroonan—ang Kinaroroonan ng Diyos Mismo—kung paanong itinakwil nila ang daigdig at lahat ng naroroon, at nang malaya at nang maligaya ay ipinagpakasakit nila ang kanilang mga buhay sa paanan ng Kahayagan ng Lubos na Maluwalhati. At ngayon, suriin ang “pagbabalik” ng gayunding matibay na pasiya, ng gayunding katapatan at pagtatakwil na ipinakita ng mga kasama ng Tuldok na Simula ng Bayán.¹¹⁹ Iyong nasaksihan kung paanong ang mga kasamahang ito, sa pamamagitan ng mga kababalaghan ng pagpapala ng Panginoon ng mga Panginoon, ay itinaas ang mga bandila ng kahanga-hangang pagtiwalag sa ibabaw ng hindi maabot na mga kataasan ng kaluwalhatian. Ang Liwanag na ito ay nagbuhat mula sa iisang Pinagmulan, at ang mga bunga nito ay mga bunga ng iisang Puno. Hindi mo mahihiwatigan ang alinman sa pagkakaiba ni pagtatangi sa kanila. Lahat ng ito ay sa pamamagitan ng pagpapala ng Diyos! Sa kaniya na ninanais Niya, ay ipagkakaloob Niya ang Kaniyang pagpapala. Ipahintulot ng Diyos, na harinawang maiwasan namin ang lupain ng pagtatakwil, at sumulong sa karagatan ng pagtanggap, upang maunawaan namin, nang may matang pinadalisay mula sa naglalaban-labang mga sangkap, ang mga daigdig ng pagkakaisa at pagkakaiba-iba, ng kaibahan at kaisahan, ng pagtatakda at pagtiwalag, at pailanlangin ang aming paglipad sa pinakamataas at pinakakaibuturan na

¹¹⁹ Ang Báb

	santuwaryo ng naloloob na kahulugan ng Salita ng Diyos.
From these statements therefore it hath been made evident and manifest that should a Soul in the “End that knoweth no end” be made manifest, and arise to proclaim and uphold a Cause which in “the Beginning that hath no beginning” another Soul had proclaimed and upheld, it can be truly declared of Him Who is the Last and of Him Who was the First that they are one and the same, inasmuch as both are the Exponents of one and the same Cause. For this reason, hath the Point of the Bayán—may the life of all else but Him be His sacrifice!—likened the Manifestations of God unto the sun which, though it rise from the “Beginning that hath no beginning” until the “End that knoweth no end,” is nonetheless the same sun. Now, wert thou to say that this sun is the former sun, thou speakest the truth; and if thou sayest that this sun is the “return” of that sun, thou also speakest the truth. Likewise, from this statement it is made evident that the term “last” is applicable to the “first,” and the term “first” applicable to the “last”; inasmuch as both the “first” and the “last” have risen to proclaim one and the same Faith.	171. Kung gayon, mula sa mga pahayag na ito ay ginawang maliwanag at lantad na kung ang isang Kaluluwa sa “Katapusan na walang nababatid na katapusan” ay naging hayag, at nagbangon upang ipatalastas at itaguyod ang isang Kapakanan na sa “Simula na walang simula” ay ipinapahayag at itinataguyod ng isa pang Kaluluwa, ito ay maaaring tunay na ipahayag Niya na Katapusan at Niya na Simula na sila ay iisa at hindi nagkakaiba, yayamang ang kapuwa ay mga Tagapagtaguyod ng iisa at walang ibang Kapakanan. Sa kadahilanang ito, na ang Tuldok na Simula ng Bayán—harinawang ang buhay ng lahat liban sa Kaniya ay maging alay sa Kaniya!—ay maihahalintulad sa mga Kahayagan ng Diyos sa araw na, kahiman ito ay sumisikat mula sa “Simula na walang simula” hanggang sa “Katapusan na walang nababatid na katapusan,” ay walang iba ang pagiging gayunding araw. Ngayon, kung iyong sasabihin, na ang araw na ito ay ang dating araw; ikaw ay nagsasabi ng katotohanan; at kung iyong sasabihin na ang araw na ito ay ang “pagbabalik” ng araw na iyon, ikaw ay nagsasabi rin ng katotohanan. Kung kaya mula sa pangungusap na ito ginawang maliwanag na ang katawagang “huli,” ay magagamit sa “una,” at ang katawagang “una” ay magagamit sa “huli,” yayamang kapuwa ang “una” at ang “huli” ay nagbangon upang ipahayag ang iisa at gayunding Pananampalataya.
Notwithstanding the obviousness of this theme, in the eyes of those that have quaffed the wine of knowledge and certitude, yet how many are those who, through failure to understand its meaning, have allowed the term “Seal of the Prophets” to obscure their understanding, and deprive them of the grace of all His manifold bounties! Hath not Muḥammad, Himself, declared: “I am all the Prophets”? Hath He not said as We have already mentioned: “I am Adam, Noah, Moses, and Jesus”? Why should Muḥammad, that immortal Beauty, Who hath said: “I am the first Adam” be incapable of saying also: “I am the last Adam”? For even as He regarded Himself to be the “First	172. Sa kabila ng kalinawan ng paksang ito sa mga mata noong nakainom ng alak ng kaalaman at katiyakan, subalit gaano karami yaong, sa pagkabigo na maunawaan ang kahulugan nito, ay hinayaan ang katawagang “Selyo ng mga Propeta” na padilimin ang kanilang pagkaunawa, at pinagkaitan sila ng pagpapala ng lahat ng Kaniyang mga biyaya. Hindi ba ipinahayag ni Muḥammad Mismo: “Ako ang lahat ng mga Propeta?” Hindi ba sinabi Niya na Amin nang nabanggit: “Ako si Adan, Noah, Moises, at Jesus?” Bakit nangyaring si Muḥammad, yaong walang-kamatayang Kagandahan, na nagsabi: “Ako ang unang Adan” ay walang kakayahang sabihin din: “Ako ang huling Adan?” Sapagkat kahit na ipinalagay Niya

of the Prophets”—that is Adam—in like manner, the “Seal of the Prophets” is also applicable unto that Divine Beauty. It is admittedly obvious that being the “First of the Prophets,” He likewise is their “Seal.”	ang Kaniyang Sarili na maging ang “Una sa mga Propeta”—iyon ay si Adan—sa gayunding paraan, ang “Selyo ng Propeta” ay magagamit din sa banal na Kagandahan na iyon. Maliwanag na tinatanggap na ang pagiging “Una sa mga Propeta,” Siya rin ay ang kanilang “Selyo.”
The mystery of this theme hath, in this Dispensation, been a sore test unto all mankind. Behold, how many are those who, clinging unto these words, have disbelieved Him Who is their true Revealer. What, We ask, could this people presume the terms “first” and “last”—when referring to God—glorified be His Name!—to mean? If they maintain that these terms bear reference to this material universe, how could it be possible, when the visible order of things is still manifestly existing? Nay, in this instance, by “first” is meant no other than the “last” and by “last” no other than the “first.”	173. Ang hiwaga ng paksang ito, sa Dispensasyong ito, ay isang malubhang pagsubok sa buong sangkatauhan. Masdan, gaano karami silang nangapit sa mga salitang ito, ang hindi naniwala sa Kaniya na kanilang tunay na Tagapagpahayag. Aming itinatanong, ano ang maaaring ipalagay ng sambayanang ito sa mga katawagang “una” at “huli”—kapag tinutukoy ang Diyos—luwalhatiin ang Kaniyang Pangalan!—kung ano ang kahulugan ng mga ito? Kung pinaninindigan nila na ang mga katawagang ito ay tumutukoy sa materyal na sansinukob, paano mangyayari na ang nakikitang kaayusan ng mga bagay ay lantarang nananatili pa? Hindi lamang iyon, sa pagkakataong ito, ang “una” ay nangangahulugan ng walang iba kundi ang “huli” at ang “huli” ay walang iba kundi ang “una.”
Even as in the “Beginning that hath no beginnings” the term “last” is truly applicable unto Him who is the Educator of the visible and of the invisible, in like manner, are the terms “first” and “last” applicable unto His Manifestations. They are at the same time the Exponents of both the “first” and the “last.” Whilst established upon the seat of the “first,” they occupy the throne of the “last.” Were a discerning eye to be found, it will readily perceive that the exponents of the “first” and the “last,” of the “manifest” and the “hidden,” of the “beginning” and the “seal” are none other than these holy Beings, these Essences of Detachment, these divine Souls. And wert thou to soar in the holy realm of “God was alone, there was none else besides Him,” thou wilt find in that Court all these names utterly non-existent and completely forgotten. Then will thine eyes no longer be obscured by these veils, these terms, and allusions. How ethereal and lofty is this station, unto which even Gabriel, unshepherded,	174. Katulad ng “Simula na walang mga simula” ang katawagang “huli” ay tunay na naaangkop sa Kaniya na Tagapagturo ng nakikita at ng di-nakikita, sa gayunding paraan, ang mga katawagang “una” at “huli” ay naaangkop sa Kaniyang mga Kahayagan. Sila gayundin ay ang mga Tagapagtaguyod ng kapuwa “una” at “huli.” Samantalang nakatatag sa luklukan ng “una,” sila ay nakaluklok sa trono ng “huli.” Kung makatatagpo ng isang nakauunawang mata, kaagad na mauunawaan na ang mga tagapagtaguyod ng “una” at ng “huli,” ng “hayag” at ng “natatago,” ng “simula” at “selyo” ay walang iba kundi ang banal na mga Katauhang ito, ang mga Diwa ng Pagtiwalag, ang banal na mga Kaluluwang ito. At kung ikaw ay pumailanlang sa banal na kaharian ng “Ang Diyos ay nag-iisa, walang iba liban sa Kaniya,” iyong matatagpuan na sa Korteng iyon ang lahat ng mga pangalang ito ay ganap na nawala at lubos na nalimot. Sa gayon ang iyong mga mata ay hindi na palalabuin ng mga lambong na ito, ng mga katawagang ito, at ng mga pahiwatig na ito. Lubos na makalangit at marangal ang katayuang ito, kung saan kahit na si Gabriel, nang hindi pinapatnubayan, ay hindi kailanman matatamo, at ang

can never attain, and the Bird of Heaven, unassisted, can never reach!	Ibon ng Kalangitan, kung hindi tinutulungan, ay hindi kailanman mararating!
And, now, strive thou to comprehend the meaning of this saying of ‘Alí, the Commander of the Faithful: “Piercing the veils of glory, unaided.” Among these “veils of glory” are the divines and doctors living in the days of the Manifestation of God, who, because of their want of discernment and their love and eagerness for leadership, have failed to submit to the Cause of God, nay, have even refused to incline their ears unto the divine Melody. “They have thrust their fingers into their ears.” ¹²⁰ And the people also, utterly ignoring God and taking them for their masters, have placed themselves unreservedly under the authority of these pompous and hypocritical leaders, for they have no sight, no hearing, no heart, of their own to distinguish truth from falsehood.	175. At, ngayon, ikaw ay magpunyagi na maunawaan ang kahulugan nitong kasabihan ni ‘Alí, ang Pinuno ng Matatapat: “Tumatagos sa mga lambong ng kaluwalhatian, nang walang tulong.” Kabilang sa mga “lambong ng kaluwalhatian” na ito ay ang mga teologo at mga pantas na nabubuhay sa mga araw ng Kahayagan ng Diyos, na, dahil sa kanilang kawalan ng pagkaunawa at sa kanilang pagmamahal at kasigasigan sa pamumuno, ay nabigong magpasakop sa Kapakanan ng Diyos, hindi lamang iyon, kundi, nangyari pang tumangging ibaling ang kanilang mga tainga sa banal na Melodiya. “Ipinasak nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga.” ¹²⁰ At ang mga tao rin, lubos na ipinagwalang-bahala ang Diyos at ipinalagay ang kanilang mga sarili bilang kanilang mga panginoon, ay walang atubiling ipinasakop ang kanilang mga sarili sa kapangyarihan nitong hambog at mapagkunwaring mga pinuno, sapagkat sila ay walang paningin, walang pandinig, walang puso, sa kanilang sarili upang makilala ang katotohanan mula sa kasinungalingan.
Notwithstanding the divinely inspired admonitions of all the Prophets, the Saints, and Chosen ones of God, enjoining the people to see with their own eyes and hear with their own ears, they have disdainfully rejected their counsels and have blindly followed, and will continue to follow, the leaders of their Faith. Should a poor and obscure person, destitute of the attire of men of learning, address them saying: “Follow ye, O people! the Messengers of God,” ¹²¹ they would, greatly surprised at such a statement, reply: “What! Meanest thou that all these divines, all these exponents of learning, with all their authority, their pomp and pageantry, have erred, and failed to distinguish truth from falsehood? Dost thou, and people like thyself, pretend to have comprehended that which they have not understood?” If numbers and excellence of apparel be regarded as the criteria of learning	176. Sa kabila ng banal na pinasiglang mga paalaala ng lahat ng mga Propeta, ng mga Santo, at ng mga Hinirang ng Diyos, na nagtatagubilin sa mga taong tumingin sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata at makinig sa pamamagitan ng kanilang sariling mga tainga, palibak na tinanggihan nila ang kanilang mga payo at bulag na sumunod sa, at patuloy na susundin ang mga pinuno ng kanilang Pananampalataya. Kung ang isang dukha at hindi kilalang tao, salat sa kasuotan ng mga taong marunong, ay nagsalita sa kanila na sinasabi: “Sundin ninyo, O mga tao! Ang mga Sugo ng Diyos,” ¹²¹ sa matinding gulat nila sa gayong pahayag, sila ay tumugon: “Ano! Ipinakahuhulugan mo ba na ang lahat nitong mga teologo, lahat nitong mga tagapagtaguyod ng karunungan, taglay ang lahat ng kanilang kapangyarihan, ang kanilang karangyaan at karingalan, ay nagkamali, at nabigong makilala ang katotohanan mula sa kasinungalingan? Ikaw ba, at ang mga taong gaya ng iyong sarili, ay nagkukunwaring naunawaan

¹²⁰ Qur’án 2:19

¹²¹ Qur’án 36:20

and truth, the peoples of a bygone age, whom those of today have never surpassed in numbers, magnificence and power, should certainly be accounted a superior and worthier people.	yaong hindi nila naunawaan? Kung ang mga bilang at kataasan ng uri ng pananamit ay maituturing na mga pamantayan ng karunungan at katotohanan, ang mga tao ng nakalipas na panahon, yaong sa ngayon ay hindi kailanman nalampasan sa mga bilang, kadakilaan at kapangyarihan, ang tiyak na maituturing na higit na magaling at higit na karapat-dapat na mga tao.
It is clear and evident that whenever the Manifestations of Holiness were revealed, the divines of their day have hindered the people from attaining unto the way of truth. To this testify the records of all the scriptures and heavenly books. Not one Prophet of God was made manifest Who did not fall a victim to the relentless hate, to the denunciation, denial, and execration of the clerics of His day! Woe unto them for the iniquities their hands have formerly wrought! Woe unto them for that which they are now doing! What veils of glory more grievous than these embodiments of error! By the righteousness of God! to pierce such veils is the mightiest of all acts, and to rend them asunder the most meritorious of all deeds! May God assist us and assist you, O concourse of the Spirit! that perchance ye may in the time of His Manifestation be graciously aided to perform such deeds, and may in His days attain unto the Presence of God.	177. Malinaw at maliwanag na kailanman ang mga Kahayagan ng Kabanalan ay ipinahayag, ang mga teologo sa kanilang araw ay pinigilan upang matamo ng mga tao ang landas sa katotohanan. Dito ay nagpapatunay ang mga talaan ng lahat ng banal na kasulatan at makalangit na mga aklat. Walang sinumang Propeta ng Diyos ang naihayag na hindi bumagsak na biktima ng walang-humpay na poot, ng pagtuligsa, ng pagtatakwil at pagsumpa ng mga klero ng Kaniyang araw! Kasawian sa kanila dahil sa kawalang-katarungan na ginawa ng kanilang mga kamay noon. Kasawian sa kanila dahil sa ginagawa nila ngayon! Anong mga lambong ng kaluwalhatian ang higit na malubha kaysa sa mga sagisag ng kamaliang ito! Sa pagkamakatarungan ng Diyos! Ang pagtagos sa mga lambong na iyon ang pinakamalakas sa lahat ng mga pagkilos at ang gutayin ang mga iyon ang lubos na kapuri-puri sa lahat ng mga gawa! Harinawang tulungan tayo ng Diyos at tulungan kayo, O kalipunan ng Espiritu! na baka sakaling kayo nawa sa panahon ng Kahayagan Niya ay mapagpalang tulungan na maipatupad ang gayong mga gawa, at nawa’y makarating sa Kinaroroonan ng Diyos sa Kaniyang mga araw.
Furthermore, among the “veils of glory” are such terms as the “Seal of the Prophets” and the like, the removal of which is a supreme achievement in the sight of these baseborn and erring souls. All, by reason of these mysterious sayings, these grievous “veils of glory,” have been hindered from beholding the light of truth. Have they not heard the melody of that bird of Heaven,¹²² uttering this mystery: “A thousand Fāṭimihs I have espoused, all of whom were the daughters	178. Bukod pa rito, kabilang sa “mga lambong ng kaluwalhatian” ay ang gayong mga katawagan gaya ng “Selyo ng mga Propeta” at ang katulad nito, na ang paghawi ng mga iyon ang pinakamataas na makakamtan sa paningin nitong mga kaluluwang isinilang na aba at naliligaw. Ang lahat, dahil sa mahiwagang mga kasabihang ito, sa malubhang “mga lambong ng kaluwalhatian,” ay hinadlangan na mamasdan ang liwanag ng katotohanan. Hindi ba nila narinig ang melodiya ng Ibon ng Kalangitan¹²² na iyon, sinasabi ang

¹²² Imám ‘Alí

of Muḥammad, Son of ‘Abdu’llāh, the ‘Seal of the Prophets’”? Behold, how many are the mysteries that lie as yet unraveled within the tabernacle of the knowledge of God, and how numerous the gems of His wisdom that are still concealed in His inviolable treasures! Shouldest thou ponder this in thine heart, thou wouldst realize that His handiwork knoweth neither beginning nor end. The domain of His decree is too vast for the tongue of mortals to describe, or for the bird of the human mind to traverse; and the dispensations of His providence are too mysterious for the mind of man to comprehend. His creation no end hath overtaken, and it hath ever existed from the “Beginning that hath no beginning”; and the Manifestations of His Beauty no beginning hath beheld, and they will continue to the “End that knoweth no end.” Ponder this utterance in thine heart, and reflect how it is applicable unto all these holy Souls.	hiwagang ito: “Isang libong mga Fátimih ang Aking pinakasalan, lahat sa kanila ay mga anak na babae ni Muḥammad, Anak ni ‘Abdu’llāh, ang ‘Selyo ng mga Propeta’”? Masdan, napakarami ang mga hiwagang nananatili hanggang sa ngayon na hindi naisiwalat sa loob ng tabernakulo ng kaalaman ng Diyos, at napakaraming hiyas ng karunungan Niya ang nakatago pa sa Kaniyang di-malalapastangang mga ingatang-yaman! Kung iyong mumuni-muniin ito sa iyong puso, iyong mauunawaan na ang Kaniyang gawang-kamay ay hindi nalalaman ang alinman sa simula ni katapusan. Ang nasasaklaw ng kautusan Niya ay lubhang malawak upang mailarawan ng dila ng mga mortal, o upang matawid ng ibon ng isipan ng tao; at ang mga kaphintulutan ng Kaniyang kalooban ay lubhang mahiwaga upang maunawaan ng isipan ng tao. Ang nilikha Niya ay hindi inabutan ng kawakasan, at ito ay mananatili magpakailanman mula sa “Simula na walang simula”; at walang nakitang simula sa mga Kahayagan ng Kaniyang Kagandahan, at sila ay magpapatuloy hanggang sa “Katapusan na hindi nababatid ang katapusan.” Muni-muniin ang pananalitang ito sa iyong puso, at nilay-nilayin kung paano nito tinutukoy ang lahat nitong banal na mga Kaluluwa.
Likewise, strive thou to comprehend the meaning of the melody of that eternal beauty, Ḥusayn, son of ‘Alī, who, addressing Salmán, spoke words such as these: “I was with a thousand Adams, the interval between each and the next Adam was fifty thousand years, and to each one of these I declared the Successorship conferred upon my father.” He then recounteth certain details, until he saith: “I have fought one thousand battles in the path of God, the least and most insignificant of which was like the battle of Khaybar, in which battle my father fought and contended against the infidels.” Endeavor now to apprehend from these two traditions the mysteries of “end,” “return,” and “creation without beginning or end.”	179. Gayundin, ikaw ay magpunyaging maunawaan ang kahulugan ng melodiya noong walang-maliw na kagandahan, si Ḥusayn, anak ni ‘Alī, na, sa pakikipag-usap kay Salmán, ay sinabi ang mga salitang tulad ng mga ito: “Ako ay kasama ng isang libong mga Adan, ang agwat sa pagitan ng bawat isa at ng kasunod na Adan ay limampung libong taon, at sa bawat isa sa mga ito ay aking ipinahayag ang Pagmamana ng Tungkulin na ipinagkaloob sa aking ama.” Pagkatapos ay isinalaysay niya ang ilang mga bahagi, hanggang sabihin niya: “Ako ay nakipaglaban sa isang libong labanan sa landas ng Diyos, na ang pinakamaliit at lubos na walang-kabuluhan tulad nito ay ang labanan sa <u>Khaybar</u>, na sa labanang iyon ang aking ama ay nakipaghamok laban sa mga hindi naniniwala sa Diyos.” Magpunyagi ngayon na maunawaan mula sa dalawang mga tradisyong ito ang mga hiwaga ng “katapusan,”

	“pagbabalik,” at “sangnilikha na walang simula o katapusan.”
O my beloved! Immeasurably exalted is the celestial Melody above the strivings of human ear to hear or mind to grasp its mystery! How can the helpless ant step into the court of the All-Glorious? And yet, feeble souls, through lack of understanding, reject these abstruse utterances, and question the truth of such traditions. Nay, none can comprehend them save those that are possessed of an understanding heart. Say, He is that End for Whom no end in all the universe can be imagined, and for Whom no beginning in the world of creation can be conceived. Behold, O concourse of the earth, the splendors of the End, revealed in the Manifestations of the Beginning!	180. O aking minamahal! Hindi masusukat ang kadakilaan ng makalangit na Melodiya nang higit sa mga pagsisikap ng tainga ng tao upang marinig o ng isipan upang maunawaan ang hiwaga nito! Paano magagawa ng walang-kakayahang langgam na makapasok sa loob ng korte ng Lubos na Maluwalhati? At gayunman, ang mahihinang kaluluwa, sa kakapusan ng pang-unawa, ay tinatanggi ang malalim na mga pananalitang ito, at nag-aalinlangan sa katotohanan ng gayong mga tradisyon. Hindi lamang iyon, kundi, walang sinuman ang maaaring makaunawa sa mga iyon liban sa kanilang nagtataglay ng nakauunawang puso. Sabihin, Siya yaong ang Katapusan na sa Kaniya ay walang-katapusan sa buong santinakpan ang maaaring maguniguni, at kung Kanino walang simula sa daigdig ng sangnilikha ang makaiisip. Masdan, O kalipunan ng kalupaan, ang mga kaluwalhatian ng Katapusan, na ipinahayag ng mga Kahayagan ng Simula!
How strange! These people with one hand cling to those verses of the Qur’án and those traditions of the people of certitude which they have found to accord with their inclinations and interests, and with the other reject those which are contrary to their selfish desires. “Believe ye then part of the Book, and deny part?” ¹²³ How could ye judge that which ye understand not? Even as the Lord of being hath in His unerring Book, after speaking of the “Seal” in His exalted utterance: “Muḥammad is the Apostle of God and the Seal of the Prophets,” ¹²⁴ hath revealed unto all people the promise of “attainment unto the divine Presence.” To this attainment to the presence of the immortal King testify the verses of the Book, some of which We have already mentioned. The one true God is My witness! Nothing more exalted or more explicit than “attainment unto the divine Presence” hath been revealed in the Qur’án. Well is it with him that hath attained	181. Lubhang nakapagtataka! Ang mga taong ito na ang isang kamay ay nangapit sa ganoong mga bersikulo ng Qur’án at yaong mga tradisyon ng mga tao ng katiyakan na kanilang natagpuang naaayon sa kanilang mga kinahihiligan at kinawiwilihan, at itinakwil ang salungat sa kanilang makasariling mga hangarin. “Pinaniniwalaan ba ninyo samakatwid ang bahagi ng Aklat, at tinatanggi ang ibang bahagi?” ¹²³ Paano ninyo mahahatulan yaong hindi ninyo nauunawaan? Tulad ng ipinahayag ng Panginoon ng Buhay sa Kaniyang hindi nagkakamaling Aklat, pagkatapos sabihin ang tungkol sa “Selyo” sa marangal na pananalita Niya: “Si Muḥammad ang Apostol ng Diyos at ang Selyo ng mga Propeta,” ¹²⁴ ay ipinahayag sa lahat ng mga tao ang pangakong “makarating sa banal na Kinaroroonan.” Sa pagtatamong ito na makarating sa kinaroroonan ng walang-kamatayang Hari ay nagpapatunay ang mga bersikulo ng Aklat, na ilan sa mga iyon ay Amin nang nabanggit. Ang iisang tunay na Diyos ang Aking Saksi! Walang higit na dakila pa o higit na malinaw pa kaysa sa “makarating sa banal na

¹²³ Qur’án 2:85

¹²⁴ Qur’án 33:40

thereunto, in the day wherein most of the people, even as ye witness, have turned away therefrom.	Kinaroroonan” ang ipinahayag sa Qur’án. Mabuti sa kaniya na nakarating doon, sa araw na kung kailan ang karamihan sa mga tao, tulad ng inyong nasasaksihan, ay bumaling palayo mula roon.
And yet, through the mystery of the former verse, they have turned away from the grace promised by the latter, despite the fact that “attainment unto the divine Presence” in the “Day of Resurrection” is explicitly stated in the Book. It hath been demonstrated and definitely established, through clear evidences, that by “Resurrection” is meant the rise of the Manifestation of God to proclaim His Cause, and by “attainment unto the divine Presence” is meant attainment unto the presence of His Beauty in the person of His Manifestation. For verily, “No vision taketh in Him, but He taketh in all vision.”¹²⁵ Notwithstanding all these indubitable facts and lucid statements, they have foolishly clung to the term “seal,” and remained utterly deprived of the recognition of Him Who is the Revealer of both the Seal and the Beginning, in the day of His presence. “If God should chastise men for their perverse doings, He would not leave upon the earth a moving thing! But to an appointed time doth He respire them.”¹²⁶ But apart from all these things, had this people attained unto a drop of the crystal streams flowing from the words: “God doeth whatsoever He willeth, and ordaineth whatsoever He pleaseth,” they would not have raised any unseemly cavils, such as these, against the focal Center of His Revelation. The Cause of God, all deeds and words, are held within the grasp of His power. “All things lie imprisoned within the hollow of His mighty Hand; all things are easy and possible unto Him.” He accomplisheth whatsoever He willeth, and doeth all that He desireth. “Whoso sayeth ‘why’ or ‘wherefore’ hath spoken blasphemy!” Were these people to shake off the slumber of negligence and realize	182. At gayumpaman, sa pamamagitan ng hiwaga ng naunang bersikulo, tinalikuran nila ang biyayang ipinangako ng huli, sa kabila ng katotohanan na ang “makarating sa banal na kinaroroonan” sa “Araw ng Muling Pagkabuhay” ay malinaw na ipinahayag sa Aklat. Ito ay ipinakita at tahasang naitatag, sa pamamagitan ng malinaw na mga katibayan, na ang “Muling Pagkabuhay” ay nangangahulugan ng paglitaw ng Kahayagan ng Diyos upang ipahayag ang Kaniyang Kapakanan, at ang “makarating sa banal na Kinaroroonan” ay nangangahulugan ng pagtatamong makarating sa kinaroroonan ng Kagandahan Niya sa katauhan ng Kaniyang Kahayagan. Sapagkat sa katunayan, “Walang pananaw ang nakauunawa sa Kaniya ngunit nauunawaan Niya ang lahat ng pananaw.”¹²⁵ Sa kabila ng lahat nitong hindi mapag-aalinlanganang mga katotohanan at malinaw na mga pahayag, sila ay hangal na nangapit sa katawagang “selyo,” at nanatiling ganap na pinagkaitang makilala Siya na Tagapagpahayag ng kapuwa ng Selyo at ng Simula, sa araw ng Kaniyang pagdating. “Kung parurusahan ng Diyos ang mga tao dahil sa kanilang suwail na mga gawa, Siya ay hindi mag-iiwan ng gumagalaw na bagay sa kalupaan! Datapwat sa isang takdang panahon binigyan Niya sila ng palugit.”¹²⁶ Subalit bukod sa lahat ng mga bagay na ito, kung nakamtan ng mga taong ito ang isang patak ng napakalinaw na mga batis na dumadaloy mula sa mga salitang ito: “Ginagawa ng Diyos ang anumang ninanais Niya, at itinatadhana ang anumang ikinalulugod Niya,” hindi sana sila nakagawa ng anumang hindi nararapat na mga pagtuligsa, tulad ng mga ito, laban sa tampulan ng Sentro ng Rebelasyon Niya. Ang Kapakanan ng Diyos, lahat ng mga gawa at mga salita, ay nasa loob ng mahigpit na pagkakahawak ng Kaniyang kapangyarihan. “Lahat ng bagay ay nananatiling nakabilanggo sa loob ng lukong ng Kaniyang makapangyarihang Kamay;

¹²⁵ Qur’án 6:103

¹²⁶ Qur’án 16:61

that which their hands have wrought, they would surely perish, and would of their own accord cast themselves into fire—their end and real abode. Have they not heard that which He hath revealed: “He shall not be asked of His doings”?¹²⁷ In the light of these utterances, how can man be so bold as to question Him, and busy himself with idle sayings?	lahat ng mga bagay ay madali at maaari sa Kaniya.” Tinutupad Niya ang anumang Kaniyang niloloob, at ginagawa ang lahat ng Kaniyang naisin. “Sinuman ang magsabi ng ‘bakit’ o sa ‘anong dahilan’ ay nagsalita ng kalapastanganan!” Kung iwawagwag ng mga taong ito ang mahimbing na pagwawalang-bahala at matanto yaong ginawa ng kanilang mga kamay, sila ay tiyak na mapupuksa, at, sa kanilang sariling kagustuhan ay itatapon ang kanilang mga sarili sa apoy—ang kanilang katapusan at totoong tirahan. Hindi ba nila narinig yaong ipinahayag Niya: “Siya ay hindi tatanungin tungkol sa Kaniyang mga ginagawa?”¹²⁷ Kung isasaalang-alang ang mga pananalitang ito, paano naging lubhang pangahas ang tao na mag-alinlangan sa Kaniya, at maging abala ang kaniyang sarili sa mga walang-kabuluhang mga buwang-bibig?
Gracious God! So great is the folly and perversity of the people, that they have turned their face toward their own thoughts and desires, and have turned their back upon the knowledge and will of God—hallowed and glorified be His name!	183. Mahabaging Diyos! Lubhang malala ang kahangalan at kasamaan ng mga taong ito na ibinaling nila ang kanilang mukha sa kanilang sariling mga naiisip at mga hangarin, at tinalikuran ang kaalaman at kalooban ng Diyos—sambahin at luwalhatiin ang Kaniyang pangalan!
Be fair: Were these people to acknowledge the truth of these luminous words and holy allusions, and recognize God as “Him that doeth whatsoever He pleaseth,” how could they continue to cleave unto these glaring absurdities? Nay, with all their soul, they would accept and submit to whatsoever He saith. I swear by God! But for the divine Decree, and the inscrutable dispensations of Providence, the earth itself would have utterly destroyed all this people! “He will, however, respite them until the appointed time of a known day.”	184. Maging makatarungan: Kung tatanggapin ng mga taong ito ang katotohanan nitong maliwanag na mga salita at banal na mga pahiwatig, at kinikilala ang Diyos bilang “Siya na ginagawa ang anumang kasiya-siya sa Kaniya,” paano nila maipagpapatuloy na mangapit sa ganitong kapuna-punang mga kahangalan? Hindi lamang iyon, kundi, nang buong kaluluwa nila, tinatanggap nila at sumasang-ayon sa anumang sinasabi Niya. Ako ay sumusumpa sa Diyos! Kung hindi sa banal na Utos, at sa hindi malirip na mga dispensasyon ng Maykapal, ang kalupaan mismo ay ganap na pupuksain ang lahat ng mga taong ito! “Siya, gayumpaman, ay nagbigay ng palugit sa kanila hanggang sa takdang panahon ng isang nababatid na araw.”
Twelve hundred and eighty years have passed since the dawn of the Muhammadan Dispensation, and with every break of day, these blind and ignoble people have recited their Qur’án, and yet have failed to grasp one letter of	185. Labindalawang daan at walumpung mga taon ang lumipas mula sa pagbubukang-liwayway ng Dispensasyon ni Muhammad, at sa bawat pamimitak ng araw, ang bulag at imbing mga taong ito ay inuusal ang kanilang Qur’án, subalit nabigo pa ring maunawaan ang

¹²⁷ Qur’án 21:23

that Book! Again and again they read those verses which clearly testify to the reality of these holy themes, and bear witness to the truth of the Manifestations of eternal Glory, and still apprehend not their purpose. They have even failed to realize, all this time, that, in every age, the reading of the scriptures and holy books is for no other purpose except to enable the reader to apprehend their meaning and unravel their innermost mysteries. Otherwise reading, without understanding, is of no abiding profit unto man.	isang titik ng Aklat na iyon! Paulit-ulit nilang binabasa ang bersikulong iyon na malinaw na nagpapatotoo sa katunayan ng banal na mga paksang ito, at sumasaksi sa katotohanan ng mga Kahayagan ng walang-hanggang Kaluwathatian, at hindi pa rin naunawaan ang layunin ng mga iyon. Nabigo pa rin nilang matanto, sa tinagal-tagal nito, na, sa bawat panahon, ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at banal na mga aklat ay walang ibang layunin liban sa maunawaan ng nagbabasa ang kanilang kahulugan at lutasin ang kanilang naloloob na mga kahiwagaan. Kung hindi, ang pagbabasa, nang hindi inuunawa, ay walang mananatiling kapakinabangan sa tao.
And it came to pass that on a certain day a needy man came to visit this Soul, craving for the ocean of His knowledge. While conversing with him, mention was made concerning the signs of the Day of Judgment, Resurrection, Revival, and Reckoning. He urged Us to explain how, in this wondrous Dispensation, the peoples of the world were brought to a reckoning, when none were made aware of it. Thereupon, We imparted unto him, according to the measure of his capacity and understanding, certain truths of Science and ancient Wisdom. We then asked him saying: “Hast thou not read the Qur’án, and art thou not aware of this blessed verse: ‘On that day shall neither man nor spirit be asked of his sin’?”¹²⁸ Dost thou not realize that by ‘asking’ is not meant asking by tongue or speech, even as the verse itself doth indicate and prove? For afterward it is said: ‘By their countenance shall the sinners be known, and they shall be seized by their forelocks and their feet.’”¹²⁹	186. At ito ay nangyaring naganap nang isang araw isang dukhang tao ang dumating upang dalawin ang Kaluluwang ito, labis na nananabik sa karagatan ng Kaniyang kaalaman. Habang nakikipag-usap sa kaniya, binanggit ang tungkol sa mga palatandaan ng Araw ng Paghuhukom, Muling Pagkabuhay, Pagpapanibagong-buhay, at Pagtutuos. Hinimok niya Kami na ipaliwanag kung paanong, sa kamangha-manghang Dispensasyon na ito, ang mga tao ng daigdig ay dinala sa isang pagtutuos, nang walang nakababatid nito. Kung kaya, ibinahagi Namin sa kaniya, ayon sa antas ng kaniyang kakayahan at pang-unawa, ang ilang mga katotohanan ng Agham at napakatandang Karunungan. Pagkatapos ay tinanong Namin siya sa pagsasabi: “Hindi mo ba nabasa ang Qur’án, at hindi mo ba nababatid ang pinagpalang bersikulo: “Sa araw na iyon alinman sa tao ni espiritu ang hindi tatanungin sa kaniyang pagkakasala?”¹²⁸ Hindi mo ba natatanto na sa ‘pagtatanong’ ay hindi nangangahulugan ng pagtatanong sa pamamagitan ng dila o pananalita, tulad ng bersikulo mismo ang nagpapahiwatig at nagpapatunay? Sapagkat pagkatapos ito ay sinabi: “Sa pamamagitan ng kanilang anyo makikilala ang mga makasalanan, at sila ay susunggaban sa kanilang mga buhok sa tuktok ng ulo at kanilang mga paa.”¹²⁹
Thus the peoples of the world are judged by their countenance. By it, their misbelief, their faith,	187 Sa gayon ang mga tao ng daigdig ay hinatulan sa pamamagitan ng kanilang anyo. Sa pamamagitan

¹²⁸ Qur’án 55:39

¹²⁹ Qur’án 55:41

and their iniquity are all made manifest. Even as it is evident in this day how the people of error are, by their countenance, known and distinguished from the followers of divine Guidance. Were these people, wholly for the sake of God and with no desire but His good-pleasure, to ponder the verses of the Book in their heart, they would of a certainty find whatsoever they seek. In its verses would they find revealed and manifest all the things, be they great or small, that have come to pass in this Dispensation. They would even recognize in them references unto the departure of the Manifestations of the names and attributes of God from out their native land; to the opposition and disdainful arrogance of government and people; and to the dwelling and establishment of the Universal Manifestation in an appointed and specially designated land. No man, however, can comprehend this except he who is possessed of an understanding heart.	nito, ang kanilang maling paniniwala, ang kanilang pananalig at ang kanilang kawalan ng katarungan ay nahayag lahat. Kahit na sa araw na ito maliwanag kung paanong ang mga tao ng pagkakamali, sa pamamagitan ng kanilang anyo, ay nakikilala at nabubukod mula sa mga sumusunod sa banal na Patnubay. Kung ang mga taong ito, alang-alang sa Diyos at nang walang ibang hangarin kundi ang Kaniyang mabuting-kasiyahan, ay lilimiin ang mga bersikulo ng Aklat sa kanilang puso, nang nakatitiyak ay matatagpuan nila ang anumang hinahanap nila. Matatagpuan nila sa mga bersikulo nito na ipinahayag at niliwanag ang lahat ng bagay, maging malaki o maliit, na naganap sa Dispensasyong ito. Kanila pang makikita sa mga iyon ang mga pagtukoy sa paglisan ng mga Kahayagan ng mga pangalan at mga katangian ng Diyos mula sa labas ng kanilang tinubuang bayan; sa pagsalungat at mapanlibak na kapalaluan ng pamahalaan at mga tao; at sa paninirahan at pagtatatag ng Pansantinakpang Kahayagan sa isang itinakda at bukod-tanging itinalagang lupain. Walang tao, gayumpaman, ang maaring makaunawa nito liban sa kaniyang nagtataglay ng isang nakauunawang puso.
We seal Our theme with that which was formerly revealed unto Muḥammad that the seal thereof may shed the fragrance of that holy musk which leadeth men unto the Ridván of unfading splendor. He said, and His Word is the truth: “And God calleth to the Abode of Peace;¹³⁰ and He guideth whom He will into the right way.”¹³¹ “For them is an Abode of Peace with their Lord! and He shall be their Protector because of their works.”¹³² This He hath revealed that His grace may encompass the world. Praise be to God, the Lord of all being!	188. Kami ay nagpasiyang tapusin ang Aming paksa sa pamamagitan noong ipinahayag kay Muḥammad upang ang selyo niyon ay magsabog nawa ng halimuyak ng banal na <i>musk</i> na pumapatnubay sa mga tao sa Ridván ng walang-maliw na kaluwalhatian. Sinabi Niya, at ang Kaniyang Salita ay ang katotohanan: “At ang Diyos ay nanawagan sa Tahanan ng Kapayapaan;¹³⁰ at Kaniyang pinatnubayan siya na ninanais Niya sa tuwid na landas.”¹³¹ “Para sa kanila ay isang Tahanan ng Kapayapaan sa piling ng kanilang Panginoon! at Siya ang magiging Tagapagtanggol nila dahil sa kanilang mga gawa.”¹³² Ito ang Kaniyang ipinahayag upang ang pagpapala Niya ay pumalibot sa daigdig. Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng lahat ng tao!
We have variously and repeatedly set forth the meaning of every theme, that perchance every soul, whether high or low, may obtain, according to his measure and capacity, his share and portion	189. Nang magkakaiba at paulit-ulit inilahad Namin ang kahulugan ng bawat paksa, upang baka sakali, bawat kaluluwa, kahiman mataas o mababa, ay maaaring makakuha, alinsunod sa kaniyang sukat at

¹³⁰ Baghdád

¹³¹ Qur’án 10:25

¹³² Qur’án 6:127

thereof. Should he be unable to comprehend a certain argument, he may, thus, by referring unto another, attain his purpose. “That all sorts of men may know where to quench their thirst.”	kakayahan, ng kaniyang sariling bahagi at kaparte niyon. Kung hindi niya magawang maunawaan ang isang pangangatwiran, sa gayon, siya ay maaaring sumangguni sa iba, upang makamtan ang kaniyang layunin. “Upang ang lahat ng uri ng tao ay maaaring malaman kung saan mapapawi ang kanilang uhaw.”
By God! This Bird of Heaven, now dwelling upon the dust, can, besides these melodies, utter a myriad songs, and is able, apart from these utterances, to unfold innumerable mysteries. Every single note of its unpronounced utterances is immeasurably exalted above all that hath already been revealed, and immensely glorified beyond that which hath streamed from this Pen. Let the future disclose the hour when the Brides of inner meaning will, as decreed by the Will of God, hasten forth, unveiled, out of their mystic mansions, and manifest themselves in the ancient realm of being. Nothing whatsoever is possible without His permission; no power can endure save through His power, and there is none other God but He. His is the world of creation, and His the Cause of God. All proclaim His Revelation, and all unfold the mysteries of His Spirit.	190. Saksi ang Diyos! Itong Ibon ng Kalangitan, na ngayon ay nananahan sa alabok, bukod sa pangunahing mga himig na ito, ay maaaring sambitin ang napakaraming awit, at nagagawang maglahad, bukod sa ganitong mga pagsambit, ng hindi mabilang na mga hiwaga. Bawat isang nota ng hindi nabigkas na mga pananalita ay matatayang higit na dakila sa lahat ng naipahayag na, at napakalawak na niluwalhati nang lampas doon sa dumaloy mula sa Panulat na ito. Hayaan ang hinaharap ang magbunyag ng oras kung kailan ang mga Nobya ng naloloob na kahulugan, na ipinag-utos ng Kalooban ng Diyos, ay magmamadali, nang walang lambong, na lumabas sa kanilang mahiwagang mga mansiyon, at iharap ang kanilang mga sarili sa napakatandang kaharian ng buhay. Walang anuman ang maaaring mangyari nang wala Siyang pahintulot, walang kapangyarihan ang magtatagal liban sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan at walang ibang Diyos liban sa Kaniya. Ang daigdig ng sangnilikha ay sa Kaniya, at sa Kaniya ay ang Kapakanan ng Diyos. Lahat ay nagpapahayag ng Kaniyang Rebelasyon, at lahat ay nagsisiwalat sa mga hiwaga sa Kaniyang Espiritu.
We have already in the foregoing pages assigned two stations unto each of the Luminaries arising from the Daysprings of eternal holiness. One of these stations, the station of essential unity, We have already explained. “No distinction do We make between any of them.”¹³³ The other is the station of distinction, and pertaineth to the world of creation and to the limitations thereof. In this respect, each Manifestation of God hath a distinct individuality, a definitely prescribed mission, a predestined Revelation, and specially designated limitations. Each one of them is	191. Nagawa na Namin sa naunang mga pahina na italaga ang dalawang katayuan sa bawat isa sa mga Tagapagdala ng Liwanag na sumisikat mula sa mga Pamimitak ng walang-hanggang kabanalan. Isa sa mga katayuang ito ay ang katayuan ng pangunahing kailangan sa pagkakaisa, ay Amin nang naipaliwanag. “Walang pagtatangi ang Aming ginagawa sa pagitan ng alinman sa Kanila.”¹³³ Ang isa pa ay ang katayuan ng pagtatangi, at nauukol sa daigdig ng sangnilikha at sa mga hangganan niyon. Kaugnay nito, ang mga Kahayagan ng Diyos ay may namumukod na pagkatao, isang tiyakang ipinag-utos na misyon, isang itinadhana

¹³³ Qur’án 2:136

known by a different name, is characterized by a special attribute, fulfills a definite Mission, and is entrusted with a particular Revelation. Even as He saith: “Some of the Apostles We have caused to excel the others. To some God hath spoken, some He hath raised and exalted. And to Jesus, Son of Mary, We gave manifest signs, and We strengthened Him with the Holy Spirit.”¹³⁴	noon pa na Rebelasyon, isang sadyang itinalagang mga hangganan. Bawat isa sa kanila ay nakikilala sa naiibang pangalan, kinakikitaan ng isang namumukod na katangian, tinutupad ang isang tiyak na Misyon, at pinagkakatiwalaan ng isang natatanging Rebelasyon. Tulad ng sinasabi Niya: “Ang ilan sa mga Apostol ay Aming ginawa na makahigit sa iba. Sa ilan ang Diyos ay nakipag-usap, ang ilan ay Kaniyang itinaas at dinakila. At kay Jesus, Anak ni Maria, Kami ay nagbigay ng hayag na mga palatandaan, at Aming pinalakas Siya sa pamamagitan ng Espiritu Santo.”¹³⁴
It is because of this difference in their station and mission that the words and utterances flowing from these Wellsprings of divine knowledge appear to diverge and differ. Otherwise, in the eyes of them that are initiated into the mysteries of divine wisdom, all their utterances are in reality but the expressions of one Truth. As most of the people have failed to appreciate those stations to which We have referred, they therefore feel perplexed and dismayed at the varying utterances pronounced by Manifestations that are essentially one and the same.	192. Dahil sa pagkakaibang ito sa kanilang katayuan at misyon na ang mga kataga at mga pananalita na dumadaloy mula sa mga Bukal ng banal na kaalaman ay lumilitaw na magkakahiwalay at magkakaiba. Kung hindi, sa mga mata nilang iminulat sa kaalaman sa mga kahiwagaan ng banal na karunungan, lahat ng kanilang mga pananalita sa katunayan ay tanging mga pagpapahayag ng isang Katotohanan. Dahil sa karamihan sa mga tao ay nabigong pahalagahan ang mga katayuang iyon na Aming tinukoy, sila kung gayon ay nakaramdam ng kalituhan at kabalisahan sa magkakaibang mga pananalita na ipinahayag ng mga Kahayagan na tunay na iisa at walang pagkakaiba.
It hath ever been evident that all these divergences of utterance are attributable to differences of station. Thus, viewed from the standpoint of their oneness and sublime detachment, the attributes of Godhead, Divinity, Supreme Singleness, and Inmost Essence, have been and are applicable to those Essences of being, inasmuch as they all abide on the throne of divine Revelation, and are established upon the seat of divine Concealment. Through their appearance the Revelation of God is made manifest, and by their countenance the Beauty of God is revealed. Thus it is that the accents of God Himself have been heard uttered by these Manifestations of the divine Being.	193. Kailanman ay malinaw na ang lahat ng mga kaibahan ng pananalita ay maipapalagay na bunga ng mga pagkakaiba sa katayuan. Kaya, kung minasdan mula sa kinaroroonan ng kanilang kaisahan at kahanga-hangang pagtiwalag, ang mga katangian ng Diyos, Pagka-Diyos, Kataas-taasang Kaisahan, at Pinakanaloloob na mga Diwa, ay naging, at patuloy na tumutukoy roon sa mga Diwa ng buhay, yayamang lahat sila ay nananahan sa trono ng banal na Rebelasyon, at naitatag sa luklukan ng banal na Pangungubli. Sa pamamagitan ng kanilang pagpapakita ang Rebelasyon ng Diyos ay nagawang maibunyag at sa pamamagitan ng kanilang anyo ang kagandahan ng Diyos ay nahahayag. Sa ganoon ang mga punto ng Diyos Mismo ay narinig na binigkas ng mga Kahayagan na ito ng banal na Buhay.

¹³⁴ Qur'án 2:253

Viewed in the light of their second station—the station of distinction, differentiation, temporal limitations, characteristics and standards—they manifest absolute servitude, utter destitution and complete self-effacement. Even as He saith: “I am the servant of God.”¹³⁵ I am but a man like you.”¹³⁶	194. Kapag isinaalang-alang ang pagpapalagay sa kanilang ikalawang katayuan—ang katayuan ng pagtatangi, pagkakaiba, pansumandaling mga hangganan, mga katangian at mga pamantayan—sila ay naghahayag ng sukdulang pagpapaalipin, ganap na pagdarahop at lubos na paglimot sa sarili. Tulad ng sinabi Niya: “Ako ay ang tagapaglingkod ng Diyos.”¹³⁵ Ako ay isang tao lamang tulad ninyo.”¹³⁶
From these incontrovertible and fully demonstrated statements strive thou to apprehend the meaning of the questions thou hast asked, that thou mayest become steadfast in the Faith of God, and not be dismayed by the divergences in the utterances of His Prophets and Chosen Ones.	195. Mula sa hindi matututulan at lubos na pinatotohanang mga pahayag ikaw ay magpunyaging maunawaan ang kahulugan ng mga katanungan na iyong itinanong, upang harinawang ikaw ay maging matatag sa Pananampalataya ng Diyos, at huwag mangamba sa mga pagkakaiba ng mga pananalita ng Kaniyang mga Propeta at Sila na mga Hinirang.
Were any of the all-embracing Manifestations of God to declare: “I am God!” He, verily, speaketh the truth, and no doubt attacheth thereto. For it hath been repeatedly demonstrated that through their Revelation, their attributes and names, the Revelation of God, His name and His attributes, are made manifest in the world. Thus, He hath revealed: “Those shafts were God’s, not Thine!”¹³⁷ And also He saith: “In truth, they who plighted fealty unto thee, really plighted that fealty unto God.”¹³⁸ And were any of them to voice the utterance: “I am the Messenger of God,” He also speaketh the truth, the indubitable truth. Even as He saith: “Muḥammad is not the father of any man among you, but He is the Messenger of God.”¹³⁹ Viewed in this light, they are all but Messengers of that ideal King, that unchangeable Essence. And were they all to proclaim: “I am the Seal of the Prophets,” they verily utter but the truth, beyond the faintest shadow of doubt. For they are all but one person, one soul, one spirit, one being, one revelation. They are all the manifestation of the “Beginning” and the “End,” the “First” and the “Last,” the	196. Kung alinman sa sumasaklaw sa lahat na mga Kahayagan ng Diyos ang magpapahayag ng: “Ako ang Diyos!” Siya sa katunayan ay nagsasabi ng katotohanan, at walang alinlangang nangangapit dito. Sapagkat ito ay paulit-ulit nang ipinakita na sa pamamagitan ng kanilang Rebelasyon, ng kanilang mga katangian at mga pangalan, ang Rebelasyon ng Diyos, ang Kaniyang pangalan at ang Kaniyang mga katangian, ay nagawang ipahayag sa daigdig. Sa gayon, inihayag Niya: “Ang mga sibat na iyon ay sa Diyos, hindi sa Iyo!”¹³⁷ At sinabi pa rin Niya: “Sa katotohanan, silang nanumpa ng katapatan sa iyo, ay tunay na nanunumpa ng ganoong katapatan sa Diyos.”¹³⁸ At kung sinuman sa kanila ang nagpahayag ng pananalitang: “Ako ang Sugo ng Diyos,” Siya rin ay nagsasabi ng katotohanan, ang hindi mapag-aalinlanganang katotohanan. Tulad ng Kaniyang sinabi: “Si Muḥammad ay hindi ang ama ng sinumang tao mula sa inyo, ngunit Siya ay ang Sugo ng Diyos.” Kapag isinaalang-alang ito, silang lahat ay mga Sugo lamang ng huwarang Hari na iyon, yaong walang-pagbabagong Diwa. At kung ipahahayag nilang lahat: “Ako ay ang Selyo ng mga Propeta,” sila sa katunayan ay nagsasabi ng katotohanan, nang walang bahid ng pag-aalinlangan. Sapagkat silang lahat ay

¹³⁵ Qur’án 19:31

¹³⁶ Qur’án 18:110

¹³⁷ Qur’án 8:17

¹³⁸ Qur’án 48:10

“Seen” and “Hidden”—all of which pertain to Him Who is the innermost Spirit of Spirits and eternal Essence of Essences. And were they to say: “We are the servants of God,” this also is a manifest and indisputable fact. For they have been made manifest in the uttermost state of servitude, a servitude the like of which no man can possibly attain. Thus in moments in which these Essences of being were deeply immersed beneath the oceans of ancient and everlasting holiness, or when they soared to the loftiest summits of divine mysteries, they claimed their utterance to be the Voice of divinity, the Call of God Himself. Were the eye of discernment to be opened, it would recognize that in this very state, they have considered themselves utterly effaced and nonexistent in the face of Him Who is the All-Pervading, the Incorruptible. Methinks they have regarded themselves as utter nothingness, and deemed their mention in that Court an act of blasphemy. For the slightest whispering of self, within such a Court, is an evidence of self-assertion and independent existence. In the eyes of them that have attained unto that Court, such a suggestion is itself a grievous transgression. How much more grievous would it be, were aught else to be mentioned in that Presence, were man’s heart, his tongue, his mind, or his soul, to be busied with anyone but the Well-Beloved, were his eyes to behold any countenance other than His beauty, were his ear to be inclined to any melody but His voice, and were his feet to tread any way but His way.

tanging isang tao, isang kaluluwa, isang espiritu, isang buhay, isang paghahayag. Silang lahat ay ang kahayagan ng “Simula” at ng “Katapusan,” ng “Una” at ng “Huli,” ng “Nakikita” at ng “Natatago”—na ang lahat ay tumutukoy sa Kaniya na pinakanaloloob na Espiritu ng mga Espiritu at walang-hanggang Diwa ng mga Diwa. At kung sila ay nagsasabi: “Kami ay ang mga tagapaglingkod ng Diyos,”¹³⁹ ito rin ay isang hayag at hindi matututulang katotohanan. Sapagkat sila ay ginawang mahayag sa sukdulang kalagayan ng pagkaalipin na ang katulad nito ay walang tao ang maaaring makapagtagmo. Kaya sa mga pagkakataon na ang Diwang ito ng buhay ay malalim na nakatubog sa mga karagatan ng napakatanda at walang-hanggang kabanalan, o kapag sila ay pumailanlang sa pinakamatayog na mga rurok ng banal na mga kahiwagaan, kanilang inihayag na ang kanilang pananalita ay ang Tinig ng kabanalan, ang Panawagan ng Diyos Mismo. Kung ang mata ng pagkaunawa ay maging bukas, aaminin nito na sa pinakakalagayang ito, ipinalagay nila ang kanilang mga sariling ganap na naglaho at hindi nabubuhay sa harap Niya na Laganap sa Lahat, ang Di-magkakamali. Aking naiisip, itinuring nila ang kanilang mga sarili bilang ganap na kawalan, at ipinalagay ang pagbanggit sa kanila sa Korteng iyon bilang isang kilos ng kalapastanganan sa Diyos. Sapagkat ang pinakabahagyang pagbulong ng sarili, sa loob ng gayong Korte, ay isang patunay ng paggigiit sa sarili at nagsasariling pag-iral. Sa mga mata nila na nakarating sa Korteng iyon, ang gayong pagpapahiwatig ay isang malubhang pagkakasala. Gaano pang higit na magiging malubha ito, kung babanggitin pa ang anuman sa Kinaroroonan niyon, kung ang puso ng isang tao, ang kaniyang dila, ang kaniyang isipan, o ang kaniyang kaluluwa, ay magiging abala sa sinuman kundi sa Pinakamamahal, kung ang kaniyang mga mata ay pagmamasdan ang alinmang anyo bukod sa kagandahan Niya, kung ang kaniyang tainga ay pakikinggan ang anumang melodiya bukod sa tinig Niya, at kung tatahakin ng kaniyang mga paa ang alinmang landas bukod sa landas Niya.

¹³⁹ Qur’án 33:40

In this day the breeze of God is wafted, and His Spirit hath pervaded all things. Such is the outpouring of His grace that the pen is stilled and the tongue is speechless.	197. Sa araw na ito ang banayad na hangin ng Diyos ay sumimoy, ang Espiritu Niya ay lumaganap sa lahat ng bagay. Gayon ang pagbuhos ng Kaniyang pagpapala na ang panulat ay tumitigil at ang dila ay hindi makapagsalita.
By virtue of this station, they have claimed for themselves the Voice of Divinity and the like, whilst by virtue of their station of Messengership, they have declared themselves the Messengers of God. In every instance they have voiced an utterance that would conform to the requirements of the occasion, and have ascribed all these declarations to Themselves, declarations ranging from the realm of divine Revelation to the realm of creation, and from the domain of Divinity even unto the domain of earthly existence. Thus it is that whatsoever be their utterance, whether it pertain to the realm of Divinity, Lordship, Prophethood, Messengership, Guardianship, Apostleship or Servitude, all is true, beyond the shadow of a doubt. Therefore, these sayings which We have quoted in support of Our argument must be attentively considered, that the divergent utterances of the Manifestations of the Unseen and Daysprings of Holiness may cease to agitate the soul and perplex the mind.	198. Dahil sa katayuang ito, inangkin nila para sa kanilang mga sarili ang pagiging Tinig ng Pagka-Diyos at ang katulad nito, samantalang sa bisa ng kanilang katayuan ng Pagka-Sugo, ipinahayag nila ang kanilang mga sarili na mga Sugo ng Diyos. Sa bawat kalagayan sinabi nila ang pahayag na naaayon sa mga pangangailangan ng pagkakataon, at ipinalagay ang paggawa ng mga pahayag na ito na Kanila mismo, mga pahayag na ang abot ay mula sa kaharian ng banal na Rebelasyon hanggang sa kaharian ng sangnilikha, at mula sa kaharian ng Pagka-Diyos at kahit na hanggang sa makalupang pamumuhay. Sa gayon anuman ang maging pahayag nila, kahiman ito ay tumutukoy sa kaharian ng Pagka-Diyos, Pagka-Panginoon, Pagka-Propeta, Pagka-Sugo, Pagka-Tagapangalaga, Pagka-Apostol, Pagka-Tagapaglingkod, lahat ay totoo, nang wala kahit bahid ng pag-aalinlangan. Samakatwid, itong mga pananalita na Aming sinipi bilang pagpapatunay sa Aming pangangatwiran ay dapat na masigasig na pag-aralan, upang ang magkakaibang mga pahayag ng mga Kahayagan ng Di-nakikita at mga Pamimitak ng Kabanalan ay humintong balisahin ang kaluluwa at lituhin ang isipan.
Those words uttered by the Luminaries of Truth must needs be pondered, and should their significance be not grasped, enlightenment should be sought from the Trustees of the depositories of Knowledge, that these may expound their meaning, and unravel their mystery. For it behooveth no man to interpret the holy words according to his own imperfect understanding, nor, having found them to be contrary to his inclination and desires, to reject and repudiate their truth. For such, today, is the manner of the divines and doctors of the age, who occupy the seats of knowledge and learning, and who have named ignorance knowledge, and called oppression justice. Were these to ask the	199. Ang mga salitang iyon na binigkas ng mga Tagapagdala ng Liwanag ng Katotohanan ay nararapat na nilay-nilayin, at kung ang kanilang kahulugan ay hindi maunawaan, dapat hanapin ang kaliwanagan mula sa mga Pinagkakatiwalaan ng mga repositoryo ng Kaalaman, upang kanilang maipaliwanag ang kahulugan ng mga iyon, at malutas ang hiwaga ng mga iyon. Sapagkat walang tao ang nararapat na magpaliwanag sa banal na mga salita sang-ayon sa kaniyang sariling hindi ganap na pang-unawa, ni, yamang natagpuan ang mga iyon na salungat sa kaniyang kagustuhan at mga hangarin, ay tinanggihan at itinakwil ang katotohanan ng mga iyon. Sa ngayon, dahil sa gayon ang paraan ng mga teologo at mga pantas ng kapanahunan na nakaupo sa mga luklukan ng kaalaman at karunungan, at

Light of Truth concerning those images which their idle fancy hath carved, and were they to find His answer inconsistent with their own conceptions and their own understanding of the Book, they would assuredly denounce Him Who is the Mine and Wellhead of all Knowledge as the very negation of understanding. Such things have happened in every age.	pinangalanan ang kamangmangan na kaalaman at ang paniniil na katarungan. Kung tatanungin nila ang Liwanag ng Katotohanan tungkol sa ganoong mga larawang nililok ng kanilang walang-saysay na guniguni, at kung matagpuan nila na ang Kaniyang tugon ay hindi sang-ayon sa kanilang sariling mga palagay at sa kanilang sariling pagkaunawa sa Aklat, makatitiyak na kanilang tutuligsain Siya na Minahan at Punong-bukal ng lahat ng kaalaman bilang ang pinakakabaligtaran ng pang-unawa. Ang gayong mga bagay ay nagaganap sa bawat kapanahunan.
For instance, when Muḥammad, the Lord of being, was questioned concerning the new moons, He, as bidden by God, made reply: “They are periods appointed unto men.”¹⁴⁰ Thereupon, they that heard Him denounced Him as an ignorant man.	200. Halimbawa, nang si Muḥammad, ang Panginoon ng buhay, ay tinanong tungkol sa mga bagong buwan, Siya, tulad ng ipinag-utos ng Diyos, ay tumugon: “Ang mga iyon ay mga panahong itinakda sa mga tao.”¹⁴⁰ Dahil doon, silang nakarinig sa Kaniya ay tinuligsa Siya na isang mangmang na tao.
Likewise, in the verse concerning the “Spirit,” He saith: “And they will ask Thee of the Spirit. Say, ‘the Spirit proceedeth at My Lord’s command.’”¹⁴¹ As soon as Muḥammad’s answer was given, they all clamorously protested, saying: “Lo! an ignorant man who knoweth not what the Spirit is, calleth Himself the Revealer of divine Knowledge!” And now behold the divines of the age who, because of their being honored by His name, and finding that their fathers have acknowledged His Revelation, have blindly submitted to His truth. Observe, were this people today to receive such answers in reply to such questionings, they would unhesitatingly reject and denounce them—nay, they would again utter the selfsame cavils, even as they have uttered them in this day. All this, notwithstanding the fact that these Essences of being are immensely exalted above such fanciful images, and are immeasurably glorified beyond all these vain sayings and above the comprehension of every understanding heart. Their so-called learning, when compared with that Knowledge, is utter falsehood, and all their understanding naught but	201. Gayon din, sa bersikulo tungkol sa “Espiritu” sinasabi Niya: “At sila ay magtatanong sa Iyo tungkol sa Espiritu. Sabihin: ‘Ang Espiritu ay nagpapatuloy sa utos ng Aking Panginoon.’”¹⁴¹ Kapagdaka nang ang sagot ni Muḥammad ay naibigay, silang lahat ay maingay na tumutol, sinasabing: “Masdan! Isang mangmang na taong walang nalalaman kung ano ang Espiritu, ay tinatawag ang Sarili Niya na Tagapagpahayag ng banal na Kaalaman!” At ngayon masdan ang mga teologo ng kapanahunang ito na, dahil sa sila ay naparangalan ng Kaniyang pangalan, at natagpuan ang kanilang mga ama na tinanggap ang Rebelasyon Niya, ay bulag na nagpasailalim sa Kaniyang katotohanan. Suriin, kung ang mga taong ito ay makatatanggap ngayon ng gayong mga kasagutan bilang tugon sa gayong mga katanungan, walang atubili nilang tatanggihan at tutuligsain ang mga iyon—hindi lamang iyon, kundi, muli nilang sasabihin ang gayunding mga pamimintas, kahit na nasabi na nila ang mga iyon sa araw na ito. Lahat ng ito, sa kabila ng katotohanang ang mga Diwa ng buhay na ito ay lubhang higit na malawak ang kadakilaan kaysa sa gayong kinahuhumalingang mga larawan, at napakadakila ang kaluwalhatian na hindi maaabot ng lahat nitong mga walang-kabuluhang mga buhang-bibig at nakahihigit sa

¹⁴⁰ Qur’án 2:189

¹⁴¹ Qur’án 17:85

blatant error. Nay, whatsoever proceedeth from these Mines of divine Wisdom and these Treasuries of eternal knowledge is truth, and naught else but the truth. The saying: “Knowledge is one point, which the foolish have multiplied” is a proof of Our argument, and the tradition: “Knowledge is a light which God sheddeth into the heart of whomsoever He willeth” a confirmation of Our statement.	pang-unawa ng bawat nakauunawang puso. Ang kanilang tinatawag na karunungan, kung ihahalintulad sa Kaalaman na iyon, ay ganap na kasinungalingan, at lahat ng kanilang pagkaunawa ay walang iba kundi lantaranang kamalian. Hindi lamang iyon, kundi, anumang nanggagaling mula sa mga Minahan na ito ng banal na Karunungan at Ingatang-yaman na ito ng walang-hanggang kaalaman ay katotohanan, at walang iba liban sa katotohanan. Ang kasabihang: “Ang kaalaman ay isang tuldok, na pinarami ng mga hangal” ay isang pagpapatunay sa Aming katwiran, at ang tradisyon: “Ang kaalaman ay isang liwanag na isinasabog ng Diyos sa puso ng sinumang ninanais Niya” ay isang pagpapatibay sa Aming pahayag.
Inasmuch as they have not apprehended the meaning of Knowledge, and have called by that name those images fashioned by their own fancy and which have sprung from the embodiments of ignorance, they therefore have inflicted upon the Source of Knowledge that which thou hast heard and witnessed.	202. Yayamang hindi nila naunawaan ang kahulugan ng Kaalaman, at tinawag sa gayong pangalan ang mga larawang iyon na ginawa ng kanilang sariling guniguni at nagmula sa mga sagisag ng kamangmangan, samakatwid, ipinabata nila sa Bukal ng Kaalaman yaong iyong narinig at nasaksihan.
For instance, a certain man,¹⁴² reputed for his learning and attainments, and accounting himself as one of the preeminent leaders of his people, hath in his book denounced and vilified all the exponents of true learning. This is made abundantly clear by his explicit statements as well as by his allusions throughout his book. As We had frequently heard about him, We purposed to read some of his works. Although We never felt disposed to peruse other peoples’ writings, yet as some had questioned Us concerning him, We felt it necessary to refer to his books, in order that We might answer Our questioners with knowledge and understanding. His works, in the Arabic tongue, were, however, not available, until one day a certain man informed Us that one of his compositions, entitled Irshádu’l-‘Avám,¹⁴³ could be found in this city. From this title We perceived the odor of conceit and vainglory, inasmuch as he hath imagined himself a learned	203. Halimbawa, may isang tao,¹⁴² na bantog sa kaniyang karunungan at mga nakamtan, at ibinibilang ang kaniyang sarili na isa sa pinakamataas sa mga pinuno ng kaniyang mga kababayan, ay tinuligsa at inalipusta sa kaniyang aklat ang lahat ng mga tagapagtaguyod ng tunay na karunungan. Ginawa itong lubhang malinaw sa kaniyang maliwanag na mga pahayag, at gayundin sa kaniyang mga pahiwatig sa kabuuan ng kaniyang aklat. Dahil sa madalas na marinig Namin ang tungkol sa kaniya, sinadya Naming basahin ang ilan sa kaniyang mga kasulatan. Kahiman hindi Namin kailanman nadamang basahin ang mga isinulat ng ibang tao, gayumpaman dahil tinanong Kami ng ilan tungkol sa kaniya, Aming nadama na kinakailangang sangguniin ang kaniyang mga aklat, upang sa gayon ay masagot Namin ang mga nagtatanong sa Amin nang may kaalaman at pagkaunawa. Ang kaniyang mga katha, sa wikang Arabe, gayumpaman, ay hindi makukuha, hanggang nang isang araw may isang tao na sinabi sa Amin na ang isa sa kaniyang mga kinatha,

¹⁴² Háji Mírzá Khán

man and regarded the rest of the people ignorant. His worth was in fact made known by the very title he had chosen for his book. It became evident that its author was following the path of self and desire, and was lost in the wilderness of ignorance and folly. Methinks he had forgotten the well-known tradition which sayeth: “Knowledge is all that is knowable; and might and power, all creation.” Notwithstanding, We sent for the book, and kept it with Us a few days. It was probably referred to twice. The second time, We accidentally came upon the story of the “Mi‘rāj”¹⁴⁴ of Muḥammad, of whom was spoken: “But for Thee, I would not have created the spheres.” We noticed that he had enumerated some twenty or more sciences, the knowledge of which he considered to be essential for the comprehension of the mystery of the “Mi‘rāj.” We gathered from his statements that unless a man be deeply versed in them all, he can never attain to a proper understanding of this transcendent and exalted theme. Among the specified sciences were the science of metaphysical abstractions, of alchemy, and natural magic. Such vain and discarded learnings, this man hath regarded as the prerequisites of the understanding of the sacred and abiding mysteries of divine Knowledge.	pinamagatang Irshádu’l-‘Avám¹⁴³ ay maaaring matagpuan sa lungsod na ito. Mula sa pamagat nito Aming nahiwatigan ang amoy ng pagkamakasariili at kapalaluan, sa kadahilanang ipinalagay niya ang kaniyang sarili na isang marunong na tao at itinuring na mangmang ang ibang mga tao. Ang kaniyang kahalagahan sa katunayan ay nalaman sa pinakapamagat na pinili niya para sa kaniyang aklat. Ito ay naging malinaw na ang may-akda nito ay sinusunod ang landas ng sarili at hangarin, at naligaw sa kaparangan ng kamangmangan at kahangalan. Aking naiisip, nakalimutan niya ang kilalang-kilala na tradisyong nagsasabi: “Ang kaalaman ay ang lahat ng maaaring malaman; at ang kapangyarihan at lakas, ang buong sangnilikha.” Gayumpaman, Aming ipinakuha ang aklat, at nanatili ito sa Amin nang ilang araw. Marahil ito ay sinangguni ng dalawang beses. Sa ikalawang ulit, hindi Namin sinasadyang natunghayan ang kuwento ng “Mi‘rāj”¹⁴⁴ ni Muḥammad, na kung kanino ay sinabi: “Kung hindi sa Iyo, hindi Ko minarapat na likhain ang mga globo.” Aming napansin na inisa-isa niya ang may dalawampu o higit pang mga agham, na ang kaalaman dito ay ipinalagay niyang kailangan upang maunawaan ang hiwaga ng “Mi‘rāj.” Aming nahinuha mula sa kaniyang mga pangungusap na hanggang ang isang tao ay hindi nagkaroon ng malalim na kaalaman sa lahat ng iyon, hindi niya kailanman matatamo ang tumpak na pagkaunawa rito sa nangingibabaw at dakilang paksa. Kabilang sa tinukoy na mga agham ay ang agham ng pangkaisipang metapisika, ng kulam, at ang natural na mahika. Ang gayong palalo at itinapong mga karunungan, ay ipinalagay ng taong ito bilang pangunahing pangangailangan sa pag-unawa sa banal at nananatiling mga kahiwagaan ng banal na Kaalaman.
Gracious God! Such is the measure of his understanding. And yet, behold what cavils and calumnies he hath heaped upon those Embodiments of God’s infinite knowledge! How well and true is the saying: “Flingest thou thy calumnies unto the face of Them Whom the one true God hath made the Trustees of the treasures	204. Mapagpalang Diyos! Gayon ang antas ng kaniyang pang-unawa. At, gayumpaman, masdan kung anong mga pamimintas at mga paninirang-puri ang kaniyang ibinunton doon sa mga Sagisag ng walang-hanggang kaalaman ng Diyos! Gaano naaangkop at totoo ang kasabihang: “Ipupukol mo ang iyong mga paninirang-puri sa mukha Nila na ginawa ng

¹⁴³ Patnubay sa mangmang

¹⁴⁴ Pag-akyat sa langit

of His seventh sphere?” Not one understanding heart or mind, not one among the wise and learned, hath taken notice of these preposterous statements. And yet, how clear and evident it is to every discerning heart that this so-called learning is and hath ever been rejected by Him Who is the one true God. How can the knowledge of these sciences, which are so contemptible in the eyes of the truly learned, be regarded as essential to the apprehension of the mysteries of the “Mi‘ráj,” whilst the Lord of the “Mi‘ráj” Himself was never burdened with a single letter of these limited and obscure learnings, and never defiled His radiant heart with any of these fanciful illusions? How truly hath he said: “All human attainment moveth upon a lame ass, whilst Truth, riding upon the wind, darteth across space.” By the righteousness of God! Whoso desireth to fathom the mystery of this “Mi‘ráj,” and craveth a drop from this ocean, if the mirror of his heart be already obscured by the dust of these learnings, he must needs cleanse and purify it ere the light of this mystery can be reflected therein.	isang tunay na Diyos na mga Pinagkakatiwalaan ng mga kayamanan sa Kaniyang ikapitong globo!” Ni isang nakauunawang puso o isipan, ni isang kabilang sa mga dalubhasa at marurunong, ang nagbigay-pansin sa mga pahayag na itong salungat sa katwiran. At gayumpaman, gaano kalinaw at kaliwanag ito sa bawat nakauunawang puso na itong tinatawag na pag-aaral ay, at kailanman ay naging, itinakwil Niya na tunay na Diyos. Paanong ang kaalaman sa ganitong mga agham, na lubhang kasuklam-suklam sa mga mata ng tunay na may karunungan, ay maipapalagay na pinakamahalaga sa pag-unawa sa mga hiwaga ng “Mir‘áj,” samantalang ang Panginoon ng “Mir‘áj” Mismo ay hindi kailanman pinahirapan ng kahit isang titik nitong mga natatakdaan at malabong mga karunungan, at hindi kailanman nabatikan ang maningning na puso Niya ng anumang walang-kabuluhang mga haka-haka? Napakatotoo ang Kaniyang sinabi: “Lahat ng natamo ng tao ay kumikilos sakay sa isang pilay na buriko, samantalang ang Katotohanan, nakasakay sa hangin, ay humahagibis na tumatawid sa alangaang.” Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Sinuman ang naghahangad na matarok ang hiwaga ng “Mir‘áj” at nananabik sa isang patak mula sa karagatan nito, kung ang salamin ng puso ay pinalabo na ng alabok ng ganitong mga natutunan, nararapat sa kaniya na linisin at padalisayin ito bago mailarawan ang liwanag ng hiwaga rito.
In this day, they that are submerged beneath the ocean of ancient Knowledge, and dwell within the ark of divine wisdom, forbid the people such idle pursuits. Their shining breasts are, praise be to God, sanctified from every trace of such learning, and are exalted above such grievous veils. We have consumed this densest of all veils with the fire of the love of the Beloved—the veil referred to in the saying: “The most grievous of all veils is the veil of knowledge.” Upon its ashes, We have reared the tabernacle of divine knowledge. We have, praise be to God, burned the “veils of glory” with the fire of the beauty of the Best-Beloved. We have driven from the human heart all else but Him Who is the Desire of the world, and glory therein. We cleave to no	205. Sa araw na ito, sila na nakalubog sa ilalim ng karagatan ng napakatandang Kaalaman, at nananahan sa loob ng arko ng banal na karunungan, ay ipinagbabawal sa mga tao ang gayong walang-saysay na mga pagpupunyagi. Ang kanilang maningning na mga dibdib, purihin nawa ang Diyos, ay ginawang banal mula sa bawat bahid ng gayong pagkatuto at dinakila sa ibabaw ng gayong mabigat na mga lambong. Tinupok Namin ang pinakamakapal sa lahat ng mga lambong na ito, sa pamamagitan ng apoy ng pag-ibig ng Pinakamamahal—ang lambong na tinutukoy sa kasabihang: “Ang pinakamatindi sa lahat ng mga lambong ay ang lambong ng kaalaman.” Sa ibabaw ng mga abo nito, aming itinayo ang tabernakulo ng banal na kaalaman. Purihin ang Diyos, aming sinunog ang “mga lambong ng kaluwalhatian” sa pamamagitan ng apoy ng

knowledge but His Knowledge, and set our hearts on naught save the effulgent glories of His light.	kagandahan ng Sukdulang Pinakamamahal. Aming itinaboy mula sa puso ng tao ang lahat liban sa Kaniya na Hangarin ng Daigdig, at nagluluwalhati roon. Hindi kami nangangapit sa alinmang kaalaman liban sa Kaalaman Niya, at walang tinututukan ang aming mga puso liban sa maliwanag na mga kaluwalhatian ng liwanag Niya.
We were surprised exceedingly when We observed that his one purpose was to make the people realize that all these learnings were possessed by him. And yet, I swear by God that not one breath, blowing from the meads of divine knowledge, hath ever been wafted upon his soul, nor hath he ever unraveled a single mystery of ancient wisdom. Nay, were the meaning of Knowledge ever to be expounded unto him, dismay would fill his heart, and his whole being would shake to its foundation. Notwithstanding his base and senseless statements, behold to what heights of extravagance his claims have reached!	206. Kami ay labis na nagulat nang Aming mapuna na ang kaniyang tanging layunin ay upang magawa ng mga taong tanggapin na taglay niya ang lahat ng mga karunungan ito. At gayumpaman, sumusumpa Ako sa Diyos na wala kahit isang hininga, na humihip mula sa mga kaparangan ng banal na kaalaman, ang kailanman ay sumimoy sa kaniyang kaluluwa, ni kailanman ay nalutas niya ang kahit isang hiwaga ng napakatandang karunungan. Hindi lamang iyon, kundi, kailanmang ang kahulugan ng Kaalaman ay maipaliliwanag sa kaniya, ang puso niya ay mapupuspos ng kabalisan, at ang buong pagkatao niya ay mayayanig hanggang sa saligan nito. Sa kabila ng kaniyang napakaimbi at walang-kabuluhang mga pahayag, masdan kung anong mga kataasan ng pagmamalabis ang narating ng kaniyang mga pahayag.
Gracious God! How great is Our amazement at the way the people have gathered around him, and have borne allegiance to his person! Content with transient dust, these people have turned their face unto it, and cast behind their backs Him Who is the Lord of Lords. Satisfied with the croaking of the crow and enamored with the visage of the raven, they have renounced the melody of the nightingale and the charm of the rose. What unspeakable fallacies the perusal of this pretentious book hath revealed! They are too unworthy for any pen to describe, and too base for one moment's attention. Should a touchstone be found, however, it would instantly distinguish truth from falsehood, light from darkness, and sun from shadow.	207. Mahabaging Diyos! Napakalaki ang Aming pangigilalas sa gawi ng mga taong nagsipatipon sa paligid niya, at nag-ukol ng katapatan sa kaniyang katauhan! Nasisiyahan sa lumilipas na alabok, ibinaling ng mga taong ito ang kanilang mukha rito, at itinaon sa kanilang likuran Siya na Panginoon ng mga Panginoon. Nasisiyahan sa ingay ng uwak at nabibighani sa mukha nito, itinakwil nila ang awit ng ruwisenyor at ang panghalina ng rosas. Hindi kayang sambitin ang mga kamaliang isiniwalat sa pagbasa ng mapagkunwaring aklat na ito! Ang mga iyon ay lubhang hindi karapat-dapat na ilarawan ng anumang panulat, at lubhang hamak upang bigyang-pansin kahit isang sandali. Subalit, kung makatatagpo ng isang uriang-bato, kaagad nitong maihihiwalay ang katotohanan mula sa kabulaanan, ang liwanag mula sa dilim, at ang araw mula sa anino.
Among the sciences which this pretender hath professed is that of alchemy. We cherish the hope that either a king or a man of preeminent power	208. Kabilang sa mga agham na ipinahayag ng mapagpanggap na ito ay yaong tungkol sa pangkukulam. Itinatangi Namin ang pag-asa na alinman sa isang hari o

may call upon him to translate this science from the realm of fancy to the domain of fact and from the plane of mere pretension to that of actual achievement. Would that this unlearned and humble Servant, who never laid any pretension to such things, nor even regarded them as the criterion of true knowledge, might undertake the same task, that thereby the truth might be known and distinguished from falsehood. But of what avail! All this generation could offer Us were wounds from its darts, and the only cup it proffered to Our lips was the cup of its venom. On our neck We still bear the scar of chains, and upon Our body are imprinted the evidences of an unyielding cruelty.	isang taong may nangingibabaw na kapangyarihan ay maaaring tawagan siya upang isagawa ang ganitong agham mula sa kaharian ng guniguni tungo sa kaharian ng katotohanan at mula sa antas ng pagpapanggap tungo sa gayong tunay na nagagawa. Maaari bang isagawa nitong hindi nakapag-aral at mapagpakumbabang Tagapaglingkod, na kailanman ay hindi nagbigay ng anumang pagkukunwari sa gayong mga bagay, ni kahit ipalagay ang mga iyon bilang sukatan ng tunay na kaalaman, ang gayunding gawain, upang sa gayong paraan ang katotohanan ay makilala at maihiwalay mula sa kabulaanan. Ngunit sa anong kapakinabangan! Ang lahat ng maibibigay lamang ng salinlahing ito sa Amin ay mga sugat mula sa mga suligi nito, at ang tanging kopang inialok sa Aming mga labi ay ang kopa ng kamandag nito. Taglay pa sa leeg Namin ang pilat ng mga kadena, at sa Aming katawan ay nababakas pa rin ang mga katibayan ng isang walang-humpay na kalupitan.
And as to this man's attainments, his ignorance, understanding and belief, behold what the Book which embraceth all things hath revealed; "Verily, the tree of Zaqqúm¹⁴⁵ shall be the food of the Athím."¹⁴⁶ And then follow certain verses, until He saith: "Taste this, for thou forsooth art the mighty Karím!"¹⁴⁷ Consider how clearly and explicitly he hath been described in God's incorruptible Book! This man, moreover, feigning humility, hath in his own book referred to himself as the "athím servant": "Athím" in the Book of God, mighty among the common herd, "Karím" in name!	209. At tungkol sa mga natamo ng taong ito, ng Kaniyang kamangmangan, pang-unawa at paniniwala, masdan kung ano ang ipinahayag ng Aklat na sumasaklaw sa lahat ng bagay: "Sa katunayan, ang punongkahoy ng Zaqqúm¹⁴⁵ ang magiging pagkain ng Athím!"¹⁴⁶ At pagkatapos ay sumunod ang ilang bersikulo, hanggang sa sinabi Niya: "Tikman ito, upang iyong mapahinahon ang makapangyarihang Karím!"¹⁴⁷ Pag-isipan kung gaano kalinaw at kaliwanag ang paglalarawan sa kaniya sa hindi maaaring magkamaling Aklat ng Diyos! Ang taong ito, bukod roon, ay nagkukunwaring mapagpakumbaba, sa kaniyang sariling aklat ay tinukoy ang kaniyang sarili bilang ang "athím na tagapaglingkod": Ang "Athím sa Aklat ng Diyos, ang makapangyarihan sa gitna ng karaniwang tao, ay "Karím" ang pangalan!
Ponder the blessed verse, so that the meaning of the words "There is neither a thing green nor sere but it is noted in the unerring Book"¹⁴⁸ may be imprinted upon the tablet of thy heart.	210. Nilay-nilayin ang pinagpalang bersikulo, nang sa gayon ang kahulugan ng mga salitang: "Walang naroroon alinman sa luntian ni tuyot na bagay subalit ito ay nakatala sa hindi nagkakamaling Aklat,"¹⁴⁸ ay

¹⁴⁵ Puno ng Impiyerno

¹⁴⁶ Makasalanan. Qur'án 44:43-44

¹⁴⁷ Kagalang-galang. Qur'án 44:49

¹⁴⁸ Qur'án 6:59

Notwithstanding, a multitude bear him allegiance. They have rejected the Moses of knowledge and justice, and clung to the Sámirí¹⁴⁹ of ignorance. They have turned away their eyes from the Daystar of truth which shineth in the divine and everlasting heaven, and have utterly ignored its splendor.	maaaring ikintal sa tableta ng iyong puso. Sa kabila nito, isang napakaraming bilang ang matatapat sa kaniya. Tinanggihan nila ang Moises ng kaalaman at katarungan, at nangapit sa Sámirí¹⁴⁹ ng kamangmangan. Ibinaling nila palayo ang kanilang mga mata mula sa Bituing-araw ng katotohanang nagliliwanag sa banal at walang-hanggang kalangitan, at lubos na ipinagwalang-bahala ang karingalan nito.
O my brother! A divine Mine only can yield the gems of divine knowledge, and the fragrance of the mystic Flower can be inhaled only in the ideal Garden, and the lilies of ancient wisdom can blossom nowhere except in the city of a stainless heart. “In a rich soil, its plants spring forth abundantly by permission of its Lord, and in that soil which is bad, they spring forth but scantily.”¹⁵⁰	211. O aking kapatid! Ang banal na Minahan ay maaari lamang magbigay ng mga hiyas ng banal na kaalaman, at ang halimuyak ng mahiwagang Bulaklak ay malalanghap lamang sa huwarang Hardin, at ang mga liryo ng napakatandang karunungan ay hindi maaaring bumuka kahit saan liban sa lungsod ng isang walang-batik na puso. “Sa isang matabang lupa, ang mga halaman nito ay sumisibol nang masagana sa kapahintulutan ng Panginoon nito, at sa gayong tigang na lupa, ang mga ito ay sumisibol ngunit kakaunti.”¹⁵⁰
Inasmuch as it hath been clearly shown that only those who are initiated into the divine mysteries can comprehend the melodies uttered by the Bird of Heaven, it is therefore incumbent upon every one to seek enlightenment from the illumined in heart and from the Treasuries of divine mysteries regarding the intricacies of God’s Faith and the abstruse allusions in the utterances of the Daysprings of Holiness. Thus will these mysteries be unraveled, not by the aid of acquired learning, but solely through the assistance of God and the outpourings of His grace. “Ask ye, therefore, of them that have the custody of the Scriptures, if ye know it not.”¹⁵¹	212. Yayamang malinaw na naipakita na ang maaaring makaunawa lamang sa mga melodiyang sinambit ng Ibon ng Kalangitan ay yaong mga nagtataglay ng panimulang kaalaman sa banal na mga kahiwagaan, samakatwid ay tungkulin ng bawat isang hanapin ang kaliwanagan mula sa may naliwanagang puso at mula sa mga Inatang-yaman ng banal na mga kahiwagaan tungkol sa mga mahirap maunawaan sa Pananampalataya ng Diyos at sa malalim na mga pahiwatig sa mga pahayag ng mga Pamimitak ng Kabanalan. Sa gayon ang mga kahiwagaang ito ay malulutas, hindi sa tulong ng nakamtang pag-aaral, ngunit sa pamamagitan lamang ng tulong ng Diyos at ng mga pagbuhos ng pagpapala Niya. “Kung gayon, tanungin ninyo silang nangangalaga sa mga Banal na Kasulatan, kung ito ay hindi ninyo nalalaman.”¹⁵¹
But, O my brother, when a true seeker determineth to take the step of search in the path leading to the knowledge of the Ancient of Days, he must, before all else, cleanse and purify his heart, which is the seat of the revelation of the	213. Subalit, O aking kapatid, kapag ang isang tunay na nagsasaliksik ay matatag na hinahangad na isagawa ang hakbang ng paghahanap sa landas na hahantong sa kaalaman ng Pinakamatanda sa mga Araw, nararapat sa Kaniya, bago pa ang lahat ng iba, na linisin at

¹⁴⁹ Isang salamankero na kapanahon ni Moises

¹⁵⁰ Qur’án 7:57

¹⁵¹ Qur’án 16:43

inner mysteries of God, from the obscuring dust of all acquired knowledge, and the allusions of the embodiments of satanic fancy. He must purge his breast, which is the sanctuary of the abiding love of the Beloved, of every defilement, and sanctify his soul from all that pertaineth to water and clay, from all shadowy and ephemeral attachments. He must so cleanse his heart that no remnant of either love or hate may linger therein, lest that love blindly incline him to error, or that hate repel him away from the truth. Even as thou dost witness in this day how most of the people, because of such love and hate, are bereft of the immortal Face, have strayed far from the Embodiments of the divine mysteries, and, shepherdless, are roaming through the wilderness of oblivion and error. That seeker must at all times put his trust in God, must renounce the peoples of the earth, detach himself from the world of dust, and cleave unto Him Who is the Lord of Lords. He must never seek to exalt himself above anyone, must wash away from the tablet of his heart every trace of pride and vainglory, must cling unto patience and resignation, observe silence, and refrain from idle talk. For the tongue is a smoldering fire, and excess of speech a deadly poison. Material fire consumeth the body, whereas the fire of the tongue devoureth both heart and soul. The force of the former lasteth but for a time, whilst the effects of the latter endure a century.	padalisayin ang Kaniyang puso, na luklukan ng pagpapahayag ng naloloob na mga hiwaga ng Diyos, mula sa nagpapadilim na alabok ng lahat ng natamong kaalaman, at sa mga pahiwatig ng mga halimbawa ng malademonyong guniguni. Narapat niyang linisin ang lahat ng karumihan sa kaniyang dibdib, na santuwaryo ng walang-maliw na pagmamahal ng Pinakamamahal, at pabanalin ang kaniyang kaluluwa mula sa lahat ng may kaugnayan sa tubig at luwad, mula sa lahat ng kahina-hinala at panandaliang mga pagkagiliw. Dapat niyang pakalinsin ang kaniyang puso na walang bahid ng alinman sa pagmamahal o pagkapoot ang maaaring magtagal doon, na baka ang pagmamahal na iyon ay bulag na ikiling siya sa kamalian, o ang pagkapoot ay itaboy siya palayo mula sa katotohanan. Kahit na iyong nasasaksihan sa araw na ito kung paano ang karamihan sa mga tao, dahil sa gayong pagmamahal at pagkapoot, ay pinagkaitan ng walang-kamatayang Mukha, ay naligaw nang malayo mula sa mga Sagisag ng banal na mga kahiwagaan, at, nang walang pastol, ay nagpapagala-gala sa kaparangan ng pagkalimot at pagkakakamali. Ang nagsasaliksik na iyon ay dapat na ilagay ang kaniyang tiwala sa Diyos sa lahat ng panahon, dapat na itakwil ang mga tao ng kalupaan, iwalay ang kaniyang sarili mula sa daigdig ng alabok, at mangapit sa Kaniya na Panginoon ng mga Panginoon. Kailanman ay hindi siya dapat na maghangad ng kadakilaan para sa kaniyang sarili nang higit sa kaninuman, dapat na hugasan mula sa tableta ng kaniyang puso ang lahat ng bahid ng kapalaluan at kayabangan, dapat mangapit sa pagtitiis at lubos na pagsang-ayon ng kalooban, isagawa ang pananahimik, at iwasan ang walang-kabuluhang pagsasalita. Sapagkat ang dila ay isang nagbabagang apoy, at ang malabis na pananalita ay isang nakamamatay na lason. Tinutupok ng materyal na apoy ang katawan, subalit ang apoy ng dila ay nilalamon kapuwa ang puso at kaluluwa. Ang lakas ng una ay tumatagal lamang sa isang panahon, samantalang ang mga epekto ng nahuhuli ay nagtatagal ng isang siglo.
That seeker should also regard backbiting as grievous error, and keep himself aloof from its dominion, inasmuch as backbiting quencheth the	214. Dapat ding ituring ng nagsasaliksik na iyon ang paninirang-puri bilang malubhang pagkakamali, at panatiliing malayo ang kaniyang sarili mula sa

light of the heart, and extinguisheth the life of the soul. He should be content with little, and be freed from all inordinate desire. He should treasure the companionship of those that have renounced the world, and regard avoidance of boastful and worldly people a precious benefit. At the dawn of every day he should commune with God, and with all his soul persevere in the quest of his Beloved. He should consume every wayward thought with the flame of His loving mention, and, with the swiftness of lightning, pass by all else save Him. He should succor the dispossessed, and never withhold his favor from the destitute. He should show kindness to animals, how much more unto his fellowman, to him who is endowed with the power of utterance. He should not hesitate to offer up his life for his Beloved, nor allow the censure of the people to turn him away from the Truth. He should not wish for others that which he doth not wish for himself, nor promise that which he doth not fulfill. With all his heart should the seeker avoid fellowship with evildoers, and pray for the remission of their sins. He should forgive the sinful, and never despise his low estate, for none knoweth what his own end shall be. How often hath a sinner, at the hour of death, attained to the essence of faith, and, quaffing the immortal draft, hath taken his flight unto the celestial Concourse. And how often hath a devout believer, at the hour of his soul's ascension, been so changed as to fall into the nethermost fire. Our purpose in revealing these convincing and weighty utterances is to impress upon the seeker that he should regard all else beside God as transient, and count all things save Him, Who is the Object of all adoration, as utter nothingness.	kapangyarihan nito, sa kadahilanang inaapula ng paninirang-puri ang liwanag ng puso, at pinapatay ang buhay ng kaluluwa. Siya ay dapat na masiyahan sa kakaunti lamang, at maging malaya sa lahat ng labis na paghahangad. Dapat niyang pakaingatan ang pakikisama noong mga itinakwil ang daigdig, at ipalagay ang pag-iwas sa hambog at makamundong mga tao na isang natatanging kapakinabangan. Sa buking-liwayway ng bawat araw siya ay dapat na makipagniig sa Diyos, at nang buong kaluluwa ay magtiyaga sa paghahanap sa kaniyang Minamahal. Dapat niyang tupukin ang lahat ng lisyang isipan sa pamamagitan ng lagablab ng mapagmahal na pagbanggit sa Kaniya, at nang kasimbilis ng kidlat, ay lampasan ang lahat liban sa Kaniya. Dapat niyang tulungan ang pinalayas, at huwag kailanman ipagkait ang kaniyang kabutihang-loob sa mga naghihikahos. Dapat siyang magpakita ng kabaitan sa mga hayop, gaano pa sa kaniyang kapwa-tao, sa kaniya na pinagkalooban ng kapangyarihan ng pananalita. Hindi siya dapat mag-atubiling ialay ang kaniyang buhay para sa Kaniyang Minamahal, ni huwag pahintulutan ang paninisi ng tao upang bumaling siya palayo mula sa Katotohanan. Hindi siya dapat magnais sa iba noong hindi niya nais para sa kaniyang sarili, ni mangako noong hindi niya matutupad. Nang buong puso niya, dapat iwasan ng nagsasaliksik ang pakikisalamuha sa mga gumagawa ng kasamaan, at ipagdasal ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Dapat niyang patawarin ang makasalanan, at kailanman ay huwag hamakin ang kaniyang abang kalagayan, sapagkat walang sinuman ang nakaaalam kung ano ang kaniyang magiging sariling wakas. Napakadulas na ang isang makasalanan, sa oras ng kamatayan, ay natamo ang diwa ng pananalig, at, nang iniinom ang walang-kamatayang inumin, ay ginawa ang kaniyang paglipad tungo sa makalangit na Kalipunan. At napakadulas mangyari na ang isang masigasig na mananampalataya, sa oras ng pag-akyat ng kaniyang kaluluwa, ay lubhang nagbago upang mabulid sa pinakamalalim na apoy. Ang Aming layunin sa pagpapahayag nitong mga kapani-paniwala at mahalagang mga pananalita ay upang ikintal sa nagsasaliksik na dapat niyang ituring ang lahat, liban sa Diyos, na pansamantala at ibilang ang lahat ng bagay
--	--

	liban sa Kaniya na Pakay ng lahat ng pagsamba, na ganap na walang halaga.
These are among the attributes of the exalted, and constitute the hallmark of the spiritually minded. They have already been mentioned in connection with the requirements of the wayfarers that tread the Path of Positive Knowledge. When the detached wayfarer and sincere seeker hath fulfilled these essential conditions, then and only then can he be called a true seeker. Whensoever he hath fulfilled the conditions implied in the verse: “Whoso maketh efforts for Us,” ¹⁵² he shall enjoy the blessing conferred by the words: “In Our ways shall We assuredly guide him.” ¹⁵³	215. Ang mga ito ay ilan sa mga katangian ng dakila, at bumubuo sa palatandaan ng may espiritwal na kaisipan. Ang mga iyon ay nabanggit na kaugnay sa mga kinakailangan ng mga manlalakbay na tumatahak sa Landas ng Mabuting Kaalaman. Kapag ang nakatiwalag na manlalakbay at matapat na nagsasaliksik ay nagampanan itong napakahalagang mga kinakailangan, doon at doon lamang maaari siyang matawag na isang tunay na nagsasaliksik. Kailanman na kaniyang nagampanan ang mga pangangailangang ipinahiwatig sa bersikulong: “Sinuman ang gumagawa ng mga pagsisikap para sa Amin,” ¹⁵² ay tatamasahin niya ang pagpapalang ibinigay ng mga salitang: “Sa Aming mga kaparaanan makatitiyak na Amin siyang papatnubayan.” ¹⁵³
Only when the lamp of search, of earnest striving, of longing desire, of passionate devotion, of fervid love, of rapture, and ecstasy, is kindled within the seeker’s heart, and the breeze of His loving-kindness is wafted upon his soul, will the darkness of error be dispelled, the mists of doubts and misgivings be dissipated, and the lights of knowledge and certitude envelop his being. At that hour will the mystic Herald, bearing the joyful tidings of the Spirit, shine forth from the City of God resplendent as the morn, and, through the trumpet-blast of knowledge, will awaken the heart, the soul, and the spirit from the slumber of negligence. Then will the manifold favors and outpouring grace of the holy and everlasting Spirit confer such new life upon the seeker that he will find himself endowed with a new eye, a new ear, a new heart, and a new mind. He will contemplate the manifest signs of the universe, and will penetrate the hidden mysteries of the soul. Gazing with the eye of God, he will perceive within every atom a door that leadeth him to the stations of absolute certitude. He will discover in all things the	216. Tanging kapag ang lampara ng paghahanap, ng taimtim na pagpupunyagi, ng nananabik na naisin, ng marubdob na pagsasakit, ng maalab na pagmamahal, ng masidhing kagalakan, at lubos na kaligayahan, ay pinagningas sa loob ng puso ng nagsasaliksik, at ang simoy ng mapagmahal na kagandahang-loob Niya ay humihip sa kaniyang kaluluwa, maitataboy ang kadiliman ng kamalian, mapapawi ang mga abo-abo ng mga alinlangan at agam-agam, at mababalot ng mga liwanag ng kaalaman at katiyakan ang Kaniyang katauhan. Sa oras na iyon ang mahiwagang Tagapagbalita, taglay ang maliligayang balita ng Espiritu, ay sisikat mula sa Lungsod ng Diyos na kasingningning ng umaga, at, sa bugso ng trumpeta ng kaalaman, ay gigisingin ang puso, ang kaluluwa, at ang espiritu mula sa pagkatulog ng pagwawalang-bahala. Sa gayon ang napakaraming kaloob at bumubuhos na pagpapala ng banal at walang-hanggang Espiritu, ay ipagkakaloob ang gayong bagong buhay sa nagsasaliksik upang matagpuan niya ang kaniyang sarili na pinagkalooban ng isang bagong mata, isang bagong tainga, isang bagong puso, at isang bagong isipan. Ninilay-nilayin niya ang hayag na mga palatandaan ng sansinukob, at matatarok ang natatagong mga

¹⁵² Qur’án 29:69

¹⁵³ Qur’án 29:6

mysteries of divine Revelation and the evidences of an everlasting manifestation.	kahiwagaan ng kaluluwa. Minamasdan sa pamamagitan ng mata ng Diyos, mauunawaan niya na sa loob ng bawat atomo ay may isang pinto na maghahatid sa kaniya sa mga katayuan ng lubos na katiyakan. Matutuklasan niya sa lahat ng bagay ang mga hiwaga ng banal na Rebelasyon at mga katibayan ng isang walang-hanggang kahayagan.
I swear by God! Were he that treadeth the path of guidance and seeketh to scale the heights of righteousness to attain unto this glorious and supreme station, he would inhale at a distance of a thousand leagues the fragrance of God, and would perceive the resplendent morn of a divine Guidance rising above the dayspring of all things. Each and every thing, however small, would be to him a revelation leading him to his Beloved, the Object of his quest. So great shall be the discernment of this seeker that he will discriminate between truth and falsehood even as he doth distinguish the sun from shadow. If in the uttermost corners of the East the sweet savors of God be wafted, he will assuredly recognize and inhale their fragrance, even though he be dwelling in the uttermost ends of the West. He will likewise clearly distinguish all the signs of God—His wondrous utterances, His great works, and mighty deeds—from the doings, words and ways of men, even as the jeweler who knoweth the gem from the stone, or the man who distinguisheth the spring from autumn and heat from cold. When the channel of the human soul is cleansed of all worldly and impeding attachments, it will unfailingly perceive the breath of the Beloved across immeasurable distances, and will, led by its perfume, attain and enter the City of Certitude. Therein he will discern the wonders of His ancient wisdom, and will perceive all the hidden teachings from the rustling leaves of the Tree—which flourisheth in that City. With both his inner and his outer ear he will hear from its dust the hymns of glory and praise ascending unto the Lord of Lords, and with his inner eye will he discover the mysteries	217. Sumusumpa ako sa Diyos! Kung siya na tinatahak ang landas ng patnubay at hinahangad na akyatin ang mga kataasan ng pagkamakatarungan ay makarating sa maluwalhati at kataas-taasang katayuan, malalanghap niya mula sa layo ng mahigit isang libong milya ang halimuyak ng Diyos, at madarama ang maningning na umaga ng isang banal na Patnubay na sumisikat sa ibabaw ng pamimitak ng lahat ng bagay. Bawat isa at lahat ng bagay, gaanuman kaliit, ay magiging isang rebelasyon sa Kaniya, maghahatid sa Kaniya sa Minamahal Niya, ang Pakay ng Kaniyang paghahanap. Lubhang dakila ang pagkaunawa ng nagsasaliksik na ito na magagawa niyang makilala ang katotohanan sa kasinungalingan tulad ng makikita ang araw mula sa anino. Kung sisimoy sa pinakamalayong mga sulok ng Silangan ang mabangong samyo ng Diyos, tiyak na makikilala at malalanghap niya ang kanilang halimuyak, kahiman siya ay nananahan sa pinakamalayong mga hangganan ng Kanluran. Gayundin malinaw na makikilala niya ang kaibahan ng lahat ng mga palatandaan ng Diyos—ang kamangha-manghang mga pananalita Niya, ang dakilang mga gawain Niya, at makapangyarihang mga gawa—mula sa mga gawa, mga salita at mga pamamaraan ng mga tao, katulad ng isang mag-aalahas na nalalaman ang hiyas mula sa bato, o taong nakikilala ang tagsibol mula sa taglagas at ang init mula sa lamig. Kapag ang daluyan ng kaluluwa ng tao ay nilinis sa lahat ng makalupa at nakahahadlang na mga pagkagiliw, ito ay hindi mabibigong maramdaman ang hininga ng Minamahal na tinawid ang hindi masukat na mga kalayuan, at inihatid ng pabango nito, ay makararating at makapapasok sa Lungsod ng Katiyakan. Doon ay mababatid niya ang mga kamangha-mangha sa Kaniyang napakatandang karunungan, at matatalos ang lahat ng natatagong mga turo mula sa alis-is ng mga

of “return” and “revival.” How unspeakably glorious are the signs, the tokens, the revelations, and splendors which He Who is the King of names and attributes hath destined for that City! The attainment of this City quencheth thirst without water, and kindleth the love of God without fire. Within every blade of grass are enshrined the mysteries of an inscrutable wisdom, and upon every rosebush a myriad nightingales pour out, in blissful rapture, their melody. Its wondrous tulips unfold the mystery of the undying Fire in the Burning Bush, and its sweet saviors of holiness breathe the perfume of the Messianic Spirit. It bestoweth wealth without gold, and conferreth immortality without death. In every leaf ineffable delights are treasured, and within every chamber unnumbered mysteries lie hidden.	dahon ng Punongkahoy—na yumayabong sa Lungsod na iyon. Sa pamamagitan ng Kaniyang kapuwa panloob at panlabas na tainga mapakikinggan niya mula sa alabok nito ang mga himno ng kaluwalhatian at papuri na pumapailanlang sa Panginoon ng mga Panginoon, at sa pamamagitan ng kaniyang panloob na mata ay matutuklasan niya ang mga kahiwagaan ng “pagbabalik” at “pagbabagong-buhay.” Lubos na di-masabi ang kaluwalhatian ng mga palatandaan, ng mga sagisag, ng mga pagpapahayag, at mga karingalan na itinadhana Niya na Hari ng mga pangalan at mga katangiang para sa Lungsod na iyon! Ang makarating sa Lungsod na ito ay pinapawi ang uhaw nang walang tubig, pinagniningas ang pag-ibig sa Diyos nang walang apoy. Sa loob ng bawat dahon ng damo ay nakadambana ang mga hiwaga ng isang di-malirip na karunungan, at sa ibabaw ng bawat palumpong ng rosas ay napakaraming ruwisenyor ang nagbubuhos, sa napakasidhing kaligayahan, ng kanilang melodiya. Ang kamangha-manghang mga bulaklak nito ay ibinubukadkad ang hiwaga ng walang-kamatayang Apoy sa Nag-aalab na Palumpong, at ang mabangong samyo ng kabanalan nito ay inihihinga ang pabango ng Espiritu ng Pagka-Mesiyas. Ipinagkakaloob nito ang kayamanan nang walang ginto, at nagkakaloob ng walang-hanggang buhay nang walang kamatayan. Sa bawat dahon ay di-mailarawang galak ang iniingatan, at sa bawat silid ay di-mabilang na mga hiwaga ang nananatiling nakatago.
They that valiantly labor in quest of God’s will, when once they have renounced all else but Him, will be so attached and wedded to that City that a moment’s separation from it would to them be unthinkable. They will hearken unto infallible proofs from the Hyacinth of that assembly, and receive the surest testimonies from the beauty of its Rose and the melody of its Nightingale. Once in about a thousand years shall this City be renewed and readorned.	218. Silang mga magiting na nagpapagod sa paghahanap sa kalooban ng Diyos, kapag itinakwil na nila ang lahat liban sa Kaniya, ay lubos na nangapit at nakipag-isang dibdib sa Lungsod na iyon na para sa kanila ang isang sandaling pagkawalay rito ay hindi nila kayang isipin. Pakikinggan nila ang walang-kamaliang mga katunayan mula sa Hasinto ng kapulungang iyon, at tatanggapin ang pinakatiyak na mga patotoo mula sa kagandahan ng Rosas nito at sa awit ng Ruwisenyor nito. Minsan sa halos isang libong taon na ang Lungsod na ito ay magiging bago at muling palalamutihan.
Wherefore, O my friend, it behooveth Us to exert the highest endeavor to attain unto that City, and, by the grace of God and His loving-kindness, rend asunder the “veils of glory”; so that, with	219. Kaya, O aking kaibigan, nararapat sa Atin na ibigay ang pinakamataas na pagpupunyagi upang makarating sa Lungsod na iyon, at, sa pagpapala ng Diyos at sa Kaniyang mapagmahal na

inflexible steadfastness, we may sacrifice our drooping souls in the path of the New Beloved. We should with tearful eyes, fervently and repeatedly, implore Him to grant us the favor of that grace. That city is none other than the Word of God revealed in every age and dispensation. In the days of Moses it was the Pentateuch; in the days of Jesus the Gospel; in the days of Muḥammad the Messenger of God the Qur’án; in this day the Bayán; and in the dispensation of Him Whom God will make manifest His own Book—the Book unto which all the Books of former Dispensations must needs be referred, the Book which standeth amongst them all transcendent and supreme. In these cities spiritual sustenance is bountifully provided, and incorruptible delights have been ordained. The food they bestow is the bread of heaven, and the Spirit they impart is God’s imperishable blessing. Upon detached souls they bestow the gift of Unity, enrich the destitute, and offer the cup of knowledge unto them who wander in the wilderness of ignorance. All the guidance, the blessings, the learning, the understanding, the faith, and certitude, conferred upon all that is in heaven and on earth, are hidden and treasured within these Cities.	kagandahang-loob, ay punitin nang pira-piraso ang “mga lambong ng kaluwalhatian”; upang sa gayon, nang may napakatibay na katatagan, nawa’y ating maipagpakasakit ang ating nanlulupaypay na mga kaluluwa sa landas ng Bagong Minamahal. Nang may mga matang tigmak sa luha, nang maalab at paulit-ulit, dapat tayong sumamo sa Kaniya na ipagkaloob sa atin ang kabutihan ng pagpapalang iyon. Ang lungsod na iyon ay walang iba kundi ang Salita ng Diyos na ipinahayag sa bawat panahon at dispensasyon. Sa mga araw ni Moises ito ay ang Pentateuch; sa mga araw ni Jesus ay ang Ebanghelyo; sa mga araw ni Muḥammad na Sugo ng Diyos ay ang Qur’án; sa araw na ito ay ang Bayán; at sa kapanahunan Niya na gagawaing mahayag ng Diyos ay ang Kaniyang sariling Aklat—ang Aklat na kung saan ang lahat ng mga Aklat ng nagdaang mga Dispensasyon ay nararapat na sumangguni, ang Aklat na nakatayo sa gitna nilang lahat ng nangingibabaw at pinakamataas. Sa mga lungsod na ito ang espiritwal na panustos ay masaganang ipinagkaloob, at ang mga kagalakang walang maliw ay itinadhana. Ang pagkain na kanilang ipinagkakaloob ay ang tinapay ng langit, at ang Espiritu na kanilang ibinabahagi ay ang walang-kamatayang pagpapala ng Diyos. Sa mga nakatiwalag na mga kaluluwa ay kanilang ibinigay ang handog ng Pagkakaisa, pinayayaman ang hikahos at iniaalok ang kopa ng kaalaman sa kanilang gumagala sa kaparangan ng kamangmangan. Lahat ng patnubay, ng mga pagpapala, ng karunungan, ng pang-unawa, ng pananalig, at katiyakan, na ibinigay sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, ay itinatago at iniingatan sa loob ng mga Lungsod na ito.
For instance, the Qur’án was an impregnable stronghold unto the people of Muḥammad. In His days, whosoever entered therein was shielded from the devilish assaults, the menacing darts, the soul-devouring doubts, and blasphemous whisperings of the enemy. Upon him was also bestowed a portion of the everlasting and goodly fruits—the fruits of wisdom from the divine Tree. To him was given to drink the incorruptible waters of the river of knowledge and to taste the wine of the mysteries of divine Unity.	220. Halimbawa, ang Qur’án noon ay isang hindi magagaping moog ng mga tao ni Muḥammad. Sa Kaniyang mga araw, sinuman ang pumasok doon, ay ipinagsasanggalang mula sa malademonyong mga pananalakay, sa nagbabantang mga suligi, sa mga alinlangang lumalamon sa kaluluwa, at sa mga kalapastangan sa Diyos na binubulong ng mga kaaway. Sa kaniya ay ipinagkaloob din ang isang bahagi ng walang-hanggan at mabuting mga bunga—ang mga bunga ng karunungan mula sa banal na Puno. Sa kaniya ay ibinigay upang mainom ang laging dalisay na mga

	tubig ng ilog ng kaalaman, at upang matikman ang alak ng mga kahiwagaan ng banal na Pagkakaisa.
All the things that people required in connection with the Revelation of Muḥammad and His laws were to be found revealed and manifest in that Riḍván of resplendent glory. That Book constitutes an abiding testimony to its people after Muḥammad, inasmuch as its decrees are indisputable, and its promise unfailing. All have been enjoined to follow the precepts of that Book until “the year sixty”¹⁵⁴—the year of the advent of God’s wondrous Manifestation. That Book is the Book which unfailingly leadeth the seeker unto the Riḍván of the divine Presence, and causeth him that hath forsaken his country and is treading the seeker’s path to enter the Tabernacle of everlasting reunion. Its guidance can never err, its testimony no other testimony can excel. All other traditions, all other books and records, are bereft of such distinction, inasmuch as both the traditions and they that have spoken them are confirmed and proven solely by the text of that Book. Moreover, the traditions themselves grievously differ, and their obscurities are manifold.	221. Lahat ng bagay na kinailangan ng mga tao kaugnay sa Rebelasyon ni Muḥammad at sa Kaniyang batas ay matatagpuang ipinahayag at maliwanag doon sa Riḍván ng maningning na kaluwalhatian. Ang Aklat na iyon ay binubuo ng isang walang-maliw na patunay sa mga tao nito pagkaraan ni Muḥammad, sa kadahilanang ang mga kautusan nito ay hindi matututulan, at ang pangako nito ay maaasahan. Ipinag-uutos sa lahat na sundin ang mga tagubilin ng Aklat na iyon hanggang sa “taong animnapu”¹⁵⁴—ang taon ng pagsapit ng kamangha-manghang Kahayagan ng Diyos. Ang Aklat na iyon ay ang Aklat na walang-salang pinapatnubayan ang nagsasaliksik sa Riḍván ng banal na Kinaroroonan, at naging sanhi upang talikuran niya ang kaniyang bansa at tahakin ang landas ng nagsasaliksik upang makapasok sa Tabernakulo ng walang-hanggang muling pagsasama. Ang patnubay nito ay hindi kailanman maaaring magkamali, ang pagpapatunay nito ay walang makahihigit na ibang patunay. Lahat ng ibang mga tradisyon, lahat ng ibang mga aklat at mga talaan, ay pinagkaitan ng gayong pagtatangi, sa kadahilanang kapuwa ang mga tradisyon at sila na bumigkas sa mga iyon ay pinagtibay at pinatunayan sa pamamagitan ng teksto lamang ng Aklat na iyon. Bukod pa rito, ang mga tradisyon mismo ay lubhang magkakaiba, at ang kanilang mga kalabuan ay napakarami.
Muḥammad, Himself, as the end of His mission drew nigh, spoke these words: “Verily, I leave amongst you My twin weighty testimonies: The Book of God and My Family.” Although many traditions had been revealed by that Source of Prophethood and Mine of divine Guidance, yet He mentioned only that Book, thereby appointing it as the mightiest instrument and surest testimony for the seekers; a guide for the people until the Day of Resurrection.	222. Si Muḥammad Mismo, sa nalalapit na pagwawakas ng misyon Niya, ay nagsabi ang mga salitang ito: “Sa katunayan, Aking iniwan sa piling ninyo ang Aking mahalagang kambal na mga patotoo: Ang Aklat ng Diyos at ang Aking Pamilya.” Kahiman maraming tradisyon ang naipahayag noong Bukal ng Pagka-Propeta at Minahan ng banal na Patnubay, subalit binanggit lamang Niya ang Aklat na iyon, sa gayon, hinihirang ito bilang ang pinakamakapangyarihang pamamaraan at pinakatiyak na patunay para sa mga nagsasaliksik; isang patnubay para sa mga tao hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

¹⁵⁴ Ang taong 1260 A.H, ang taon ng Pagpapahayag ng Báb.

With unswerving vision, with pure heart, and sanctified spirit, consider attentively what God hath established as the testimony of guidance for His people in His Book, which is recognized as authentic by both the high and lowly. To this testimony we both, as well as all the peoples of the world, must cling, that through its light we may know and distinguish between truth and falsehood, guidance and error. Inasmuch as Muḥammad hath confined His testimonies to His Book and to His Family, and whereas the latter hath passed away, there remaineth His Book only as His one testimony amongst the people.	223. Nang may hindi lumilihis na pananaw, nang may dalisay na puso, at pinabanal na espiritu, masigasig na pag-isipan kung ano ang itinatag ng Diyos bilang pagpapatibay sa patnubay para sa Kaniyang mga tao sa Aklat Niya, na tinatanggap na tunay kapuwa ng mataas at mababa. Sa pagpapatunay na ito tayo kapuwa, gayundin ang mga tao ng daigdig, ay dapat mangapit, na sa pamamagitan ng liwanag nito ay maaari nating malaman at makita ang kaibahan sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan, ng patnubay at kamalian. Yamang tinakdaan ni Muḥammad ang mga pagpapatibay Niya sa Kaniyang Aklat at sa Kaniyang Pamilya, at samantalang ang nahuhuli ay pumanaw na, ang nananatili na lamang ay ang Kaniyang Aklat bilang ang nag-iisang pagpapatunay Niya sa piling ng mga tao.
In the beginning of His Book He saith: “Alif. Lám. Mím. No doubt is there about this Book: It is a guidance unto the God-fearing.”¹⁵⁵ In the disconnected letters of the Qur’án the mysteries of the divine Essence are enshrined, and within their shells the pearls of His Unity are treasured. For lack of space We do not dwell upon them at this moment. Outwardly they signify Muḥammad Himself, Whom God addresseth saying: “O Muḥammad, there is no doubt nor uncertainty about this Book which hath been sent down from the heaven of divine Unity. In it is guidance unto them that fear God.” Consider, how He hath appointed and decreed this selfsame Book, the Qur’án, as a guidance unto all that are in heaven and on earth. He, the divine Being, and unknowable Essence, hath, Himself, testified that this Book is, beyond all doubt and uncertainty, the guide of all mankind until the Day of Resurrection. And now, We ask, is it fair for this people to view with doubt and misgiving this most weighty Testimony, the divine origin of which God hath proclaimed, and pronounced to be the embodiment of truth? Is it fair for them to turn away from the thing which He hath appointed as the supreme Instrument of guidance for attainment unto the loftiest summits of	224. Sa simula ng Kaniyang Aklat sinasabi Niya: “Alif. Lám. Mím. Walang naroroong alinlangan tungkol sa Aklat na ito: Ito ay isang patnubay sa may takot sa Diyos.”¹⁵⁵ Sa hindi magkakabit na mga titik ng Qur’án ang mga hiwaga ng banal na Diwa ay nakadambana, at sa loob ng kanilang mga kabibe ay iniingatan ang mga perlas ng Kaisahan Niya. Dahil sa kakulangan ng puwang hindi Namin tinalakay ang mga ito sa pagkakataong ito. Sa panlabas sinasagisag ng mga iyon si Muḥammad Mismo, na kinausap ng Diyos sa pagsasabing: “O Muḥammad, hindi magkakaroon ng alinlangan ni ng walang katiyakan tungkol sa Aklat na itong pinababa mula sa kalangitan ng banal na Pagkakaisa. Sa loob nito ay ang patnubay sa kanila na may takot sa Diyos.” Pag-isipan, kung paano Niya itinakda at ipinag-utos ang mismong Aklat ding ito, ang Qur’án, bilang isang patnubay sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan. Siya, ang banal na Katauhan, at hindi mababatid na Diwa, sa Kaniyang Sarili, ay pinatotohanan na ang Aklat na ito, nang walang alinlangan at nang buong katiyakan, ay ang patnubay ng buong sangkatauhan hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At ngayon, Aming itinatanong, makatarungan ba para sa mga taong ito na tingnan nang may alinlangan at agam-agam ang napakahalagang Pagpapatunay na ito, na ang banal na pinagmulan ay ipinahayag ng Diyos, at sinabing ito ay sagisag ng

¹⁵⁵ Qur’án 2:1

knowledge, and to seek aught else but that Book? How can they allow men's absurd and foolish sayings to sow the seeds of distrust in their minds? How can they any longer idly contend that a certain person hath spoken this or that way, or that a certain thing did not come to pass? Had there been anything conceivable besides the Book of God which could prove a more potent instrument and a surer guide to mankind, would He have failed to reveal it in that verse?	katotohanan? Makatarungan ba para sa kanilang lumayo mula sa bagay na Kaniyang itinadhana bilang ang sukdulang Kaparaanan ng pamamatnubay upang matamo ang pinakamataas na mga rurok ng kaalaman, at walang hahanaping iba liban sa Aklat na iyon? Paano nila mapahihintulutan ang kakatwa at kahangalan ng mga buking-bibig ng mga tao na naghasik ng mga binhi ng kawalan ng tiwala sa kanilang mga isipan? Gaano katagal sila makikipagtalo nang walang-saysay na sinabi ng isang tao ang ganito o ang ganoon, o ang isang bagay ay hindi naganap? Kung nagkaroon ng anumang bagay na maisasaisip bukod sa Aklat ng Diyos na maaring magpatunay sa isang higit na mabisang paraan at isang higit na tiyak na patnubay sa sangkatauhan, mabibigo ba Siya na ipahayag ito sa bersikulong iyon?
It is incumbent upon us not to depart from God's irresistible injunction and fixed decree, as revealed in the above-mentioned verse. We should acknowledge the holy and wondrous Scriptures, for failing to do this we have failed to acknowledge the truth of this blessed verse. For it is evident that whoso hath failed to acknowledge the truth of the Qur'án hath in reality failed to acknowledge the truth of the preceding Scriptures. This is but the manifest implication of the verse. Were We to expound its inner meanings and unfold its hidden mysteries, eternity would never suffice to exhaust their import, nor would the universe be capable of hearing them! God verily testifieth to the truth of Our saying!	225. Tungkulin nating huwag lumayo mula sa hindi mapipigilang kautusan at hindi nagbabagong batas ng Diyos, tulad ng ipinahayag sa bersikulong binanggit sa itaas. Dapat nating kilalanin ang banal at kamangha-manghang mga Banal na Kasulatan, sapagkat ang pagkabigong gawin ito, tayo ay nabigong kilalanin ang katotohanan ng pinagpalang bersikulong ito. Sapagkat maliwanag na sinuman ang nabigong kilalanin ang katotohanan ng Qur'án sa katunayan ay nabigong tanggapin ang katotohanan ng naunang mga Banal na Kasulatan. Ito ay isang hayag na pahiwatig lamang ng bersikulo. Kung Aming ipaliliwanag ang naloloob na mga kahulugan nito at ilalahad ang natatagong mga kahiwagaan nito, ang walang-hanggan ay hindi makasasapat upang makuha lahat ang kahulugan ng mga iyon, ni walang kakayahan ang sansinukob na pakinggan ang mga iyon! Sa katunayan ang Diyos ay sumasaksi sa katotohanan ng Aming sinasabi!
In another passage He likewise saith: "And if ye be in doubt as to that which We have sent down to Our Servant, then produce a Súrah like it, and summon your witnesses, beside God, if ye are men of truth."¹⁵⁶ Behold, how lofty is the station, and how consummate the virtue, of these verses which He hath declared to be His surest testimony, His infallible proof, the evidence of	226. Gayundin sinabi Niya sa isa pang sipi: "At kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol doon sa Aming ipinadala sa Aming Tagapaglingkod, lumikha kung gayon ng isang Súrah na katulad nito, at tawagin ang inyong mga saksi, liban sa Diyos, kung kayo ay ang mga tao ng katotohanan."¹⁵⁶ Masdan, napakarangal ang katayuan, at napakalubos ang katangian, nitong mga bersikulong ipinahayag Niya bilang ang Kaniyang

¹⁵⁶ Qur'án 2:23

His all-subduing power, and a revelation of the potency of His will. He, the divine King, hath proclaimed the undisputed supremacy of the verses of His Book over all things that testify to His truth. For compared with all other proofs and tokens, the divinely revealed verses shine as the sun, whilst all others are as stars. To the peoples of the world they are the abiding testimony, the incontrovertible proof, the shining light of the ideal King. Their excellence is unrivaled, their virtue nothing can surpass. They are the treasury of the divine pearls and the depository of the divine mysteries. They constitute the indissoluble Bond, the firm Cord, the ‘Urvatu’l-Vuthqá, the inextinguishable Light. Through them floweth the river of divine knowledge, and gloweth the fire of His ancient and consummate wisdom. This is the fire which, in one and the same moment, kindleth the flame of love in the breasts of the faithful, and induceth the chill of heedlessness in the heart of the enemy.	pinakatiyak na pagpapatunay, ang Kaniyang walang-kamaliang patunay, ang katibayan ng Kaniyang lakas na sumusupil sa lahat, at isang paghahayag ng bisa ng Kaniyang kalooban. Siya, ang banal na Hari, ay ipinahayag ang hindi mapag-aalinlanganang pananaig ng mga bersikulo ng Aklat Niya na nakahihigit sa lahat ng mga bagay na nagpapatunay sa katotohanan Niya. Sapagkat kung ihahambing sa lahat ng ibang mga patunay at mga palatandaan, ang banal na ipinahayag na mga bersikulo ay sumisikat tulad ng araw, habang ang lahat ng iba ay tulad ng mga bituin. Sa mga tao ng daigdig ang mga iyon ay ang walang-maliw na patunay, ang hindi matututulang katibayan, ang maningning na liwanag ng huwarang Hari. Ang kanilang pangingibabaw ay walang kapantay, ang kanilang katangian ay hindi mahihigitan. Sila ang ingatang-yaman ng banal na mga perlas at ang repositoryo ng banal na mga kahiwagaan. Binubuo nila ang hindi mapapatid na Bigkis, ang matibay na Kuldon, ang ‘Urvatu’l-Vuthqá, ang hindi mapapatay na Liwanag. Sa pamamagitan nila ay dumadaloy ang ilog ng banal na kaalaman, at ang nag-aalab na Apoy ng napakatanda at ganap na karunungan Niya. Ito ang apoy na, sa isa at gayunding sandali, ay sinisindihan ang lagablab ng pagmamahal sa mga dibdib ng matatapat, at pinalalaganap ang ginaw ng pagwawalang-bahala sa puso ng kaaway.
O friend! It behooveth us not to waive the injunction of God, but rather acquiesce and submit to that which He hath ordained as His divine Testimony. This verse is too weighty and pregnant an utterance for this afflicted soul to demonstrate and expound. God speaketh the truth and leadeth the way. He, verily, is supreme over all His people; He is the Mighty, the Beneficent.	227. O kaibigan! Nararapat sa atin na huwag talikuran ang kautusan ng Diyos, ngunit sa halip ay sumang-ayon at magpasailalim doon sa itinadhana Niya bilang banal na Pagpapatunay Niya. Ang bersikulong ito ay isang pananalitang lubhang mahalaga at makahulugan upang maipakita at maipaliwanag nitong nagdurusang kaluluwa. Sinasabi ng Diyos ang katotohanan at ipinakikita sa landas. Siya, sa katunayan, ang pinakamataas sa lahat ng Kaniyang mga tao; Siya ang Makapangyarihan, ang Mapagbigay.
Likewise, He saith: “Such are the verses of God: with truth do We recite them to thee. But in what revelation will they believe, if they reject God and His verses?”¹⁵⁷ If thou wilt grasp the	228. Gayundin, sinasabi Niya: “Gayon ang mga bersikulo ng Diyos: makatotohanan Naming binibigkas ang mga iyon sa iyo. Datapwat anong rebelasyon ang kanilang paniniwalaan, kung kanilang tinatanggihan ang

implication of this verse, thou wilt recognize the truth that no manifestation greater than the Prophets of God hath ever been revealed, and no testimony mightier than the testimony of their revealed verses hath ever appeared upon the earth. Nay, this testimony no other testimony can ever excel, except that which the Lord thy God willeth.	Diyos at ang mga bersikulo Niya?”¹⁵⁷ Kung iyong mauunawaan ang pahiwatig ng bersikulong ito, iyong makikilala ang katotohanan na walang kahayagang higit sa Propeta ng Diyos ang naipahayag kailanman, at walang pagpapatibay na higit na makapangyarihan sa pagpapatibay ng kanilang ipinahayag na mga bersikulo ang kailanman ay lumitaw sa kalupaan. Hindi lamang iyon, kundi, ang pagpapatibay na ito ay walang ibang pagpapatunay ang kailanman ay makahihigit, liban doon sa loloobin ng Panginoon, ang iyong Diyos.
In another passage He saith: “Woe to every lying sinner, who heareth the verses of God recited to him, and then, as though he heard them not, persisteth in proud disdain! Apprise him of a painful punishment.”¹⁵⁸ The implications of this verse, alone, suffice all that is in heaven and on earth, were the people to ponder the verses of their Lord. For thou hearest how in this day the people disdainfully ignore the divinely revealed verses, as though they were the meanest of all things. And yet, nothing greater than these verses hath ever appeared, nor will ever be made manifest in the world! Say unto them: “O heedless people! Ye repeat what your fathers, in a bygone age, have said. Whatever fruits they have gathered from the tree of their faithlessness, the same shall ye gather also. Ere long shall ye be gathered unto your fathers, and with them shall ye dwell in hellish fire. An ill abode! the abode of the people of tyranny.”	229. Sa isa pang sipi sinasabi Niya: “Kapighatian sa bawat sinungaling na makasalan, na naririnig ang mga bersikulo ng Diyos na binibigkas sa kaniya, at pagkatapos, na waring hindi niya narinig ang mga iyon, ay nagpapatuloy sa palalong panlilibak! Ipagbigay alam sa kaniya ang isang masakit na kaparusahan.”¹⁵⁸ Ang mga ipinahihiwatig ng bersikulong ito, nang nag-iisa, ay nakasasapat sa lahat noong nasa kalangitan at nasa kalupaan, kung lilimiin ng mga tao ang mga bersikulo ng kanilang Panginoon. Sapagkat iyong naririnig kung paanong sa araw na ito ang mga tao ay mapanghamak na hindi pinapansin ang banal na ipinahayag na mga bersikulo, na waring ang mga iyon ay ang pinakahamak sa lahat ng bagay. Subalit, wala nang hihigit pa kaysa sa mga bersikulong ito ang kailanman ay lilitaw, ni walang gagawing mahayag sa daigdig! Sabihin sa kanila: “O pabayang mga tao! Inyong inuulit kung ano ang sinabi ng inyong mga ama, sa nakalipas na panahon. Anumang mga bunga ang kanilang natipon mula sa puno ng kanilang kawalan ng pananalig, gayundin ang inyo ring matitipon. Hindi magtatagal kayo ay magtitipon sa inyong mga ama, at kasama nila ay maninirahan sa malaimpiyernong apoy. Isang masamang tirahan! ang tirahan ng mga tao ng kalupitan.”
In yet another passage He saith: “And when he becometh acquainted with any of Our verses he turneth them to ridicule. There is a shameful punishment for them!”¹⁵⁹ The people derisively observed saying: “Work thou another miracle, and give us another sign!” One would say:	230. Gayumpaman sa isa pang sipi ay sinasabi Niya: “At nang nabatid niya ang alinman sa Aming mga bersikulo, ginawa niyang pagtawanan ang mga iyon. Mayroong kahiya-hiyang kaparusahan para sa kanila!”¹⁵⁹ Ang mga tao ay mapanudyong nagbigay-pansin sa pagsasabing: “Gumawa ka ng isa

¹⁵⁷ Qur’án 45:5

¹⁵⁸ Qur’án 45:6

¹⁵⁹ Qur’án 45:8

“Make now a part of the heaven to fall down upon us”;¹⁶⁰ and another: “If this be the very truth from before Thee, rain down stones upon us from heaven.”¹⁶¹ Even as the people of Israel, in the time of Moses, bartered away the bread of heaven for the sordid things of the earth, these people, likewise, sought to exchange the divinely revealed verses for their foul, their vile, and idle desires. In like manner, thou beholdest in this day that although spiritual sustenance hath descended from the heaven of divine mercy, and been showered from the clouds of His loving-kindness, and although the seas of life, at the behest of the Lord of all being, are surging within the Ridván of the heart, yet these people, ravenous as the dogs, have gathered around carrion, and contented themselves with the stagnant waters of a briny lake. Gracious God! how strange the way of this people! They clamor for guidance, although the standards of Him Who guideth all things are already hoisted. They cleave to the obscure intricacies of knowledge, when He, Who is the Object of all knowledge, shineth as the sun. They see the sun with their own eyes, and yet question that brilliant Orb as to the proof of its light. They behold the vernal showers descending upon them, and yet seek an evidence of that bounty. The proof of the sun is the light thereof, which shineth and envelopeth all things. The evidence of the shower is the bounty thereof, which reneweth and investeth the world with the mantle of life. Yea, the blind can perceive naught from the sun except its heat, and the arid soil hath no share of the showers of mercy. “Marvel not if in the Qur’án the unbeliever perceiveth naught but the trace of letters, for in the sun, the blind findeth naught but heat.”

pang himala, at bigyan kami ng isa pang palatandaan!” Isa pa ang nagsasabi: “Gawin ngayon ang isang bahagi ng kalangitan na bumagsak sa amin;”¹⁶⁰ at ang isa pa: “Kung ito ang pinakakatotohanan mula sa nauna sa Iyo, paulanin ang mga bato sa amin mula sa kalangitan.”¹⁶¹ Tulad ng mga tao sa Israel, sa panahon ni Moises, na ipinagpalit ang tinapay ng kalangitan para sa nakaririmarim na mga bagay ng kalupaan, ang mga taong ito, gayundin, ay nagsikap na ipagpalit ang banal na ipinahayag na mga bersikulo para sa kanilang napakarumi, sa kanilang napakasama, at walang-saysay na mga hangarin. Sa gayunding gawi, iyong namamasdan sa araw na ito na kahiman ang espirital na pagkain ay bumaba mula sa kalangitan ng mapagmahal na habag Niya, at umulan mula sa mga ulap ng Kaniyang mapagmahal na kagandahang-loob, at kahiman ang mga karagatan ng buhay, sa utos ng Panginoon ng lahat ng nabubuhay, ay dumadaluyong sa loob ng Ridván ng puso, subalit ang mga taong ito, dayukdok na tulad ng mga aso, ay nagtipon sa paligid ng bulok na hayop, at pinagkasiya ang kanilang mga sarili sa hindi umaagos na mga tubig ng isang maalat na lawa. Mahabaging Diyos! Lubos na kakaiba ang gawi ng mga taong ito! Sila ay nagsisisigaw sa paghingi ng patnubay, kahiman ang mga bandila Niya na pumapatnubay sa lahat ng bagay ay pawang nakataas na. Sila ay nangangapit sa malabong mga kasalimuutan ng kaalaman, kung kailan Siya na Pakay ng lahat ng kaalaman ay nagniningning tulad ng araw. Nakikita nila ang araw sa pamamagitan ng kanilang sariling mga mata, at nag-aalinlangan gayumpaman sa maningning na Globong iyon tungkol sa katunayan ng liwanag nito. Minamasdan nila ang mga ulan ng tagsibol na bumababa sa kanila, subalit naghahanap pa ng katibayan ng biyayang iyon. Ang katunayan ng araw ay ang liwanag nito, na nagliliwanag at binabalot ang lahat ng bagay. Ang katibayan ng ulan ay ang biyaya nito, na pinasasariwa at pinagkakalooban ang daigdig ng manta ng buhay. Tunay, ang bulag ay walang natatalos mula sa araw kundi ang init nito, at ang tigang na lupa ay walang taglay na bahagi ng mga ulan ng habag. “Huwag mamangha kung sa Qur’án ang hindi sumasampalataya

¹⁶⁰ Qur’án 26:187

¹⁶¹ Qur’án 8:32

	ay walang natatalos kundi ang bakat ng mga titik, sapagkat tulad sa araw, walang natatagpuan ang bulag kundi init.”
In another passage He saith: “And when Our clear verses are recited to them, their only argument is to say, ‘Bring back our fathers, if ye speak the truth!’” ¹⁶² Behold, what foolish evidences they sought from these Embodiments of an all-encompassing mercy! They scoffed at the verses, a single letter of which is greater than the creation of heavens and earth, and which quickeneth the dead of the valley of self and desire with the spirit of faith; and clamored saying: “Cause our fathers to speed out of their sepulchers.” Such was the perversity and pride of that people. Each one of these verses is unto all the peoples of the world an unfailing testimony and a glorious proof of His truth. Each of them verily sufficeth all mankind, wert thou to meditate upon the verses of God. In the above-mentioned verse itself pearls of mysteries lie hidden. Whatever be the ailment, the remedy it offereth can never fail.	231. Sa isa pang sipi ay sinasabi Niya: “At kapag ang Aming malinaw na mga bersikulo ay binibigkas sa kanila, ang kanilang tanging pangangatwiran ay ang sabihin: ‘Ibalik ang aming mga ama, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!’” ¹⁶² Masdan, kung anong hangal na mga katibayan ang kanilang hinahanap mula sa mga Sagisag na ito ng isang sumasakop sa lahat na habag! Kinutya nila ang mga bersikulo, na ang isang titik nito ay higit pa kaysa sa paglikha ng mga kalangitan at kalupaan, at pinasisigla ang mga patay sa lambak ng sarili at naisin sa pamamagitan ng espiritu ng pananalig; at maingay na nagsasabi: “Gawin ang aming mga ama na lumabas nang mabilis sa kanilang mga libingan.” Gayon ang kasamaan at kapalaluan ng mga taong iyon. Bawat isa sa mga bersikulong ito ay isang walang-maliw na pagpapatibay at isang maluwalhating katunayan ng katotohanan Niya sa lahat ng mga sambayanan ng daigdig. Bawat isa sa mga bersikulong ito, sa katunayan, ay nakasasapat sa buong sangkatauhan, kung iyong ninilay-nilayin ang mga bersikulo ng Diyos. Sa bersikulo mismo na binanggit sa itaas ang mga perlas ng mga kahiwagaan ay nanatiling nakatago. Anuman ang maging karamdaman, ang lunas na iniaalay nito ay hindi kailanman mabibigo.
Heed not the idle contention of those who maintain that the Book and verses thereof can never be a testimony unto the common people, inasmuch as they neither grasp their meaning nor appreciate their value. And yet, the unfailing testimony of God to both the East and the West is none other than the Qur’án. Were it beyond the comprehension of men, how could it have been declared as a universal testimony unto all people? If their contention be true, none would therefore be required, nor would it be necessary for them to know God, inasmuch as the knowledge of the divine Being transcendeth the	232. Huwag pakinggan ang walang-kabuluhang pagtatalo nilang naninindigan na ang Aklat at ang mga bersikulo nito ay hindi kailanman maaaring maging pagpapatunay sa pangkaraniwang mga tao, sa kadahilanang alinman sa kanila ay hindi nauunawaan ang kahulugan niyon ni nakikilala ang kahalagahan ng mga iyon. At gayumpaman, ang walang-maliw na patotoo ng Diyos sa kapuwa Silangan at Kanluran ay walang iba kundi ang Qur’án. Kung ito ay hindi maabot ng pang-unawa ng mga tao, paano ito naipahayag bilang isang pangkalahatang patotoo para sa lahat ng tao? Kung ang kanilang paninindigan ay totoo, sa gayon walang anuman ang kakailanganin; ni hindi magiging kailangan na makilala nila ang Diyos, yamang ang kaalaman sa

¹⁶² Qur’án 45:24

knowledge of His Book, and the common people would not possess the capacity to comprehend it.	banal na Katauhan ay higit na mataas sa kaalaman sa Aklat Niya, at ang karaniwang mga tao ay hindi nagtataglay ng kakayahang maunawaan ito.
Such contention is utterly fallacious and inadmissible. It is actuated solely by arrogance and pride. Its motive is to lead the people astray from the Ridván of divine good-pleasure and to tighten the reins of their authority over the people. And yet, in the sight of God, these common people are infinitely superior and exalted above their religious leaders who have turned away from the one true God. The understanding of His words and the comprehension of the utterances of the Birds of Heaven are in no wise dependent upon human learning. They depend solely upon purity of heart, chastity of soul, and freedom of spirit. This is evidenced by those who, today, though without a single letter of the accepted standards of learning, are occupying the loftiest seats of knowledge; and the garden of their hearts is adorned, through the showers of divine grace, with the roses of wisdom and the tulips of understanding. Well is it with the sincere in heart for their share of the light of a mighty Day!	233. Ang gayong paninindigan ay ganap na maling akala at hindi matatanggap. Ito ay nakaganyak lamang sa kapalaluan at kayabangan. Ang layunin nito ay upang akayin ang mga taong maligaw mula sa Ridván ng banal na mabuting kasiyahan at upang higitan ang mga ugut ng kanilang kapangyarihan sa mga tao. At, sa paningin ng Diyos, gayumpaman, ang karaniwang mga taong ito ay walang-hanggang higit na mataas at dakila kaysa sa kanilang mga pinuno ng relihiyon na tumalikod palayo mula sa iisang tunay na Diyos. Ang pagkaunawa sa mga salita Niya at ang pagbatid sa mga pananalita ng mga Ibon ng Kalangitan sa anumang paraan ay hindi nakasalalay sa pinag-aralan ng tao. Nasasalalay lamang ang mga iyon sa kadalisan ng puso, kalinisan ng kaluluwa, at kalayaan ng espiritu. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan nila na, ngayon, kahiman wala kahit isang titik ng tanggap na mga pamantayan ng karunungan, ay nakaluklok sa pinakamataas na mga luklukan ng kaalaman; at ang halamanan ng kanilang mga puso ay nagagayakan, sa pamamagitan ng mga ulan ng banal na biyaya, ng mga rosas ng karunungan at mga bulaklak ng pang-unawa. Makabubuti ito sa mga may matapat na puso upang makabahagi sila sa liwanag ng isang makapangyarihang Araw!
And likewise, He saith: “As for those who believe not in the verses of God, or that they shall ever meet Him, these of My mercy shall despair, and these doth a grievous chastisement await.” ¹⁶³ Also, “And they say, ‘Shall we then abandon our gods for a crazed poet?’” ¹⁶⁴ The implication of this verse is manifest. Behold what they observed after the verses were revealed. They called Him a poet, scoffed at the verses of God, and exclaimed saying: “These words of his are but tales of the Ancients!” By this they meant that those words which were	234. At gayundin, sinasabi Niya: “Tungkol sa kanilang hindi naniniwala sa mga bersikulo ng Diyos, o na kailanman ay hindi nila Siya matatagpuan, sila ay mawawalan ng pag-asa sa Aking habag, at sa kanila ay naghihintay ang isang malubhang kaparusahan.” ¹⁶³ Karagdagan dito, “at ang kanilang sinasabi, ‘Atin bang iiwanan ang ating mga diyus-diyusan para sa isang baliw na makata?’” ¹⁶⁴ Ang ipinahihiwatig ng bersikulong ito ay maliwanag. Masdan kung ano ang kanilang ginawa matapos na ipahayag ang bersikulong ito. Kanilang tinawag Siya na isang makata, kinutya ang mga bersikulo ng Diyos, at pasigaw na sinabi: “Ang kaniyang mga salitang ito ay mga kuwento lamang ng mga Napakatanda!” Ang kanilang pakahulugan dito ay

¹⁶³ Qur’án 29:23

¹⁶⁴ Qur’án 37:36

spoken by the peoples of old Muḥammad hath compiled and called them the Word of God.	ang mga salitang iyon na sinabi ng mga tao nang nakaraan ay tinipon ni Muḥammad at tinawag ang mga iyon na Salita ng Diyos.
Likewise, in this day, thou hast heard the people impute similar charges to this Revelation, saying: “He hath compiled these words from the words of old”; or “these words are spurious.” Vain and haughty are their sayings, low their estate and station!	235. Gayundin, sa araw na ito, iyong narinig ang mga taong iparatang ang katulad na mga bintang sa Rebelasyon na ito, sinasabi: “Kaniyang tinipon ang mga salitang ito mula sa mga salita ng nakaraan;” o “ang mga salitang ito ay huwad.” Palalo at mapagmataas ang kanilang mga sinasabi, hamak ang kanilang kalagayan at katayuan!
After the denials and denunciations which they uttered, and unto which We have referred, they protested saying: “No independent Prophet, according to our Scriptures, should arise after Moses and Jesus to abolish the Law of divine Revelation. Nay, he that is to be made manifest must needs fulfill the Law.” Thereupon this verse, indicative of all the divine themes, and testifying to the truth that the flow of the grace of the All-Merciful can never cease, was revealed: “And Joseph came to you aforetime with clear tokens, but ye ceased not to doubt of the message with which He came to you, until, when He died, ye said, ‘God will by no means raise up a Messenger after Him.’ Thus God misleadeth him who is the transgressor, the doubter.”¹⁶⁵ Therefore, understand from this verse and know of a certainty that the people in every age, clinging to a verse of the Book, have uttered such vain and absurd sayings, contending that no Prophet should again be made manifest to the world. Even as the Christian divines who, holding fast to the verse of the Gospel to which We have already referred, have sought to explain that the law of the Gospel shall at no time be annulled, and that no independent Prophet shall again be made manifest, unless He confirmeth the law of the Gospel. Most of the people have become afflicted with the same spiritual disease.	236. Matapos ang mga pagtatatwa at mga pagtuligsa na kanilang sinabi, at yaong Aming tinukoy, ay kanilang tinutulan sa pagsasabi: “Walang nagsasariling Propeta, sang-ayon sa aming mga Banal na Kasulatan, ang dapat na magbangon pagkalipas ni Moises at Jesus upang pawalang-bisa ang Batas ng banal na Rebelasyon. Hindi lamang iyon, kundi, siya na gagawaing mahayag ay dapat tuparin ang Batas.” Kapagdaka, ang bersikulong ito, nagpapahiwatig sa lahat ng banal na mga paksa, at sumasaksi sa katotohanan na ang daloy ng biyaya ng Lubos na Mahabagin ay hindi kailanman maaring huminto, ay ipinahayag: “At si Jose ay dumating sa inyo sa nakaraang panahon nang may malinaw na mga palatandaan, ngunit kayo ay hindi humintong mag-alinlangan sa mensahe na Kaniyang taglay para sa inyo, hanggang, nang Siya ay pumanaw, inyong sinabi: “Hindi mangyayari na ang Diyos sa anumang paraan ay pababangunin ang isang Sugo pagkatapos Niya.’ Sa gayon iniligaw ng Diyos siya na makasalanang nag-alinlangan.”¹⁶⁵ Samakatwid, unawain mula sa bersikulong ito at alamin nang may katiyakan na ang mga tao sa bawat panahon, nangangapit sa isang bersikulo ng Aklat, ay binigkas ang gayong palalo at balighong mga buwang-bibig, pinaninindigan na walang Propeta ang dapat na muling mahayag sa daigdig. Katulad ng mga Kristiyanong teologo na, sa mahigpit na pangangapit sa bersikulo ng Ebanghelyo na Amin nang nabanggit, ay sinikap na ipaliwanag na ang batas ng Ebanghelyo ay hindi maaaring pawalang-bisa sa anumang panahon, at na walang nagsasariling Propeta ang muling mahahayag, maliban kung pagtitibayin Niya

¹⁶⁵ Qur’án 40:34

	ang Batas ng Ebanghelyo. Karamihan sa mga tao ay nagkasakit ng gayunding espiritwal na karamdaman.
Even as thou dost witness how the people of the Qur’án, like unto the people of old, have allowed the words “Seal of the Prophets” to veil their eyes. And yet, they themselves testify to this verse: “None knoweth the interpretation thereof but God and they that are well-grounded in knowledge.”¹⁶⁶ And when He Who is well-grounded in all knowledge, He Who is the Mother, the Soul, the Secret, and the Essence thereof, revealeth that which is the least contrary to their desire, they bitterly oppose Him and shamelessly deny Him. These thou hast already heard and witnessed. Such deeds and words have been solely instigated by leaders of religion, they that worship no God but their own desire, who bear allegiance to naught but gold, who are wrapt in the densest veils of learning, and who, enmeshed by its obscurities, are lost in the wilds of error. Even as the Lord of being hath explicitly declared: “What thinkest thou? He who hath made a God of his passions, and whom God causeth to err through a knowledge, and whose ears and whose heart He hath sealed up, and over whose sight He hath cast a veil—who, after his rejection by God, shall guide such a one? Will ye not then be warned?”¹⁶⁷	237. Katulad ng iyong nasasaksihan kung paanong ang mga tao ng Qur’án, tulad ng mga tao ng nakaraan, ay pinahintulutan ang mga salitang “Selyo ng mga Propeta” na lambungan ang kanilang mga mata. At sila mismo, gayumpaman, ay nagpapatotoo sa bersikulong ito: “Walang sinuman ang nakaaaalam ng kahulugan nito kundi ang Diyos at sila na nasanay nang mabuti sa kaalaman.”¹⁶⁶ At nang Siya na tunay na sanay sa lahat ng kaalaman, Siya na ang Ina, ang Kaluluwa, ang Lihim, at ang Diwa noon, ay ipinapahayag yaong may pinakakaunting salungat sa kanilang hangarin, ay mapait nilang kinakalaban Siya at walang-kahihyang itinakwil Siya. Ang mga ito ay iyo nang narinig at nasaksihan. Ang gayong mga gawa at mga salita ay sinulsulan lamang ng mga pinuno ng relihiyon, na wala silang sinasambang Diyos kundi ang kanilang sariling hangarin, na walang binigyan ng katapatan liban sa ginto, na nababalot ng pinakamakapal na mga lambong ng karunungan, at sila, na nabihag ng mga kalabuan nito, ay nawawala sa mga kagubatan ng kamalian. Katulad ng maliwanag na ipinahayag ng Panginoon ng buhay: “Ano ang iyong iniisip? Siya na ginawa ang kaniyang mga simbuyo na isang Diyos, at yaong ginawa ng Diyos na maging sanhi ng pagkakamali sa pamamagitan ng isang kaalaman, at yaong ang mga tainga at yaong ang puso ay Kaniyang sinarahan, at yaong sa ibabaw ng paningin ay tinakpan Niya ng isang lambong—sino, matapos na itakwil niya ang Diyos, ang papatnubay sa gayong nilalang? Hindi ba kayo sa gayon ay binabalaan?”¹⁶⁷
Although the outward meaning of “Whom God causeth to err through a knowledge” is what hath been revealed, yet to Us it signifieth those divines of the age who have turned away from the Beauty of God, and who, clinging unto their own learning, as fashioned by their own fancies and desires, have denounced God’s divine Message and Revelation. “Say: It is a weighty Message, from which ye turn aside!”¹⁶⁸ Likewise,	238. Kahiman ang panlabas na kahulugan ng “Yaong ginawa ng Diyos na maging sanhi ng pagkakamali sa pamamagitan ng isang kaalaman” ay yaong ipinahayag, subalit sa Amin ito ay sumasagisag doon sa mga teologo ng panahon na bumaling palayo mula sa Kagandahan ng Diyos, at yaong, nang nangangapit sa kanilang sariling karunungan, na hinubog ng kanilang sariling mga guniguni at mga hangarin, ay itinakwil ang banal na Mensahe at Rebelasyon ng Diyos. “Sabihin: Ito ay isang

¹⁶⁶ Qur’án 3:7

¹⁶⁷ Qur’án 45:22

He saith: “And when Our clear verses are recited to them, they say, ‘This is merely a man who would fain pervert you from your father’s worship.’ And they say, ‘This is none other than a forged falsehood.’”¹⁶⁹	napakahalagang Mensahe, na inyong isinaisantabi!”¹⁶⁸ Gayundin, sinasabi Niya: “At kapag ang Aming malinaw na mga bersikulo ay binigkas sa kanila, kanilang sinasabi, ‘Ito ay isang tao lamang na naghahangad na ilihis ka mula sa sinasamba ng iyong ama.’ At kanilang sasabihin: ‘Ito ay walang iba kundi isang hinuwad na kasinungalingan.’”¹⁶⁹
Give ear unto God’s holy Voice, and heed thou His sweet and immortal melody. Behold how He hath solemnly warned them that have repudiated the verses of God, and hath disowned them that have denied His holy words. Consider how far the people have strayed from the Kawthar of the divine Presence, and how grievous hath been the faithlessness and arrogance of the spiritually destitute in the face of that sanctified Beauty. Although that Essence of loving-kindness and bounty caused those evanescent beings to step into the realm of immortality, and guided those destitute souls to the sacred river of wealth, yet some denounced Him as “a calumniator of God, the Lord of all creatures,” others accused Him of being “the one that withholdeth the people from the path of faith and true belief,” and still others declared Him to be “a lunatic” and the like.	239. Pakinggan ang banal na Tinig ng Diyos, at iyong pakinggan nang mabuti ang Kaniyang malamyos at walang-kamatayang melodiya. Masdan kung paano Niya taimtim na binalaan sila na nagtatwa sa mga bersikulo ng Diyos, at itinakwil sila na tumanggi sa banal na mga salita Niya. Isaalang-alang kung gaano kalayo ang pagkaligaw ng mga tao mula sa Kawthar ng banal na Kinaroroonan, at kung gaano kalubha ang kawalan ng pananalig at pagmamataas ng espirital na naghihikahos sa harap ng banal na Kagandahang iyon. Kahiman ang Diwa na iyon ng mapagmahal na kagandahang-loob at biyaya ay naging sanhi noong naglalahong mga tao na yumapak sa kaharian ng kawalang-kamatayan, at pinatnubayan ang mga kaluluwang hikahos sa banal na ilog ng kayamanan, subalit binabatikos Siya ng ilan bilang, “isang maninirang-puri sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang,” ang iba ay pinaratangan Siya sa pagiging “yaong pinipigilan ang mga tao mula sa landas ng pagsasampalataya at tunay na pananalig,” at ang iba pa ay binintangan Siya sa pagiging “isang baliw” at ang katulad nito.
In like manner, thou observest in this day with what vile imputations they have assailed that Gem of Immortality, and what unspeakable transgressions they have heaped upon Him Who is the Source of purity. Although God hath throughout His Book and in His holy and immortal Tablet warned them that deny and repudiate the revealed verses, and hath announced His grace unto them that accept them, yet behold the unnumbered cavils they raised against those verses which have been sent down from the new heaven of God’s eternal holiness!	240. Sa katulad na paraan, iyong namamasdan sa araw na ito kung anong sama ng mga paratang na kanilang idinaluhong sa Hiyas na iyon ng Kawalang-kamatayan, at ang hindi masabing mga kasalanan ang kanilang ibinunton sa Kaniya na Pinagmumulan ng kadalisan. Kahiman ang Diyos sa buong Aklat Niya at sa banal at walang-kamatayang Tableta Niya ay nagbabala sa kanilang tumanggi at nagtakwil sa ipinahayag na mga bersikulo, at ipinahayag ang pagpapala Niya sa kanila na tumanggap sa mga iyon, gayumpaman, masdan ang hindi mabilang na mga pamimintas na kanilang ginawa laban sa mga

¹⁶⁸ Qur’án 38:67

¹⁶⁹ Qur’án 34:43

This, notwithstanding the fact that no eye hath beheld so great an outpouring of bounty, nor hath any ear heard of such a revelation of loving-kindness. Such bounty and revelation have been made manifest, that the revealed verses seemed as vernal showers raining from the clouds of the mercy of the All-Bountiful. The Prophets “endowed with constancy,” whose loftiness and glory shine as the sun, were each honored with a Book which all have seen, and the verses of which have been duly ascertained. Whereas the verses which have rained from this Cloud of divine mercy have been so abundant that none hath yet been able to estimate their number. A score of volumes are now available. How many still remain beyond our reach! How many have been plundered and have fallen into the hands of the enemy, the fate of which none knoweth.	bersikulong iyon na ipinadala sa bagong kalangitan ng walang-hanggang kabanalan ng Diyos! Ito, sa kabila ng katotohanan na walang mata ang nakakita ng gayong kadakilang pagbuhos ng masaganang biyaya, ni napakinggan ng alinmang tainga ang gayong rebelasyon ng mapagmahal na kagandahang-loob. Ang gayong biyaya at rebelasyon ay ginawang mahayag, na ang ipinahayag na mga bersikulo ay waring tulad ng mga ulan ng tagsibol na bumubuhos mula sa mga ulap ng habag ng Mapagbigay sa Lahat. Ang mga Propeta na “pinagkalooban ng katapatan,” na ang kadakilaan at kaluwalhatian ay sumisikat tulad ng araw, bawat isa ay pinarangalan ng isang Aklat na nakita ng lahat at ang mga bersikulo nito ay natiyak nang nararapat. Datapwat ang mga bersikulong umulan mula sa Ulap na ito ng banal na kahabagan ay lubhang naging masagana na wala pang sinuman ang may kakayahang mataya ang kanilang bilang. Isang malaking bilang ng mga tomo ang ngayon ay makakamtan. Napakarami ang nananatili pang hindi natin nakukuha! Napakarami ang dinambong at nahulog sa mga kamay ng kaaway, na ang sinapit ay walang nakaalam.
O brother, we should open our eyes, meditate upon His Word, and seek the sheltering shadow of the Manifestations of God, that perchance we may be warned by the unmistakable counsels of the Book, and give heed to the admonitions recorded in the holy Tablets; that we may not cavil at the Revealer of the verses, that we may resign ourselves wholly to His Cause, and embrace wholeheartedly His law, that haply we may enter the court of His mercy, and dwell upon the shore of His grace. He, verily, is merciful and forgiving towards His servants.	241. O kapatid, dapat nating buksan ang ating mga mata, nilay-nilayin ang Salita Niya, at hanapin ang nanganganlong na lilim ng mga Kahayagan ng Diyos, na baka sakaling tayo ay mabigyan nawa ng babala sa pamamagitan ng hindi mapag-aalinlanganang mga payo ng Aklat, at pakinggan ang mga babalang nakatala sa banal na mga Tableta; upang nawa ay hindi natin pulaan ang Tagapagpahayag ng mga bersikulo, upang nawa ay lubos na maisuko natin ang ating mga sarili sa Kapakanan Niya, at tanggapin nang buong-puso ang Kaniyang batas, upang baka sakali ay makapasok tayo sa korte ng habag Niya, at manahan sa dalampasigan ng biyaya Niya. Siya, sa katunayan, ay mahabagin, at mapagpatawad sa mga tagapaglingkod Niya.
And likewise, He saith: “Say, O people of the Book! do ye not disavow us only because we believe in God and in what He hath sent down to us, and in what He hath sent down aforetime, and because most of you are doers of ill?”¹⁷⁰ How	242. At gayundin, sinasabi Niya: “Sabihin, O mga tao ng Aklat! hindi ba kami ay inyong itinatakwil dahil lamang sa kami ay naniniwala sa Diyos at doon sa ipinadala Niya sa amin at doon sa ipinadala Niya nang naunang panahon, at dahil sa karamihan sa inyo ay ang

explicitly doth this verse reveal Our purpose, and how clearly doth it demonstrate the truth of the testimony of the verses of God! This verse was revealed at a time when Islām was assailed by the infidels, and its followers were accused of misbelief, when the Companions of Muḥammad were denounced as repudiators of God and as followers of a lying sorcerer. In its early days, when Islām was still to outward seeming devoid of authority and power, the friends of the Prophet, who had turned their face toward God, wherever they went, were harassed, persecuted, stoned and vilified. At such a time this blessed verse was sent down from the heaven of divine Revelation. It revealed an irrefutable evidence, and brought the light of an unfailing guidance. It instructed the companions of Muḥammad to declare the following unto the infidels and idolaters: “Ye oppress and persecute us, and yet, what else have we done except that we have believed in God and in the verses sent down unto us through the tongue of Muḥammad, and in those which descended upon the Prophets of old?” By this is meant that their only guilt was to have recognized that the new and wondrous verses of God, which had descended upon Muḥammad, as well as those which had been revealed unto the Prophets of old, were all of God, and to have acknowledged and embraced their truth. This is the testimony which the divine King hath taught His servants.	mga gumagawa ng kasamaan?”¹⁷⁰ Napakaliwanag na ipinahayag ng bersikulong ito ang Aming layunin, at napakalinaw na pinatunayan nito ang katotohanan ng pagpapatotoo ng mga bersikulo ng Diyos! Ang bersikulong ito ay ipinahayag sa panahon nang ang Islām ay sinasalakay ng mga hindi naniniwala sa Diyos, at ang mga sumusunod rito ay pinaratangan ng lisyang-paniniwala, nang ang mga Kasamahan ni Muḥammad ay binatikos bilang mga nagtakwil sa Diyos at bilang mga sumusunod sa isang sinungaling na mangkukulam. Sa mga unang araw nito, nang ang Islām sa panlabas na pakiwari ay hubad pa sa kapangyarihan at lakas, ang mga kaibigan ng Propeta, na ibinaling ang kanilang mga mukha sa Diyos, saanman sila nagtungo, ay niligalig, inusig, pinagbabato at inalipusta. Sa gayong panahon ang pinagpalang bersikulong ito ay ipinadala mula sa kalangitan ng banal na Rebelasyon. Ito ay nagpahayag ng isang hindi mapabubulaanang katibayan, at nagdala ng liwanag ng isang walang-maliw na patnubay. Ipinag-utos nito sa mga kasamahan ni Muḥammad na ipahayag ang sumusunod sa mga hindi naniniwala sa Diyos at sa mga taong sumasamba sa mga diyus-diyusan: “Pinagmamalupitan at inuusig ninyo kami, subalit, ano ang ginawa naming iba liban sa kami ay naniwala sa Diyos at sa mga bersikulong ipinadala sa amin sa pamamagitan ng dila ni Muḥammad, at yaong bumaba sa mga Propeta ng nakaraan?” Ito ay nangangahulugan na ang tanging kasalanan nila ay ang kilalanin ang bago at kamangha-manghang mga bersikulo ng Diyos, na ibinaba kay Muḥammad, gayundin yaong ipinahayag sa mga Propeta ng nakaraan, ay nagmula lahat sa Diyos, at ang kilalanin at tanggapin ang katotohanan ng mga iyon. Ito ang patunay na itinuro ng banal na Hari sa Kaniyang mga tagapaglingkod.
In view of this, is it fair for this people to repudiate these newly revealed verses which have encompassed both the East and the West, and to regard themselves as the upholders of true belief? Should they not rather believe in Him Who hath revealed these verses? Considering the testimony which He Himself hath established, how could He fail to account as true believers	243. Dahil dito, makatarungan ba para sa mga taong ito na tanggihan ang bagong ipinahayag na mga bersikulong ito na sumaklaw kapuwa sa Silangan at sa Kanluran, at ipalagay ang kanilang mga sarili bilang mga tagapagtaguyod ng tunay na paniniwala? Sa halip, hindi ba nararapat na maniwala sila sa Kaniya na nagpahayag ng mga bersikulong ito? Sa paglilimi sa pagpapatunay na Siya Mismo ang nagpatotoo, paano

¹⁷⁰ Qur’ān 5:62

them that have testified to its truth? Far be it from Him that He should turn away from the gates of His mercy them that have turned unto and embraced the truth of the divine verses, or that He should threaten those that have clung to His sure testimony! He verily establisheth the truth through His verses, and confirmeth His Revelation by His words. He verily is the Powerful, the Help in peril, the Almighty.	Siya mabibigong ibilang na tunay na mga mananampalataya sila na nagpatotoo sa katotohanan nito? Di palak na malayo para sa Kaniya na itaboy Niya mula sa mga pintuan ng Kaniyang habag sila na bumaling dito at tinanggap ang katotohanan ng banal na mga bersikulo, o na pagbantaan Niya yaong mga nangapit sa Kaniyang tiyak na pagpapatotoo! Sa katunayan Kaniyang itinatag ang katotohanan sa pamamagitan ng mga bersikulo Niya, at pinagtibay ang Kaniyang Rebelasyon sa pamamagitan ng mga Salita Niya. Siya sa katunayan ay ang Malakas, ang Tulong sa panganib, ang Lubos na Makapangyarihan.
And likewise, He saith: “And had We sent down unto Thee a Book written on parchment, and they had touched it with their hands, the infidels would surely have said ‘This is naught but palpable sorcery.’”¹⁷¹ Most of the verses of the Qur’án are indicative of this theme. We have, for the sake of brevity, mentioned only these verses. Consider, hath anything else besides the verses been established in the whole Book, as a standard for the recognition of the Manifestations of His Beauty, that the people might cling to, and reject the Manifestations of God? On the contrary, in every instance, He hath threatened with fire those that repudiate and scoff at the verses, as already shown.	244. At gayundin, sinasabi Niya: “At kung ipinadala Namin sa Iyo ang isang Aklat na nakasulat sa pergamino, at ang mga iyon ay hinipo ng kanilang mga kamay, ang mga hindi naniniwala sa Diyos ay tiyak na magsasabing: ‘Ito ay walang iba kundi maliwanag na pangkukulam.’”¹⁷¹ Karamihan sa mga bersikulo ng Qur’án ay nagpapahiwatig sa paksang ito. Upang maging maikli, Amin lamang binanggit ang mga bersikulong ito. Isaalang-alang, mayroon bang anumang bagay bukod sa mga bersikulong pinagtibay sa buong Aklat, bilang isang pamantayan para sa pagkilala ng mga Kahayagan ng Kaniyang Kagandahan, na maaaring panghawakan ng mga tao, at tanggihan ang mga Kahayagan ng Diyos? Sa kabaligtaran, sa bawat pagkakataon, ibinabala Niya ang apoy roon sa mga tumanggi at kumutya sa mga bersikulo, tulad ng naipakita na.
Therefore, should a person arise and bring forth a myriad verses, discourses, epistles, and prayers, none of which have been acquired through learning, what conceivable excuse could justify those that reject them, and deprive themselves of the potency of their grace? What answer could they give when once their soul hath ascended and departed from its gloomy temple? Could they seek to justify themselves by saying: “We have clung to a certain tradition, and not having beheld the literal fulfillment thereof, we have therefore raised such cavils against the	245. Samakatwid, kung ang isang tao ay magbabangon at magdadala ng napakaraming mga bersikulo, mga pagtalakay, mga liham, at mga dasal, nang wala sa alinman ang natamo sa pamamagitan ng pag-aaral, ano ang maiisip na maidadahilan noong mga tumatanggi sa mga iyon, at pagkakaitan ang kanilang mga sarili ng lakas ng biyaya niyon? Anong sagot ang maibibigay nila kapag ang kanilang kaluluwa ay umakyat at nilisan ang malungkot na templo nito? Susubukin ba nilang bigyang katuwiran ang kanilang mga sarili sa pagsasabing: “Kami ay nangapit sa isang ganoong tradisyon, at dahil hindi nakita ang literal na

¹⁷¹ Qur’án 6:7

Embodiments of divine Revelation, and kept remote from the law of God”? Hast thou not heard that among the reasons why certain Prophets have been designated as Prophets “endowed with constancy” was the revelation of a Book unto them? And yet, how could this people be justified in rejecting the Revealer and Author of so many volumes of verses, and follow the sayings of him who hath foolishly sown the seeds of doubt in the hearts of men, and who, Satan-like, hath risen to lead the people into the paths of perdition and error? How could they allow such things to deprive them of the light of the Sun of divine bounty? Aside from these things, if these people shun and reject such a divine Soul, such holy Breath, to whom, We wonder, could they cling, to whose face besides His Face could they turn? Yea—“All have a quarter of the Heavens to which they turn.”¹⁷² We have shown thee these two ways; walk thou the way thou chooseth. This verily is the truth, and after truth there remaineth naught but error.	katuparan nito, kami samakatwid, ay nilakasan namin ang gayong mga pamimintas laban sa mga Sagisag ng banal na Rebelasyon, at nanatiling malayo mula sa batas ng Diyos?” Hindi mo ba narinig na kabilang sa mga dahilan kung bakit ang mga Propeta ay hinirang bilang mga Propeta na “pinagkalooban ng katapatan” ay ang pagpapahayag ng isang Aklat sa kanila? At gayumpaman, paanong ang mga taong ito ay magiging makatwiran sa pagtangga sa Tagapagpahayag at May-akda ng napakaraming mga tomo ng mga bersikulo, at sumunod sa mga kasabihan niya na may kahangalang naghasik ng mga binhi ng alinlangan sa mga puso ng mga tao at sinong, mala-Satanas, ang nagbangon upang akayin ang mga tao sa landas ng pagkapanganyaya at kamalian? Paano nila maaaring hayaan ang gayong mga bagay na ipagkait sa kanila ang liwanag ng Araw ng banal na biyaya? Bukod sa mga bagay na ito, kung iniwasan at tinanggihan ng gayong banal na Kaluluwa ang mga taong ito, ang gayong banal na Hininga, nais Naming mabatid kung kanino kaya sila mangangapit, kung kaninong mukha kaya bukod sa Kaniyang Mukha sila maaaring bumaling? Tunay—“Lahat ay may ikaapat na bahagi ng mga Kalangitan na kung saan sila ay makababaling.”¹⁷² Aming ipinakita sa iyo ang dalawang landas na ito; iyong tahakin ang landas na iyong pinili. Ito sa katunayan ay ang katotohanan, at matapos ang katotohanan wala nang nalalabi kundi kamalian.
Amongst the proofs demonstrating the truth of this Revelation is this, that in every age and Dispensation, whenever the invisible Essence was revealed in the person of His Manifestation, certain souls, obscure and detached from all worldly entanglements, would seek illumination from the Sun of Prophethood and Moon of divine guidance, and would attain unto the divine Presence. For this reason, the divines of the age and those possessed of wealth would scorn and scoff at these people. Even as He hath revealed concerning them that erred: “Then said the chiefs of His people who believed not, ‘We see in Thee but a man like ourselves; and we see not any who	246. Kabilang sa mga pagpapatunay na nagpapakita ng katotohanan nitong Rebelasyon ay ito, na sa bawat panahon at Dispensasyon, kailanman ang hindi nakikitang Diwa ay ipinahayag sa katauhan ng Kaniyang Kahayagan, ang ilang mga Kaluluwa, na nakukubli at nakatiwalag mula sa lahat ng makamundong mga pagkakasangkot, ay maghahanap ng kaliwanagan mula sa Araw ng Pagka-Propeta at sa Buwan ng banal na patnubay, at makararating sa banal na Kinaroroonan. Sa kadahilanang ito, ang mga teologo ng panahon at yaong mga nagtataglay ng kayamanan, ay lilibakin at kukutyain ang mga taong ito. Tulad ng Kaniyang ipinahayag tungkol sa kanilang nagkamali: “Pagkatapos ay sinabi ng mga pinuno ng Kaniyang mga

¹⁷² Qur’án 2:148

have followed Thee except our meanest ones of hasty judgment, nor see we any excellence in you above ourselves: nay, we deem you liars.”¹⁷³ They caviled at those holy Manifestations, and protested saying: “None hath followed you except the abject amongst us, those who are worthy of no attention.” Their aim was to show that no one amongst the learned, the wealthy, and the renowned believed in them. By this and similar proofs they sought to demonstrate the falsity of Him that speaketh naught but the truth.	taong di-naniniwala, ‘Aming nakikita sa Iyo ang isang tao lamang na tulad ng aming mga sarili, at wala kaming nakikitang sinuman na sumusunod sa Iyo liban sa aming pinakahamak na mga taong pabigla-bigla sa paghatol, ni wala kaming anumang nakikita sa iyong pangingibabaw nang higit sa aming mga sarili: hindi lamang iyon, kundi, aming itinuturing kayo na mga sinungaling.”¹⁷³ Pinulaan nila yaong mga banal na mga Kahayagan, at tumutol na sinasabi: “walang sinuman ang sumunod sa iyo liban sa pinakaaba sa amin, yaong mga hindi karapat-dapat na pansinin.” Ang kanilang layunin ay ang ipakita na walang sinuman na nabibilang sa marurunong, sa mayayaman, at sa mga bantog ang naniwala sa kanila. Sa pamamagitan ng ganito at katulad na mga patunay ay nagsikap silang ipakita ang kasinungalingan Niya na walang sinasabi kundi ang katotohanan.
In this most resplendent Dispensation, however, this most mighty Sovereignty, a number of illumined divines, of men of consummate learning, of doctors of mature wisdom, have attained unto His Court, drunk the cup of His divine Presence, and been invested with the honor of His most excellent favor. They have renounced, for the sake of the Beloved, the world and all that is therein. We will mention the names of some of them, that perchance it may strengthen the fainthearted, and encourage the timorous.	247. Gayumpaman, dito sa pinakamaningning na Dispensasyon, sa pinakadakilang Kapangyarihan, isang bilang ng naliwanagang mga teologo, mga taong may lubos na kadalubhasaan, mga paham na may ganap na karunungan, ang natamong makarating sa Bulwagan Niya, uminom sa kopa ng Kaniyang banal na Harapan, at pinagkalooban ng karangalan ng Kaniyang nakahihigit sa lahat na pagtatangi. Itinakwil nila, alang-alang sa kapakanan ng Minamahal, ang daigdig at ang lahat ng naroroon. Aming babanggitin ang mga pangalan ng ilan sa kanila, upang baka sakali ito nawa ay magpatibay sa mahina ang puso at mapalakas ang loob ng masindakin.
Among them was Mullá Husayn, who became the recipient of the effulgent glory of the Sun of divine Revelation. But for him, God would not have been established upon the seat of His mercy, nor ascended the throne of eternal glory. Among them also was Siyyid Yahyá, that unique and peerless figure of his age,	248. Kabilang sa kanila ay si Mullá Husayn, na naging tagatanggap ng maningning na kaluwalhatian ng Araw ng banal na Rebelasyon. Kung hindi sa kaniya, ang Diyos ay hindi mangyayaring maitatag sa luklukan ng Kaniyang habag, ni makaaakyat sa trono ng walang-hanggang kaluwalhatian. Kabilang din sa kanila ay si Siyyid Yahyá, yaong walang-katulad at walang-kapantay na katauhan ng Kaniyang panahon,
Mullá Muḥammad ‘Alí-i-Zanjání	Mullá Muḥammad ‘Alí-i-Zanjání
Mullá ‘Alí-i-Bastámí	Mullá ‘Alí-i-Bastámí

¹⁷³ Qur’án 11:27

Mullá Sa‘íd-i-Bárfurúshí	Mullá Sa‘íd-i-Bárfurshí
Mullá Ni‘matu’lláh-i-Mázindarání	Mullá Ni‘matu’lláh-i-Mázindarání
Mullá Yúsuf-i-Ardibílí	Mullá Yúsuf-i-Ardibílí
Mullá Mihdíy-i-Khu‘í	Mullá Mihdíy-i-Khu‘í
Siyyid Ḥusayn-i-Turshízí	Siyyid Ḥusayn-i-Turshízí
Mullá Mihdíy-i-Kandí	Mullá Mihdíy-i-Kandí
Mullá Báqir	Mullá Báqir
Mullá ‘Abdu’l-Kháliq-i-Yazdí	Mullá ‘Abdu’l-Kháliq-i-Yazdí
Mullá ‘Alíy-i-Baraqání	Mullá ‘Alíy-i-Baraqání
and others, well-nigh four hundred in number, whose names are all inscribed upon the “Guarded Tablet” of God.	at iba pa, na halos umabot ang bilang sa apat na raan, na ang mga pangalan ay nakaukit sa “Iniingatang Tableta” ng Diyos.
All these were guided by the light of that Sun of divine Revelation, confessed and acknowledged His truth. Such was their faith, that most of them renounced their substance and kindred, and cleaved to the good-pleasure of the All-Glorious. They laid down their lives for their Well-Beloved, and surrendered their all in His path. Their breasts were made targets for the darts of the enemy, and their heads adorned the spears of the infidel. No land remained which did not drink the blood of these embodiments of detachment, and no sword that did not bruise their necks. Their deeds, alone, testify to the truth of their words. Doth not the testimony of these holy souls, who have so gloriously risen to offer up their lives for their Beloved that the whole world marveled at the manner of their sacrifice, suffice the people of this day? Is it not sufficient witness against the faithlessness of those who for a trifle betrayed their faith, who bartered away immortality for that which perisheth, who gave up the Kawthar of the divine Presence for salty	249. Lahat ng mga ito ay pinatnubayan ng liwanag ng Araw na iyon ng banal na Rebelasyon, ipinagtapat at kinilala ang Kaniyang katotohanan. Gayon ang kanilang pananalig, na karamihan sa kanila ay itinakwil ang kanilang mga ari-arian at kaanak, at nangapit sa mabuting kasiyahan ng Lubos na Maluwalhati. Inihain nila ang kanilang buhay para sa kanilang Pinakamamahal, at isinuko ang lahat ng nasa kanila sa landas Niya. Ang kanilang mga dibdib ay ginawang mga tudlaan ng mga suligi ng kaaway, at ang kanilang mga ulo ay pinalamutihan ng mga sibat ng hindi naniniwala sa Diyos. Walang lupain ang nanatiling hindi nakainom ng dugo nitong mga sagisag ng pagtiwalag, at walang espada ang hindi nagmarka ng pasâ sa kanilang mga leeg. Ang kanilang mga ginawa ang tanging sumasaksi sa katotohanan ng kanilang mga salita. Ang pagpapatunay ba ng banal na mga kaluluwang iyon, na lubhang maluwalhating nagbangon upang ihandog ang kanilang mga buhay para sa kanilang Minamahal, na ang buong daigdig ay namangha sa gawi ng kanilang pagpapakasakit, ay makasasapat na sa mga tao ng araw na ito? Hindi pa ba sapat na patunay laban sa kawalan

springs, and whose one aim in life is to usurp the property of others? Even as thou dost witness how all of them have busied themselves with the vanities of the world, and have strayed far from Him Who is the Lord, the Most High.	ng katapatan noong para sa kakaunti ay ipinagkanulo ang kanilang pananampalataya, na ipinagpalit ang kawalang-kamatayan sa ganoong naglalaho, na isinuko ang Kawthar ng banal na Kinaroroonan para sa maalat na mga bukal, at ang tanging layunin sa buhay ay ang kamkamin ang ari-arian ng iba? Gayumpaman iyong nasasaksihan kung paanong silang lahat ay naging abala ang kanilang mga sarili sa mga kapalaluan ng daigdig, at naligaw nang malayo mula sa Kaniya na Panginoon, ang Pinakamataas.
Be fair: Is the testimony of those acceptable and worthy of attention whose deeds agree with their words, whose outward behavior conforms with their inner life? The mind is bewildered at their deeds, and the soul marveleth at their fortitude and bodily endurance. Or is the testimony of these faithless souls who breathe naught but the breath of selfish desire, and who lie imprisoned in the cage of their idle fancies, acceptable? Like the bats of darkness, they lift not their heads from their couch except to pursue the transient things of the world, and find no rest by night except as they labor to advance the aims of their sordid life. Immersed in their selfish schemes, they are oblivious of the divine Decree. In the daytime they strive with all their soul after worldly benefits, and in the night-season their sole occupation is to gratify their carnal desires. By what law or standard could men be justified in cleaving to the denials of such petty-minded souls and in ignoring the faith of them that have renounced, for the sake of the good-pleasure of God, their life and substance, their fame and renown, their reputation and honor?	250. Maging makatarungan: Katanggap-tanggap at karapat-dapat bang na pansinin ang patotoo ng yaong ang mga gawa ay umaayon sa kanilang mga salita, na ang panlabas na ugali ay tumutugma sa kanilang naloloob na pamumuhay? Ang isipan ay natataranta sa kanilang mga gawa, at ang kaluluwa ay namamangha sa kanilang katatagan ng loob at tibay ng katawan. O katanggap-tanggap ba ang pagpapatotoo nitong mga kaluluwang walang pananalig na walang inihihinga kundi ang paghinga ng makasariling hangarin, at yaong nananatiling nakabilanggo sa hawla ng kanilang walang-saysay na mga guniguni? Katulad ng mga paniki ng kadiliman, hindi nila iniaangat ang kanilang mga ulo mula sa kanilang higaaan liban sa pagtugis sa pansamantalang mga bagay ng daigdig, at walang matagpuang pahinga sa gabi liban sa kanilang pagsisikap na isulong ang layunin ng kanilang karima-rimarim na pamumuhay. Nakalubog sa kanilang makasariling mga pakana, sila ay hindi alumana ang banal na Utos. Sa buong-araw nagpupunyagi sila nang buong kaluluwa nila para sa makamundong mga kapakinabangan, at sa gabi ang tangi nilang gawain ay ang bigyang-kaluguran ang kanilang mahalay na mga hangarin. Sa anong batas o pamantayan maaaring bigyang katwiran ng mga tao ang pangangapit sa mga pagtanggap ng mga kaluluwang iyon na mababaw ang kaisipan, at sa pagwawalang-bahala sa pananalig nilang itinakwil, alang-alang sa mabuting kasiyahan ng Diyos, ang kanilang buhay at ari-arian, ang kanilang kabantugan at kabunyian, ang kanilang pangalan at karangalan?

Were not the happenings of the life of the “Prince of Martyrs”¹⁷⁴ regarded as the greatest of all events, as the supreme evidence of his truth? Did not the people of old declare those happenings to be unprecedented? Did they not maintain that no manifestation of truth hath ever evinced such constancy, such conspicuous glory? And yet, that episode of his life, commencing as it did in the morning, was brought to a close by the middle of the same day, whereas, these holy lights have, for eighteen years, heroically endured the showers of afflictions which, from every side, have rained upon them. With what love, what devotion, what exultation and holy rapture, they sacrificed their lives in the path of the All-Glorious! To the truth of this all witness. And yet, how can they belittle this Revelation? Hath any age witnessed such momentous happenings? If these companions be not the true strivers after God, who else could be called by this name? Have these companions been seekers after power or glory? Have they ever yearned for riches? Have they cherished any desire except the good-pleasure of God? If these companions, with all their marvelous testimonies and wondrous works, be false, who then is worthy to claim for himself the truth? I swear by God! Their very deeds are a sufficient testimony, and an irrefutable proof unto all the peoples of the earth, were men to ponder in their hearts the mysteries of divine Revelation. “And they who act unjustly shall soon know what lot awaiteth them!”¹⁷⁵

251. Hindi ba ang mga naganap sa buhay ng “Prinsipe ng mga Martir”¹⁷⁴ ay ipinalagay bilang ang pinakadakila sa lahat ng mahalagang mga pangyayari, bilang ang sukdulang katibayan ng kaniyang katotohanan? Hindi ba ipinahayag ng mga tao ng nakaraan na ang ganoong mga pangyayari ay walang katulad? Hindi ba kanilang pinanindigan na walang kahayagan ng katotohanan ang kailanman ay nagpakita ng gayong katapatan, ng gayong kahanga-hangang kaluwalhatian? Ngunit gayumpaman, ang gayong pangyayari sa kaniyang buhay, ay nagsimula sa umaga at nagwakas sa katanghalian ng araw ding iyon, samantalang itong banal na mga liwanag, sa loob ng labing-walong taon, ay buong giting na pinagtitiisan ang mga ulan ng mga pasakit na, mula sa bawat panig, ay bumubuhos sa kanila. Napakatindi ng pag-ibig, ng pagmamalasakit, ng kasayahan at banal na kasidhian ng kaligayahan, na kanilang ipinagpakasakit ang kanilang mga buhay sa landas ng Lubos na Maluwalhati! Sa katotohanan nito ang lahat ay sumasaksi. Datapwat paano nila maaaring maliitin ang Rebelasyong ito? Mayroon na bang nakasaksing panahon sa gayong napakaakilang pangyayari? Kung ang mga kasamahang ito ay hindi tunay na mga nagpunyagi para sa Diyos, sino pa ang matatawag sa pangalang ito? Sila ba ay naging mapaghangad sa kapangyarihan o kaluwalhatian? Naghangad ba sila kailanman ng mga kayamanan? Nagtangi ba sila ng anumang hangarin liban sa mabuting kasiyahan ng Diyos? Kung ang mga kasamahang ito, taglay ang lahat ng kanilang kagila-gilalas na mga patunay at kamangha-manghang mga gawa, ay maging huwad, sino kung gayon ang karapat-dapat na mag-angkin ng katotohanan para sa kaniyang sarili? Sumusumpa ako sa Diyos! Ang kanilang mga pinakagawa ay isang sapat na pagpapatibay, at isang hindi mapabubulaanang patunay sa lahat ng mga tao ng kalupaan, kung ninilay-nilayin ng mga tao sa kanilang mga puso ang mga kahiwagaan ng banal na Rebelasyon. “At silang kumikilos nang hindi makatarungan hindi magtatagal ay mababatid kung anong kapalaran ang naghihintay sa kanila!”¹⁷⁵

¹⁷⁴ Imám Husayn

¹⁷⁵ Qur’án 26:227

Furthermore, the sign of truth and falsehood is designated and appointed in the Book. By this divinely appointed touchstone, the claims and pretensions of all men must needs be assayed, so that the truthful may be known and distinguished from the imposter. This touchstone is no other than this verse: “Wish for death, if ye are men of truth.”¹⁷⁶ Consider these martyrs of unquestionable sincerity, to whose truthfulness testifieth the explicit text of the Book, and all of whom, as thou hast witnessed, have sacrificed their life, their substance, their wives, their children, their all, and ascended unto the loftiest chambers of Paradise. Is it fair to reject the testimony of these detached and exalted beings to the truth of this preeminent and glorious Revelation and to regard as acceptable the denunciations which have been uttered against this resplendent Light by this faithless people, who for gold have forsaken their faith, and who for the sake of leadership have repudiated Him Who is the First Leader of all mankind? This, although their character is now revealed unto all people who have recognized them as those who will in no wise relinquish one jot or one tittle of their temporal authority for the sake of God’s holy Faith, how much less their life, their substance, and the like.	252. Bukod roon, ang palatandaan ng katotohanan at kasinungalingan ay pinangalanan at itinalaga sa Aklat. Sa pamamagitan ng banal na uriang-bato, ang mga inaangkin at mga pagkukunwari ng lahat ng mga tao ay kailangang mapatunayan, upang sa gayon ang makatotohanan ay maaaring makilala at maibukod mula sa nagpapanggap. Ang uriang-bato na ito ay walang iba kundi ang bersikulong ito: “Maghangad sa kamatayan, kung kayo ay yaong mga tao ng katotohanan.”¹⁷⁶ Isaalang-alang ang mga martir na ito na hindi mapag-aalinlanganan ang katapatan, na ang pagkamakatotohanan ay nagpapatotoo sa malinaw na teksto ng Aklat, at lahat sa kanila, tulad ng iyong nasaksihan, ay ipinagpakasakit ang kanilang buhay, ang kanilang mga yaman, ang kanilang mga maybahay, ang kanilang mga anak, ang lahat ng nasa kanila, at umakyat sa pinakamatayog na mga silid ng Paraiso. Makatarungan bang tanggihan ang patotoo nitong mga nakatiwalag na dakilang mga tao ukol sa katotohanan nitong walang-kapantay at maluwalhating Rebelasyon at ipalagay na katanggap-tanggap ang mga pagtuligsa nitong taksil na sambayanan laban sa maningning na Liwanag na ito, na dahil sa ginto ay tinalikuran ang kanilang pananampalataya, at alang-alang sa pamumuno ay itinatwa Siya na Unang Pinuno ng buong sangkatauhan? Kahiman ang kanilang asal ay nahayag na ngayon sa lahat ng mga taong nakakilala sa kanila bilang yaong sa anumang paraan ay hindi mangyayaring iwanan ang isang karampot o isang katiting ng kanilang pansamantalang kapangyarihan alang-alang sa banal na Pananampalataya ng Diyos, gaano pa ang kanilang buhay, ang kanilang kayamanan, at ang katulad nito.
Behold how the divine Touchstone hath, according to the explicit text of the Book, separated and distinguished the true from the false. Notwithstanding, they are still oblivious of this truth, and in the sleep of heedlessness, are pursuing the vanities of the world, and are occupied with thoughts of vain and earthly leadership.	253. Masdan kung paanong ang banal na Uriang-bato, ayon sa malinaw na teksto ng Aklat, ay inihiwalay at kinilala ang katotohanan mula sa kasinungalingan. Sa kabila nito, hindi pa rin nila alintana ang katotohanang ito, at tulog sa pagwawalang-bahala, ay sinusundan ang mga kapalaluan ng daigdig, at abala sa mga kaisipan ng palalo at makalupang pamumuno.

¹⁷⁶ Qur’án 2:94, 62:6

“O Son of Man! Many a day hath passed over thee whilst thou hast busied thyself with thy fancies and idle imaginings. How long art thou to slumber on thy bed? Lift up thine head from slumber, for the Sun hath risen to the zenith; haply it may shine upon thee with the light of beauty.”	254. “O Anak ng Tao! Maraming araw ang lumipas sa iyo habang iyong ginawang abala ang iyong sarili sa iyong mga guniguni at walang-saysay na mga hinagap. Gaano pa katagal ang iyong pagkakatatulog sa iyong higaan? Ibangon ang iyong ulo mula sa pagkatulog, sapagkat ang Araw ay sumikat na sa kaitaasan; baka sakaling ito nawa ay suminag sa iyo na taglay ang liwanag ng kagandahan.”
Let it be known, however, that none of these doctors and divines to whom we have referred was invested with the rank and dignity of leadership. For well-known and influential leaders of religion, who occupy the seats of authority and exercise the functions of leadership, can in no wise bear allegiance to the Revealer of truth, except whomsoever thy Lord willeth. But for a few, such things have never come to pass. “And few of My servants are the thankful.”¹⁷⁷ Even as in this Dispensation, not one amongst the renowned divines, in the grasp of whose authority were held the reins of the people, hath embraced the Faith. Nay, they have striven against it with such animosity and determination that no ear hath heard and no eye hath seen the like.	255. Gayumpaman, dapat na mabatid ito, na walang sinuman sa mga paham at mga teologong ito na aming tinukoy ang pinagkalooban ng antas at karangalan ng pagkapinuno. Sapagkat ang kilalang-kilala at makapangyarihang mga pinuno ng relihiyon, na nanunungkulan sa mga luklukan ng kapangyarihan at isinasakatuparan ang mga gawain ng pagkapinuno, ay hindi maaaring, sa anumang paraan, magtaglay ng katapatan sa Tagapagpahayag ng katotohanan, liban sa sinumang niloob ng iyong Panginoon. Liban sa iilan, ang gayong mga bagay ay hindi kailanman naganap. “At iilan sa Aking mga tagapaglingkod ay ang nagpapasalamat.”¹⁷⁷ Kahit na sa Dispensasyong ito, wala ni isa na kabilang sa mga bantog na mga teologo, na ang kapangyarihan ay hawak sa kamay ang mga ugut ng mga tao, ang tumanggap sa Pananampalataya. Hindi lamang iyon, kundi, sila ay nagpunyagi laban dito nang may gayong poot at matibay na pagtitika na walang tainga ang nakarinig at walang mata ang nakakita ng katulad nito.
The Báb, the Lord, the most exalted—may the life of all be a sacrifice unto Him—hath specifically revealed an Epistle unto the divines of every city, wherein He hath fully set forth the character of the denial and repudiation of each of them. “Wherefore, take ye good heed ye who are men of insight!”¹⁷⁸ By His references to their opposition He intended to invalidate the objections which the people of the Bayán might raise in the day of the manifestation of “Mustagháth,”¹⁷⁹ the day of the Latter Resurrection, claiming that, whereas in the	256. Ang Bab, ang Panginoon, ang pinakadakila—harinawang ang buhay ng lahat ay maging isang pagpapakasakit sa Kaniya—ay tiyakang ipinahayag ang isang Liham para sa mga teologo ng bawat lungsod, kung saan inilahad Niya ang katangian ng pagtatatwa at pagtatakwil ng bawat isa sa kanila. “Kung gayon, makinig kayo nang mabuti, kayong mga tao na may maliwanag na pagkaunawa!”¹⁷⁸ Sa pamamagitan ng mga pagtukoy Niya sa kanilang pagsalungat, nilayon Niya na pawalang-bisa ang mga pagtutol na maaaring iharap ng mga tao ng Bayán sa araw ng paghahayag ng “Mustagháth,”¹⁷⁹ ang araw ng

¹⁷⁷ Qur’án 34:14

¹⁷⁸ Qur’án 59:2

¹⁷⁹ Siya na tinawag.

Dispensation of the Bayán a number of divines have embraced the Faith, in this latter Revelation none of these hath recognized His claim. His purpose was to warn the people lest, God forbid, they cling to such foolish thoughts and deprive themselves of the divine Beauty. Yea, these divines to whom We have referred, were mostly unrenowned, and, by the grace of God they were all purged of earthly vanities and free from the trappings of leadership. “Such is the bounty of God; to whom He will He giveth it.”	Nahuhuling Pagkabuhay na Muli, sinasabing, samantalang sa Dispensasyon ng Bayán isang bilang ng mga teologo ang tumanggap sa Pananampalataya, dito sa huling Rebelasyon walang sinuman sa mga ito ang tumanggap sa pahayag Niya. Ang layunin Niya ay upang bigyan ng babala ang mga tao na baka sila, huwag nawang itulot ng Diyos, ay mangapit sa gayong hangal na mga kaisipan at pagkaitan ang kanilang mga sarili ng banal na Kagandahan. Tunay, ang mga teologong ito na Aming tinukoy, karamihan ay hindi bantog, at, sa pagpapala ng Diyos lahat sila ay pinadalisyay mula sa makalupang mga kapalaluan at malaya mula sa mga gayak ng pagkapinuno. “Gayon ang biyaya ng Diyos; ibibigay Niya ito sa kaniya na niloloob Niya.”
Another proof and evidence of the truth of this Revelation, which amongst all other proofs shineth as the sun, is the constancy of the eternal Beauty in proclaiming the Faith of God. Though young and tender of age, and though the Cause He revealed was contrary to the desire of all the peoples of earth, both high and low, rich and poor, exalted and abased, king and subject, yet He arose and steadfastly proclaimed it. All have known and heard this. He was afraid of no one; He was regardless of consequences. Could such a thing be made manifest except through the power of a divine Revelation, and the potency of God’s invincible Will? By the righteousness of God! Were any one to entertain so great a Revelation in his heart, the thought of such a declaration would alone confound him! Were the hearts of all men to be crowded into his heart, he would still hesitate to venture upon so awful an enterprise. He could achieve it only by the permission of God, only if the channel of his heart were to be linked with the Source of divine grace, and his soul be assured of the unfailing sustenance of the Almighty. To what, We wonder, do they ascribe so great a daring? Do they accuse Him of folly as they accused the Prophets of old? Or do they maintain that His	257 Isa pang patunay at katibayan ng katotohanan ng Rebelasyon na ito, na kabilang sa lahat ng ibang mga patunay na nagniningning tulad ng araw, ay ang katapatan ng walang-hanggang Kagandahan sa pagpapahayag ng Pananampalataya ng Diyos. Kahiman bata at mura sa gulang, at kahiman ang Kapakanan na ipinahayag Niya ay salungat sa naisin ng lahat ng mga tao ng kalupaan, kapuwa mataas at mababa, mayaman at dukha, dakila at hamak, hari at nasasakupan, gayumpaman Siya ay nagbangon at matatag na ipinahayag ito. Lahat ay nabatid at narinig ito. Siya ay walang takot sa sinuman; Siya ay walang pagpapahalaga sa mga kahirinatnan. Maaari ba na ang gayong bagay ay magagawang ihayag liban sa pamamagitan ng kapangyarihan ng isang banal na Rebelasyon, at ng bisa ng hindi magagaping Kalooban ng Diyos? Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Kung sinuman ang magsasaalang-alang sa lubhang dakilang Rebelasyon sa kaniyang puso, ang isipin ang gayong paghahayag ay makatataranta lamang sa kaniya! Kung ang mga puso ng lahat ng mga tao ay magsisiksikan sa loob ng kaniyang puso, siya ay mag-aatubili pa ring makipagsapalaran sa lubhang dakilang gawain. Matatamo lamang niya ito sa pamamagitan ng kakahintulutan ng Diyos, kung ang daluyan ng kaniyang puso ay nakaugnay lamang sa Pinagmumulan ng banal na pagpapala, at ang kaniyang kaluluwa ay nakatitiyak sa walang-maliw na panustos ng Lubos na Makapangyarihan. Nagtataka Kami kung sa

motive was none other than leadership and the acquisition of earthly riches?	ano nila idinadahilan ang gayong matinding kapangahasan? Pinagbibintangan ba nila Siya ng kahangalan tulad ng kanilang bintang sa mga Propeta ng nakaraan? O pinaninindigan ba nila na ang hangarin Niya ay walang iba kundi ang pamumuno at ang pagtatamo ng makalupang mga kayamanan?
Gracious God! In His Book, which He hath entitled “Qayyúmu’l-Asmá”—the first, the greatest and mightiest of all books—He prophesied His own martyrdom. In it is this passage: “O thou Remnant of God! I have sacrificed myself wholly for Thee; I have accepted curses for Thy sake; and have yearned for naught but martyrdom in the path of Thy love. Sufficient Witness unto me is God, the Exalted, the Protector, the Ancient of Days!”	258. Mahabaging Diyos! Sa Aklat Niya, na pinamagatan Niyang “Qayyúmu’l-Asmá”—ang pangunahin, ang pinakadakila at pinakamakapangyarihan sa lahat ng mga aklat—inihula Niya ang Kaniyang sariling pagmamartir. Sa loob nito ay ang siping ito: “O ikaw na Bakás ng Diyos! Aking ipinagpakasakit ang aking sarili nang lubusan para sa Iyo; Aking tinanggap ang mga sumpa alang-alang sa Iyo; at walang pinanabikan kundi ang pagmamartir sa landas ng Iyong pagmamahal. Sapat na Saksi sa akin ang Diyos, ang Dakila, ang Tagapagtanggol, ang Napakatanda ng mga Araw!”
Likewise, in His interpretation of the letter “Há’,” He craved martyrdom, saying: “Methinks I heard a Voice calling in my inmost being: ‘Do thou sacrifice the thing which Thou lovest most in the path of God, even as Ḥusayn, peace be upon him, hath offered up his life for My sake.’ And were I not regardful of this inevitable mystery, by Him Who hath my being between His hands, even if all the kings of the earth were to be leagued together they would be powerless to take from me a single letter, how much less can these servants who are worthy of no attention, and who verily are of the outcast... That all may know the degree of My patience, My resignation, and self-sacrifice in the path of God.”	259. Gayundin, sa pagpapaliwanag Niya sa titik na “Há’,” labis na pinanabikan Niya ang pagmamartir, sinasabi: “Pakiwari ko ay aking narinig ang isang Tinig na tumatawag sa aking pinakanaloloob na pagkatao: ‘Iyong ipagpakasakit ang bagay na Iyong pinakamamahal sa landas ng Diyos, katulad ni Ḥusayn, ang kapayapaan ay mapasakaniya, na inialay ang kaniyang buhay alang-alang sa Akin.’ At kung hindi ko pinahalagahan ang di-maiiwasang hiwagang ito, sa pamamagitan Niya na hawak ang aking buhay sa pagitan ng Kaniyang mga kamay, kahiman ang lahat ng mga hari ng kalupaan ay magtipon nang sama-sama sila ay walang lakas na kunin mula sa akin kahit isang titik, gaano pa itong mga tagapaglingkod na hindi karapat-dapat na bigyang-pansin, at sa katunayan ay ang mga itinakwil. ... Upang mabatid ng lahat ang antas ng Aking pagtitiyaga, ng Aking buong pagsang-ayon, at pagpapakasakit ng sarili sa landas ng Diyos.”
Could the Revealer of such utterance be regarded as walking any way but the way of God, and as having yearned for aught else except His good-pleasure? In this very verse there lieth concealed a breath of detachment, which if it were to be breathed full upon the world, all beings would renounce their lives and sacrifice	260. Maaari bang ang Tagapagpahayag ng gayong pananalita ay maipalagay na tinatahak ang alinmang landas liban sa landas ng Diyos, at pinanabikan ang lahat ng iba pa liban sa Kaniyang mabuting kasiyahan? Sa pinakabersikulong ito ay may natatagong isang hininga ng pagtiwalag, na kung ito ay ihihinga nang lubusan sa daigdig, ang lahat ng mga tao ay itatakwil

their souls. Reflect upon the villainous behavior of this generation, and witness their astounding ingratitude. Observe how they have closed their eyes to all this glory, and are abjectly pursuing those foul carcasses from whose bellies ascendeth the cry of the swallowed substance of the faithful. And yet, what unseemly calumnies they have hurled against those Daysprings of Holiness? Thus do We recount unto thee that which the hands of the infidels have wrought, they who, in the Day of Resurrection, have turned their face away from the divine Presence, whom God hath tormented with the fire of their own misbelief, and for whom He hath prepared in the world to come a chastisement which shall devour both their bodies and souls. For these have said: “God is powerless, and His hand of mercy is fettered.”	ang kanilang mga buhay, at ipagpapakasakit ang kanilang mga kaluluwa. Nilay-nilayin ang napakasamang pag-uugali ng salinlahing ito, at saksihan ang kanilang lubhang kataka-takang kawalan ng utang na loob. Pagmasdan kung paano nilang ipinikit ang kanilang mga mata sa lahat ng kaluwalhatianang ito, at kasuklam-suklam na hinahangad yaong napakaruming mga patay na katawan na mula sa mga tiyan ay pumaitaas ang iyak noong nilamon na kayamanan ng matatapat. At gayumpaman, anong mga di-marapat na mga paninirang-puri ang kanilang ipinukol laban sa mga Pamimitak ng Kabanalan na iyon? Sa gayon Aming isinasalaysay sa iyo yaong ginawa ng mga kamay ng mga hindi naniniwala sa Diyos, sila na sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay ibinaling ang kanilang mukha palayo mula sa banal na Kinaroroonan, na pinarusahan ng Diyos sa pamamagitan ng apoy ng kanilang sariling kawalang-paniniwala, at kung kanino inihanda Niya sa daigdig na darating ang isang kaparusahan na lalamon kapuwa sa kanilang mga katawan at mga kaluluwa. Sapagkat ang mga ito ay nagsabi: “Ang Diyos ay walang kapangyarihan, at ang Kaniyang kamay ng habag ay nakatanikala.”
Steadfastness in the Faith is a sure testimony and a glorious evidence of the truth. Even as the “Seal of the Prophets” hath said: “Two verses have made Me old.” Both these verses are indicative of constancy in the Cause of God. Even as He saith: “Be thou steadfast as thou hast been bidden.”¹⁸⁰	261. Ang katatagan sa Pananampalataya ay isang tiyak na pagpapatunay, at isang maluwalhating katibayan ng katotohanan. Katulad ng sinabi ng “Selyo ng mga Propeta”: “Ako ay ginawang matanda ng dalawang mga bersikulo.” Ang mga bersikulong ito ay kapuwa nagpapahiwatig ng katapatan sa Kapakanan ng Diyos. Tulad ng Kaniyang sinabi: “Maging matatag ka tulad ng ipinag-utos sa iyo.”¹⁸⁰
And now consider how this Sadrih of the Ridván of God hath, in the prime of youth, risen to proclaim the Cause of God. Behold what steadfastness that Beauty of God hath revealed. The whole world rose to hinder Him, yet it utterly failed. The more severe the persecution they inflicted on that Sadrih of Blessedness, the more His fervor increased, and the brighter burned the flame of His love. All this is evident, and none disputeth its truth. Finally, He	262. At ngayon isaalang-alang kung paanong itong Sadrih ng Ridván ng Diyos, sa kalakasan ng kabataan, ay nagbangon upang ipahayag ang Kapakanan ng Diyos. Masdan kung anong katatagan ang inihayag ng Kagandahan ng Diyos. Ang buong daigdig ay nagbangon upang hadlangan Siya, datapwat ito ay ganap na nabigo. Habang higit na sumidha ang pagpapahirap na kanilang ipinataw sa Sadrih ng Kabanalan na iyon, lalong naging matindi ang Kaniyang kataimtiman, at lalong naging maliwanag ang ningas ng lagablab ng

¹⁸⁰ Qur’án 11:113

surrendered His soul, and winged His flight unto the realms above.	Kaniyang pagmamahal. Lahat ito ay hayag, at walang sinuman ang tumutol sa katotohanan nito. Sa wakas, isinuko Niya ang Kaniyang kaluluwa, at Siya ay lumipad sa mga kaharian sa itaas.
And among the evidences of the truth of His manifestation were the ascendancy, the transcendent power, and supremacy which He, the Revealer of being and Manifestation of the Adored, hath, unaided and alone, revealed throughout the world. No sooner had that eternal Beauty revealed Himself in Shiráz, in the year sixty, and rent asunder the veil of concealment, than the signs of the ascendancy, the might, the sovereignty, and power, emanating from that Essence of Essences and Sea of Seas, were manifest in every land. So much so, that from every city there appeared the signs, the evidences, the tokens, the testimonies of that divine Luminary. How many were those pure and kindly hearts which faithfully reflected the light of that eternal Sun, and how manifold the emanations of knowledge from that Ocean of divine wisdom which encompassed all beings! In every city, all the divines and dignitaries rose to hinder and repress them, and girded up the loins of malice, of envy, and tyranny for their suppression. How great the number of those holy souls, those essences of justice, who, accused of tyranny, were put to death! And how many embodiments of purity, who showed forth naught but true knowledge and stainless deeds, suffered an agonizing death! Notwithstanding all this, each of these holy beings, up to his last moment, breathed the Name of God, and soared in the realm of submission and resignation. Such was the potency and transmuting influence which He exercised over them, that they ceased to cherish any desire but His will, and wedded their soul to His remembrance.	263. At kabilang sa mga katibayan ng katotohanan ng Kaniyang pagpapahayag ay ang pananaig, ang nangingibabaw na kapangyarihan, at paghahari na Siya, ang Tagapagpahayag ng buhay at Kahayagan ng Sinasamba, nang walang tulong at nag-iisa, ay nahayag sa lahat ng dako ng daigdig. Hindi natagalan nang ang walang-hanggang Kagandahan na iyon ay ipinahayag ang Kaniyang Sarili sa <u>Shiráz</u>, sa taóng animnapu at winasak ang lambong ng pangungubli, nang ang mga palatandaan ng pananaig, ng lakas, ng dakilang kapangyarihan, at bisa na nagmumula sa Diwa ng mga Diwa at Karagatan ng mga Karagatan, ay naging hayag sa buong lupain. Kung kaya, mula sa bawat lungsod ay lumitaw ang mga palatandaan, ang mga katibayan, ang mga tanda, ang mga patunay ng banal na Tagapagdala ng Liwanag na iyon. Napakarami yaong mga dalisay at may mabubuting puso na matapat na naglarawan sa liwanag ng walang-hanggang Araw na iyon, at napakarami ang mga lumalabas na kaalaman mula sa Karagatang iyon ng banal na karunungan na pumalibot sa lahat ng mga nilalang! Sa bawat lungsod, lahat ng mga teologo at matataas na pinuno ay nagbangon upang hadlangan at supilin sila, at binigkisan ang mga balakang ng masamang hangarin, ng inggit, at pagmamalupit upang sugpuin sila. Napakalaki ang bilang ng banal na mga kaluluwang iyon, yaong mga diwa ng katarungan, na pinaratangan ng pagmamalupit, ang pinatay! At napakarami ang mga sagisag ng kadalisayan, na walang ipinakita kundi ang tunay na kaalaman at walang-batik na mga gawa, ang nagdusa ng napakasakit na kamatayan! Sa kabila ng lahat ng mga ito, bawat isa sa banal na mga katauhang ito, hanggang sa kaniyang huling sandali, ay inihinga ang Pangalan ng Diyos, at pumailanlang sa kaharian ng pagpapasailalim at ganap na pagsang-ayon ng kalooban. Ganoon ang bisa at nakapagbabagong impluwensiya na ginawa Niya sa kanila, na sila ay huminto na magtangi ng anumang naisin kundi ang Kaniyang kalooban, at pinagkaisa ang kanilang kaluluwa sa pag-alaala sa Kaniya.

Reflect: Who in this world is able to manifest such transcendent power, such pervading influence? All these stainless hearts and sanctified souls have, with absolute resignation, responded to the summons of His decree. Instead of complaining, they rendered thanks unto God, and amidst the darkness of their anguish they revealed naught but radiant acquiescence to His will. It is evident how relentless was the hate, and how bitter the malice and enmity entertained by all the peoples of the earth towards these companions. The persecution and pain they inflicted on these holy and spiritual beings were regarded by them as means unto salvation, prosperity, and everlasting success. Hath the world, since the days of Adam, witnessed such tumult, such violent commotion? Notwithstanding all the torture they suffered, and manifold the afflictions they endured, they became the object of universal opprobrium and execration. Methinks patience was revealed only by virtue of their fortitude, and faithfulness itself was begotten only by their deeds.	264. Nilay-nilayin: Sino sa daigdig na ito ang may kakayahang magpakita ng gayong nangingibabaw na kapangyarihan, ng gayong lumalaganap na impluwensiya? Lahat ng mga pusong walang-bahid at mga kaluluwang pinabanal, nang may lubos na pagsang-ayon ng kalooban, ay tumugon sa mga panawagan ng Kaniyang utos. Sa halip na dumaing, sila ay nagbigay ng pasasalamat sa Diyos, at sa gitna ng karimlan ng kanilang dalamhati sila ay walang ipinahayag kundi ang maningning na pagtanggap sa Kaniyang kalooban. Maliwanag kung gaano hindi humuhupa ang pagkamuhi at gaano kapait ang masamang hangarin at pagkapoot na isinaisip ng lahat ng mga tao ng kalupaan sa mga kasamahang ito. Ang pag-uusig at pasakit na ipinalasap nila sa banal at espiritwal na mga katauhan ay ipinalagay nila bilang mga pamamaraan tungo sa kaligtasan, kasaganaan at walang-hanggang tagumpay. Ang daigdig ba, mula sa mga araw ni Adan, ay nakasaksi na ng gayong kaguluhan, ng gayong marahas na kaligaligan? Sa kabila ng lahat ng matinding pagpapahirap na kanilang dinanas, at napakaraming pasakit na kanilang binata, sila ay naging pakay ng pangkalahatang paninirang-puri at pagsumpa. Aking iniisip, ang pagtitiyaga ay nahahayag lamang dahil sa kanilang katatagan, at ang pagkamatapat mismo ay nalilikha lamang sa pamamagitan ng kanilang mga gawa.
Do thou ponder these momentous happenings in thy heart, so that thou mayest apprehend the greatness of this Revelation, and perceive its stupendous glory. Then shall the spirit of faith, through the grace of the Merciful, be breathed into thy being, and thou shalt be established and abide upon the seat of certitude. The one God is My witness! Wert thou to ponder a while, thou wilt recognize that, apart from all these established truths and above-mentioned evidences, the repudiation, cursing, and execration, pronounced by the people of the earth, are in themselves the mightiest proof and the surest testimony of the truth of these heroes of the field of resignation and detachment. Whenever thou dost meditate upon the cavils	265. Iyong limiin ang makasaysayang mga pangyayaring ito sa iyong puso, upang nawa'y iyong maunawaan ang kadakilaan ng Rebelasyong ito, at matalos ang kagila-gilalas na kaluwalhatian nito. Sa gayon ang espiritu ng pananalig, sa pamamagitan ng pagpapala ng Mahabagin, ay maihihinga sa loob ng iyong katauhan, at ikaw ay maitatatag at mamamalagi sa luklukan ng katiyakan. Ang iisang Diyos ang Aking saksi! Kung iyong lilimiin sa isang sandali, iyong makikita na, bukod sa lahat ng mga ganitong naitatag na mga katotohanan at binanggit sa itaas na mga katibayan, ang pagtatakwil, pagsumpa, at pagkasuklam na binigkas ng mga tao ng kalupaan, ang mga iyon mismo ay ang pinakamakapangyarihang patunay at ang pinakatiyak na pagpapatibay ng katotohanan ng mga bayaning ito sa larangan ng buong pagsang-ayon ng kalooban at

uttered by all the people, be they divines, learned or ignorant, the firmer and the more steadfast wilt thou grow in the Faith. For whatsoever hath come to pass hath been prophesied by them who are the Mines of divine knowledge, and Recipients of God's eternal law.	pagtiwalag. Kailanman iyong mumuni-muniin ang paninirang sinasabi ng lahat ng mga tao, maging sila ay mga teologo, marurunong o mangmang, higit na magiging matibay at higit na magiging matatag ang iyong pagyabong sa Pananampalataya. Sapagkat anuman ang mangyaring maganap, ay ipinangako na nilang mga Minahan ng banal na kaalaman, at mga Tagatanggap ng walang-hanggang batas ng Diyos.
Although We did not intend to make mention of the traditions of a bygone age, yet, because of Our love for thee, We will cite a few which are applicable to Our argument. We do not feel their necessity, however, inasmuch as the things We have already mentioned suffice the world and all that is therein. In fact, all the Scriptures and the mysteries thereof are condensed into this brief account. So much so, that were a person to ponder it a while in his heart, he would discover from all that hath been said the mysteries of the Words of God, and would apprehend the meaning of whatever hath been manifested by that ideal King. As the people differ in their understanding and station, We will accordingly make mention of a few traditions, that these may impart constancy to the wavering soul, and tranquillity to the troubled mind. Thereby, will the testimony of God unto the people, both high and low, be complete and perfect.	266. Kahiman hindi Namin nilayong gumawa ng pagbanggit sa mga tradisyon ng isang nagdaang panahon, gayumpaman, dahil sa Aming pagmamahal sa iyo, Kami ay babanggit ng ilang naangkop sa Aming pangangatwiran. Hindi Namin nadarama ang pangangailangan sa mga iyon, subalit, sa kadahilanang ang mga bagay na Amin nang nabanggit ay sapat na sa daigdig at sa lahat ng naroroon. Sa katotohanan, ang lahat ng mga Banal na Kasulatan at mga hiwaga nito ay pinaikli sa loob nitong maikling salaysay. Kung kaya, kapag lilimiin ito sandali ng isang tao sa kaniyang puso, matutuklasan niya mula sa lahat ng nasabi na ang mga hiwaga ng mga Salita ng Diyos, at mauunawaan ang kahulugan ng anumang naihayag ng minimithing Hari na iyon. Dahil sa ang mga tao ay nagkakaiba sa kanilang pagkaunawa at katayuan, kaya Kami ay babanggit ng ilang tradisyon, upang ang mga ito nawa ay magkaloob ng katapatan sa nag-aatubiling kaluluwa, at kapanatagan sa naliligalig na isipan. Sa gayon, ang pagpapatunay ng Diyos sa mga tao, kapuwa mataas at mababa, ay magiging buo at ganap.
Among them is the tradition, "And when the Standard of Truth is made manifest, the people of both the East and the West curse it." The wine of renunciation must needs be quaffed, the lofty heights of detachment must needs be attained, and the meditation referred to in the words "One hour's reflection is preferable to seventy years of pious worship" must needs be observed, so that the secret of the wretched behavior of the people might be discovered, those people who, despite the love and yearning for truth which they profess, curse the followers of Truth when once He hath been made manifest. To this truth the above-mentioned tradition beareth witness. It is	267. Kabilang sa mga iyon ay ang tradisyon, "At kapag ang Bandila ng Katotohanan ay ginawang hayag, ang mga tao ng kapuwa Silangan at Kanluran ay isusumpa ito." Ang alak ng pagtalikod ay nararapat na tunggain nang mabuti, ang matayog na mga kataasan ng pagtiwalag ay nararapat na matamo, at ang pagninilay-nilay na tinukoy sa mga salitang "Ang isang oras na pagninilay ay higit na kanais-nais kaysa sa pitumpong taon ng madasaling pagsamba" ay nararapat na isakatuparan, upang ang lihim ng imbing pag-uugali ng mga tao ay magawang matuklasan, ang ganoong mga tao na sa kabila ng pagmamahal at masidhing pananabik sa katotohanan na kanilang sinasabi, ay isinusumpa ang mga sumusunod sa Katotohanan kapag Siya kaagad ay

evident that the reason for such behavior is none other than the annulment of those rules, customs, habits, and ceremonials to which they have been subjected. Otherwise, were the Beauty of the Merciful to comply with those same rules and customs which are current amongst the people, and were He to sanction their observances, such conflict and mischief would in no wise be made manifest in the world. This exalted tradition is attested and substantiated by these words which He hath revealed: “The day when the Summoner shall summon to a stern business.”¹⁸¹	ginawang mahayag. Sa katotohanang ito ang tradisyong binanggit sa itaas ay nagbibigay saksi. Maliwanag na ang dahilan ng gayong pag-uugali ay walang iba kundi ang pagpapawalang-bisa ng ganoong mga alituntunin, mga kaugalian, mga kagawian at mga pagdiriwang na kung saan sila ay napasailalim. Kung hindi, kung ang Kagandahan ng Mahabagin ay susunod sa gayong katulad na mga alituntunin at mga kaugalian, na laganap sa mga tao, at kung pagtitibayin Niya ang kanilang mga pagdiriwang, ang gayong pagsalungat at masamang gawa, sa anumang paraan, ay hindi magagawang mahayag sa daigdig. Ang dakilang tradisyon na ito ay pinapatunayan at itinataguyod ng mga salitang ito na ipinahayag Niya: “Ang araw na kung kailan ang Tumatawag ay mananawagan sa isang mahigpit na tungkulin.”¹⁸¹
The divine call of the celestial Herald from beyond the Veil of Glory, summoning mankind to renounce utterly all the things to which they cleave, is repugnant to their desire; and this is the cause of the bitter trials and violent commotions which have occurred. Consider the way of the people. They ignore these well-founded traditions, all of which have been fulfilled, and cling unto those of doubtful validity, and ask why these have not been fulfilled. And yet, those things which to them were inconceivable have been made manifest. The signs and tokens of the Truth shine even as the midday sun, and yet the people are wandering, aimlessly and perplexedly, in the wilderness of ignorance and folly. Notwithstanding all the verses of the Qur’án, and the recognized traditions, which are all indicative of a new Faith, a new Law, and a new Revelation, this generation still waiteth in expectation of beholding the promised One who should uphold the Law of the Muḥammadan Dispensation. The Jews and the Christians in like manner uphold the same contention.	268. Ang banal na panawagan ng makalangit na Tagapagbalita na mula sa ibayo ng Lambong ng Kaluwalhatian, nananawagan sa sangkatauhang ganap na talikuran ang lahat ng mga bagay na kung saan sila ay nangangapit, ay kasuklam-suklam sa kanilang naisin; at ito ang sanhi ng mapait na mga pagsubok at marahas na mga kaguluhang naganap. Isaalang-alang ang pamamaraan ng mga tao. Ipinagwalang-bahala nila yaong napakatatag na mga tradisyon, na ang lahat ay naganap, at nangapit doon sa mapag-aalinlanganang mga katunayan, at itinatanong kung bakit ang mga ito ay hindi naganap. At magkagayon man, ang mga bagay na iyon na sa kanila ay hindi kapani-paniwala ay ginawang mahayag. Ang mga palatandaan at mga sagisag ng katotohanan ay sumisikat na tulad ng araw sa katanghaliang-tapat, ngunit ang mga tao ay nagpapalakad-lakad, nang walang patutunguhan at nang natataranta, sa kaparangan ng kamangmangan at kahangalan. Sa kabila ng lahat ng mga bersikulo ng Qur’án, at ng kilalang mga tradisyon, na ang lahat ay nagpapahiwatig sa isang bagong Pananampalataya, isang bagong Batas, at isang bagong Rebelasyon, ang salinlahing ito ay umaasam na naghihintay pa ring mamasdan Siya na ipinangakong dapat magtaguyod ng Batas ng Dispensasyon ni Muḥammad. Ang mga Hudyo

¹⁸¹ Qur’án 54:6

	at mga Kristiyano sa katulad na paraan ay pinaninindigan ang gayunding katwiran.
Among the utterances that foreshadow a new Law and a new Revelation are the passages in the “Prayer of Nudbih”: “Where is He Who is preserved to renew the ordinances and laws? Where is He Who hath the authority to transform the Faith and the followers thereof?” He hath, likewise, revealed in the Ziyárat: ¹⁸² “Peace be upon the Truth made new.” Abú-‘Abdi’lláh, questioned concerning the character of the Mihdí, answered saying: “He will perform that which Muḥammad, the Messenger of God, hath performed, and will demolish whatever hath been before Him even as the Messenger of God hath demolished the ways of those that preceded Him.”	269. Kabilang sa mga pahayag na ibinabadya ang isang bagong Batas at isang bagong Rebelasyon ay ang sipi sa “Panalangin ni Nubdih”: “Nasaan Siya na pinangalagaan upang muling baguhin ang mga kautusan at mga batas? Nasaan Siya na may kapangyarihang pagbaguhin ang Pananampalataya at ng mga sumusunod dito?” Siya, gayundin ay ipinahayag sa Ziyárat: ¹⁸² “Kapayapaan ay mapasa-Katotohanan na ginawang bago.” Si Abú-‘Abdi’lláh, na tinanong tungkol sa katangian ng Mihdí, ay tumugon sa pagsasabing: “Gagawin Niya yaong hindi nagawa ni Muḥammad, ang Sugo ng Diyos, at wawasakin ang anumang naganap bago Siya sumapit katulad ng pagwasak ng Sugo ng Diyos sa mga pamamaraan noong mga nauna sa Kaniya.”
Behold, how, notwithstanding these and similar traditions, they idly contend that the laws formerly revealed must in no wise be altered. And yet, is not the object of every Revelation to effect a transformation in the whole character of mankind, a transformation that shall manifest itself, both outwardly and inwardly, that shall affect both its inner life and external conditions? For if the character of mankind be not changed, the futility of God’s universal Manifestation would be apparent. In the “‘Aválim,” an authoritative and well-known book, it is recorded: “A Youth from Baní-Háshim shall be made manifest, Who will reveal a new Book and promulgate a new law”; then follow these words: “Most of His enemies will be the divines.” In another passage, it is related of Šádiq, son of Muḥammad, that he spoke the following: “There shall appear a Youth from Baní-Háshim, Who will bid the people plight fealty unto Him. His Book will be a new Book, unto which He shall summon the people to pledge their faith. Stern is His Revelation unto the Arab. If ye hear about Him, hasten unto Him.” How well have they	270 Masdan kung paanong sa kabila ng mga ito at ng katulad na mga tradisyon, ay walang-saysay nilang pinaninindigan na ang mga batas na dating ipinahayag, ay hindi nararapat na baguhin sa anumang paraan. At gayumpaman, hindi ba ang pakay ng bawat Rebelasyon ay ang magsagawa ng isang pagbabagong-anyo sa buong katangian ng sangkatauhan, isang pagbabagong-anyo na ipahahayag ang sarili nito, kapuwa sa panlabas at panloob, na magkakaroon ng bisa sa kapuwa panloob na pamumuhay at panlabas na mga kalagayan? Sapagkat kung ang katangian ng sangkatauhan ay hindi magbabago, magiging malinaw ang kawalang-saysay ng pangkalahatang Kahayagan ng Diyos. Sa “‘Aválim” isang pinaniniwalaan at kilalang-kilalang aklat, ay nakatala ito: “Isang Kabataan mula sa Baní-Háshim ang ihahayag, na magpapahayag ng isang bagong Aklat at magpapalaganap ng isang bagong batas;” pagkatapos ay sumunod ang mga salitang ito: “Karamihan sa mga kalaban Niya ay ang mga teologo.” Sa isa pang sipi, isinalaysay ito ni Šádiq, anak ni Muḥammad, na sinabi niya ang sumusunod: “May lilitaw na isang Kabataan mula sa Baní-Háshim, na mag-aatas sa mga taong manumpa ng taimtim na katapatan sa Kaniya. Ang Aklat Niya ay magiging isang

¹⁸² Tableta ng Pagdalaw ni ‘Alí

followed the directions of the Imáms of the Faith and Lamps of certitude! Although it is clearly stated: “Were ye to hear that a Youth from Baní-Háshim hath appeared, summoning the people unto a new and Divine Book, and to new and Divine laws, hasten unto Him,” yet have they all declared that Lord of being an infidel, and pronounced Him a heretic. They hastened not unto that Háshimite Light, that divine Manifestation, except with drawn swords, and hearts filled with malice. Moreover, observe how explicitly the enmity of the divines hath been mentioned in the books. Notwithstanding all these evident and significant traditions, all these unmistakable and undisputed allusions, the people have rejected the immaculate Essence of knowledge and of holy utterance, and have turned unto the exponents of rebellion and error. Despite these recorded traditions and revealed utterances, they speak only that which is prompted by their own selfish desires. And should the Essence of Truth reveal that which is contrary to their inclinations and desires, they will straightway denounce Him as an infidel, and will protest saying: “This is contrary to the sayings of the Imáms of the Faith and of the resplendent lights. No such thing hath been provided by our inviolable Law.” Even so in this day such worthless statements have been and are being made by these poor mortals.	bagong Aklat, na kung saan tatawagin Niya ang mga tao na manumpa ng kanilang pagsasampalataya. Mahigpit ang Rebelasyon Niya sa Arabe. Kung may maririnig kayo tungkol sa Kaniya, magmadaling magtungo sa Kaniya.” Napakahusay nilang sinunod ang mga patnubay ng mga Imám ng Pananampalataya at ng mga Lampara ng katiyakan! Kahiman malinaw na nakatala ito: “Kung may maririnig kayo na may isang Kabataan mula sa Baní-Háshim ang lumitaw, nananawagan sa mga tao sa isang bago at Banal na Aklat, at sa bago at Banal na mga batas, magmadaling magtungo sa Kaniya,” subalit silang lahat ay hinatulan ang Panginoong iyon bilang isang hindi naniniwala sa Diyos, at pinaratangan Siya na isang erehe. Sila ay hindi nagmadaling nagtungo sa Liwanag ng Háshim na iyon, ang banal na Kahayagan na iyon, maliban nang may binunot na mga espada, at mga puso na puspos ng masamang hangarin. Bukod pa rito, pansinin kung gaano kalinaw ang ngitngit ng mga teologong binanggit sa mga aklat. Sa kabila ng lahat nitong maliwanag at makahulugang mga tradisyon, lahat ng hindi mapag-aalinlanganan at hindi matututulang mga pahiwatig, ay tinanggihan ng mga tao ang kalinis-linisang Diwa ng kaalaman at ng banal na pananalita, at bumaling sa mga tagapagtaguyod ng paghihimagsik at kamalian. Sa kabila ng mga nakasulat na mga tradisyon at ipinahayag na mga pananalita, sinasabi lamang nila yaong iniudyok ng kanilang makasariling mga hangarin. At kung ang Diwa ng Katotohanan ay maghahayag noong salungat sa kanilang mga kagustuhan at mga hangarin, tuwirang pararatanan nila Siya na isang hindi naniniwala sa Diyos, at tututol sa pagsasabing: “Ito ay salungat sa mga kasabihan ng mga Imám ng Pananampalataya at ng maningning na mga liwanag. Walang gayong bagay ang itinala sa aming di-malalabag na Batas.” Kahit sa araw na ito ang gayong walang-halagang mga pangungusap ay ginawa at kasalukuyang ginagawa nitong hamak na mga mortal.
And now, consider this other tradition, and observe how all these things have been foretold. In “Arba‘ín” it is recorded: “Out of Baní-Háshim there shall come forth a Youth Who shall reveal new laws. He shall summon the people unto	271. At ngayon, isaalang-alang itong isa pang tradisyon at suriin kung paanong ang lahat ng ganitong mga bagay ay inihula. Sa “Arba‘ín” ito ay nakasulat: “Mula sa Baní-Háshim ay may darating na isang Kabataan na magpapahayag ng bagong mga batas.

Him, but none will heed His call. Most of His enemies will be the divines. His bidding they will not obey, but will protest saying: ‘This is contrary to that which hath been handed down unto us by the Imáms of the Faith.’” In this day, all are repeating these very same words, utterly unaware that He is established upon the throne of “He doeth whatsoever He willeth,” and abideth upon the seat of “He ordaineth whatsoever He pleaseth.”	Mananawagan Siya sa mga tao tungo sa Kaniya, ngunit walang sinuman ang makikinig sa Kaniyang panawagan. Karamihan sa mga kalaban Niya ay ang mga teologo. Ang mga atas Niya ay hindi nila susundin, subalit tututol sa pagsasabi: ‘Ito ay salungat doon sa ibinigay sa amin ng mga Imám ng Pananampalataya.’” Sa araw na ito, inuulit ng lahat ang gayunding mga salita mismo, ganap na walang-malay na Siya ay nakatatag sa trono ng “Ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya,” at nananatili sa luklukan ng “Itinatadhana Niya ang anumang ikinasisiya Niya.”
No understanding can grasp the nature of His Revelation, nor can any knowledge comprehend the full measure of His Faith. All sayings are dependent upon His sanction, and all things stand in need of His Cause. All else save Him are created by His command, and move and have their being through His law. He is the Revealer of the divine mysteries, and the Expounder of the hidden and ancient wisdom. Thus it is related in the “Biḥáru’l-Anvár,” the “‘Aválim,” and the “Yanbú” of Šádiq, son of Muḥammad, that he spoke these words: “Knowledge is twenty and seven letters. All that the Prophets have revealed are two letters thereof. No man thus far hath known more than these two letters. But when the Qá’im shall arise, He will cause the remaining twenty and five letters to be made manifest.” Consider, He hath declared Knowledge to consist of twenty and seven letters, and regarded all the Prophets, from Adam even unto the “Seal,” as Expounders of only two letters thereof and of having been sent down with these two letters. He also saith that the Qá’im will reveal all the remaining twenty and five letters. Behold from this utterance how great and lofty is His station! His rank excelleth that of all the Prophets, and His Revelation transcendeth the comprehension and understanding of all their chosen ones. A Revelation, of which the Prophets of God, His saints and chosen ones, have either not been informed, or which, in pursuance of God’s inscrutable Decree, they have not	272. Walang pang-unawa ang maaaring makatalos sa likas na katangian ng Kaniyang Rebelasyon, ni alinmang kaalaman ang maaaring makaarok sa buong sukat ng Pananampalataya Niya. Lahat ng mga kasabihan ay nakasalalay sa kapahintulutan Niya, at lahat ng bagay ay kailangan ang Kaniyang Kapakanan. Lahat ng iba liban sa Kaniya ay nilikha sa pamamagitan ng utos Niya, at kumikilos at nagkakaroon ng kanilang buhay sa pamamagitan ng batas Niya. Siya ang Tagapagpahayag ng banal na mga kahiwagaan, at ang Tagapagpaliwanag ng natatago at napakatandang karunungan. Sa gayon ito ay isinalaysay sa “Biḥáru’l-Anvár,” sa “‘Aválim,” at sa “Yanbú” ni Šádiq, anak ni Muḥammad, na binigkas niya ang mga salitang ito: “Ang kaalaman ay dalawampu’t pitong mga titik. Lahat ng naipahayag na ng mga Propeta ay dalawang mga titik niyon. Walang tao hanggang sa ngayon ang nakababatid ng mahigit sa dalawang mga titik na ito. Ngunit sa paglitaw ng Qá’im, gagawin Niyang mahayag ang natitirang dalawampu’t limang mga titik.” Isaalang-alang na ipinahayag Niyang ang Kaalaman ay binubuo ng dalawampu’t pitong mga titik, at ipinalagay na ang lahat ng mga Propeta, mula kay Adan hanggang sa “Selyo,” bilang mga Tagapagpaliwanag ng dalawang titik lamang niyon at ipinadala na taglay ang dalawang titik na ito. Sinasabi rin niya na ipahahayag ng Qá’im ang lahat ng natitirang dalawampu’t limang mga titik. Masdan mula sa pananalitang ito kung gaano kadakila at kataas ang katayuan Niya! Ang antas ng katayuan Niya ay nahihigitan yaong sa lahat ng mga Propeta, at ang Rebelasyon Niya ay nangingibabaw sa pagkabatid at pagkaunawa ng lahat ng mga hinirang. Isang

disclosed—such a Revelation these mean and depraved people have sought to measure with their own deficient minds, their own deficient learning and understanding. Should it fail to conform to their standards, they straightway reject it. “Thinkest thou that the greater part of them hear or understand? They are even like unto the brutes! yea, they stray even further from the path!”¹⁸²	Rebelasyon, na ang mga Propeta ng Diyos, ang Kaniyang mga santo at mga hinirang, alinman sa hindi ipinabatid sa kanila o hindi nila ipinagtapat, bilang pagsunod sa hindi malirip na Utos ng Diyos,—ang gayong Rebelasyon ay sinikap noong mga imbi at napakabuktot na mga tao na sukatin sa pamamagitan ng kanilang sariling hindi sapat na karunungan at pang-unawa. Kung ito ay mabigong sumang-ayon sa kanilang mga pamantayan, agad-agad nilang tinatanggihan ito. “Iniisip mo ba na ang higit na malaking bahagi nila ay nakaririnig at nakauunawa? Sila ay katulad ng mga hayop! tunay, sila ay lumalaboy nang higit na malayo sa landas!”¹⁸³
How, We wonder, do they explain the aforementioned tradition, a tradition which, in unmistakable terms, foreshadoweth the revelation of things inscrutable, and the occurrence of new and wondrous events in His day? Such marvelous happenings kindle so great a strife amongst the people, that all the divines and doctors sentence Him and His companions to death, and all the peoples of the earth arise to oppose Him. Even as it hath been recorded in the “Káfi,” in the tradition of Jábir, in the “Tablet of Fátimih,” concerning the character of the Qá’im: “He shall manifest the perfection of Moses, the splendor of Jesus, and the patience of Job. His chosen ones shall be abased in His day. Their heads shall be offered as presents even as the heads of the Turks and the Daylamites. They shall be slain and burnt. Fear shall seize them; dismay and alarm shall strike terror into their hearts. The earth shall be dyed with their blood. Their womenfolk shall bewail and lament. These indeed are my friends!” Consider, not a single letter of this tradition hath remained unfulfilled. In most of the places their blessed blood hath been shed; in every city they have been made captives, have been paraded throughout the provinces, and some have been burnt with fire. And yet no one hath paused to reflect that if the promised Qá’im should reveal the law and	273. Nagtataka Kami kung paano nila ipinaliliwanag ang nabanggit na tradisyon, isang tradisyong hindi mapag-aalinlanganang mga pananalita, na ibinabadya ang pagpapahayag ng mga bagay na hindi matatarok, at ang kaganapan ng bago at kamangha-manghang mga pangyayari sa Kaniyang araw? Ang gayong kagila-gilalas na mga pangyayari ay sisindiha ang napakalubhang away sa gitna ng mga tao na ang lahat ng mga teologo at mga paham ay hahatulan Siya at ang Kaniyang mga kasamahan ng kamatayan, at lahat ng mga tao ng kalupaan ay magbabangon upang labanan Siya. Katulad ito ng naitala sa “Káfi,” sa tradisyon ni Jábir, sa “Tableta ni Fátimih,” tungkol sa katangian ng Qá’im: “Ipakikita Niya ang kaganapan ni Moises, ang karingalan ni Jesus, at ang pagkamatiyaga ni Job. Ang mga hinirang Niya ay hahamakin sa Kaniyang araw. Ang kanilang mga ulo ay iaalay bilang mga handog tulad ng mga ulo ng mga Turko at mga Daylamite. Sila ay papatayin at susunugin. Sila ay masasakmal ng sindak; kawalan ng pag-asa at pangamba ay maghahatid ng malubhang sindak sa kanilang mga puso. Ang kalupaan ay makukulayan ng kanilang dugo. Ang kanilang kababaihan ay mananangis at mananaghoy. Ang mga ito sa katunayan ay ang aking mga kaibigan!” Isaalang-alang, wala kahit isang titik ng tradisyong ito ang nanatiling hindi natupad. Sa napakaraming lugar ang kanilang pinagpalang dugo ay pinadanak; sa bawat lungsod sila ay ginawang mga bihag, kinaladkad sa lahat ng mga lalawigan, at ang ilan ay ipinatupok sa apoy. At

¹⁸³ Qur’án 25:44

ordinances of a former Dispensation, why then should such traditions have been recorded, and why should there arise such a degree of strife and conflict that the people should regard the slaying of these companions as an obligation imposed upon them, and deem the persecution of these holy souls as a means of attaining unto the highest favor?	gayumpaman walang sinuman ang sandaling huminto upang nilay-nilayin na kung ang ipinangakong Qá'im ay mamarapating ihayag ang batas at mga alituntunin ng isang naunang Dispensasyon, kung gayon bakit ang ganoong mga tradisyon ay naitala, at bakit dapat na lumitaw ang gayong antas ng away at labanan na ipinalagay ng mga tao na ang pagpaslang sa mga kasamahang ito ay isang tungkulin na ipinataw sa kanila, at ipinalagay na ang pag-usig sa banal na mga kaluluwang ito ay isang pamamaraan upang matamo ang pinakamataas na kabutihang-loob?
Moreover, observe how these things that have come to pass, and the acts which have been perpetrated, have all been mentioned in former traditions. Even as it hath been recorded in the “Rawḍiy-i-Káfi,” concerning “Zawrá’.” In the “Rawḍiy-i-Káfi” it is related of Mu‘ávíyih, son of Vahháb, that Abú-‘Abdi’lláh hath spoken: “Knowest thou Zawrá’?” I said: “May my life be a sacrifice unto thee! They say it is Baghdád.” “Nay,” he answered. And then added: “Hast thou entered the city of Rayy?”¹⁸⁴ to which I made reply: “Yea, I have entered it.” Whereupon, He inquired: “Didst thou visit the cattle-market?” “Yea,” I answered. He said: “Hast thou seen the black mountain on the right-hand side of the road? The same is Zawrá’. There shall eighty men, of the children of certain ones, be slain, all of whom are worthy to be called caliphs.” “Who will slay them?” I asked. He made reply: “The children of Persia!”	274. Bukod pa rito, suriin kung paanong itong mga bagay na naganap, at ang mga kilos na isinagawa, ay naitala lahat sa nakaraang mga tradisyon. Tulad ng naitala sa “Rawḍiy-i-Káfi,” kaugnay sa “Zawrá’.” Sa “Rawḍiy-i-Káfi” isinalaysay ang tungkol kay Mu‘ávíyih, anak ni Vahháb, na sinabi ni Abú-‘Abdi’lláh: “Iyo bang nalalaman ang Zawrá’?” Aking sinabi: “Harinawang ang aking buhay ay maging isang pagpapakasakit sa iyo! Sinasabi nilang ito ay ang Baghdád.” “Hindi,” ang kaniyang sagot. At pagkatapos ay idinagdag: “Iyo bang napasok na ang lungsod ng Rayy?”¹⁸⁴ na aking tinugon: “Oo, ako ay nakapasok doon.” Pagkatapos niyon, itinanong niya: “Nagawa mo bang dalawin ang pamilihan ng mga baka?” “Oo,” aking isinagot. Sinabi niya: “Iyo bang natanaw ang itim na bundok na nasa kanang bahagi ng daan? Iyon din ang Zawrá’. Doon walumpong tao, sa mga anak ng ilang mga tao, ay papatayin, lahat ay karapat-dapat na matawag na mga caliph.” “Sino ang papatay sa kanila?” aking itinanong. Ibinigay niya ang tugon: “Ang mga anak ng Persia!”
Such is the condition and fate of His companions which in former days hath been foretold. And now observe how, according to this tradition, Zawrá’ is no other but the land of Rayy. In that place His companions have been with great suffering put to death, and all these holy beings have suffered martyrdom at the hand of the Persians, as recorded in the tradition. This thou hast heard, and unto it all testify. Wherefore,	275. Gayon ang kalagayan at kapalaran ng Kaniyang mga kasamahan na sa nakaraang mga araw ay inihula. At ngayon ay suriin kung paano, alinsunod sa tradisyong ito, na ang Zawrá’ ay walang iba kundi ang lupain ng Rayy. Sa lugar na iyon ang mga kasamahan Niya na malubhang nagdurusa ay pinatay, at lahat ng mga banal na taong ito ay nagdusa ng pagmamartir sa kamay ng mga Persiyano, tulad ng naitala sa tradisyon. Ito ay iyong narinig, at dito ang lahat ay nagpapatunay. Sa

¹⁸⁴ Ang napakatandang lungsod malapit sa pook na pinagtayuan ng Tihrán.

then, do not these groveling, worm-like men pause to meditate upon these traditions, all of which are manifest as the sun in its noontide glory? For what reason do they refuse to embrace the Truth, and allow certain traditions, the significance of which they have failed to grasp, to withhold them from the recognition of the Revelation of God and His Beauty, and to cause them to dwell in the infernal abyss? Such things are to be attributed to naught but the faithlessness of the divines and doctors of the age. Of these, Šádiq, son of Muḥammad, hath said: “The religious doctors of that age shall be the most wicked of the divines beneath the shadow of heaven. Out of them hath mischief proceeded, and unto them it shall return.”	anong dahilan, kung gayon, na itong mga taong gumagapang na tulad ng mga bulati, ay hindi huminto sandali upang nilay-nilayin ang mga tradisyong ito, na lahat ay hayag tulad ng araw na nasa katanghaliang-tapat ng kaluwalhatian? Sa anong dahilan na sila ay tumatangging tanggapin ang Katotohanan, at pinahintulutan ang ilang tradisyon, na ang kahulugan ay hindi nila naunawaan, upang pigilan silang kilalanin ang Rebelasyon ng Diyos at ang Kaniyang Kagandahan, at maging sanhi ng kanilang pananatili sa hindi maarok na malaimpiyernong kalaliman? Ang gayong mga bagay ay maipapalagay na walang iba kundi ang kawalan ng pagsasampalataya ng mga teologo at mga paham ng panahong iyon. Tungkol sa mga ito, si Šádiq, ang anak ni Muḥammad, ay nagsabi: “Ang mga paham ng relihiyon sa panahong iyon ay magiging ang pinakamasama sa mga teologong nasa ilalim ng lilim ng kalangitan. Mula sa kanila ay lumitaw ang masamang gawa, at sa kanila ito ay babalik.”
We entreat the learned men of the Bayán not to follow in such ways, not to inflict, at the time of Mustagháth, upon Him Who is the divine Essence, the heavenly Light, the absolute Eternity, the Beginning and the End of the Manifestations of the Invisible, that which hath been inflicted in this day. We beg them not to depend upon their intellect, their comprehension and learning, nor to contend with the Revealer of celestial and infinite knowledge. And yet, notwithstanding all these admonitions, We perceive that a one-eyed man, who himself is the chief of the people, is arising with the utmost malevolence against Us. We foresee that in every city people will arise to suppress the Blessed Beauty, that the companions of that Lord of being and ultimate Desire of all men will flee from the face of the oppressor and seek refuge from him in the wilderness, whilst others will resign themselves and, with absolute detachment, will sacrifice their lives in His path. Methinks We can discern one who is reputed for such devoutness and piety that men deem it an obligation to obey him, and to whose command	276. Kami ay sumasamo sa marurunong na tao ng Bayán na huwag sumunod sa gayong mga gawi, na huwag ipataw yaong ipinataw sa araw na ito, sa panahon ng Mustaghath, sa Kaniya na banal na Diwa, ang makalangit na Liwanag, ang ganap na Kawalang-hanggan, ang Simula at ang Katapusan ng mga Kahayagan ng Di-nakikita. Kami ay lumuluhog sa kanila na huwag manangan sa kanilang katalinuhan, sa kanilang pang-unawa at karunungan, ni makipagtalo sa Tagapagpahayag ng makalangit at walang-hanggang kaalaman. Subalit, sa kabila ng lahat ng mga paalaalang ito, Aming nahihiwatigan na isang taong may nag-iisang mata, na siya mismong pinuno ng mga sambayanan, ay nagbabangon nang may sukdulang masamang hangarin laban sa Amin. Aming nakikini-kinita na sa bawat lungsod ang mga tao ay magbabangon upang pigilin ang Pinagpalang Kagandahan, na ang mga kasamahan ng Panginoon na iyon ng buhay at tunay na Hangarin ng lahat ng tao ay lalayo mula sa mukha ng maniniil at maghahanap ng kaligtasan mula sa kaniya sa kaparangan, habang ang iba ay isusuko ang kanilang mga sarili at, nang may sukdulang pagtiwalag, ay ipagpapakasakit ang kanilang mga buhay sa Kaniyang landas. Aking naiisip na nahihiwatigan Namin siya na

they consider it necessary to submit, who will arise to assail the very root of the divine Tree, and endeavor to the uttermost of his power to resist and oppose Him. Such is the way of the people!	kilala sa gayong katapatan at kabanalan na ipapalagay ng mga tao na ito ay isang tungkulin upang sumunod sa kaniya, at sa kaniyang pag-uutos at ituturing na kailangan nilang sumailalim doon, na magbabangon upang salakayin ang pinakaugat ng banal na Punongkahoy, at magsusumikap sa pinakasukdulan ng kaniyang kapangyarihan na hadlangan at labanan Siya. Gayon ang paraan ng mga tao!
We fain would hope that the people of the Bayán will be enlightened, will soar in the realm of the spirit and abide therein, will discern the Truth, and recognize with the eye of insight dissembling falsehood. In these days, however, such odors of jealousy are diffused, that—I swear by the Educator of all beings, visible and invisible—from the beginning of the foundation of the world—though it hath no beginning—until the present day, such malice, envy, and hate have in no wise appeared, nor will they ever be witnessed in the future. For a number of people who have never inhaled the fragrance of justice, have raised the standard of sedition, and have leagued themselves against Us. On every side We witness the menace of their spears, and in all directions We recognize the shafts of their arrows. This, although We have never gloried in any thing, nor did We seek preference over any soul. To everyone We have been a most kindly companion, a most forbearing and affectionate friend. In the company of the poor We have sought their fellowship, and amidst the exalted and learned We have been submissive and resigned. I swear by God, the one true God! grievous as have been the woes and sufferings which the hand of the enemy and the people of the Book inflicted upon Us, yet all these fade into utter nothingness when compared with that which hath befallen Us at the hand of those who profess to be Our friends.	277. Kami ay maligayang umaasa na ang mga tao ng Bayán ay maliliwanagan, papailanlang sa kaharian ng espiritu at mananahan doon, mauunawaan ang Katotohanan, at makikita nang may mata ng pang-unawa ang nakukubling kasinungalingan. Sa mga araw na ito, gayumpaman, ang gayong mga amoy ng pananaghili ay lumaganap, na—sumusumpa Ako sa Tagapagturo ng lahat ng tao, nakikita at di-nakikita—mula sa simula ng pagtatatag ng daigdig—kahiman ito ay walang simula—hanggang sa araw na ito, na ang gayong masamang hangarin, inggit, at poot ay hindi nakita sa anumang paraan, ni hindi kailanman masasaksihan sa hinaharap. Sapagkat ang isang bilang ng mga taong kailanman ay hindi nakalanghap ng halimuyak ng katarungan, ay itinaas ang bandila ng paghihimagsik, at nagsama-sama ang kanilang mga sarili laban sa Amin. Sa lahat ng panig ay Aming nasasaksihan ang panganib ng kanilang mga sibat, at sa lahat ng dako ay Aming nakikita ang mga tagdan ng kanilang mga palaso. Ito, kahiman hindi Namin kailanman niluwalhati ang anumang bagay, ni hindi Kami naghanap ng higit na pagtatangi kaysa sa alinmang kaluluwa. Sa bawat isa Kami ay naging isang lubhang magiliw na kasamahan, isang lubhang mapagtiis at mapagmahal na kaibigan. Nang kasama ang mga dukha sinikap Naming matamo ang kanilang pakikipagkaibigan, at sa gitna ng mga dakila at marurunong Kami ay naging mapagpakumbaba at sumasang-ayon. Sumusumpa Ako sa Diyos, ang iisang tunay na Diyos! malubha man ang mga kasawian at mga pagdurusa na ipinadanas sa Amin ng kamay ng kaaway at ng mga tao ng Aklat, gayumpaman lahat ng mga ito ay napapawi hanggang ganap na mawala kung inihahambing doon sa mga sinapit Namin sa kamay noong mga nagpapakilalang mga kaibigan Namin.

What more shall We say? The universe, were it to gaze with the eye of justice, would be incapable of bearing the weight of this utterance! In the early days of Our arrival in this land, when We discerned the signs of impending events, We decided, ere they happened, to retire. We betook Ourselves to the wilderness, and there, separated and alone, led for two years a life of complete solitude. From Our eyes there rained tears of anguish, and in Our bleeding heart there surged an ocean of agonizing pain. Many a night We had no food for sustenance, and many a day Our body found no rest. By Him Who hath My being between His hands! notwithstanding these showers of afflictions and unceasing calamities, Our soul was wrapt in blissful joy, and Our whole being evinced an ineffable gladness. For in Our solitude We were unaware of the harm or benefit, the health or ailment, of any soul. Alone, We communed with Our spirit, oblivious of the world and all that is therein. We knew not, however, that the mesh of divine destiny exceedeth the vastest of mortal conceptions, and the dart of His decree transcendeth the boldest of human designs. None can escape the snares He setteth, and no soul can find release except through submission to His will. By the righteousness of God! Our withdrawal contemplated no return, and Our separation hoped for no reunion. The one object of Our retirement was to avoid becoming a subject of discord among the faithful, a source of disturbance unto Our companions, the means of injury to any soul, or the cause of sorrow to any heart. Beyond these, We cherished no other intention, and apart from them, We had no end in view. And yet, each person schemed after his own desire, and pursued his own idle fancy, until the hour when, from the Mystic Source, there came the summons bidding Us return whence We came. Surrendering Our will to His, We submitted to His injunction.

278. Ano pa ang Aming masasabi? Ang santinakpan, kung titingnan ito sa pamamagitan ng mata ng katarungan, ay walang-kakayahang dalhin ang bigat ng ganitong pananalita! Sa mga unang araw ng Aming pagdating sa lupaing ito, nang Aming mahiwatigan ang mga palatandaan ng nagbabantang mga magaganap, bago mangyari ang mga ito, Kami ay nagpasiyang mamahinga. Dinala Namin ang Aming Sarili sa kaparangan, at doon, nakahiwalay at nag-iisa, ay namuhay ng dalawang taon ng isang buhay nang lubos na pag-iisa. Mula sa Aming mga mata ay bumalong ang mga luha ng dalamhati, at sa Aming nagdurugong puso ay dumaluyong ang karagatan ng napakahapding sakit. Maraming gabi na Kami ay walang pagkain upang mabuhay, at sa maraming araw ang Aming katawan ay walang-natagpuang pahinga. Saksi Siya na taglay ang Aking buhay sa pagitan ng Kaniyang mga Kamay! sa kabila ng ganitong pag-ulan ng mga paghihirap at walang tigil na mga kapahamakan, ang Aming kaluluwa ay tigib ng napakaligayang kagalakan, at ang Aming buong pagkatao ay nagpakita ng isang hindi mailarawang kasayahan. Sapagkat sa Aming pag-iisa ay hindi Namin nababatid ang pinsala o pakinabang, ng kalusugan o karamdaman, ng sinumang kaluluwa. Nag-iisa, Kami ay nakipagniig sa Aming espiritu, hindi alintana ang daigdig at ang lahat na naroroon. Hindi Namin nalalaman, gayumpaman, na ang lambat ng banal na tadhana ay nahihigitan ang pinakamalawak na kaisipang mortal, at ang suligi ng Kaniyang kautusan ay nangingibabaw sa pinakapangahas na mga panukala ng tao. Walang sinuman ang makatatakas sa mga bitag na inilalatag Niya, at walang kaluluwa ang makatatagpo ng kalayaan liban sa pamamagitan ng pagsunod sa Kaniyang kalooban. Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Ang Aming paglayo ay walang isinaalang-alang na pagbabalik at ang Aming paghiwalay ay walang inaasahang pagsasama na muli. Ang nag-iisang layunin ng Aming paglayo ay upang iwasan ang maging sanhi ng hidwaan ng matatapat, ang maging isang pagmumulan ng kaguluhan sa Aming mga kasamahan, ang maging daan ng pananakit sa alinmang kaluluwa, o ang maging sanhi ng kalungkutan sa alinmang puso. Bukod pa rito, Kami ay walang itinatanging ibang layunin liban sa mga iyon, wala Kaming nais makamtan.

	At gayumpaman, bawat tao ay nagpakana ayon sa kaniyang sariling hangarin, at pinagsikapang makamtan ng kaniyang sarili ang walang-saysay na guniguni, hanggang sa oras na kung kailan, mula sa Mahiwagang Pinagmumulan, ay may dumating na panawagang nag-uutos sa Amin na bumalik sa pinanggalingan. Isinusuko ang Aming kalooban sa Kaniya, Kami ay sumunod sa Kaniyang atas.
What pen can recount the things We beheld upon Our return! Two years have elapsed during which Our enemies have ceaselessly and assiduously contrived to exterminate Us, whereunto all witness. Nevertheless, none amongst the faithful hath risen to render Us any assistance, nor did anyone feel inclined to help in Our deliverance. Nay, instead of assisting Us, what showers of continuous sorrows their words and deeds have caused to rain upon Our soul! Amidst them all, We stand, life in hand, wholly resigned to His will; that perchance, through God's loving-kindness and His grace, this revealed and manifest Letter may lay down His life as a sacrifice in the path of the Primal Point, the most exalted Word. By Him at Whose bidding the Spirit hath spoken, but for this yearning of Our soul, We would not, for one moment, have tarried any longer in this city. "Sufficient Witness is God unto Us." We conclude Our argument with the words: "There is no power nor strength but in God alone." "We are God's, and to Him shall we return."	279. Anong panulat ang maaaring magsalaysay ng mga bagay na Aming napagmasdan sa Aming pagbabalik. Dalawang taon ang lumipas na kung kailan ang Aming mga kalaban ay walang-tigil at buong sipag na nagbalak na puksain Kami, na ito ay nasaksihan ng lahat. Gayumpaman, wala sa mga kabilang sa matatapat ang nagbangon upang magbigay ng tulong sa Amin, ni walang sinuman ang nakaramdam na tumulong sa Aming kaligtasan. Hindi lamang iyon, kundi, sa halip na tulungan Kami, anong mga ambon ng patuloy na mga kalungkutan, dahil sa kanilang mga salita at mga gawa ang umulan sa Aming kaluluwa! Sa gitna nilang lahat, Kami ay nakatayo, nasa kamay ang buhay, lubusang nakatalaga sa kalooban Niya; na baka sakali, sa pamamagitan ng mapagmahal na kagandahang-loob ng Diyos at ng pagpapala Niya, ang ipinahayag at maliwanag na Titik ay harinawang maialay ang Kaniyang buhay bilang isang pagpapakasakit sa landas ng Tuldok na Simula ng Lahat, ang pinakadakilang Salita. Saksi Siya na sa pamamagitan ng Kaniyang utos ang Espiritu ay nagsalita, kung hindi dahil sa masidhing pananabik ng Aming kaluluwa, Kami ay hindi mananatili, kahit isang sandali pa, sa lungsod na ito. "Sapat na Saksi ang Diyos para sa Amin." Tinatapos Namin ang Aming pangangatwiran sa pamamagitan ng mga salitang: "Walang anumang kapangyarihan ni lakas kundi sa Diyos lamang." "Tayo ay sa Diyos, at sa Kaniya tayo ay magbabalik."
They that have hearts to understand, they that have quaffed the Wine of love, who have not for one moment gratified their selfish desires, will behold, resplendent as the sun in its noontide glory, those tokens, testimonies, and evidences that attest the truth of this wondrous Revelation, this transcendent and divine Faith. Reflect, how	280. Sila na may mga puso upang makaunawa, sila na nakainom ng Alak ng pagmamahal, na hindi binigyan ng kasiyahan kahit isang sandali ang kanilang makasariling mga hangarin, ay mamamasdan, nagniningning tulad ng araw sa katanghaliang-tapat ng kaluwalhatian nito, yaong mga palatandaan, mga pagpapatunay, at mga katibayang pinagtibay ang

the people have rejected the Beauty of God, and have clung unto their covetous desires. Notwithstanding all these consummate verses, these unmistakable allusions, which have been revealed in the “Most weighty Revelation,” the Trust of God amongst men, and despite these evident traditions, each more manifest than the most explicit utterance, the people have ignored and repudiated their truth, and have held fast to the letter of certain traditions which, according to their understanding, they have found inconsistent with their expectations, and the meaning of which they have failed to grasp. They have thus shattered every hope, and deprived themselves of the pure wine of the All-Glorious, and the clear and incorruptible waters of the immortal Beauty.	katotohanan ng kamangha-manghang Rebelasyon na ito, ang nangingibabaw at banal na Pananampalatayang ito. Nilay-nilayin, kung paano tinanggihan ng mga tao ang Kagandahan ng Diyos, at nangapit sa kanilang mapag-imbot na mga naisin. Sa kabila ng lahat nitong lubos na mga bersikulo, nitong mga hindi mapag-aalinlanganang mga pahiwatig, na ipinahayag sa “Pinakamahalagang Rebelasyon,” ang Ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao, at sa kabila nitong malinaw na mga tradisyon, na bawat isa ay higit na maliwanag kaysa sa pinakamaliwanag na pananalita, ipinagwalang-bahala at tinanggihan ng mga tao ang katotohanan ng mga iyon, at nangapit nang mahigpit sa titik ng ilang tradisyong alinsunod sa kanilang pagkaunawa, ay natagpuan nilang salungat sa kanilang mga inaasam, at ang kahulugan ng mga iyon ay nabigo nilang maunawaan. Sa gayon dinurog nila ang lahat ng pag-asa, at pinagkaitan ang kanilang mga sarili ng dalisay na alak ng Lubos na Maluwalhati, at ng malinaw at hindi marurumihang mga tubig ng walang-kamatayang Kagandahan.
Consider, that even the year in which that Quintessence of Light is to be made manifest hath been specifically recorded in the traditions, yet they still remain unmindful, nor do they for one moment cease to pursue their selfish desires. According to the tradition, Mufaḍḍal asked Šādiq saying: “What of the sign of His manifestation, O my master?” He made reply: “In the year sixty, His Cause shall be made manifest, and His Name shall be proclaimed.”	281. Isaalang-alang, na kahit ang taon ng paghahayag niyong Dalisay na Kabuuran ng Liwanag ay naitalang tiyak sa mga tradisyon, subalit sila ay nananatili pa ring pabaya, ni kahit isang sandali ay huminto sa pasisikap na matamo ang kanilang makasariling mga hangarin. Ayon sa tradisyon, tinanong ni Mufaḍḍal si Šādiq: “Ano ang palatandaan ng Kaniyang paghahayag, O aking panginoon?” Siya ay nagbigay ng tugon: “Sa taong animnapu, ang Kapakanan Niya ay makikilala, at ang Pangalan Niya ay ipahahayag.”
How strange! Notwithstanding these explicit and manifest references these people have shunned the Truth. For instance, mention of the sorrows, the imprisonment and afflictions inflicted upon that Essence of divine virtue hath been made in the former traditions. In the “Biḥār” it is recorded: “In our Qá’im there shall be four signs from four Prophets, Moses, Jesus, Joseph, and Muḥammad. The sign from Moses is fear and expectation; from Jesus, that which was spoken of Him; from Joseph, imprisonment and dissimulation; from Muḥammad, the revelation of a Book similar to the Qur’án.”	282. Lubhang nakapagtataka! Sa kabila nitong malinaw at hayag na mga pagtukoy ang mga taong ito ay lumayo sa Katotohanan. Halimbawa, ang pagbanggit sa mga pagdurusa, sa pagkabilanggo at mga dalamhating ipinaranas sa Diwa ng banal na katangiang iyon ay ginawa sa naunang mga tradisyon. Sa “Biḥār” ito ay nakatala: “Sa aming Qá’im ay mayroong apat na mga palatandaan mula sa apat na mga Propeta, sina Moises, Jesus, Jose, at Muḥammad. Ang palatandaan mula kay Moises, ay takot at pag-asam; mula kay Jesus, ay yaong sinabi tungkol sa Kaniya; mula kay Jose, ay ang pagkabilanggo at paglilingid; mula kay Muḥammad, ay ang pagpapahayag ng isang Aklat na katulad ng

Notwithstanding such a conclusive tradition, which in such unmistakable language hath foreshadowed the happenings of the present day, none hath been found to heed its prophecy, and methinks none will do so in the future, except him whom thy Lord willeth. “God indeed shall make whom He will to hearken, but We shall not make those who are in their graves to hearken.”	Qur’án.” Sa kabila ng gayong kapani-paniwalang tradisyon, na sa hindi mapag-aalinlanganang pananalita ay nagbadya sa mga nangyayari sa kasalukuyang panahon, walang sinuman ang natagpuan na nagbigay-pansin sa hula nito, at sa wari ko ay walang sinumang gagawa nito sa hinaharap, liban sa kaniya na nilolooob ng iyong Panginoon. “Tunay na gagawin ng Diyos yaong Kaniyang nilolooob na tumalima, ngunit hindi Namin gagawing tumalima yaong mga nasa kanilang mga libingan.”
It is evident unto thee that the Birds of Heaven and Doves of Eternity speak a twofold language. One language, the outward language, is devoid of allusions, is unconcealed and unveiled; that it may be a guiding lamp and a beaconing light whereby wayfarers may attain the heights of holiness, and seekers may advance into the realm of eternal reunion. Such are the unveiled traditions and the evident verses already mentioned. The other language is veiled and concealed, so that whatever lieth hidden in the heart of the malevolent may be made manifest and their innermost being be disclosed. Thus hath Šádiq, son of Muḥammad, spoken: “God verily will test them and sift them.” This is the divine standard, this is the Touchstone of God, wherewith He proveth His servants. None apprehendeth the meaning of these utterances except them whose hearts are assured, whose souls have found favor with God, and whose minds are detached from all else but Him. In such utterances, the literal meaning, as generally understood by the people, is not what hath been intended. Thus it is recorded: “Every knowledge hath seventy meanings, of which one only is known amongst the people. And when the Qá’im shall arise, He shall reveal unto men all that which remaineth.” He also saith: “We speak one word, and by it we intend one and seventy meanings; each one of these meanings we can explain.”	283. Malinaw sa iyo na ang mga Ibon ng Kalangitan at mga Kalapati ng Walang-hanggan ay nagsasalita sa dalawang wika. Ang isang wika, ang panlabas na mga salita, ay walang mga pahiwatig, hindi natatago at walang lambong; upang ito ay maging isang lamparang patnubay at isang tanglaw na liwanag upang matamo ng mga manlalakbay ang mga kataasan ng kabanalan, at ang mga naghahanap ay magawang makasulong sa kaharian ng walang-katapusang pagsasamang muli. Gayon ang mga tradisyong hindi nalalambungan at ang maliwanag na mga bersikulong nabanggit na. Ang isa pang wika ay nalalambungan at natatago, upang anuman ang natatago sa pusong mapaghangad ng masama ay maaaring malantad. Sa gayon si Šádiq, anak ni Muḥammad, ay sinabi: “Ang Diyos sa katunayan ay susubukin sila at sasalain sila.” Ito ay ang banal na pamantayan, ito ay ang Uriang-bato ng Diyos, na sa pamamagitan nito ay Kaniyang sinusubok ang mga tagapaglingkod Niya. Walang sinuman ang nakauunawa sa kahulugan ng mga pananalitang ito liban sa kanilang ang mga puso ay nakatitiyak, na ang mga kaluluwa ay nakatagpo ng kalinga sa Diyos, na ang mga isipan ay nakatiwalag sa lahat liban sa Kaniya. Sa gayong mga pananalita, ang literal na kahulugan na karaniwang nauunawaan ng mga tao, ay hindi yaong nilalayan. Sa gayon ito ay itinala: “Ang bawat kaalaman ay may pitumpung kahulugan, na sa mga iyon ay iisa lamang ang nababatid ng mga tao. At kapag ang Qá’im ay magbabangon, ipahahayag Niya sa mga tao yaong lahat ng nalalabi.” Sinabi rin Niya: “Kami ay nagsasabi ng iisang salita, at sa pamamagitan nito, aming nilayan ang isa at pitumpung kahulugan; bawat isa sa mga kahulugan nito ay aming maipaliliwanag.”

These things We mention only that the people may not be dismayed because of certain traditions and utterances, which have not yet been literally fulfilled, that they may rather attribute their perplexity to their own lack of understanding, and not to the nonfulfillment of the promises in the traditions, inasmuch as the meaning intended by the Imáms of the Faith is not known by this people, as evidenced by the traditions themselves. The people, therefore, must not allow such utterances to deprive them of the divine bounties, but should rather seek enlightenment from them who are the recognized Expounders thereof, so that the hidden mysteries may be unraveled, and be made manifest unto them.	284. Ang mga bagay na ito ay Aming binabanggit lamang upang ang mga tao ay hindi mabagabag dahil sa ilang mga tradisyon at mga pananalita, na hindi pa literal na naisasakatuparan, upang sa halip ay idahilan ang kanilang pagkalito bunga ng kanilang sariling kakulangan ng pag-unawa, at hindi dahil sa hindi natupad ang mga pangakong nasa mga tradisyon, yayamang ang kahulugang nilayon ng mga Imám ng Pananampalataya ay hindi nababatid ng sambayanang ito, tulad ng pinatunayan ng mga tradisyon mismo. Ang mga tao samakatwid, ay hindi dapat hayaan ang gayong mga pananalita na mapagkaitan sila ng banal na mga biyaya, sa halip ay dapat na hanapin ang kaliwanagan mula sa kanilang mga kinikilalang Tagapagpaliwanag ng mga iyon, upang ang natatagong mga kahiwagaan ay malutas, at magawang mahayag sa kanila.
We perceive none, however, amongst the people of the earth who, sincerely yearning for the Truth, seeketh the guidance of the divine Manifestations concerning the abstruse matters of his Faith. All are dwellers in the land of oblivion, and all are followers of the people of wickedness and rebellion. God will verily do unto them that which they themselves are doing, and will forget them even as they have ignored His Presence in His day. Such is His decree unto those that have denied Him, and such will it be unto them that have rejected His signs.	285. Gayumpaman, Aming natatalos na walang sinuman sa mga tao ng kalupaan na, taos-pusong masidhing nagnanasa sa Katotohanan, ay naghahanap ng patnubay ng banal na mga Kahayagan tungkol sa mahirap na maunawaang mga bagay sa Kaniyang Pananampalataya. Ang lahat ay mga nananahan sa lupain ng paglimot, at lahat ay sumusunod sa mga tao ng kaimbihan at paghihimagsik. Sa katunayan gagawin ng Diyos sa kanila yaong ginagawa nila mismo, at lilimutin sila na tulad ng pagwawalang-bahala nila sa Kaniyang Kinaroroonan sa Kaniyang araw. Gayon ang kapasiyahan Niya roon sa nagtakwil sa Kaniya, at gayon ang mangyayari sa kanila na tinanggihan ang mga palatandaan Niya.
We conclude Our argument with His words—exalted is He—“And whoso shall withdraw from the remembrance of the Merciful, We will chain a Satan unto him, and he shall be his fast companion.”¹⁸⁵ “And whoso turneth away from My remembrance, truly his shall be a life of misery.”¹⁸⁶	286. Winawakasan Namin ang Aming pangangatwiran sa pamamagitan ng mga salita Niya—Siya ay dakila—“At sinuman ang lumayo mula sa alaala ng Mahabagin, Aming itanikala siya kay Satanas, at siya ay ang magiging mahigpit na kasama niya.”¹⁸⁵ “At sinuman ang bumaling palayo mula sa Aking alaala, tunay na sa kaniya ay isang buhay ng paghihirap.”¹⁸⁶
Thus hath it been revealed aforetime, were ye to comprehend.	287. Sa gayon ito ay naipahayag sa naunang panahon, kung inyong mauunawaan.

¹⁸⁵ Qur’án 43:36

¹⁸⁶ Qur’án 20:124

Revealed by the “Bá” and the “Há’.” ¹⁸⁷	288. Ipinahayag ng “Bá” at ng “Há’.” ¹⁸⁷
Peace be upon him that inclineth his ear unto the melody of the Mystic Bird calling from the Sadratu’l-Muntahá!	289. Ang kapayapaan nawa ay mapasakaniya na ibinaling ang kaniyang tainga tungo sa melodiya ng Mahiwagang Ibon na nananawagan mula sa Sadratu’l-Muntahá!
Glorified be our Lord, the Most High!	290. Luwalhatiin nawa ang ating Panginoon, ang Kataas-taasan!

¹⁸⁷ B at H ay nangangahulugan ng Bahá

TALAHULUGANAN

‘Abdu’lláh: Ang ama ng Propeta. Nabibilang siya sa angkan ng Háshim, ang pinakadakilang tribu ng pangkat ng Quraish na lahi ng Arabya, tuwirang nagmula kay Ishmael.

‘Abdu’llah-i-Ubayy: Isang bantog na kalaban ni Muḥammad; tinatawag na “prinsipe ng mga mapagkunwari.”

Abraham: Tingnan ang Genesis 11-25; *Some Answered Questions*, pp. 14-16. Ibinigay ng mga pantas ang 2100 B.C.-2000 B.C. bilang Kaniyang kapanahunan. Itinuring ng mga Hudyo, Kristiyano at Muslim bilang ang Kaibigan ng Diyos, ang Ama ng Matatapat.

Abú-‘Abdi’lláh: Ang tawag sa ikaanim na Imám, Ja‘far-i-Sádiq (ang Tunay), apo sa tuhod ni al-Ḥusayn. Namatay noong A.D. 765, nilason ni Mansúr, ang Caliph ng ‘Abbásid.

Abú‘Amír: Isang kalaban ni Muḥammad; isang monghe.

Abú-Jahl: Ang literal na kahulugan ay “Ama ng Kahangalan”; sadyang ipinangalan ng mga Muslim. Isang hindi tumitigil na kalaban ng Propeta.

‘Alí: Manugang ng Propeta, ang una sa labindalawang Imám.

Alif. Lám. Mím.: Ang mga ito at ibang hindi magkakakabit na mga titik ay lumitaw sa simula ng dalawampu’t siyam na mga súrih ng Qur’án.

Al-Medina: Ang literal na kahulugan ay “ang lungsod”, tinawag bilang nagbigay ng kanlungan kay Muḥammad: dating Yathrib. Ang pook ng libingan ni Muḥammad; pangalawa lamang sa Mecca sa kabanalan.

Amalekites: Pinalayas nang unang panahon mula sa Babylonia, kumalat sila sa Arabya patungo sa Palestine at Syria at hanggang sa Egypt, kung saan sila ay nagbigay ng ilan sa mga Paraon nito.

Athím: Makasalanan.

‘Aválim: Isang tinipong mga tradisyon ng Shí‘ih.

Báb: Ang Qá’im at Mihdí ng Islám, at ang Tagapagbalita ni Bahá’u’lláh. (Kapanganakan ng Báb: Oktubre 20, 1819; ang Kaniyang pagmamartir: Hulyo 9, 1850).

Baghdád: Itinatag ni Caliph Mansur noong 762 A.D. sa lugar ng isang Kristiyanong nayon sa kanlurang pampang ng Tigris. Nanatili itong luklukan ng Pamahalaang Abbassid sa loob ng 500 taon.

Bahá: Literal na “Luwalhati,” “Karingalan,” tumutukoy kay Bahá’u’lláh (Mírzá Ḥusayn ‘Alí) noong hindi pa ipinahahayag ang Kaniyang Sarili ngunit tinawag na sa titulong ito.

Bahá’u’lláh: Ang Tagapagtatag ng Pananampalatayang Bahá’í, ang titulo na nakatala sa Bayán ng Báb sa wikang Persiyano at nangangahulugan ng Luwalhati ng Liwanag at ng Karingalan ng Diyos. (Kapanganakan ni Bahá’u’lláh: Nobyembre 12, 1817; ang Kaniyang kamatayan: Mayo 29, 1892).

Banal na Elixir: makahulugang pagtukoy sa Elixir ng mga mangkukulam, na pinaniniwalaang pagbabaguhin ang mababang-uri ng mga bakal na maging ginto.

Baní-Háshim: Ang angkan na kinabibilangan ni Muḥammad.

Bathá: Mecca.

Bato ng Pilosopo: Isang haka-hakang sangkap na dating hinahangad ng mga mangkukulam bilang isang paraan upang gawin ang isang hindi mahalagang bakal na maging ginto.

Bayán: Ang Bayán (Paglalahad) ay ang pangunahing pandoktrinang isinulat ng Báb. Inilarawan ito sa *Nagdaraan ang Diyos* (p. 27) bilang isang “walang-kamatayang repositoryo ng mga batas at mga simulain ng bagong Dispensasyon at ang sisidlan na nagdarambana sa karamihan ng mga pagtukoy at mga parangal, gayundin ang Kaniyang mga babala tungkol sa ‘*Kaniya na gagawing mahayag ng Diyos*’ ... ang Aklat na ito, na mayroong walong libong bersikulo, na nasa isang napakahalagang katayuan sa literaturang Bábí, ay dapat na ituring unang-una bilang isang parangal sa Kaniya na Ipinangako sa halip na isang kodigo ng mga batas at mga alituntuning sinadya para sa isang pirmihang patnubay sa darating na salinlahi.” Ang Báb ay sumulat din ng “mas maikli at higit na payak na Bayán sa wikang Arabe.”

Bihár: Pagtukoy sa tradisyon ng Shí’ih.

Biháru’l-Anvár: Isang tinipong mga tradisyon ng Shí’ih.

Caiaphas: Ang pinuno ng mga paring Hudyo na nangasiwa sa korte sa paglilitis at paghatol kay Jesus.

Cain at Abel: Ang dalawang anak ni Adan at Eva. Tingnan ang Genesis 4 at Qur’án, súrih 5.

(mga) Caliph: Literal na “mga tagapagmana ng tungkulin” o “mga pangalawang pinuno.” Pinaniniwalaan ng mga Shí’ih na ang mga tagapagmana ng tungkulin ng Propeta ay dapat na mula sa mga miyembro ng Kaniyang sariling pamilya, ngunit hindi nila ginagamit ang titulong Khalifah o “Caliph.” Ang Sultan ng Turkey ang umako sa titulong ito sa ika-16 na siglo.

Copt: Ang mga Copt ay mga inapo ng napakatandang lahi ng Egypt. Sila ay mga hindi naniwala noong panahon ni Moises. Ang mga Sept ay mga tribu ng Israel.

Dalisay na Kabuuran: Isang inakalang ikalimang “diwa ng kalangitan” bilang karagdagan sa apat na mga sangkap ng kalupaan: kung gayon, ang huli o pinakamataas na diwa na alinmang bagay.

Paraon: Ang karaniwang titulo ng mga hari ng Ehipto. Ang Paraon ng paniniil kalimitan ay ipinapalagay na si Ramesis II (mga 1340 B.C.), ang kaniyang anak at tagapagmana si Merenpath, ang Paraon ng Exodo, subalit ito ay lubhang hindi natitiyak at ang kapanganakan ni Moises ay naitakda kasing-aga ng 1520 B.C.

Fatimih: Ang anak na babae ni Muḥammad at Khadijih. Nakasal siya kay ‘Alí, ang pinsan ni Muḥammad, at nagkaroon ng tatlong anak na lalaki. Ang isa ay namatay nang sanggol pa at mula sa dalawang natira, sina Hasan at Ḥusayn, ay nagmula ang inapo ng Propetang kilala bilang mga Siyyid.

Gabriel: Ang pinakamataas sa lahat ng mga anghel, ang Espiritu Santo. Tungkulin niya ang isulat ang mga utos ng Diyos; sa pamamagitan niya ang Qur’án ay ipinahayag kay Muḥammad.

Há: Ang titik na H, na ang bilang ay 5, at minsan ay ginagamit na sagisag ni Bahá’u’lláh: tingnan ang *Four Valleys*, p. 56 n.

Hájí Mírzá Karím Khán: Isang mapagpanggap na marunong, may-akda ng isang aklat “Patnubay sa Mangmang” (*Irshádu’l-‘Avám*”), na ang mga gawa ay nalipol kasama niya.

Hamzih: Ang “Prinsipe ng mga Martir”, ang titulo na ibinigay sa tiyuhin ni Muḥammad.

Herod: Herod I (“Ang Dakila”). Isang Idumaeon sa lahi, subalit pinalaki bilang isang Hudyo. Hinirang siya ng Senado ng Roma noong 40 B.C. bilang Hari ng Judea. Muli niyang itinayo ang Templo sa Jerusalem.

Hijáz: Isang rehiyon sa timog kanlurang Arabya na maaaring ipalagay na isang banal na lupain ng mga Muslim dahil sa taglay nito ang mga banal na lungsod ng Medina at Mecca at maraming iba pang pook na may kaugnayan sa kasaysayan ni Muḥammad. Ang “wika ng Hijáz” ay Arabe.

Húd: Isang propeta na ipinadala sa tribu ng ‘Ád. Siya ay inapo ni Noah at tinukoy sa Qur’án sa súrih 7:63-70; súrih 11:52-63; at sa súrih 26:123-139.

Husayn: Ang ikatlong Imám. Anak ni ‘Alí at Fátimih.

Ibn-i-Súríyá: Isang marunong na Rabbi ng Hudyo nang panahon ni Muḥammad.

Imám ‘Alí: Ang pinsan at unang disipulo ni Muḥammad; asawa ng anak ni Muḥammad, si Fátimih; at sa pamamagitan ng Kaniyang anak na lalaki na si Husayn, ang ninuno ni Siyyid ‘Alí Muḥammad, ang Báb.

‘Imrán: Ang ama ni Moises at Aaron; Qur’án, súrih 3:30 at Bibliya, Exodo 6:20.

‘Iráq: Bahagi ng Imperyo ng Turkiya noong 1862 nang ipinahayag ang Kitab-i-Iqán. Ngayon ay isang Arabeng Kaharian na ang Baghdád ang kabisera.

Joseph: Ang anak ni Jacob, at sa Qur’án ay isang propetang binigyan ng inspirasyon.

Ka’b-Ibn-i-Ashraf: Nakipagsabwatan sa pangunahing kalaban ng Propeta, si Abú Sufyán upang balakin ang kamatayan ng Propeta.

Ka’bih: Literal na isang “kubiko” Ang gusali na parang kubiko sa gitna ng Mosque sa Mecca, na naglalaman ng Itim na Bato.

Káfi: Isang mahalagang tinipong mga tradisyon ng Shí’ih. Si Jábir ang pinaniniwalaang may-akda sa sipi na ibinigay sa parapo 273.

Kahayagan: Ang likas na katangian ng isang propeta o Kahayagan ng Diyos ay inilarawan sa gayon sa *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* XXVII: “... yayamang hindi maaaring magkaroon ng tuwirang ugnayan na magbibigkis ng iisang tunay na Diyos sa Kaniyang nilikha, at walang anumang pagkakahawig ang maaaring maganap sa pagitan ng pansamantala at sa Walang-hanggan, sa walang

katiyakan at sa Di-mapag-aalinlanganan, itinadhana Niya na sa bawat panahon at dispensasyon isang dalisay at walang batik na Kaluluwa ang gagawing mahayag sa mga kaharian ng kalupaan at kalangitan... Ang mga Diwa ng Pagtiwalag na ito, ang napakaningning na mga Katotohanang ito ay ang mga daluyan ng laganap sa lahat na pagpapala ng Diyos. Pinangungunahan ng liwanag ng walang-maliw na patnubay, at pinagkalooban ng kataas-taasang kapangyarihan, sila ay binigyan ng karapatang gamitin ang inspirasyon ng Kanilang mga salita, ang mga paglaganap ng Kanilang hindi nagkakamaling pagpapala at ang nakapagpapabanal na mga simoy ng Kanilang Rebelasyon para sa paglilinis ng bawat nananabik na puso at handang tumanggap na espiritu mula sa dumi at alabok ng makalupang mga kagustuhan at mga pagtatakda.”

Karbilá: Isang lungsod na mga 55 milya sa timog-kanluran ng Baghdád sa Euphrates.

Karim: Kagalang-galang.

Kawthar: Isang ilog sa Paraiso na mula roon lahat ng iba ay dumadaloy. Ang bahagi ng mga tubig nito ay pumupunta sa isang malaking look na sa mga dalampasigan nito ang mga kaluluwa ng matatapat ay nagpapahinga pagkatapos nilang tawirin ang kakila-kilabot na tulay na inilatag sa ibabaw ng gitna ng Impiyerno.

Khaybar: Ang pangalan ng isang bantog na bukal, at ang pangunahing pamayanan, malapit sa Medina, kung saan ang mahalagang mga pangyayari sa panunungkulan ni Muḥammad ay naganap.

Krimson na Haligi: Isang pahiwatig sa Relihiyon ni Bahá’u’lláh, pinapula ng dugo ng mga martir.

Kúfih: Isang lungsod sa kanlurang pampang ng Euphrates, na ngayon ay ganap na nawala.

Leviathan: Isang napakalaking hayop sa tubig; balyena o ahas.

Mago: Isang katayuan ng mga pari at mga pantas sa mga Persiyano noong unang panahon.

Mecca: Ang kavesera ng Arabya, ang pook na sinilangan ni Muḥammad, ang lugar ng Ka’bih, at ang pinakabanal na lungsod ng Islám.

Midian: Isang lungsod at distrito sa Red Sea, sa timog-silangan ng Mt. Sinai, tinirahan ng mga inapo ni Midian, anak ni Abraham at Keturah. Qur’án 7:83.

“Mi’ráj”: Ang paglalakbay nang gabi ni Muḥammad kasama si Gabriel.

Moises: Isa sa anim na mga dakilang propeta, sang-ayon sa mga Muslim. Tingnan ang Exodo 4:16, kung saan sinasabi ng Diyos kay Moises: “at ikaw ay magiging parang Diyos sa kaniya”; at Exodo 7:1: “Tingnan mo, ginawa kitang Diyos kay Paraon.” Pinangunahan ni Moises ang pag-alis mula sa Ehipto, na ngayon ay binigyan ng petsa ng mga 1440 B.C.

Mufaddal: Pagtukoy sa tradisyong Shi’ih.

Muḥammad: Ang Propeta ng Islám at Tagapagpahayag ng Qur’án. Isinilang noong Agosto A.D. 570. Ipinahayag ang Kaniyang Misyon noong A.D. 613. Tumakas patungong Medina A.D. 622. Tingnan ang *Some Answered Questions*, pp. 22-29. Inihula ni Moises, Deut. 18:15; ni San Juan ang Banal (St. John the Divine), Rev. 11 (tingnan ang *Some Answered Questions*, p. 53 ff.).

Mullá ‘Abdu’l-Kháliq-i-Yazdí: Sa una ay isang Hudyo na pari, tinanggap niya ang Islám, sumama sa pangkat ng Shaykhí at pinagbagong-loob ni Mullá Husayn sa Pananampalatayang Bábí.

Mullá ‘Alíy-i-Baraqání: Tiyuhin ni Táhirih, isa sa pinakamarunong at bantog na kaanib ng pamayanang Shaykhí. Sa pagtanggap sa Pananampalatayang Bábí, siya ay naging isa sa pinakamasigasig at may kakayahang tagapagpaliwanag.

Mullá ‘Alíy-i-Bastámí: Isa sa mga Titik na Nabubuhay. Ipinadala sa isang tanging misyon ng Báb mula sa Shíráz noong 1844, siya ang naging unang nagdusa at nag-alay ang kaniyang buhay sa landas nitong bagong Pananampalataya.

Mullá Báqir: Isang kapatid ni Mullá Mihdíy-i-Kandí, naging martir sa Tabarsí.

Mullá Husayn: Ang unang naniwala sa Báb, ang unang “Titik ng Nabubuhay,” ang “Bábu’l-Báb” — nangangahulugan ng “ang Pinto ng Pinto,” isang titulo na ibinigay sa kaniya ng Báb. Isinilang noong 1813, siya ay isang estudyante ni Siyyid Kázim sa loob ng siyam na taon at sa limang taon ay isang sumusunod sa Báb. Siya ay minartir sa muog ng Shaykh Tabarsí, noong Pebrero 2, 1849.

Mullá Mihdíy-i-Khu’í: Isang malapit na kasamahan ni Bahá’u’lláh at guro ng mga bata sa tahanan Niya. Nagmartir sa Tabarsí.

Mullá Muḥammad-‘Alíy-i-Zanjání: Pinangalanang Hujjat. “Isa sa pinakamagaling at pinakamahirap talunin sa mga tagapagtaguyod ng Pananampalataya” (*Nagdaraan ang Diyos*, p. 48), ang pinuno ng mga Bábí sa tinawag ni Lord Curzon na “isang kahila-hilakbot na pagkubkob at pagpatay” na dinanas nila sa Zanján kung saan siya, kasama ang 1800 na mga kapwa-disipulo, ay minartir.

Mullá Ní‘matu’lláh-i-Mázindarání: Isang Bábí na minartir sa Shaykh Tabarsí.

Mullá Yúsuf-i-Ardibílí: Isang “Titik na Nabubuhay,” minartir sa Shaykh Tabarsí.

Mustagháth: Literal na “Siya na tinatawag.” Tinutukoy ang pagdating ni Bahá’u’lláh sa panahong ipinahayag ng Báb.

Nadr-Ibn-i-Háarith: Isang kalaban ni Muḥammad.

Nebuchadnezzar: Hari ng Babylon noong 599 B.C. Nabihag niya ang Jerusalem, at nang 588 B.C. ay winasak niya ang lungsod at pinalayas halos ang lahat ng mga naninirahan patungo sa Chaldaea.

Nimrod: Ipinakilala na tagausig ni Abraham sa mga komentaryong Muslim.

Noah: Isang propeta na binigyan ng mga Muslim ng titulo ng “Propeta ng Diyos,” tingnan ang Genesis 6:10 at Qur’án, mga súrih 11,71, para sa isang salaysay ng Kaniyang buhay at ng Dilubyo.

Nudbih, Dalangin ni: Isang “Panangis” ng Imám ‘Alí.

Paraiso: Isang makalangit na hardin; isang kalagayan ng lubos na kaligayahan. Ang Kahayagan ay “Ang Ruwisenyor ng Paraiso”; ang Rebelasyon Niya, “ang kaluskos ng mga dahon ng Paraiso”; “ang pagmamahal ng Diyos” ay ang Paraiso mismo.

Párán: Ang Párán ay isang hanay ng kabundukan sa hilaga ng Sinai at sa timog ng Seir; lahat ay banal bilang mga pook ng rebelasyon. Ang Teman ay nasa hilagang-kanluran ng Edam, hindi malayo sa

Párán. Tingnan ang Habakuk 3:3. Si Moises mismo ay ginagamit ang “Párán” nang may natatanging pagtukoy kay Muḥammad at ang “Seir” kay Hesukristo; “at sinabi niya, Ang Panginoon ay nanggaling mula sa Sinai, at nagbangon mula sa Seir patungo sa kanila; siya ay nagliwanag mula sa bundok ng Párán, at siya ay dumating kasama ng laksa-laksang mga banal: mula sa Kaniyang kanang kamay ay dumaloy ang mahigpit na kautusan sa kanila.” Dito inihuhula ni Moises ang pagsapit ng tatlong rebelasyon at tatlong propeta pagkatapos Niya mismo. Si Ishmael (Genesis 21:21) ang pinagmulan ng mga tao ng Arabya sa Párán.

Pentateuch: Literal na “ang limang tomo,” tumutukoy sa unang limang aklat ng Bibliya.

Phoenix: Isang ibon na sa alamat ay nag-iisang nabubuhay, na lalamunin ng apoy na ginawa ng sarili nito, at muling magbabangon mula sa mga alabok nito.

Pangunahing Kalooban: “Ang unang bagay na nagmula sa Diyos ay ang pangkalahatang realidad ... ay tinatawag ng mga tao ni Bahá na ‘Unang Kalooban.’” (*Some Answered Questions*, p. 234)

Qá’im: Siya na ipinangako sa Islam.

Qayyúmu’l-Asmá’: Isang komentaryo sa Súrih ni Joseph sa Qur’án. Isinulat ng Báb noong 1844, at ipinalagay ng mga Bábi bilang kanilang Qur’án. (Para sa isang balangkas ng mga nilalaman nito, tingnan ang *God Passes By*, p. 26)

Qiblih: Ang dako na kung saan dapat bumaling sa pananalangin. Qur’án, súrih 2:136-145, ay pinagtitiyag ang Mecca bilang ang Qiblih para sa mga Muslim.

Querubin: Sa Bibliya ang Querubin ay lumitaw bilang iba sa mga anghel na mga sugo ni Jehovah, samantalang ang Querubin ay natatagpuan kung saan naroroon ang Diyos nang personal: halimbawa, “At siya’y (ang Diyos) sumakay sa isang querubin.” (Mga Awit 18:10). Ang mga anyo ng Querubin ay ginawa sa mga tapiseriya ng Banal ng mga Banal at iginuhit sa ibabaw ng Luklukan ng Habag nito. Sa tradisyon sa dakong huli, ang Querubin ay kabilang na sa siyam na mga katayuan ng mga anghel.

Qur’án: Ang Qur’án (sa salitang Arabe, “pagbabasa”), ang banal na mga kasulatan ng pananampalatayang Muslim, na ipinahayag ni Muḥammad. Ang mga bersikulo ay isinulat sa kapitulong tinawag na mga súrih. Naglalaman ito ng 77,974 mga salita at mahaba nang kaunti sa Bagong Tipan; ito ay isinulat sa mahigit na 21 taon ang tagal. Ang buong aklat ay hindi isinaayos hanggang sa pagkamatay ng Propeta, subalit pinaniniwalaan na Siya Mismo ang naghati-hati sa mga súrih at nagbigay sa halos lahat ng mga iyon ng kanilang kasalukuyang mga pamagat. Ang salin sa Ingles ni G. Sale (1734) ay ang pinakatumpak, ngunit yaong kay J.M. Rodwell (*Everyman’s Series*) ay ang iminungkahing pinakamahusay. Tingnan din ang *The Koran Interpreted* ni A. J. Arberry.

Rayy: Isang napakatandang lungsod malapit sa pook na pinagtayuan ng Tíhrán.

Ridván: Ang pangalan ng katiwala ng Paraiso. Ginagamit ito ni Bahá’u’lláh upang ipakahulugan ang Paraiso mismo.

Rik’ats: Mga pagpapatirapa.

Rúz-bih: Isang Persiyano na tinanggap ang Kristiyanismo at sinasabihan na isang Propeta ang malapit nang magbangon sa Arabya, naglakbay nang malayo at nakipagtagpo kay Muḥammad sa Koba sa Kaniyang pagtakas sa Medina, kinilala ang katayuan Niya at naging isang Muslim.

Sádiq: Ang ikaanim sa mga Imám ng Shí'ih.

Sadratu'l-Muntahá: Ang pangalan ng isang punongkahoy na itinanim ng mga Arabe noong napakatandang panahon sa dulo ng isang lansangan, upang magsilbi bilang isang gabay. Bilang isang sagisag ipinahihwatig nito ang Kahayagan ng Diyos sa Kaniyang Araw.

Sadrih: Literal na Sanga.

Sálih: Isang propeta ng mga Arabe noong napakatandang panahon, binanggit sa Qur'án, súrih 7:71-77. Tinutukoy siya ng ilang mga manunuri bilang kapareho ni sa Salih sa Genesis 11:13.

Salsabil: Literal na mahinang pagdaloy. Isang bukal sa Paraiso.

Sámirí: Isang salamangkero na ginamit ng Paraon bilang isang katunggali ni Moises. Sang-ayon sa mga Muslim, siya, hindi si Aaron, ang gumawa ng gintong guya.

“Selyo ng mga Propeta”: Isa sa mga titulo ni Muḥammad.

Seraph: Mataas na antas ng anghel.

Shaykh Ahmad: Ang una sa dalawang tagapagbalita ng Báb, isinilang noong A.D. 1753, tagapagtatag ng Paaralang Shaykhí at may-akda ng 96 mga aklat. Namatay nang 1831.

Sheba: Isang bayan sa timog ng Arabya, tinukoy sa Genesis 10:28; I Mga Hari 10; II Cronica 9. Sinasagisag nito ang isang lugar ng tirahan, isang tahanan.

Shí'ih: Ang suliranin ng tagapagmana ng tungkulin ang naghahati sa Islam sa karaniwang dalawang pangkat ng mga kuro-kuro. Sang-ayon sa isang pananaw, pangunahing kinakatawan ng mga Shí'ih, ang pamumuno ay isang espirital na bagay na pinagpapasiyahan ng Propeta at noong mga sumunod sa Kaniya. Sang-ayon sa ibang pananaw, yaong mga Sunni, ang pagmamana ng tungkulin ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagpili ng karamihan. Ang Caliph ng mga Sunni ay isang panlabas at nakikitang Tagapagtanggol ng Pananampalataya. Ang Imám ng Shí'ih ay banal na itinadhana at pinagkalooban ng higit sa pantaong karunungan at kapangyarihan.

Shoeb: Pari ng Midian (Exodo 2:16-21). Naging maybahay ni Moises ang Kaniyang anak; ibinibigay ng Exodo 18 ang Kaniyang pangalan bilang Jethro.

Shíráz: Ang kabesera ng lalawigan ng Fárs sa Persiya; ang lugar na sinilangan ng Báb at ang tagpo ng Pagpapahayag Niya noong 1844.

Sinai: Ang bundok kung saan ibinigay ng Diyos ang Utos kay Moises (Qur'án, súrih 7:139 at Exodo 19).

Sirát: Literal na tulay o suhay; ipinahihwatig na relihiyon ng Diyos.

Siyid Ḥusayn-i-Turshízí: Isang mujtahid, isa sa Pitong Martir ng Tihrán.

Siyid Kázim: Pangunahing disipulo ni Shaykh Ahmad at tagapagmana ng kaniyang tungkulin. Si Mulla Ḥusayn at iba pang mga bantog na Bábí ang nabibilang sa kaniyang mga estudyante. Namatay noong Disyembre 31, 1843.

Siyyid Yahyá, pinangalanang Vahíd: Isang bantog na teologo na may malawak na karunungan na naging Bábí at minartir matapos ang pagkubkob sa Nayriz noong Hunyo 29, 1850, sampung araw bago namatay ang Báb.

(mga) Súfi: Isang orden ng mga mahilig sa kahiwagaan at talinghaga na mga Muslim.

Súrih: Isang hanay o paraan, tulad ng mga ladrilyo sa isang pader. Isang katawagan na tanging ginamit para sa mga kapitulo ng Qur'án na mayroong isandaan at labing-apat.

Tableta: Isang katawagan para sa isang banal na kasulatang naglalaman ng rebelasyon. Ang pagbibigay ng Batas kay Moises sa mga talaan o mga tableta ay binanggit sa Qur'án, súrih 7:142: “Isinulat Namin para sa Kaniya (Moises) sa mga talaan (alwah, maramihan ng lawh) ang isang pagpapaalaala tungkol sa lahat ng bagay.”

Taff (lupain ng): Ang kapatagan ng Karbilá na kung saan malapit dito ang Imám Ḥusayn ay minartir.

Taông Animnapu: Nangangahulugan ng 1260 A.H., A.D. 1844, ang taon ng Pagpapahayag ng Báb.

Thamúd: Isang tribu ng isang sinaunang mga tao ni Ham, na naninirahan sa mga hangganan ng Edom at nakatira sa mga kuweba. Halos nalipol sila ni Chedorlaomer, ang manlulupig na Elomite. Ang mga nakaligtas ay tumakas sa Bundok ng Seir kung saan sila tumira sa panahon ni Isaac at Jacob.

(mga) Titik ng Kaisahan: Mga Apostol ng Propeta.

(mga) Tradisyon: Ang mapaniniwalaang talaan ng binigyang inspirasyon ng mga kasabihan at mga gawa ng mga Propeta, bilang karagdagan sa rebelasyon na nilalaman ng Qur'án.

‘Urvatu’l-Vuthqá: Literal na “ang pinakamalakas na hawakan,” nangangahulugan ng Pananampalataya ng Diyos.

Yahyá: Juan, ang tagapagbalita ni Hesukristo. Pinugutan siya ng ulo ni Herodes.

Yanbú: Isang tinipong mga tradisyon ng Shi‘ih.

Yathrib: Ang napakatandang pangalan ng lungsod na pinalitan ng Medinatun-Nabi, ang Lungsod ng Propeta, o kamakailan ay Medina, ang pinakamahusay na lungsod.

Zaqqúm: Isang punongkahoy sa mga Rehiyon ng Impyerno.

Zíyárat: Tableta ng Pagdalaw na ipinahayag ng Imám ‘Alí.